


Mga Alituntunin ng Ebanghelyo

Makararating sila sa kaalaman ng kanilang Manunubos at sa bawat bahagi ng kanyang doktrina, nang malaman nila kung paano lalapit sa kanya at maligtas. 1 Nephi 15:14



Mga Alituntunin ng Ebanghelyo

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Ang iyong mga puna at mungkahi tungkol sa aklat na ito ay pasasalamatan.

Ipadala lamang ang mga ito sa Curriculum Development,
50 East North Temple Street, Salt Lake City, Utah 84150-0024.

E-mail: cur-development@ldschurch.org. Isulat lamang ang iyong pangalan, address, ward, at stake. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang iyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kalakasan ng aklat at mga bahaging maaari pang pagandahin.

© 1978, 2009 ng Intellectual Reserve, Inc.

Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 5/07

Mga Nilalaman

<i>Pambungad</i>	1
<i>Kabanata 1</i> Ang Ating Ama sa Langit	7
<i>Kabanata 2</i> Ang Ating Pamilya sa Langit	11
<i>Kabanata 3</i> Si Jesucristo, ang Ating Piniling Pinuno at Tagapagligtas	17
<i>Kabanata 4</i> Kalayaang Pumili	23
<i>Kabanata 5</i> Ang Paglikha	27
<i>Kabanata 6</i> Ang Pagkahulog nina Adan at Eva	31
<i>Kabanata 7</i> Ang Espiritu Santo	36
<i>Kabanata 8</i> Pananalangin sa Ating Ama sa Langit.....	41
<i>Kabanata 9</i> Mga Propeta ng Diyos.....	47
<i>Kabanata 10</i> Mga Banal na Kasulatan	53
<i>Kabanata 11</i> Ang Buhay ni Cristo	59
<i>Kabanata 12</i> Ang Pagbabayad-sala	71
<i>Kabanata 13</i> Ang Priesthood.....	79
<i>Kabanata 14</i> Organisasyon ng Priesthood.....	85
<i>Kabanata 15</i> Ang Pinagtipanang mga Tao ng Panginoon	95
<i>Kabanata 16</i> Ang Simbahan ni Jesucristo Noong Unang Panahon	101
<i>Kabanata 17</i> Ang Simbahan ni Jesucristo Ngayon.....	109
<i>Kabanata 18</i> Pananampalataya kay Jesucristo	117
<i>Kabanata 19</i> Pagsisisi	125
<i>Kabanata 20</i> Binyag.....	133
<i>Kabanata 21</i> Ang Kaloob na Espiritu Santo	141

<i>Kabanata 22</i>	Ang mga Kaloob ng Espiritu.....	145
<i>Kabanata 23</i>	Ang Sacrament.....	155
<i>Kabanata 24</i>	Ang Araw ng Sabbath.....	161
<i>Kabanata 25</i>	Pag-aayuno.....	169
<i>Kabanata 26</i>	Sakripisyo.....	175
<i>Kabanata 27</i>	Pagtatrabaho at Personal na Pananagutan.....	183
<i>Kabanata 28</i>	Paglilingkod.....	189
<i>Kabanata 29</i>	Ang Batas ng Panginoon Ukol sa Kalusugan....	197
<i>Kabanata 30</i>	Pag-ibig sa Kapwa.....	205
<i>Kabanata 31</i>	Katapatan.....	213
<i>Kabanata 32</i>	Mga Ikapu at mga Handog.....	219
<i>Kabanata 33</i>	Gawaing Misyonero.....	225
<i>Kabanata 34</i>	Pagpapaunlad ng Ating mga Talento.....	233
<i>Kabanata 35</i>	Pagsunod.....	237
<i>Kabanata 36</i>	Ang Pamilya ay Maaaring Maging Walang Hanggan.....	245
<i>Kabanata 37</i>	Mga Responsibilidad sa Pamilya.....	253
<i>Kabanata 38</i>	Walang Hanggang Kasal.....	259
<i>Kabanata 39</i>	Ang Batas ng Kalinisang-Puri.....	267
<i>Kabanata 40</i>	Gawain sa Templo at Family History.....	277
<i>Kabanata 41</i>	Ang Daigdig ng mga Espiritu Pagkatapos ng Buhay na Ito.....	285
<i>Kabanata 42</i>	Ang Pagtitipon ng Sambahayan ni Israel.....	291
<i>Kabanata 43</i>	Mga Palatandaan ng Ikalawang Pagparito.....	299
<i>Kabanata 44</i>	Ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.....	305
<i>Kabanata 45</i>	Ang Milenyo.....	313
<i>Kabanata 46</i>	Ang Huling Paghuhukom.....	319
<i>Kabanata 47</i>	Kadakilaan.....	325
<i>Listahan ng mga Visual</i>	333
<i>Indeks</i>	337

Pambungad

Isang Gabay sa Pag-aaral at Isang Manwal ng Guro

Ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* ay isinulat kapwa bilang pansariling gabay sa pag-aaral at bilang manwal ng guro. Kapag pinagaralan mo ito, na hinahangad ang Espiritu ng Panginoon, lalago ang iyong pang-unawa at patotoo sa Diyos Ama, kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, at sa Panunumbalik ng ebanghelyo. Mahahanap mo ang mga sagot sa mga tanong ng buhay, magkakaroon ng katiyakan sa iyong layunin at pagpapahalaga sa sarili, at haharap sa mga personal na hamon at mga hamon sa pamilya nang may pananampalataya.

Mga Tagubilin sa Pagtuturo sa Simbahan at sa Tahanan

Ang pagiging guro ay isang malaking responsibilidad na may kaakibat na maraming oportunidad para palakasin ang iba at matiyak na sila ay “napangangalagaan ng mabuting salita ng Diyos” (Moroni 6:4). Magiging mabisa ang iyong pagtuturo kung susundin mo ang mga tuntuning ito:

- Mahalin ang mga tinuturuan mo.
- Magturo sa pamamagitan ng Espiritu.
- Ituro ang doktrina.
- Maghikayat ng masigasig na pag-aaral.

Mahalin ang mga Tinuturuan Mo

Kapag minahal mo ang mga tinuturuan mo, mas nadarama nila ang Espiritu ng Panginoon. Mas nasasabik silang matuto at magiging mas handang makinig sa iyo at sa iba. Sikaping kilalanin ang mga tinuturuan mo, at ipaalam sa kanila na talagang may malasakit ka sa kanila. Maging sensitibo sa mga hamon na kinakaharap ng

mga taong may espesyal na mga pangangailangan. Lumikha ng komportableng kapaligiran sa iyong klase para madama ng mga kalahok na mahihingan ka nila ng tulong sa anumang tanong nila tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo at kung paano nila ito maipamumuhay.

Dadalo ang Espiritu ng Panginoon kapag may pagmamahalan at pagkakaisa. Sabi ng Panginoon, “Isang bagong utos ang sa inyo’y ibinigay ko, na kayo’y mangagibigan sa isa’t isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa’t isa” (Juan 13:34).

Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa paksang ito, tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, mga pahina 39–49.

Magturo sa pamamagitan ng Espiritu

Ang pinakamahahalagang bagay na maituturo mo ay ang mga doktrina ni Cristo ayon sa inihayag ng mga banal na kasulatan at mga makabagong propeta at ayon sa pagpapatibay ng Espiritu Santo. Para mabisang magawa ito, dapat mapasaiyo ang Espiritu ng Panginoon. “Ang Espiritu ay ibinigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya,” sabi ng Panginoon, “at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo” (D at T 42:14; tingnan din sa D at T 50:13–22). Ang Espiritu Santo ang tunay na guro, kaya mahalagang lumikha ng kapaligiran kung saan madarama ang presensya ng Espiritu ng Panginoon.

Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa paksang ito, tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, mga pahina 51–58.

Ituro ang Doktrina

Bago ka magturo mula sa isang kabanata, pag-aralan itong mabuti para matiyak na nauunawaan mo ang doktrina. Pag-aralan din ang karagdagang mga banal na kasulatang nakalista sa dulo ng kabanata. Makapagtuturo ka nang mas taos at nang may kapangyarihan kapag personal kang naimpluwensyahan ng mga turo sa kabanata.

Huwag kailanman magbigay ng haka-haka tungkol sa doktrina ng Simbahan. Ituro lamang kung ano ang suportado ng mga banal na kasulatan, ng mga salita ng mga propeta at apostol sa mga huling araw, at ng Espiritu Santo (tingnan sa D at T 42:12–14; 52:9).

Kung natawag kang magturo sa isang korum o klase gamit ang aklat na ito, huwag gumamit ng mga materyal na gawa sa labas, kahit kawili-wili ang mga ito. Manatiling nakatuon sa mga banal na kasulatan at mga salita sa aklat. Kung naaangkop, gumamit ng mga personal na karanasan at artikulo mula sa mga magasin ng Simbahan para idagdag sa mga aralin.

Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa paksang ito, tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, mga pahina 60–72.

Maghikayat ng Masigasig na Pag-aaral

Habang ikaw ay nagtuturo, tulungan ang iba na malaman kung paano ipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa araw-araw. Hikayatin ang klase na talakayin kung paano maaapektuhan ng mga alituntuning ito ang ating nadarama tungkol sa Diyos, sa ating sarili, sa ating pamilya, at sa ating kapwa. Hikayatin ang mga kalahok na mamuhay ayon sa mga alituntunin.

Hangga't maaari sikaping isali ang maraming tao sa mga aralin. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pag-anyaya sa kanila na magbasa nang malakas, sagutin ang mga tanong, o magbahagi ng mga karanasan, ngunit gawin lamang ito kapag tiyak mong hindi sila mapapahiya. Makabubuting bigyan mo ng mga espesyal na asayntment ang mga kalahok habang inihahanda mo ang mga aralin. Maging sensitibo sa mga pangangailangan at damdamin ng iba. Maaaring may mga taong kailangan mong kausapin nang sarilinan bago simulan ang aralin at tanungin kung ano ang nadarama nila sa paglahok.

Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa paksang ito, tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, mga pahina 75–93.

Karagdagang Tulong para sa mga Guro

Bawat kabanata sa aklat na ito ay may isa o dalawang paunawa para sa mga guro. Ang mga paunawang ito ay may mga ideyang makakatulong sa pagsisikap mong mahalin ang mga tinuturuan mo, magturo sa pamamagitan ng Espiritu, ituro ang doktrina, at hikayatin na masigasig na mag-aral ang mga tinuturuan mo.

Ang Ating Ama sa Langit

K a b a n a t a 1

Mayroong Diyos

- Ano ang ilang bagay na nagpapatunay sa inyo na mayroong Diyos?

Isinulat ni Alma, isang propeta sa Aklat ni Mormon, “Lahat ng bagay ay nagpapatunay na may Diyos; oo, maging ang mundo, at lahat ng bagay na nasa ibabaw nito, oo, at ang pag-inog nito, oo, at gayon din ang lahat ng planetang gumagalaw sa kanilang karaniwang ayos ay nagpapatunay na may Kataas-taasang Tagapaglikha” (Alma 30:44). Makakatingala tayo sa langit sa gabi at magkakaroon ng ideya sa ibig sabihin ni Alma. Milyun-milyon ang mga bituin at planeta, lahat ay nasa perpektong kaayusan. Hindi sila inilagay roon ng pagkakataon. Nakikita natin ang gawa ng Diyos sa kalangitan at sa lupa. Ang maraming magagandang halaman, iba’t ibang uri ng mga hayop, bundok, ilog, at ulap na nagdudulot sa atin ng ulan at niyebe—lahat ng ito ay nagpapatunay sa atin na may Diyos.

Itinuro sa atin ng mga propeta na ang Diyos ang Makapangyarihang Pinuno ng sansinukob. Ang Diyos ay nakatira sa langit (tingnan sa D at T 20:17). Sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesucristo, nilikha Niya ang langit at lupa at lahat ng bagay na naroon (tingnan sa 3 Nephi 9:15; Moises 2:1). Nilikha Niya ang buwan, mga bituin, at ang araw. Binuo Niya ang mundong ito at binigyan ito ng anyo, galaw, at buhay. Pinuno Niya ang himpapawid at tubig ng mga bagay na may buhay. Pinuno Niya ang mga burol at kapatagan ng lahat ng uri ng hayop. Ibinigay Niya sa atin ang araw at gabi, tag-init at taglamig, panahon ng pagtatanim at pag-ani. Nilalang Niya ang

Para sa mga guro: Gamitin ang mga tanong sa simula ng isang bahagi para magsimula ng talakayan at hikayatin ang mga miyembro ng klase o pamilya na maghanap sa mga banal na kasulatan para makakita ng iba pang impormasyon. Gamitin ang mga tanong sa dulo ng isang bahagi para tulungan ang mga miyembro ng klase o pamilya na pag-isipang mabuti at talakayin ang kahulugan ng nabasa nila at ipamuhay ito.

tao sa sarili Niyang larawan upang mamahala sa iba pa Niyang mga nilalang (tingnan sa Genesis 1:26–27).

Ang Diyos ang Kataas-taasan at Ganap na Nilalang na ating pina-niniwalaan at sinasamba. Siya ang “Dakilang Magulang ng sansinukob,” at Siya ay “nakatunghay sa buong sangkatauhan nang may pagmamahal at pagmamalasakit ng isang ama” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 45).

Ang Likas na Katangian ng Diyos

- Ano ang ilang katangian ng Diyos?

Dahil nilikha tayo sa Kanyang larawan (tingnan sa Moises 2:26; 6:9), alam natin na ang ating katawan ay katulad ng Kanyang katawan. Ang Kanyang walang hanggang espiritu ay nasa loob ng isang katawang nahahawakan na may laman at mga buto (tingnan sa D at T 130:22). Gayunman, ang katawan ng Diyos ay perpekto at niluwalhati, na may kaluwalhatian hindi kayang ipaliwanag.

Ang Diyos ay perpekto. Siya ay Diyos ng kabutihan, na may mga katangiang tulad ng pag-ibig, awa, pag-ibig sa kapwa, katotohanan, kapangyarihan, pananampalataya, kaalaman, at paghatol. Nasa Kanya ang lahat ng kapangyarihan. Alam Niya ang lahat ng bagay. Siya ay puspos ng kabutihan.

Lahat ng mabubuting bagay ay mula sa Diyos. Lahat ng ginagawa Niya ay para tulungan ang Kanyang mga anak na maging katulad Niya. Sabi Niya, “Masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao” (Moises 1:39).

- Bakit mahalagang maunawaan natin ang likas na katangian ng Diyos?

Pagkilala sa Diyos

- Paano natin makikilala ang Diyos?

Napakahalagang makilala ang Diyos kaya sinabi ng Tagapagligtas, “Ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga’y si Jesucristo” (Juan 17:3).

Ang una at pinakadakilang utos ay “Iibigin mo ang Panginoon mong Dios [na]ng buong puso mo” (Mateo 22:37).

Kapag higit nating kilala ang Diyos, higit natin Siyang minamahal at sinusunod ang Kanyang mga utos (tingnan sa I Ni Juan 2:3–5). Sa pagsunod sa Kanyang mga utos magiging katulad Niya tayo.

Makikilala natin ang Diyos kung tayo ay:

1. Maniniwala na Siya ay buhay at mahal Niya tayo (tingnan sa Mosias 4:9).
2. Mag-aaral ng mga banal na kasulatan (tingnan sa II Kay Timoteo 3:14–17).
3. Magdarasal sa Kanya (tingnan sa Santiago 1:5).
4. Susunod sa lahat ng Kanyang utos sa abot ng ating makakaya (tingnan sa Juan 14:21–23).

Kapag ginawa natin ang mga bagay na ito, makikilala natin ang Diyos at magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan sa huli.

- Isiping mabuti kung ano ang magagawa ninyo para mas mapalapit sa Diyos.

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Mga Gawa 7:55–56 (ang Anak sa kanan ng Ama)
- D at T 88:41–44 (mga katangian ng Diyos)
- Awit 24:1 (ang daigdig ay sa Panginoon)
- Moises 1:30–39 (Paglikha)

- Alma 7:20 (hindi nagkakamali ang Diyos)
- Joseph Smith—Kasaysayan 1:17 (ang Ama at ang Anak ay magkabukod na mga nilalang)
- Alma 5:40 (ang mabuti ay mula sa Diyos)
- Juan 14:6–9 (ang Anak at ang Ama ay magkatulad)
- Mormon 9:15–20 (Diyos ng mga himala)
- Amos 3:7 (Diyos ng paghahayag)
- Juan 3:16 (Diyos ng pag-ibig)

Ang Ating Pamilya sa Langit

Kabanata 2

Tayo ay mga Anak ng Ating Ama sa Langit

- Ano ang itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan at mga propeta sa mga huling araw tungkol sa kaugnayan natin sa Diyos?

Ang Diyos ay hindi lamang ating Pinuno at Tagapaglikha; Siya rin ang ating Ama sa Langit. Lahat ng lalaki at babae ay tunay na mga anak ng Diyos. “Ang tao, bilang espiritu, ay isinilang sa mga magulang na nasa langit, at inaruga hanggang sa sumapit sa sapat na gulang sa mga walang hanggang mansiyon ng Ama, bago pumarito sa mundo sa isang katawang-lupa” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* [1998], 400).

Bawat taong isinilang sa mundo ay ating espiritung kapatid. Dahil tayo ay mga espiritung anak ng Diyos, namana natin ang potensyal na magkaroon ng mga banal na katangian na Kanyang taglay. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari tayong maging katulad ng ating Ama sa Langit at tumanggap ng lubos na kagalakan.

- Paano naiimpluwensyahan ng kaalamang kayo ay anak ng Diyos ang inyong mga iniisip, sinasabi, at ginagawa?

Nagkaroon Tayo ng mga Personalidad at Talento Noong Naninirahan pa Tayo sa Langit

- Isipin ang mga talento at kaloob na ibinigay sa inyo.

Para sa mga guro: Hindi mo kailangang iturong lahat ang nasa bawat kabanata. Habang mapanalangin kang naghahandang magturo, hangarin ang patnubay ng Espiritu upang malaman kung aling mga bahagi ng kabanata ang dapat mong ituro at alin ang mga dapat mong itanong.



Itinuturo sa atin sa mga banal na kasulatan na inihanda ng mga propeta ang kanilang sarili na maging mga pinuno sa daigdig noong sila ay mga espiritu pa sa langit (tingnan sa Alma 13:1–3). Bago sila isinilang sa mga katawang mortal, inorden (pinili) sila ng Diyos na maging mga pinuno sa daigdig. Ilan lamang sina Jesus, Adan, at Abraham sa mga pinunong ito. (Tingnan sa Abraham 3:22–23.) Itinuro ni Joseph Smith na “bawat lalaki na may tungkuling maglingkod sa mga tao sa daigdig ay inordenan [noon pa man] sa mismong layuning iyon” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 598). Gayunman, lahat ng tao sa mundo ay malayang tanggapin o tanggihan ang anumang pagkakataong maglingkod.

Magkakaiba tayong lahat sa langit. Alam natin, halimbawa, na tayo ay mga anak ng mga magulang sa langit—mga lalaki at babae (tingnan sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” 35602 893). Nagtaglay tayo ng iba’t ibang talento at kakayahan, at inatasang gumawa ng iba’t ibang bagay sa lupa. Lalo nating malalaman ang ating “mga walang hanggang posibilidad” kapag natanggap natin ang ating mga patriarchal blessing (tingnan sa Thomas S. Monson, sa Conference Report, Okt. 1986, 82; o *Ensign*, Nob. 1986, 66).

Natatakpan ng lambong o tabing ang ating alaala tungkol sa ating buhay sa langit bago tayo isinilang, ngunit alam ng ating Ama sa Langit kung sino tayo at ano ang ating ginawa roon bago tayo pumarito. Pinili Niya ang panahon at lugar kung saan isisilang ang bawat isa sa atin para matutuhan natin ang mga aral na kailangan natin mismo at magawa ang pinakamabuti sa ating kani-kanyang mga talento at personalidad.

- Paano kayo napagpala ng mga talento ng ibang tao? Paano mapagpapala ng inyong mga talento at kaloob ang iba?

Naglahad ng Plano ang Ating Ama sa Langit para Tayo ay Maging Katulad Niya

- Paano tayo natutulungan ng buhay sa mundo na maghandang maging katulad ng ating Ama sa Langit?

Alam ng ating Ama sa Langit na may hangganan ang ating pag-unlad maliban kung aalis tayo sa Kanyang piling sa loob ng ilang panahon. Nais Niyang magkaroon tayo ng mga makadiyos na kata-ngiang taglay Niya. Para magawa ito, kinailangan nating lisanin ang ating tahanan sa langit para subukin tayo at magkaroon ng karanasan. Kailangang madamitan ang ating mga espiritu ng pisikal na katawan. Kakailanganin nating lisanin ang ating pisikal na katawan pagkamatay natin at muling sasanib dito sa Pagkabuhay na Mag-uli. Pagkatapos ay tatanggap tayo ng mga katawang imortal tulad ng sa ating Ama sa Langit. Kung malalampasan natin ang mga pagsubok, tatanggapin natin ang lubos na kagalakang natanggap ng ating Ama sa Langit. (Tingnan sa D at T 93:30–34.)

Tumawag ng Malaking Kapulungan ang ating Ama sa Langit upang ilahad ang Kanyang plano para sa ating pag-unlad (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith*, 242, 598). Nalaman natin na kung susundin natin ang Kanyang plano, magiging katulad Niya tayo. Mabubuhay tayong mag-uli; tataglayin natin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at lupa; magiging mga magulang tayo sa langit at magkakaroon ng mga espiritung anak na katulad Niya (tingnan sa D at T 132:19–20).

Nalaman natin na maglalaan Siya ng isang mundo para sa atin kung saan patutunayan natin na karapat-dapat tayo (tingnan sa Abraham 3:24–26). Matatakpan ng lambong o tabing ang ating ala-ala, at malilimutan natin ang ating tahanan sa langit. Kakailanganin ito para magamit natin ang kalayaan nating pumili ng mabuti o masama nang hindi naiimpluwensyahan ng alaala ng pamumuhay sa piling ng ating Ama sa Langit. Sa gayon masusunod natin Siya

Para sa mga guro: Mas malamang na makapagbigay ng magandang sagot sa isang tanong ang mga miyembro ng klase o pamilya kung bibigyan sila ng oras upang pag-isipan ang kanilang sagot. Halimbawa, matapos magtanong, masasabi mong, “Pag-isipan ninyo sandali ang isasagot ninyo, at saka ko hihingin ang mga sagot ninyo.” Pagkatapos ay bigyan sila ng panahon na makapag-isip na mabuti.

dahil sa ating pananampalataya sa Kanya, hindi dahil sa ating kaalaman o alaala tungkol sa Kanya. Tutulungan Niya tayong makilala ang katotohanan kapag muli natin itong narinig sa mundo (tingnan sa Juan 18:37).

Sa Malaking Kapulungan nalaman din natin ang layunin para sa ating pag-unlad: upang magkaroon ng lubos na kagalakan. Gayunman, nalaman din natin na ang ilan ay malilinlang, pipiliin ang ibang landas, at maliligaw. Nalaman natin na lahat tayo ay magkaroon ng mga pagsubok sa buhay: karamdaman, kabiguan, sakit, kalungkutan, at kamatayan. Ngunit naunawaan natin na ibibigay sa atin ang mga ito para sa ating karanasan at ikabubuti (tingnan sa D at T 122:7). Kung pahihintulutan natin, dadalisayin tayo ng mga pagsubok na ito sa halip na daigin tayo. Tuturuan tayo nitong magtiis, magtiyaga, at ibigin ang kapwa (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 17–19).

Sa kapulungang ito nalaman din natin na dahil sa ating kahinaan, lahat tayo maliban sa maliliit na bata ay magkakasala (tingnan sa D at T 29:46–47). Nalaman natin na maglalaan ng isang Tagapagligtas upang madaig natin ang ating mga kasalanan at ang kamatayan sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli. Nalaman natin na kung sasampalataya tayo sa Kanya, na sinusunod ang Kanyang salita at sinusundan ang Kanyang halimbawa, tayo ay dadakilain at magiging katulad ng ating Ama sa Langit. Tatanggap tayo ng ganap na kagalakan.

- Ilista ang ilang katangian ng Ama sa Langit. Paano tayo tinutulungan ng plano ng kaligtasan na magkaroon ng mga katangiang ito?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Mga Hebreo 12:9 (ang Diyos ang Ama ng ating mga espiritu)
- Job 38:4–7 (ipinahiwatig ang buhay bago tayo isinilang)
- Abraham 3:22–28 (pangitain tungkol sa buhay bago tayo isinilang)

- Jeremias 1:5 (pangitain tungkol sa buhay bago tayo isinilang)
- D at T 29:31–38 (pangitain tungkol sa buhay bago tayo isinilang)
- Moises 3:4–7 (espirituwal at temporal na mga nilikha)
- I Mga Taga Corinto 15:44 (espirituwal at temporal na mga nilikha)
- D at T 76:23–24 (mga anak na lalaki at babae)
- D at T 132:11–26 (plano para sa pag-unlad)

Si Jesucristo, ang Ating Piniling Pinuno at Tagapagligtas

Kabanata 3

Kailangan ng Isang Tagapagligtas at Pinuno

- Bakit kinailangan nating lisanin ang piling ng Ama sa Langit?
Bakit kailangan natin ang isang Tagapagligtas?

Nang ilahad sa atin ang plano para sa ating kaligtasan sa daigdig ng mga espiritu bago tayo isinilang, napakasaya natin kaya't naghi-yawan tayo sa galak (tingnan sa Job 38:7).

Naunawaan natin na kailangan nating lisanin sa loob ng ilang panahon ang ating tahanan sa langit. Hindi tayo maninirahan sa piling ng ating Ama sa Langit. Habang malayo tayo sa Kanya, lahat tayo ay magkakasala at ilan sa atin ang maliligaw ng landas. Kilala at mahal ng ating Ama sa Langit ang bawat isa sa atin. Alam Niyang mangangailangan tayo ng tulong, kaya nagplano Siya ng paraan para matulungan tayo.

Kailangan natin ng isang Tagapagligtas para magbayad ng ating mga kasalanan at turuan tayong makabalik sa ating Ama sa Langit. Sabi ng ating Ama, “Sino ang isusugo ko?” (Abraham 3:27). Sabi ni Jesucristo, na tinawag na Jehova, “Narito ako, isugo ako” (Abraham 3:27; tingnan din sa Moises 4:1–4).

Si Jesus ay handang pumarito sa mundo, ibuwis ang Kanyang buhay para sa atin, at akuin ang ating mga kasalanan. Nais Niya, tulad ng ating Ama sa Langit, na mamili tayo kung susundin natin ang mga utos ng Ama sa Langit. Alam Niya na kailangan tayong maging malaya sa pagpili para mapatunayang karapat-dapat tayo



sa kadakilaan. Sabi ni Jesus, “Ama, masusunod ang inyong kaloo-ban, at ang kaluwalhatian ay mapasainyo magpasawalang hang-gan” (Moises 4:2).

Lumapit din si Satanas, na tinawag na Lucifer, na sinasabing, “Masdan, naririto ako, isugo ninyo ako, ako ang magiging inyong anak, at aking tutubusin ang buong sangkatauhan, upang wala ni isa mang katao ang mawala, at tiyak na akin itong magagawa; kaya nga, ibigay ninyo sa akin ang inyong karangalan” (Moises 4:1). Nais tayong piliting lahat ni Satanas na gawin ang kanyang kaloo-ban. Sa kanyang plano, hindi tayo papayagang makapili. Aalisin niya ang kalayaang pumili na ibinigay sa atin ng ating Ama. Gusto ni Satanas na mapasakanya ang lahat ng karangalan para sa ating kaligtasan. Sa kanyang panukala o mungkahi, ang layunin ng ating pagparito sa mundo ay mabibigo (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* [2003], 237).

Si Jesucristo ang Napiling Maging Ating Pinuno at Tagapagligtas

- Matapos basahin ang bahaging ito, pag-isipan ang nadarama mo para sa Tagapagligtas.

Matapos marinig na mangusap ang dalawang anak, sinabi ng Ama sa Langit, “Aking isusugo ang una” (Abraham 3:27).

Si Jesucristo ang napili at inorden noon pa man na maging Taga-pagligtas natin. Maraming kuwento sa mga banal na kasulatan tungkol dito (tingnan, halimbawa, sa I Ni Pedro 1:19–20; Moises 4:1–2). Ikinuwento sa atin sa isang banal na kasulatan na noong bago isilang si Jesus, nagpakita Siya sa isang propeta ng Aklat ni Mormon na kilala bilang kapatid ni Jared at sinabing: “Masdan, ako ang siyang inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig upang tubusin ang aking mga tao. Masdan, ako si Jesucristo. . . . Sa akin ang buong sangkatauhan ay magkakaroon ng buhay, at yaong walang hanggan, maging sila na maniniwala sa aking pangalan” (Eter 3:14).

Nang mabuhay si Jesus sa lupa, itinuro Niya: “Bumaba akong mula sa langit, hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi

ang kalooban ng nagsugo sa akin. . . . Sapagka't ito ang kalooban ng aking Ama, na ang bawa't nakakakita sa Anak, at sa kaniya'y sumampalataya, ay magkaroon ng walang hanggang buhay; at akin siyang ibabangon sa huling araw" (Juan 6:38, 40).

Ang Digmaan sa Langit

Dahil pinili ng ating Ama sa Langit si Jesucristo na maging Tagapagligtas natin, nagalit si Satanas at naghimagsik. Nagkaroon ng digmaan sa langit. Nilabanan ni Satanas at ng kanyang mga kampon si Jesucristo at ang Kanyang mga tagasunod. Ang mga tagasunod ng Tagapagligtas ay "dinaig [si Satanas] dahil sa dugo ng Cordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo" (Apocalipsis 12:11).

Sa malaking himagsikang ito, si Satanas at lahat ng espiritung sumunod sa kanya ay pinaalis sa piling ng Diyos at pinalayas sa langit. Ikatlong bahagi ng hukbo ng langit ang pinarusahan sa pagsunod kay Satanas (tingnan sa D at T 29:36). Pinagkaitan sila ng karapatang tumanggap ng mga katawang mortal.

Dahil narito tayo sa lupa at may mga katawang mortal, alam natin na pinili nating sundin si Jesucristo at ang ating Ama sa Langit. Narito rin sa lupa si Satanas at ang kanyang mga kampon, ngunit bilang mga espiritu. Hindi nila nalilimutan kung sino tayo, at nasa paligid natin sila araw-araw, tinutukso at inaakit tayong gumawa ng mga bagay na hindi kasiya-siya sa ating Ama sa Langit. Sa buhay bago tayo isinilang, pinili nating sundin si Jesucristo at tanggapin ang plano ng Diyos. Kailangang patuloy nating sundin si Jesucristo dito sa lupa. Sa pagsunod lamang sa Kanya tayo makababalik sa ating tahanan sa langit.

- Sa anong mga paraan nagpapatuloy ngayon ang Digmaan sa Langit?

Nasa Atin ang mga Turo ng Tagapagligtas para Sundin

- Isipin kung paano nakaimpluwensya sa iyo ang mga turo ng Tagapagligtas.

Sa simula pa lamang, inihayag na ni Jesucristo ang ebanghelyo, na nagsasabi kung ano ang dapat nating gawin para makabalik sa ating Ama sa Langit. Sa takdang panahon pumarito Siya Mismo sa lupa. Itinuro Niya ang plano ng kaligtasan at kadakilaan sa pamamagitan ng Kanyang salita at pamumuhay. Itinatag Niya ang Kanyang Simbahan at Kanyang priesthood sa lupa. Inako Niya ang ating mga kasalanan.

Sa pagsunod sa Kanyang mga turo, magmamana tayo ng isang lugar sa kahariang selestiyal. Ginawa Niya ang Kanyang bahagi para tulungan tayong makabalik sa ating tahanan sa langit. Nasa-saatin na ngayon kung gagawin natin ang ating bahagi at magiging marapat sa kadakilaan.

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Moises 4:1–4; Abraham 3:22–28 (pinili ang Tagapagligtas sa buhay bago tayo isinilang)
- D at T 76:25–29 (Digmaan sa Langit)
- Apocalipsis 12:7–9, 11 (nadaig ng mga tagasunod ng Tagapagligtas si Satanas sa Digmaan sa Langit dahil sa dugo ng Cordero at sa kanilang patotoo)
- Isaias 14:12–15 (bakit pinalayas si Lucifer)

Para sa mga guro: Sabihan ang mga miyembro ng klase o pamilya na pag-aralan ang “Karagdagang mga Banal na Kasulatan” nang mag-isa, dalawahang, o bilang isang grupo.



Kalayaang Pumili

K a b a n a t a 4

Ang Kalayaan ay Isang Walang Hanggang Alituntunin

- Kung may magtanong sa inyo kung bakit mahalagang magkaroon ng kalayaan, ano ang sasabihin ninyo?

“Ikaw ay maaaring mamili para sa iyong sarili, sapagkat ito ay ibinigay sa iyo” (Moises 3:17).

Sinabi sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta na malaya tayong mamili sa pagitan ng mabuti at masama. Maaari nating piliin ang kalayaan at buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagsunod kay Jesucristo. Malaya rin tayong piliin ang pagkabihag at kamatayan sa pamamagitan ng pagsunod kay Satanas. (Tingnan sa 2 Nephi 2:27.) Ang karapatang pumili sa pagitan ng mabuti at masama at kumilos para sa ating sarili ay tinatawag na kalayaan.

Sa buhay bago tayo isinilang mayroon tayong kalayaang moral. Ang isang layunin ng buhay sa lupa ay ipakita kung ano ang ating mga pipiliin (tingnan sa 2 Nephi 2:15–16). Kung napilitan tayong piliin ang tama, hindi natin maipapakita kung ano ang pipiliin natin para sa ating sarili. Gayundin, mas masaya tayong gawin ang mga bagay-bagay kapag tayo mismo ang nagpasiya.

Kalayaan ang isa sa pinakamahahalagang usaping tinalakay sa Kapulungan sa Langit. Isa ito sa mga pangunahing dahilan ng alitan sa pagitan ng mga tagasunod ni Cristo at ng mga tagasunod ni Satanas. Sabi ni Satanas, “Masdan, naririto ako, isugo ninyo ako, ako ang magiging inyong anak, at aking tutubusin ang buong sangkatauhan, upang wala ni isa mang katao ang mawala, at tiyak na akin itong magagawa; kaya nga, ibigay ninyo sa akin ang inyong karangalan” (Moises 4:1). Sa pagsasabi nito, siya ay “naghimagsik laban sa [Diyos] at naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao” (Moises 4:3).

Tinanggihan ang kanyang alok, at pinalayas siya sa langit kasama ang kanyang mga kampon (tingnan sa D at T 29:36–37).

Ang Kalayaan ay Mahalagang Bahagi ng Plano ng Kaligtasan

Kalayaan ang nagbigay-daan para maging panahon ng pagsubok ang ating buhay sa lupa. Nang planuhin ang paglikha ng Kanyang mga anak sa lupa, sinabi ng Diyos, “Susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos” (Abraham 3:25). Kung wala ang kaloob na kalayaan, hindi sana natin maipapakita sa ating Ama sa Langit kung gagawin natin ang lahat ng ipinag-utos Niya sa atin. Dahil nakakapili tayo, tayo ang mananagot sa ating mga kilos (tingnan sa Helaman 14:30–31).

Kapag pinipili nating mamuhay ayon sa plano ng Diyos para sa atin, lalong tumatag ang ating kalayaan. Ang mga tamang pagpili ay nakadaragdag sa kakayahan nating gumawa ng marami pang tamang mga pasiya.

Kapag sinusunod natin ang bawat utos ng ating Ama, nadaragdagan ang ating karunungan at tumitibay ang ating pagkatao. Lumalago ang ating pananampalataya. Mas madali tayong nakakagawa ng mga tamang pasiya.

Nagsimula tayong magpasiya bilang mga espiritung anak sa piling ng ating Ama sa Langit. Dahil sa mga pasiya natin doon kaya naging karapat-dapat tayong pumarito sa lupa. Nais ng ating Ama sa Langit na lumago ang ating pananampalataya, kakayahan, kaalaman, karunungan, at lahat ng iba pang mabubuting katangian. Kung susundin natin ang Kanyang mga utos at gagawa tayo ng mga tamang pasiya, matututo tayo at makauunawa. Tayo ay magiging katulad Niya. (Tingnan sa D at T 93:28.)

- Paano nakakatulong sa atin ang mga tamang pagpapasiya sa paggawa ng iba pang mga tamang pasiya?

Kailangan sa Kalayaan na May Mapagpilian

- Bakit kailangan ang oposisyon o pagsalungat?

Hindi natin mapipili ang kabutihan maliban kung iharap sa atin ang mga kasalungat ng mabuti at masama. Sinabi ni Lehi, isang dakilang propeta sa Aklat ni Mormon, sa anak niyang si Jacob na para maisakatuparan ang mga walang hanggang layunin ng Diyos, dapat ay may “pagsalungat sa lahat ng bagay. Kung hindi, . . . ang kabutihan ay hindi mangyayari, ni ang kasamaan, ni ang kabanalan o kalungkutan, ni mabuti o masama” (2 Nephi 2:11).

Tinutulutan ng Diyos si Satanas na salungatin ang mabuti. Sabi ng Diyos tungkol kay Satanas:

“Aking pinapangyaring siya ay mapalayas;

“At siya ay naging si Satanas, oo, maging ang diyablo, ang ama ng lahat ng kasinungalingan, upang linlangin at bulagin ang mga tao, at akayin silang bihag sa kanyang kagustuhan, maging kasindami ng hindi makikinig sa aking tinig” (Moises 4:3–4).

Ginagawa ni Satanas ang lahat ng makakaya niya para wasakin ang gawain ng Diyos. Hangad niya “ang kalungkutan ng buong sangkatauhan. . . . Hinahangad niya na ang lahat ng tao ay maging kaaba-abang katulad ng kanyang sarili” (2 Nephi 2:18, 27). Hindi niya tayo mahal. Ayaw niya ng anumang mabuting bagay para sa atin (tingnan sa Moroni 7:17). Ayaw niya tayong lumigaya. Nais niya tayong gawing mga alipin niya. Gumagamit siya ng maraming pagbabalatkayo para alipinin tayo.

Kapag nagpapatukso tayo kay Satanas, nililimitahan natin ang ating mga pagpipilian. Iपालiliwanag ng sumusunod na halimbawa kung paano nangyayari ito. Kunwari nakakita ka ng isang karatula sa bay-bay-dagat na ganito ang nakasaad: “Mapanganib—may uliuli [whirlpool]. Bawal lumangoy dito.” Maiisip natin na iyon ay restriksyon. Pero gayon nga kaya? Marami pa tayong pagpipilian. Malaya tayong lumangoy sa ibang lugar. Malaya tayong maglakad-lakad sa dalam-pasigan at mamulot ng mga kabibe. Malaya tayong panoorin ang paglubog ng araw. Malaya tayong umuwi. Malaya rin tayong balewain ang karatula at lumangoy sa mapanganib na lugar. Ngunit sa

sandaling mahigop tayo ng uliuli at mahila sa ilalim, kakaunti ang ating pagpipilian. Maaari nating subukang makahulagpos, o tumawag ng saklolo, pero maaari tayong malunod.

Kahit malaya tayong piliin ang ating gagawin, hindi naman tayo malayang piliin ang mga ibubunga niyon. Ang mga bunga, mabuti man o masama, ay resulta ng anumang pagpiling ginagawa natin (tingnan sa Mga Taga Galacia 6:7; Apocalipsis 22:12).

Nasabi na sa atin ng Ama sa Langit kung paano takasan ang pam-bibihag ni Satanas. Dapat tayong mag-ingat at manalangin tuwina, na humihiling sa Diyos na tulungan tayong mapaglabanan ang mga tukso ni Satanas (tingnan sa 3 Nephi 18:15). Hindi tayo tutu-lutan ng ating Ama sa Langit na matukso nang higit sa makakaya natin (tingnan sa I Mga Taga Corinto 10:13; Alma 13:28).

Inilalayo tayo sa panganib ng mga utos ng Diyos at inakay tungo sa buhay na walang hanggan. Sa matalinong pagpapasiya, magtatamo tayo ng kadakilaan, uunlad nang walang hanggan, at magtatamasa ng lubos na kaligayahan (tingnan sa 2 Nephi 2:27–28).

- Ano ang ilang halimbawa ng mga gawaing naglilimita sa ating mga pagpipilian? Ano ang ilang halimbawa ng mga gawaing nagbibigay sa atin ng higit na kalayaan?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Moises 7:32 (kalayaang pumili)
- Abraham 3:24–25 (ang buhay sa lupa ay isang pagsubok)
- Alma 41:3; Moroni 7:5–6 (hahatulan ang mga gawa)
- 2 Nephi 2:11–16 (kailangan ang pagsalungat)
- Moroni 7:12–17 (pagpili ng mabuti at masama)
- II Ni Pedro 2:19; Juan 8:34 (ang kasalanan ay pagkaalipin)
- 2 Nephi 2:28–29; Alma 40:12–13 (gantimpala ayon sa mga gawa)

Para sa mga guro: Makakatulong ang isang simpleng larawan para maituon ang kanilang pansin. Kung tatalakayin mo ang analohiya ng karatula ng babala na inilahad sa kabana-tang ito, maaari mong idrowing ang karatulang iyon sa pisara o sa malaking papel.

Ang Paglikha

K a b a n a t a 5

Ang Plano ng Diyos para sa Atin

- Bakit tayo kailangang pumarito sa mundo?

Noong nabubuhay tayo bilang mga espiritung anak sa piling ng ating mga magulang sa langit, sinabi sa atin ng Ama sa Langit ang Kanyang plano para lalo tayong maging katulad Niya. Naghiyawan tayo sa galak nang marinig natin ang Kanyang plano (tingnan sa Job 38:7). Nasabik tayo sa mga bagong karanasan. Para mangyari ang mga bagay na ito, kailangan nating lisanin ang piling ng ating Ama at tumanggap ng mga katawang mortal. Kailangan natin ng ibang lugar na titirhan kung saan makapaghahanda tayong maging katulad Niya. Ang ating bagong tahanan ay tinawag na daigdig.

- Sa palagay ninyo bakit tayo humiyaw sa galak nang malaman natin ang plano ng kaligtasan?

Nilikha ni Jesus ang Mundo

Nilikha ni Jesucristo ang mundong ito at lahat ng narito. Lumikha rin Siya ng marami pang ibang mundo. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood, sa ilalim ng pamamahala ng ating Ama sa Langit. Sabi ng Diyos Ama, “Mga daigdig na di mabilang ang aking nilalang; . . . at sa pamamagitan ng Anak aking nilalang ang mga ito, na siyang aking Bugtong na Anak” (Moises 1:33). May iba pa tayong mga patotoo sa katotohanang ito. Nakita nina Joseph Smith at Sidney Rigdon si Jesucristo sa isang pangitain. Nagpatotoo sila “na sa kanya, at sa pamamagitan niya, at mula sa kanya, ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ang mga naninirahan dito ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos” (D at T 76:24).

Para sa mga guro: Maaaring hindi komportable ang ilang miyembro ng klase o pamilya sa pagbasa nang malakas. Bago sila hilingang magbasa nang malakas, maaari mong itanong, “Sino ang gustong magbasa?” Pagkatapos ay tawagin ang mga taong nagboluntaryo.



Pagsasagawa ng Paglikha

- Ano ang mga layunin ng Paglikha?

Ang mundo at lahat ng bagay na naroon ay nilikha munang espirituwal bago nilikhang pisikal ang mga ito (tingnan sa Moises 3:5). Habang pinaplano ang paglikha ng pisikal na mundo, sinabi ni Cristo sa mga kasama Niya, “Bababa tayo, sapagkat may puwang doon . . . at tayo ay lilikha ng mundo kung saan sila [ang espiritung mga anak ng ating Ama sa Langit ay] makapaninirahan” (Abraham 3:24).

Sa ilalim ng pamamahala ng Ama, nilikha at binuo ni Cristo ang mundo. Inihwalay Niya ang liwanag sa kadiliman para magkaroon ng araw at gabi. Nilikha Niya ang araw, buwan, at mga bituin. Inihwalay Niya ang mga tubig sa tuyong lupa upang magkaroon ng mga dagat, ilog, at lawa. Ginawa Niyang maganda at masagana ang mundo. Ginawa Niya ang damo, mga puno, bulaklak, at lahat ng uri ng iba pang mga halaman. Ang mga halamang ito ay may mga binhi kung saan maaaring pagmulan ng bagong-tubong mga halaman. Pagkatapos ay nilikha Niya ang mga hayop—isda, baka, insekto, at lahat ng uri ng ibon. Ang mga hayop na ito ay may kakayahang paramihin ang sarili nilang uri.

Ngayon ay handa na ang mundo para sa pinakadakilang paglikha sa lahat—ang sangkatauhan. Ang ating mga espiritu ay bibigyan ng mga katawang may laman at dugo para makapanirahan sila sa mundo. “At ako, ang Diyos, ay nagsabi sa aking Bugtong na Anak, na kasama ko mula pa sa simula: Likhain natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at nagkagayon nga” (Moises 2:26). Sa ganitong paraan ang unang lalaki, si Adan, at ang unang babae, si Eva, ay nilikha at binigyan ng mga katawang kawangis ng sa ating mga magulang sa langit. “Ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae” (Genesis 1:27). Nang matapos ng Panginoon ang Kanyang mga likha, nasiyahan Siya at nalaman na mabuti ang Kanyang ginawa, at nagpahinga Siya nang ilang panahon.

Ang mga Likha ng Diyos ay Nagpapakita ng Kanyang Pagmamahal

- Paano makikita sa mga likha ng Diyos na mahal Niya tayo?

Tayo ngayon ay naninirahan sa magandang mundong ito. Isipin ang araw, na nagbibigay sa atin ng init at liwanag. Isipin ang ulan, na nagpapalago sa mga halaman at nililinis at pinalalamig ang mundo. Isipin kung gaano kasarap pakinggan ang huni ng ibon o tawa ng isang kaibigan. Isipin kung gaano kaganda ang ating mga katawan—kung paano tayo nagtatrabaho at naglalaro at nagpapahinga. Kapag inisip natin ang lahat ng likhang ito, mauunawaan natin na matalino, makapangyarihan, at mapagmahal na mga nilalang si Jesucristo at ang ating Ama sa Langit. Naipakita Nila ang malaking pagmamahal sa atin sa paglalaan ng lahat ng ating pangangailangan.

Nilikha rin ang mga halaman at hayop para pasayahin tayo. Sinabi ng Panginoon, “Oo, lahat ng bagay na nanggagaling sa lupa, sa panahon niyon, ay ginawa para sa kapakinabangan at gamit ng tao, kapwa upang makalugod sa mata at upang pasiglahin ang puso; oo, para sa pagkain at para sa kasuotan, para sa panlasa at para sa pang-amoy, upang palakasin ang katawan at pasiglahin ang kaluluwa” (D at T 59:18–19). Kahit maraming nilikha ang Diyos, kilala at mahal Niya lahat ng mga ito. Sabi Niya, “Lahat ng bagay ay bilang sa akin, sapagkat sila ay akin at kilala ko sila” (Moises 1:35).

- Ano ang ilang bagay na pinasasalamat ninyo sa mga likha ng Diyos?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Genesis 1; 2:1–7; Abraham 3:22–23; 4–5; Moises 1:27–42; 2–3 (mga tala tungkol sa Paglikha)
- Sa Mga Hebreo 1:1–3; Mga Taga Colosas 1:12–17; D at T 38:1–3 (si Jesus ang Tagapaglikha)
- D at T 59:18–20; Moises 2:26–31; D at T 104:13–17; Mateo 6:25–26 (makikita sa Paglikha ang pag-ibig ng Diyos)

Ang Pagkahulog nina Adan at Eva

K a b a n a t a 6

Sina Adan at Eva ang Unang Pumarito sa Mundo

- Anong katibayan ang tumutulong upang malaman natin na sina Adan at Eva ay magigiting na espiritu?

Inihanda ng Diyos ang mundong ito para tirhan ng Kanyang mga anak. Sina Adan at Eva ang napiling unang mga taong maninirahan sa daigdig (tingnan sa Moises 1:34; 4:26). Ang bahagi nila sa plano ng ating Ama ay maghatid ng mortalidad sa mundo. Sila ang magiging unang mga magulang. (Tingnan sa D at T 107:54–56.)

Kabilang sina Adan at Eva sa pinakamararangal na anak ng ating Ama. Sa daigdig ng mga espiritu ang tawag kay Adan ay Miguel ang arkanghel (tingnan sa D at T 27:11; Judas 1:9). Siya ang pinili ng ating Ama sa Langit na mamuno sa mga matwid sa pakikibaka laban kay Satanas (tingnan sa Apocalipsis 12:7–9). Sina Adan at Eva ay inorden noon pa man na maging una nating mga magulang. Pinangakuan ng Panginoon si Adan ng mga dakilang pagpapala: “Itinalaga kita na malagay sa unahan; isang pagkarami-raming bansa ang manggagaling sa iyo, at ikaw ay prinsiphe sa kanila magpakailanman” (D at T 107:55).

Si Eva ang “ina ng lahat ng nabubuhay” (Moises 4:26). Pinagsama ng Diyos sina Adan at Eva sa kasal dahil “hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa” (Moises 3:18; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 11:11). Nakibahagi si Eva sa responsibilidad ni Adan at makikibahagi rin sa kanyang walang hanggang mga pagpapala.

Para sa mga guro: Gamitin ang mga tanong sa simula ng isang bahagi para magsimula ng talakayan at hikayatin ang mga miyembro ng klase o pamilya na maghanap sa mga banal na kasulatan para sa iba pang impormasyon. Gamitin ang mga tanong sa dulo ng isang bahagi para tulungan ang mga miyembro ng klase o pamilya na pag-isipang mabuti at talakayin ang kahulugan ng nabasa nila at ipamuhay ito.



- Ano ang matututuhan natin sa mga halimbawa nina Adan at Eva?

Ang Halamanan ng Eden

- Ano ang kalagayan ng pamumuhay nina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden?

Nang ilagay sina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden, hindi pa sila mortal. Sa ganitong kalagayan, “sila’y hindi sana nagkaroon ng mga anak” (2 Nephi 2:23). Walang kamatayan. Sila ay may *pisikal* na buhay dahil nanahanan ang kanilang mga espiritu sa pisikal na katawan na nagmula sa alabok ng lupa (tingnan sa Moises 6:59; Abraham 5:7). Nagkaroon sila ng *espirituwal* na buhay dahil nasa piling sila ng Diyos. Hindi pa sila nakapili sa pagitan ng mabuti at masama.

Inutusan sila ng Diyos na magkaroon ng mga anak. Sabi Niya, “Maging palaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at supilin ito, at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa . . . bawat kinapal na gumagalaw sa lupa” (Moises 2:28). Sinabi sa kanila ng Diyos na malaya silang kumain mula sa bawat punungkahoy sa halamanan maliban sa isa, ang punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama. Tungkol sa punungkahoy na iyon sinabi ng Diyos, “Sa araw na kumain ka niyon ikaw ay tiyak na mamamatay” (Moises 3:17).

Si Satanas, na hindi batid ang isipan ng Diyos ngunit balak sirain ang plano ng Diyos, ay lumapit kay Eva sa Halamanan ng Eden. Tinukso niya itong kumain ng bunga ng punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama. Tiniyak niya kay Eva na sila ni Adan ay hindi mamamatay, kundi “magiging tulad ng mga diyos, na nakakilala ng mabuti at masama” (Moises 4:11). Nagpatangay sa tukso si Eva at kinain ang bunga. Nang malaman ni Adan ang nangyari, nagpasiya na rin siyang kumain. Ang mga pagbabagong naganap kina Adan at Eva dahil sa pagkain ng bunga ay tinatawag na Pagkahulog.

Pagkawalay nina Adan at Eva sa Diyos

- Anong mga pisikal at espirituwal na pagbabago ang nangyari kina Adan at Eva dahil sa kanilang paglabag?

Dahil sina Adan at Eva ay nakakain ng bunga ng punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama, pinalabas sila ng Panginoon sa Halamanan ng Eden patungo sa mundo. Nagbago ang pisikal nilang kalagayan dahil sa pagkain nila ng ipinagbabawal na bunga. Tulad ng pangako ng Diyos, sila ay naging mortal. Sila at ang kanilang mga anak ay daranas ng karamdaman, sakit, at pisikal na kamatayan.

Dahil sa kanilang paglabag, dumanas din ng espirituwal na kamatayan sina Adan at Eva. Ibig sabihin nito sila at ang kanilang mga anak ay hindi maaaring lumakad na kasama at makipag-usap nang harapan sa Diyos. Sina Adan at Eva at ang kanilang mga anak ay nawalay sa Diyos kapwa sa pisikal at sa espirituwal.

Malalaking Pagpapala ang Ibinunga ng Paglabag

- Paano nagbibigay ng mga pagkakataon ang Pagkahulog para maging katulad tayo ng ating Ama sa Langit?

Naniniwala ang ilang tao na mabigat ang kasalanang ginawa nina Adan at Eva nang kumain sila ng bunga ng punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama. Gayunman, ipinauunawa sa atin ng mga banal na kasulatan sa mga huling araw na ang kanilang Pagkahulog ay mahalagang hakbang sa plano ng buhay at malaking pagpapala sa ating lahat. Dahil sa Pagkahulog, nabiyayaan tayo ng mga pisikal na katawan, ng karapatang pumili sa pagitan ng mabuti at masama, at ng pagkakataong makamit ang buhay na walang hanggan. Hindi sana napasaatin ang anuman sa mga pribilehiyong ito kung nanatili sina Adan at Eva sa halamanan.

Pagkaraan ng Pagkahulog, sinabi ni Eva, “Kung hindi dahil sa ating paglabag tayo sana ay hindi nagkaroon ng mga binhi, at kailanman ay hindi nalaman ang mabuti at masama, at ang kagalakan ng ating pagkakatubos, at ang buhay na walang hanggan na ibinibigay ng Diyos sa lahat ng masunurin” (Moises 5:11).

Ipinaliwanag ng propetang si Lehi:

“At ngayon, masdan, kung si Adan ay hindi lumabag, hindi sana siya nahulog [nawalay sa piling ng Diyos], manapa siya ay nanatili sa Halamanan ng Eden. At lahat ng bagay na nilikha ay tiyak sanang nanatili sa dating kalagayan kung saan sila naroroon matapos na sila ay likhain. . . .

“At sila’y hindi sana nagkaroon ng mga anak; anupa’t sila sana ay nanatili sa kalagayan ng kawalang-malay, walang kaligayahan, sapagkat hindi sila nakakikilala ng kalungkutan; hindi gagawa ng mabuti, sapagkat hindi sila nakakikilala ng kasalanan.

“Ngunit masdan, ang lahat ng bagay ay ginawa sa karunungan niya na nakaaalam ng lahat ng bagay.

“Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon; at ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan” (2 Nephi 2:22–25).

- Sa palagay ninyo bakit mahalagang malaman ang tungkol sa Pagkahulog at ang mga epekto nito sa atin?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- 1 Nephi 5:11; 2 Nephi 2:20 (sina Adan at Eva ang unang mga magulang, pamilya)
- 2 Nephi 2:14–21 (pagsalungat at ang Pagkahulog; ang buhay ay isang pagsubok)
- 2 Nephi 2:22–26 (ang Pagkahulog ay bahagi ng plano ng kaligtasan)

Ang Espiritu Santo

K a b a n a t a 7

Ang Espiritu Santo ay Napasa kina Adan at Eva

- Bakit kailangan nina Adan at Eva ang patnubay ng Espiritu Santo?

Matapos lisanin nina Adan at Eva ang Halamanan ng Eden, sinimulan nilang bungkalin ang lupa at gawin ang iba pang mga gawain para mabuhay. Nagkaroon sila ng maraming anak, at nagsipag-asawa at nagkaanak din ang kanilang mga anak (tingnan sa Moises 5:1–3). Sa gayon, sinimulang lisanin ng mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit ang Kanyang piling upang pumarito sa lupa tulad ng ipinangako sa kanila (tingnan sa Abraham 3:24–25). Nang isilang sila sa mundo, inalis sa kanilang alaala ang kanilang tahanan sa langit. Ngunit hindi ipinagkait sa kanila ng ating Ama ang Kanyang impluwensya. Isinugo Niya ang Espiritu Santo para aliwin at tulungan at patnubayan ang lahat ng Kanyang espiritung anak.

Nanalangin sina Adan at Eva sa Ama sa Langit. Kinausap Niya sila at binigyan ng mga utos, na sinunod nila. Isang anghel ng Panginoon ang dumating at itinuro kina Adan at Eva ang plano ng kaligtasan. Isinugo ng Panginoon ang Espiritu Santo para patotohanan ang Ama at ang Anak at ituro ang ebanghelyo kina Adan at Eva. (Tingnan sa Moises 5:4–9.)

Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, si Adan ay “nagsimulang magpropesiya hinggil sa lahat ng mag-anak sa mundo, nagsasabing: Purihin ang pangalan ng Diyos, sapagkat dahil sa paglabag ko ang aking mga mata ay namulat, at sa buhay na ito ako ay makatatamo ng kagalakan, at muli sa laman aking makikita ang Diyos” (Moises 5:10). Dahil sa patotoo ng Espiritu

Para sa mga guro: Kapag tinawag mo sa pangalan ang mga miyembro ng klase, alam nila na sila ay mahalaga sa iyo at may malasakit ka sa kanila. Alamin ang kanilang mga pangalan, at tawagin sila sa pangalan sa oras ng aralin. Tulungan silang malaman ang pangalan ng isa’t isa.

Santo kay Eva, sinabi niya, “Kung hindi dahil sa ating paglabag tayo sana ay hindi nagkaroon ng mga binhi, at kailanman ay hindi nalaman ang mabuti at masama, at ang kagalakan ng ating pagkakatubos, at ang buhay na walang hanggan na ibinibigay ng Diyos sa lahat ng masunurin” (Moises 5:11).

- Paano nakatulad ng kina Adan at Eva ang ating pangangailangan sa patnubay ng Espiritu Santo?

Mga Katangian ng Espiritu Santo

- Paano naiiba ang Espiritu Santo sa Ama at sa Anak? Bakit mahalaga sa atin ang pagkakaibang iyon?

Ang Espiritu Santo ay miyembro ng Panguluhang Diyos (tingnan sa I Ni Juan 5:7; D at T 20:28). Siya ay isang “personaheng Espiritu” (D at T 130:22). Iisang lugar lamang ang mapaparoonan Niya sa bawat pagkakataon, ngunit ang Kanyang impluwensya ay maaaring mapasa lahat ng dako sa iisang pagkakataon.

Ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay tinatawag na Panguluhang Diyos. Iisa ang Kanilang layunin. Bawat isa ay may mahalagang tungkulin sa plano ng kaligtasan. Ang ating Ama sa Langit ang ating Ama at pinuno. Si Jesucristo ang ating Tagapagligtas. Ang Espiritu Santo ang tagapaghayag at nagpapatotoo sa lahat ng katotohanan.

Ang Espiritu Santo ang sugo ng ating Ama sa Langit at isang espesyal na kaloob sa atin (tingnan sa kabanata 21 ng aklat na ito).

Ang Misyon ng Espiritu Santo

- Ano ang ilan sa mga katotohanang inihayag sa atin ng Espiritu Santo?

Ang misyon ng Espiritu Santo ay patotohanan ang Ama at ang Anak at ang katotohanan ng lahat ng bagay.

Patototohanan sa atin ng Espiritu Santo na si Jesus ang ating Tagapagligtas at Manunubos (tingnan sa 3 Nephi 28:11; D at T 20:27). Ihahayag Niya sa atin na ang ating Ama sa Langit ang Ama ng ating mga espiritu. Tutulongan Niya tayong maunawaan na

maaari tayong maging dakila tulad ng ating Ama sa Langit. (Tingnan sa Mga Taga Roma 8:16–17.) Nangako ang mga propeta ng Panginoon, “Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay” (Moroni 10:5).

Kung wala ang Espiritu Santo, hindi natin malalaman na si Jesus ang Cristo. Isinulat ni Apostol Pablo, “Wala[ng] sinoman[g] makapagsasabi [na] si Jesus ay Panginoon kundi sa pamamagitan ng Espiritu Santo” (I Mga Taga Corinto 12:3). Sinabi ng Tagapagligtas mismo, “At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga’y si Jesucristo” (Juan 17:3). Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang aakay sa atin upang maunawaan at maipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Napakalakas ng kapangyarihang manghikayat ng Espiritu Santo kaya walang alinlangang ang inihahayag Niya sa atin ay totoo. Sabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith:

“Kapag nagpahayag sa isang tao ang Espiritu Santo, nag-iiwan ito ng isang di maalís na impresyon sa kanyang kaluluwa, na hindi madaling mabura. Ito ay pakikipag-usap ng Espiritu sa espiritu, at nakakukumbinsi ang puwersa nito. Ang pagpapakita ng isang anghel o maging ng Anak ng Diyos mismo, ay kahanga-hanga sa paningin at isipan, at kalaunan ay lalabo, ngunit ang mga paramdam ng Espiritu Santo ay may mas malalim na epekto sa kaluluwa at mas mahirap burahin” (*Answers to Gospel Questions*, tinipon ni Joseph Fielding Smith Jr., 5 tomo. [1957–66], 2:151).

Sinabi rin ni Pangulong Smith, “Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang katotohanan ay mahahabi sa mismong himaymay at mga litid ng katawan upang hindi ito malimutan” (*Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 1:48).

Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, dapat tayong maging karapat-dapat na tanggapin ang natatanging sugo at saksi ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo.

- Isipin ang mga pagkakataong natulungan kayo ng Espiritu Santo na lumago ang inyong patotoo. Kung angkop, ibahagi ang ilan sa mga karanasang ito sa mga miyembro ng klase o pamilya.

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Moises 5 (kuwento tungkol sa pamilya ni Adan)
- D at T 130:22 (kinilala ang Espiritu Santo)
- Juan 14:26; 15:26; 16:13; Lucas 12:12; 2 Nephi 31:18; 32:5, 8; 33:1; Alma 14:11; 3 Nephi 27:20; 4 Nephi 1:48; Moroni 10:6–7; D at T 8:2–3; 11:12–13; 20:26 (mga ginagampanan ng Espiritu Santo)



Pananalangin sa Ating Ama sa Langit

K a b a n a t a 8

Ano ang Panalangin?

Itinuro ni Jesus, “Kinakailangan na lagi kayong manalangin sa Ama sa aking pangalan” (3 Nephi 18:19).

Ang panalangin ay isa sa mga pinakadakilang pagpapalang nasasa-atin habang narito tayo sa lupa. Sa panalangin maaari nating kausapin ang ating Ama sa Langit at hangarin ang Kanyang patnubay araw-araw.

Ang panalangin ay taimtim at taos-pusong pakikipag-usap sa ating Ama sa Langit. Sa Diyos lamang tayo dapat manalangin at wala nang iba. Hindi tayo nagdarasal sa sinupamang ibang nilalang o anumang gawa ng tao o Diyos (tingnan sa Exodo 20:3–5).

Bakit Tayo Nagdarasal?

Ang panalangin ay naging mahalagang bahagi na ng ebanghelyo sa simula pa lamang ng mundo. Isang anghel ng Panginoon ang nag-utos kina Adan at Eva na magsisi at manawagan sa Diyos sa pangalan ng Anak (tingnan sa Moises 5:8). Hindi kailanman inalis ang utos na ito. Tutulungan tayo ng panalangin na mapalapit sa Diyos. Lahat ng ating iniisip, sinasabi, at ginagawa ay naiimpluwensyahan ng ating mga panalangin.

Para sa mga guro: Ang kabanatang ito ay inayos sa limang bahagi. Bawat pamagat ay tanong tungkol sa panalangin. Magagamit mong gabay ang mga tanong na ito sa iyong aralin. Kung angkop sa sitwasyon ng klase na magdaos ng maliliit na pangkatang tala-kayan, isiping hatiin ang mga miyembro ng klase sa mga grupo na binubuo ng dalawa hanggang apat katao. Atasan ang bawat grupo ng isa sa mga bahagi sa kabanata. Ipabasa at ipatalakay sa bawat grupo ang bahaging iniatas sa kanila at magbahagi ng personal na mga karanasang nauugnay rito. Pagkatapos ay talakayin ang limang bahagi sa klase, na nakatuon sa mga tanong na pinakagustong pag-usapan ng mga miyembro ng klase.

Dapat nating ipagdasal na magkaroon tayo ng lakas na labanan ang mga tukso ni Satanas at ng kanyang mga kampon (tingnan sa 3 Nephi 18:15; D at T 10:5). Dapat tayong manalangin para ipagtapat ang ating mga kasalanan sa Diyos at hingin ang Kanyang kapatawaran (tingnan sa Alma 38:14).

Dapat tayong manalangin para sa patnubay at tulong ng Panginoon sa ating pang-araw-araw na buhay. Kailangan nating ipagdasal ang ating mga pamilya at kaibigan, kapitbahay, pananim at mga alagang hayop, trabaho sa araw-araw, at iba pa nating mga gawain. Dapat nating ipagdasal na protektahan tayo mula sa ating mga kaaway. (Tingnan sa Alma 34:17–27.)

Dapat tayong manalangin para magpahayag ng pagmamahal sa ating Ama sa Langit at lalong mapalapit sa Kanya. Dapat tayong manalangin sa ating Ama para pasalamat Siya sa ating kapakanan at kaginhawahan at sa lahat ng bagay na ibinibigay Niya sa atin sa bawat araw (tingnan sa I Mga Taga Tesalonica 5:18). Kailangan nating ipagdasal na palakasin tayo ng ating Ama sa Langit para maipamuhay ang ebanghelyo.

Dapat tayong manalangin para manatili tayo sa makipot at makitid na landas tungo sa buhay na walang hanggan. Dapat tayong manalangin sa Diyos, ang pinagmumulan ng lahat ng kabutihan, para maging matwid ang ating mga iniisip, sinasabi, at ginagawa.

- Paano kayo natulungan ng panalangin na lalong mapalapit sa Ama sa Langit?

Kailan Tayo Dapat Manalangin?

Maaari tayong manalangin tuwing nadarama natin ang pangangailangang makipag-usap sa ating Ama sa Langit, nang tahimik man o malakas. Kung minsan kailangan nating mapag-isa kung saan maibubuhos natin ang ating kaluluwa sa Kanya (tingnan sa Mateo 6:6). Dagdag pa rito, maaari tayong manalangin habang ginagawa ang araw-araw nating mga gawain. Maaari tayong manalangin habang nasa miting sa Simbahan, nasa bahay, naglalakad sa daan o kalye, nagtatrabaho, naghahanda ng pagkain, o saanman tayo naroon at anuman ang ating ginagawa. Maaari tayong manalangin anumang

oras sa araw o gabi. Maaari tayong manalangin kapag nag-iisa tayo o may kasamang ibang tao. Maisasaisip natin ang ating Ama sa Langit sa lahat ng panahon (tingnan sa Alma 34:27). Maaari tayong “manalangin tuwina” (D at T 10:5).

Kung minsan parang ayaw nating manalangin. Maaaring galit tayo o nawawalan ng pag-asa o balisa. Sa ganitong mga pagkakataon dapat lalo nating sikaping manalangin (tingnan sa 2 Nephi 32:8–9).

Dapat manalangin sa sarili ang bawat isa sa atin kahit man lang tuwing gabi at tuwing umaga. Binanggit sa mga banal na kasulatan ang pagdarasal sa umaga, tanghali, at gabi (tingnan sa Alma 34:21).

Inutusan tayong magkaroon ng mga panalangin ng pamilya para pagpalain ang ating mga pamilya (tingnan sa 3 Nephi 18:21). Pina-yuhan tayo ng mga lider natin sa Simbahan na manalangin kasama ang pamilya tuwing umaga at gabi.

May pribilehiyo rin tayong manalangin para mapasalamatan at mabasbasan ang pagkain bago kumain.

Sinisimulan at winawakasan natin sa panalangin ang lahat ng miting sa Simbahan. Pinasasalamat natin ang Panginoon sa Kanyang mga pagpapala at hinihiling ang Kanyang tulong para makasamba tayo sa paraang nakalulugod sa Kanya.

Paano Tayo Dapat Manalangin?

Saanman tayo naroroon, nakatayo man o nakaluhod, malakas man o tahimik, lihim man o para sa isang grupo, dapat tayong manalangin nang may pananampalataya tuwina, “nang may matapat na puso, na may tunay na layunin” (Moroni 10:4).

Kapag nananalangin tayo sa ating Ama sa Langit, dapat nating sabihin sa Kanya ang tunay na nadarama ng ating puso, magtapat tayo sa Kanya, hingin ang Kanyang kapatawaran, sumamo sa Kanya, magpasalamat sa Kanya, magpahayag ng ating pagmamahal sa Kanya. Hindi natin dapat ulitin ang walang kabuluhang mga salita at parirala (tingnan sa Mateo 6:7–8). Dapat nating hilingin palagi na mangyari ang Kanyang kalooban, na inaalala na ang hangad natin ay maaaring hindi pinakamabuti para sa atin (tingnan sa

3 Nephi 18:20). Sa katapusan ng ating panalangin, nagwawakas tayo sa pangalan ni Jesucristo (tingnan sa 3 Nephi 18:19).

Paano Sinasagot ang mga Panalangin?

- Sa palagay ninyo bakit hindi agad malinaw ang mga sagot sa mga panalangin? Sa palagay ninyo bakit hindi laging dumarating ang mga sagot sa mga panalangin sa panahon o paraang gusto natin?

Laging sinasagot ang taimtim nating mga panalangin. Kung minsan ang sagot ay maaaring hindi, dahil ang hinihiling natin ay hindi pinakamabuti para sa atin. Kung minsan ang sagot ay oo, at mag-aalab at ginhawa ang ating pakiramdam tungkol sa dapat nating gawin (tingnan sa D at T 9:8–9). Kung minsan ang sagot ay “maghintay muna.” Ang ating mga panalangin ay laging sinasagot sa panahon at paraang batid ng Panginoon na lubos na makakatu-long sa atin.

Kung minsan sinasagot ng Panginoon ang ating mga panalangin sa pamamagitan ng ibang tao. Isang mabuting kaibigan, asawa, magulang o iba pang miyembro ng pamilya, lider ng Simbahan, isang misyonero—sinuman sa mga taong ito ay maaaring mabigyang-inspirasyong gawin ang mga bagay na sasagot sa ating mga panalangin. Isang halimbawa nito ang karanasan ng isang bata pang ina na ang sanggol ay nasugatan sa isang aksidente sa tahanan. Hindi niya alam kung paano dadalhin sa doktor ang sanggol. Baguhan siya sa lugar at hindi niya kilala ang kanyang mga kapitbahay. Nanalangin at humingi ng tulong ang bata pang ina. Sa loob ng ilang minuto, dumating ang isang kapitbahay, na nagsabing, “Nadama kong dapat akong pumunta at tingnan kung kailangan mo ng tulong.” Tinulungan ng kapitbahay na iyon ang bata pang ina na dalhin sa doktor ang sanggol.

Kadalasan ay binibigyan tayo ng Diyos ng kakayahang sagutin ang sarili nating mga panalangin. Kapag nanalangin tayo na matulungan, dapat nating gawin ang lahat para matupad ang mga bagay na hangad natin.

Kapag ipinamuhay natin ang ebanghelyo ni Jesucristo at nanalangin tayo tuwina, magagalak tayo at liligaya. “Maging mapagpakumbaba ka; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin” (D at T 112:10).

- Sa anong mga paraan nasagot ng Ama sa Langit ang inyong mga panalangin?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan at Iba Pang Mapagkukunan

- Santiago 1:5 (ano ang dapat ipagdasal)
- I Mga Taga Tesalonica 5:17; Awit 55:17; 2 Nephi 32:9 (kailan mananalangin)
- Alma 34:26 (saan mananalangin)
- 3 Nephi 19:6, 24 (paano mananalangin)
- D at T 88:63–65 (paano sinasagot ang mga panalangin)
- Moroni 10:3–5; Alma 37:37 (mga pangako sa panalangin)
- Santiago 5:16 (ang kapangyarihan ng panalangin ng isang taong matwid)
- Bible Dictionary, “Prayer,” 753




Joseph Smith



Brigham Young



John Taylor



Wilford Woodruff



Lorenzo Snow



Joseph F. Smith



Heber J. Grant



George Albert Smith



David O. McKay



Joseph Fielding Smith



Harold B. Lee



Spencer W. Kimball



Ezra Taft Benson



Howard W. Hunter



Gordon B. Hinckley



Thomas S. Monson

Mga Propeta ng Diyos

K a b a n a t a 9

Ang mga Propeta ay mga Kinatawan ng Diyos sa Lupa

- Anong mga kapangyarihan at kaloob ang taglay ng isang propeta?

“Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta” (Amos 3:7).

Maraming taong nabubuhay sa kadiliman, na hindi tiyak ang kalooban ng Diyos. Naniniwala sila na sarado ang kalangitan at dapat harapang mag-isa ng mga tao ang mga panganib sa mundo. Mapalad ang mga Banal sa mga Huling Araw! Alam natin na nakikipag-ugnayan ang Diyos sa Simbahan sa pamamagitan ng Kanyang propeta. May pasasalamat sa puso, inaawit ng mga Banal sa buong mundo ang himnong, “Salamat, O Diyos, sa aming propeta; sa huling araw patnubay s’ya” (*Mga Himno*, blg. 15).

Ang propeta ay isang lalaking tinawag ng Diyos para maging kinatawan Niya sa lupa. Kapag nagsasalita ang isang propeta para sa Diyos, parang ang Diyos na rin ang nagsasalita (tingnan sa D at T 1:38). Ang propeta ay isa ring natatanging saksi ni Cristo, na nagpapatotoo sa Kanyang kabanalan at nagtuturo ng Kanyang ebanghelyo. Ang propeta ay nagtuturo ng katotohanan at nagbibigay-kahulugan sa salita ng Diyos. Pinagsisisi niya ang mga makasalanang. Tumatanggap siya ng mga paghahayag at tagubilin mula sa Panginoon para sa ating kapakanan. Maaari niyang makita ang hinaharap at masabi ang mga darating na pangyayari upang ang mundo ay mabigyang-babala.

Ang propeta ay maaaring magmula sa iba’t ibang katayuan sa buhay. Maaaring bata pa siya o matanda na, mataas ang pinag-aralan o hindi nakapag-aral. Maaaring isa siyang magsasaka, abogado, o guro. Ang sinaunang mga propeta ay nakasuot ng

mahabang damit at may dalang tungkod. Ang makabagong mga propeta ay nakasuot ng amerikana at may dalang portpolyo. Kung gayon, paano makikilala ang isang totoong propeta? Ang totoong propeta ay laging pinipili ng Diyos at tinatawag sa pamamagitan ng wastong awtoridad ng priesthood (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5).

Sinusupportahan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol bilang mga propeta. Gayunman, kapag binabanggit natin ang “propeta ng Simbahan,” ibig nating sabihin ay ang Pangulo ng Simbahan, na siyang Pangulo ng mataas na priesthood.

Sa Buong Kasaysayan ng Daigdig Tumawag ng mga Propeta ang Diyos para Pamunuan ang Sangkatauhan

- Sa anong mga paraan ginabayan ng mga propeta ang mga anak ng Diyos noong araw?

May mga propeta na sa daigdig simula pa noong panahon ni Adan. Ang mga karanasan ng mga dakilang lalaking ito ay nagpapasigla at nagbibigay-inspirasyon sa atin. Pinamunuan ni Moises, isang propeta sa Matandang Tipan, ang libu-libo sa kanyang mga tao palabas ng Egipto at mula sa pagkaalipin patungo sa lupang pangako. Siya ang sumulat ng unang limang aklat ng Matandang Tipan at nagtala ng Sampung Utos. Naglakbay si Nephi, isang propeta sa Aklat ni Mormon, mula sa Jerusalem hanggang sa mga lupain ng Amerika 600 taon bago isinilang si Cristo. Binigyan tayo ng dakilang pinuno at mananakop na ito ng maraming mahahalong tala sa Aklat ni Mormon. Pinili si Juan Bautista para ihanda ang mundo sa pagdating ng Panginoong Jesucristo. Sa pamamagitan ni Joseph Smith, isang propeta sa mga huling araw, ipinanimbalik ng Panginoon ang Simbahan. Isinalin din ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon noong binata pa siya.

- Ano ang natutuhan ninyo mula sa buhay at mga turo ng mga propeta?

Mayroon Tayong Buhay na Propeta sa Daigdig Ngayon

- Bakit natin kailangan ng buhay na propeta ngayon?

Mayroon tayong propetang nabubuhay sa daigdig ngayon. Ang propetang ito ang siyang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. May karapatan siyang tumanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan. Hawak niya “ang mga susi ng kaharian,” ibig sabihin may awtoridad siyang pamahalaan ang buong Simbahan at kaharian ng Diyos sa lupa, pati na ang pangangasiwa sa mga ordenansa ng priesthood (tingnan sa Mateo 16:19). Walang tao maliban sa piniling propeta at Pangulo ang maaaring tumanggap ng kalooban ng Diyos para sa lahat ng miyembro ng Simbahan. Sabi ng Panginoon, “Wala kailanman maliban sa isa sa mundo sa [bawat] panahon kung kanino ang kapangyarihang ito at ang mga susi ng pagkasaserdoteng ito ay iginawad” (D at T 132:7). Ang Pangulo ng Simbahan ay tinutulungan ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at mga miyembro ng Korum ng Labin-dalawa, na mga apostol, tagakita, at tagapaghayag din naman.

Dapat nating gawin ang mga bagay na ipinagagawa sa atin ng mga propeta. Sinabi ni Pangulong Wilford Woodruff na hindi kailanman tutulutan na iligaw ng propeta ang Simbahan:

“Ang Panginoon kailanman ay hindi ako pahihintulutan o sinupamang tao na nagsisilbing Pangulo ng Simbahang ito na iligaw kayo. Wala ito sa programa. Wala ito sa isipan ng Diyos. Kung tatangkain ko iyon, tatanggalin ako ng Panginoon sa aking tungkulin” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* [2005], 218).

- Sa anong mga paraan naimpluwensyahan ng buhay na propeta ang Simbahan?

Dapat Nating Sang-ayunan ang Propeta ng Panginoon

- Ano ang magagawa natin para masunod at masang-ayunan ang propeta?

Maraming tao ang nadadaliang maniwala sa mga propeta noong araw. Ngunit mas magandang maniwala at sumunod sa buhay na

propeta. Itinataas natin ang ating mga kamay para sang-ayunan ang Pangulo ng Simbahan bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Paano natin masasang-ayunan ang propeta? Dapat natin siyang ipagdasal. Mabigat ang kanyang mga pasanin, at kailangan siyang mapalakas ng mga panalangin ng mga Banal.

Dapat nating pag-aralan ang kanyang mga salita. Maaari nating pakinggan ang mga mensahe niya sa kumperensya. Maaari tayong magsuskribi sa *Ensign* o *Liahona* para mabasa natin ang mga mensahe niya sa kumperensya at ang iba pang mga mensaheng ibinibigay niya.

Dapat lubusan nating sundin ang inspirado niyang mga turo. Hindi natin dapat piliing sundin ang isang bahagi ng kanyang inspiradong payo at balewalain ang hindi kasiya-siya o mahirap gawin. Inutusan tayo ng Panginoon na sundin ang inspiradong mga turo ng Kanyang propeta:

“Kayo ay tatalima sa lahat ng kanyang [ang propeta] mga salita at kautusang ibibigay niya sa inyo tuwing siya ay tatanggap ng mga ito, naglalakad nang buong kabanalan sa harapan ko;

“Sapagkat ang kanyang salita ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, nang buong pagtitiis at pananampalataya” (D at T 21:4–5).

Hindi kailanman tutulutan ng Panginoon na iligaw tayo ng Pangulo ng Simbahan.

- Ano ang itinuro o binigyang-diin ng Pangulo ng Simbahan kamakailan?

Mga Dakilang Pagpapala ang Matatanggap sa Pagsunod sa Propeta

Kung susunod tayo, nangangako ang Panginoon, “Ang pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa inyo; oo, at itataboy ng Panginoong Diyos ang mga kapangyarihan ng kadiliman mula sa harapan ninyo, at payayanigin ang kalangitan para sa inyong ikabubuti, at sa ikaluluwalhati ng kanyang pangalan” (D at T 21:6).

Kapag ginawa natin ang bilin ng ating propeta, bubuhos ang mga pagpapala mula sa langit.

Para manatili, ang totoong Simbahan ay dapat “[i]tayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok” (Mga Taga Efeso 2:20). Pinagpala tayo sa magulong mundong ito na magkaroon ng isang propetang pinaghahayagan ng Panginoon ng Kanyang kalooban.

- Ano na ang mga naranasan ninyo nang sundin ninyo ang payo ng propeta?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Mga Bilang 12:6 (nangungusap ang Diyos sa pamamagitan ng mga propeta)
- I Samuel 9:9 (ang propeta ay tinatawag na tagakita)
- Amos 3:7 (inihahayag ng Diyos ang Kanyang mga lihim sa mga propeta)
- Mosias 8:16–18 (malalaman ng isang tagakita ang nakaraan at ang hinaharap)
- Lucas 1:70 (nangungusap ang Diyos sa pamamagitan ng mga propeta)
- D at T 45:10, 15 (nangungusap ang Diyos ngayon tulad noong unang panahon)
- 1 Nephi 22:2 (sa pamamagitan ng Espiritu ipinaalam ang mga bagay-bagay sa mga propeta)
- D at T 68:3–5 (kapag nagsalita ang mga lingkod ng Panginoon ayon sa paghihikayat ng Espiritu Santo, iyon ang isipan, kalooban, at tinig ng Panginoon)
- D at T 107:65–67, 91–92 (mga tungkulin ng Pangulo ng Simbahan)
- D at T 43:1–7 (propeta lamang ang tanging may awtoridad na tumanggap ng mga paghahayag para sa Simbahan)

Para sa mga guro: Ang pagbabahagi ng mga karanasan at pagpapatotoo ay nag-aanyaya sa Espiritu. Sa pagwawakas mo ng araling ito, isiping ibahagi ang iyong karanasan nang sundin mo ang payo ng Pangulo ng Simbahan. Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa buhay na propeta.



Mga Banal na Kasulatan

K a b a n a t a 1 0

Nababasa na Natin Ngayon ang mga Banal na Kasulatan

- Ano ang ilan sa mga pagpapalang tinatamasa natin ngayon dahil napakadali nang makakuha ng mga banal na kasulatan?

Kapag nagsalita o sumulat ang mga lingkod ng Panginoon sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu Santo, nagiging banal na kasulatan ang kanilang mga salita (tingnan sa D at T 68:4). Sa simula pa lamang, inutusan na ng Panginoon ang Kanyang mga propeta na magingat ng isang talaan ng Kanyang mga paghahayag at pakikitungo sa Kanyang mga anak. Sabi Niya: “Inuutusan ko ang lahat ng tao, kapwa sa silangan at sa kanluran, at sa hilaga, at sa timog, at sa mga pulo ng dagat, na kanilang isulat ang mga salitang aking sasabihin sa kanila; sapagkat mula sa mga aklat na isusulat ay hahatulan ko ang sanlibutan, bawat tao alinsunod sa kanyang mga gawa, alinsunod doon sa nasusulat” (2 Nephi 29:11).

Apat na aklat ang tinatanggap ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw bilang banal na kasulatan: ang Biblia, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas. Ang mga aklat na ito ay tinatawag na mga pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan. Tinatanggap din bilang banal na kasulatan ang inspiradong mga salita ng ating mga buhay na propeta.

Para sa mga guro: Para makahikayat ng talakayan tungkol sa apat na pamantayang banal na kasulatan, maaari mong atasan ang bawat miyembro ng klase o pamilya ng isang numero sa pagitan ng 1 at 4. Ipabasa sa mga nasa numero 1 ang itinuturo ng kabanatang ito tungkol sa Biblia, ipabasa sa mga nasa numero 2 ang itinuturo ng kabanatang ito tungkol sa Aklat ni Mormon, ipabasa sa mga nasa numero 3 ang itinuturo ng kabanatang ito tungkol sa Doktrina at mga Tipan, at ipabasa sa mga nasa numero 4 ang itinuturo ng kabanatang ito tungkol sa Mahalagang Perlas. Pagkatapos ay ipabahagi sa kanila ang kanilang natutuhan.

Ang Biblia

Ang Biblia ay koleksyon ng mga sagradong kasulatang naglalaman ng mga paghahayag ng Diyos sa tao. Maraming siglo ang saklaw ng mga kasulatang ito, mula sa panahon ni Adan hanggang noong panahon ng mga Apostol ni Jesucristo. Isinulat ang mga ito ng maraming propetang nabuhay sa iba't ibang panahon sa kasaysayan ng mundo.

Ang Biblia ay hinati sa dalawang bahagi: ang Matandang Tipan at ang Bagong Tipan. Maraming propesiya sa Matandang Tipan ang nagsasabi tungkol sa pagparito ng isang Tagapagligtas at Manunubos. Nakasaad sa Bagong Tipan ang buhay ng Tagapagligtas at Manunubos na iyon, na si Jesucristo. Nakasaad din dito ang pagtatatag ng Kanyang Simbahan sa panahong iyon. “Naniniwala kami na ang Biblia ay salita ng Diyos hangga’t ito ay nasasalin nang wasto” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:8).

Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, pinalawak ng Panginoon ang ating pang-unawa sa ilang talata sa Biblia. Binigyang-inspirasyon ng Panginoon si Propetang Joseph na ipanumbalik ang mga katotohanan sa teksto ng Biblia na nawala o nabago mula nang isulat ang orihinal na mga salita. Ang inspiradong mga pagwawasto ay tinatawag na Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia. Sa edisyon ng mga Banal sa mga Huling Araw ng King James Version ng Biblia, matatagpuan ang mga piling talata mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith sa mga pahina 259–285 at sa maraming talababa.

Ang Aklat ni Mormon

Ang Aklat ni Mormon ay isang sagradong talaan ng ilan sa mga taong nabuhay sa mga kontinente ng Amerika sa pagitan ng mga 2000 B.C. at A.D. 400. Naglalaman ito ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo (tingnan sa D at T 20:9; 42:12; 135:3). Nakasaad sa Aklat ni Mormon ang pagbisita ni Jesucristo sa mga tao sa mga lupain ng Amerika matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli.

Isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon sa Ingles sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Sinabi niya na ito “ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat” (pambungad sa Aklat ni Mormon).

Tinulungan tayo ni Pangulong Ezra Taft Benson na maunawaan kung paano naging saligang bato ng ating relihiyon ang Aklat ni Mormon. Sabi Niya:

“May tatlong paraan na ang Aklat ni Mormon ang saligang bato ng ating relihiyon. Ito ang saligang bato sa ating patotoo kay Cristo. Ito ang saligang bato ng ating doktrina. Ito ang saligang bato ng patotoo.

“Ang Aklat ni Mormon ang saligang bato sa ating patotoo kay Jesucristo, na Siya Mismong batong panulok ng lahat ng ginagawa natin. Pinatotohanan nito ang Kanyang katotohanan nang may kapangyarihan at kalinawan. . . .

“Pinalalawak [nito] ang ating mga pang-unawa sa mga doktrina ng kaligtasan. . . . Ang Aklat ni Mormon . . . ay isinulat para sa ating panahon. . . . [Dito] ay makikita natin ang huwaran sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito. . . .

“. . . Ang Aklat ni Mormon ay nagtuturo sa atin ng katotohanan [at] nagpapatotoo kay Cristo. . . . Ngunit mayroon pang iba. May kapangyarihan sa aklat na iyon na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong dibdibang pag-aralan ang aklat. Magiging mas malakas kayo para labanan ang tukso. Magkakaroon kayo ng kapangyarihang iwasan ang panlilinlang. Magkakaroon kayo ng lakas na manatili sa makipot at makitid na landas. Ang mga banal na kasulatan ay tinatawag na ‘mga salita ng buhay,’ at wala ng iba pang aklat na higit na totoo kaysa sa Aklat ni Mormon. . . . ‘Dapat mithiin ng bawat Banal sa mga Huling Araw na pag-aralan ang aklat na ito habambuhay’” (sa Conference Report, Okt. 1986, 4–7; o *Ensign*, Nob. 1986, 5–7; ayon kay Marion G. Romney, sa Conference Report, Abr. 1980, 90; o *Ensign*, Mayo 1980, 67).

Ang Doktrina at mga Tipan

Ang Doktrina at mga Tipan ay koleksyon ng mga makabagong paghahayag. Sa bahagi 1 ng Doktrina at mga Tipan, inihayag ng Panginoon na inilathala ang aklat sa mga tao sa mundo upang ihanda sila sa Kanyang pagparito:

“Dahil dito ang tinig ng Panginoon ay hahanggan sa mga dulo ng mundo, upang ang lahat ng makaririnig ay makarinig:

“Maghanda kayo, maghanda kayo para sa yaong paparito, sapagkat ang Panginoon ay nalalapit na” (D at T 1:11–12).

Nasa aklat na ito ang mga paghahayag tungkol sa Simbahan ni Jesucristo na ipinanumbalik nitong mga huling araw. Ipinaliliwanag sa ilang bahagi ng aklat ang organisasyon ng Simbahan at mga katungkulan sa priesthood at mga tungkulin nito. Nasa ibang bahagi, tulad ng 76 at 88, ang maluluwalhating katotohanang nawala sa mundo nang daan-daang taon. May iba pa, tulad ng mga bahagi 29 at 93, na naglilinaw sa mga turo sa Biblia. Bukod dito, nasa ilang bahagi, tulad ng bahagi 133, ang mga propesiya tungkol sa mga mangyayari sa hinaharap. Inutusan tayo ng Diyos na pag-aralan ang Kanyang mga paghahayag sa aklat na ito: “Saliksikin ang mga kautusang ito, sapagkat ang mga ito ay tunay at tapat, at ang mga propesiya at pangako na nasa mga ito ay matutupad na lahat” (D at T 1:37).

Ang Mahalagang Perlas

Nasa Mahalagang Perlas ang aklat ni Moises, aklat ni Abraham, at ilang inspiradong isinulat ni Joseph Smith. Nasa aklat ni Moises ang salaysay ng ilan sa mga pangitain at isinulat ni Moises, na inihayag kay Propetang Joseph Smith. Nililinaw nito ang mga doktrina at turong nawala sa Biblia at nagbibigay ng dagdag na impormasyon tungkol sa Paglikha ng mundo.

Ang aklat ni Abraham ay isinalin ni Propetang Joseph Smith mula sa papyrus scroll na nakuha sa mga libingan ng Egipto. Nasa aklat na ito ang mahalagang impormasyon tungkol sa Paglikha, ebanghelyo, likas na katangian ng Diyos, at priesthood.

Kasama sa mga isinulat ni Joseph Smith ang bahagi ng kanyang inspiradong pagsasalin ng Biblia, mga piling bahagi mula sa kanyang *History of the Church*, at Mga Saligan ng Pananampalataya.

- Ano ang ilang kuwento sa mga banal na kasulatan na nagbigay-
inspirasyon sa inyo? Ano ang ilang turo mula sa mga aklat na ito
ng banal na kasulatan na nakatulong sa inyo?

Mga Salita ng Ating mga Buhay na Propeta

Bukod pa sa apat na aklat na ito ng banal na kasulatan, nagiging banal na kasulatan sa atin ang inspiradong mga salita ng ating mga buhay na propeta. Ang kanilang mga salita ay dumarating sa atin sa mga kumperensya, magasing *Liahona* o *Ensign*, at mga tagubilin sa mga lokal na lider ng priesthood. “Naniniwala kami sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng Kanyang ipinahahayag ngayon, at naniniwala rin kami na maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9).

- Saan natin matatagpuan ang mga salita ng ating mga buhay
na propeta?

Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

- Anong mga pagpapala ang matatanggap natin sa pag-aaral ng
mga banal na kasulatan?

Dapat pag-aralan ng bawat isa sa atin ang mga banal na kasulatan araw-araw. Dapat nating ibahagi ang mga katotohanang ito sa ating mga anak. Dapat nating basahin ang mga pamantayang banal na kasulatan sa ating mga anak nang matuto silang mahalín at gamitin iyon at makinabang sila sa mga katotohanang naroon.

Kung gusto nating iwasan ang mga kasamaan ng mundong ito, dapat nating punuin ang ating isipan ng mga katotohanan at kabutihang matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Lalo tayong mapalapit sa Diyos at sa isa’t isa kapag sama-sama nating binasa at pinag-isipang mabuti ang mga banal na kasulatan.

Kapag binasa, pinag-isipang mabuti, at ipinagdasal natin ang mga banal na kasulatan at humiling tayo sa Diyos ng pang-unawa,

patototohanan sa atin ng Espiritu Santo ang katotohanan ng mga bagay na ito. Malalaman natin sa ating sarili na ang mga bagay na ito ay totoo. Hindi tayo malilinlang (tingnan sa Joseph Smith—Matthew 1:37). Madarama natin ang nadama ni Nephi nang sabihin niyang, “Ang aking kaluluwa ay nalulugod sa mga bagay ng Panginoon; at ang aking puso ay patuloy na nagbubulay sa mga bagay na aking nakita at narinig” (2 Nephi 4:16).

- Paano tayo magiging tapat sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan bawat araw? Planuhin ang oras at lugar para sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan bawat araw.

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- 1 Nephi 14:20–26 (inutusang sumulat ang mga propeta)
- 1 Nephi 19:1–3, 6–7; Alma 37:1–8 (napakahalaga ng mga banal na kasulatan)
- 2 Nephi 33:10 (ang mga banal na kasulatan ay nagpapatotoo kay Cristo)
- Alma 29:8 (nangungusap ang Panginoon sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan)
- Alma 31:5; Helaman 3:29–30 (makapangyarihan ang salita ng Diyos)
- Helaman 15:7–8 (ginagawa tayong matatag at di-natitinag ng mga banal na kasulatan sa ating pananampalataya)
- II Kay Timoteo 3:16–17; 1 Nephi 19:21–24 (bakit at paano ibinibigay ang mga banal na kasulatan)
- II Ni Pedro 1:20; Alma 13:20; D at T 10:62 (nililiwanag ng mga banal na kasulatan ang mga totoong punto ng doktrina)
- D at T 128:18; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9; 1 Nephi 14:25–26 (may darating pang mga banal na kasulatan)
- 2 Nephi 29:3–10 (mga banal na kasulatan sa mga Judio at mga Gentil)

Ang Buhay ni Cristo

K a b a n a t a 11

Ang Buhay ni Cristo ay Ipinropesiya na Bago pa Siya Isinilang

Bawat taong isinisilang sa mundo ay umaasang tutuparin ni Jesucristo ang pangakong ginawa Niya sa langit na maging Tagapagligtas natin. Kung wala Siya, nabigo sana ang plano ng kaligtasan. Dahil kailangan ang Kanyang misyon, lahat ng propeta mula kay Adan hanggang kay Cristo ay nagpatotoo na Siya ay darating (tingnan sa Mga Gawa 10:43). Lahat ng propeta mula nang isilang si Cristo ay nagpatotoo na Siya nga ay dumating. Kailangang pag-aralan nating lahat ang buhay ng Tagapagligtas at tapat Siyang sundin habang tayo ay nabubuhay.

Sinabi ng isang anghel kay Adan na ang magiging pangalan ng Tagapagligtas ay Jesucristo (tingnan sa Moises 6:51–52). Nakita ni Enoc na si Jesus ay mamamatay sa krus at mabubuhay na mag-uli (tingnan sa Moises 7:55–56). Nagpatotoo rin sina Noe at Moises tungkol sa Kanya (tingnan sa Moises 1:11; 8:23–24). Mga 800 taon bago isinilang ang Tagapagligtas sa mundo, nakinita ni Isaias ang Kanyang buhay. Nang makita ni Isaias ang hinagpis at kalungkutanang daranasin ng Tagapagligtas para mabayaran ang ating mga kasalanan, bumulalas siya:

“Siya’y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang tao [ng] kapanglawan, at bihasa sa karamdaman. . . .

. . . Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan. . . .

“Siya’y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya’y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan. . . .

Para sa mga guro: Malamang na mas maraming nilalaman ang kabanatang ito kaysa maituturo mo sa isang oras ng klase. Habang pinag-aaralan mo ito bilang paghahanda sa pagtuturo, hangarin ang patnubay ng Espiritu sa pagpapasiya kung aling mga bahagi ang mas makakatulong sa mga tinuturuan mo.



“Siya’y napighati, gayon man nang siya’y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan” (Isaias 53:3–5, 7).

Nakita rin ni Nephi sa pangitain ang pagsilang at misyon ng Tagapagligtas sa hinaharap. Nakakita siya ng isang magandang birhen, at isang anghel ang nagpaliwanag, “Masdan, ang birheng iyong nakikita ang ina ng Anak ng Diyos, ayon sa laman” (1 Nephi 11:18). Pagkatapos ay nakita ni Nephi ang birhen na may hawak na sanggol sa kanyang bisig. Sinabi ng anghel, “Masdan ang Kordero ng Diyos, oo, maging ang Anak ng Walang Hanggang Ama!” (1 Nephi 11:21).

Mga 124 na taon bago isinilang si Jesus, nakita rin sa pangitain ni Haring Benjamin, na isa pang propetang Nephita, ang buhay ng Tagapagligtas:

“Sapagkat masdan, ang panahon ay darating, at hindi na nalalayo, na taglay ang kapangyarihan, ang Panginoong Makapangyarihan na naghahari, kung sino noon, at ngayon, mula sa lahat ng kawalang-hanggan, hanggang sa kawalang-hanggan, ay bababa mula sa langit sa mga anak ng tao, at mananahan sa isang katawang-lupa, at hahayo sa mga tao, gagawa ng mga makapangyarihang himala, tulad ng pagpapagaling ng may karamdaman, pagbuhay ng patay, pagpapalakad ng pilay, ang bulag na makatanggap ng kanilang paningin, at ang bingi upang makarinig, at pagpapagaling ng lahat ng uri ng sakit.

“At siya ay magpapalayas ng mga diyablo, o ng masasamang espiritu na nananahan sa mga puso ng mga anak ng tao.

“At masdan, siya ay magdaranas ng mga tukso, at sakit ng katawan, gutom, uhaw, at pagod, nang higit sa matitiis ng tao, maliban na yaon ay sa kamatayan; sapagkat masdan, ang dugo ay lumalabas sa bawat butas ng kanyang balat, napakasidhi ng kanyang magiging pagdurusa dahil sa kasamaan at mga karumal-dumal na gawain ng kanyang mga tao.

“At siya ay tatawaging Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang Ama ng langit at lupa, ang Lumikha ng lahat ng bagay mula sa simula; at ang kanyang ina ay tatawaging Maria” (Mosias 3:5–8).

- Ano ang ilang sinaunang propesiya tungkol kay Jesucristo?

Siya ang Bugtong na Anak ng Ama

- Ano ang minana ni Jesucristo mula sa Kanyang Ama? Ano ang minana Niya mula sa Kanyang ina?

Ang kasaysayan ng pagsilang at buhay ng Tagapagligtas ay mata-tagpuan sa Bagong Tipan sa mga aklat nina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan. Mula sa kanilang mga ulat, nalaman natin na si Jesus ay isinilang sa birheng si Maria. Nakatakda siyang ikasal kay Jose nang magpakita sa kanya ang anghel ng Panginoon. Sinabi sa kanya ng anghel na siya ang magiging ina ng Anak ng Diyos. Tinanong niya ang anghel kung paano ito mangyayari (tingnan sa Lucas 1:34). Sabi ng anghel sa kanya, “Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataastaasan: kaya naman ang banal na bagay na ipanganganak ay tatawaging Anak ng Dios” (Lucas 1:35). Dahil dito, ang Diyos Ama ay naging literal na Ama ni Jesucristo.

Si Jesus ang tanging tao sa mundo na isinilang sa isang mortal na ina at isang imortal na Ama. Kaya Siya tinawag na Bugtong na Anak. Minana Niya ang mga banal na kapangyarihan mula sa Kanyang Ama. Mula sa Kanyang ina ay minana Niya ang mortalidad at dumanas ng gutom, uhaw, pagod, sakit, at kamatayan. Walang makakakuha sa buhay ng Tagapagligtas maliban kung loobin Niya. May kapangyarihan Siyang ibigay ito at kapangyarihang kunin muli ang Kanyang katawan matapos mamatay. (Tingnan sa Juan 10:17–18.)

Perpekto ang Kanyang Buhay

- Ano ang kabuluhan sa atin ng buhay ng Tagapagligtas?

Mula sa Kanyang pagkabata, sinunod ni Jesus ang lahat ng ipinagawa sa Kanya ng ating Ama sa Langit. Sa patnubay nina Maria at Jose, lumaki si Jesus na tulad ng paglaki ng ibang mga bata. Minahal Niya at sinunod ang katotohanan. Sabi sa atin ni Lucas, “At lumalaki ang bata, at lumalakas, at napupuspos ng karunungan: at sumasa kaniya ang biyaya ng Dios” (Lucas 2:40; tingnan din sa D at T 93:12–14).

Noong 12 taong gulang na Siya, naunawaan ni Jesus na isinugo Siya para gawin ang kalooban ng Kanyang Ama. Sumama Siya sa

Kanyang mga magulang papuntang Jerusalem. Nang pauwi na ang Kanyang mga magulang, natuklasan nila na hindi Siya kasama sa kanilang grupo. Bumalik sila sa Jerusalem para hanapin Siya. “Pagkaraan ng tatlong araw ay natagpuan nila siya sa templo, na nakaupo sa gitna ng mga guro, at sila ay nakikinig sa kanya, at nagtatanong sa kanya” (Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 2:46). “At ang lahat ng sa kaniya’y nangakakarinig ay nagsisipanggilalas sa kaniyang katalinuhan at sa kaniyang mga sagot” (Lucas 2:47).

Nakahinga nang maluwa sina Jose at Maria nang makita Siya, ngunit “nangagtaka sila; at sinabi sa kaniya ng kaniyang ina, Anak, bakit ginawa mo sa amin ang ganyan? narito, ang iyong ama at ako na hinahanap kang may hapis.” Sinagot siya ni Jesus, at sinabing, “Di бага talastas ninyo na dapat akong maglumagak sa bahay ng aking Ama [sa Langit]?” (Lucas 2:48–49).

Para matupad ang Kanyang misyon, kailangang gawin ni Jesus ang kalooban ng Kanyang Ama sa Langit. “Wala akong ginagawa sa aking sarili,” pahayag Niya, “kundi sinalita ko ang mga bagay na ito, ayon sa itinuro sa akin ng Ama. . . . Ginagawa kong lagi ang mga bagay na sa kaniya’y nakalulugod” (Juan 8:28–29).

Noong 30 taong gulang si Jesus, lumapit Siya kay Juan Bautista upang mabinyagan sa Ilog Jordan. Nag-atubili si Juan na binyagan si Jesus dahil alam niyang mas dakila si Jesus kaysa sa kanya. Hiniling ni Jesus kay Juan na binyagan Siya upang “[maganap ang] buong katuwiran.” Bininyagan nga ni Juan ang Tagapagligtas, at lubusan Siyang inilubog sa tubig. Nang mabinyagan si Jesus, nagsalita ang Kanyang Ama mula sa langit, na nagsasabing, “Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan.” Bumaba ang Espiritu Santo, na ipinakita sa pamamagitan ng tanda ng kalapati. (Tingnan sa Mateo 3:13–17.)

Di nagtagal matapos mabinyagan si Jesus, nag-ayuno Siya nang 40 araw at 40 gabi upang makapiling ang Diyos. Matapos iyon, dumating si Satanas para tukuhin Siya. Matatag na nilabanan ni Jesus ang lahat ng tukso ni Satanas at pagkatapos ay pinalayas ito. (Tingnan sa Mateo 4:1–11; tingnan din sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 4:1, 5–6, 8–9, 11.) Nanatiling walang kasalanan si Jesucristo,

ang tanging sakdal na taong nabuhay sa daigdig (tingnan sa Mga Hebreo 4:15; I Ni Pedro 2:21–22).

- Anong mga kuwento sa buhay ng Tagapagligtas ang may espesyal na kahulugan sa inyo?

Tinuruan Niya Tayo Kung Paano Mahalin at Paglingkuran ang Isa't Isa

- Paano tayo tinuruan ng Tagapagligtas kung paano mahalin at paglingkuran ang isa't isa?

Matapos ang Kanyang ayuno at pagharap kay Satanas, sinimulan ni Jesus ang Kanyang ministryo sa mga tao. Naparito Siya sa lupa hindi lamang para mamatay para sa atin kundi para turuan din tayo kung paano mamuhay. Itinuro Niya na may dalawang dakilang kautusan: una, ibigin ang Diyos nang buong puso, isipan, at lakas; at pangalawa, ibigin ang kapwa gaya ng ating sarili (tingnan sa Mateo 22:36–39). Ang Kanyang buhay ay halimbawa kung paano natin dapat sundin ang dalawang utos na ito. Kung mahal natin ang Diyos, pagtitiwalaan at susundin natin Siya, tulad ng ginawa ni Jesus. Kung mahal natin ang iba, tutulungan natin silang matugunan ang kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan.

Iniukol ni Jesus ang Kanyang buhay sa paglilingkod sa iba. Pinagaling Niya ang kanilang mga sakit. Binigyan Niya ng paningin ang bulag, ng pandinig ang bingi, at pinalakad ang pilay. Minsan nang pinagagaling Niya ang maysakit, gumabi na at gutom na ang mga tao. Sa halip na paalisin sila, binasbasan Niya ang limang piraso ng tinapay at dalawang isda at himalang napakain ang 5,000 tao. (Tingnan sa Mateo 14:14–21.) Itinuro Niya na tuwing makakakita tayo ng mga taong nagugutom, giniginaw, hubad, o nalulumbay, dapat natin silang tulungan sa abot ng ating makakaya. Kapag tinutulungan natin ang iba, pinaglilingkuran natin ang Panginoon. (Tingnan sa Mateo 25:35–46.)

Minahal ni Jesus ang ibang tao nang buong puso. Madalas ay puspos ng habag ang Kanyang puso kaya Siya nananangis. Mahal Niya ang mga batang musmos, matatanda, at ang mapagpakumbaba at

simpleng mga taong sumasampalataya sa Kanya. Mahal Niya ang mga nagkasala, at may matinding habag na tinuruan Niya silang magsisi at magpabinyag. Itinuro Niya, “Ako ang daan, at ang kato-tohanan, at ang buhay” (Juan 14:6).

Minahal ni Jesus maging ang mga nagkasala sa Kanya at hindi nagsisi. Sa huling sandali ng Kanyang buhay, habang nakapako Siya sa krus, nanalangin Siya sa Ama para sa mga kawal na nagpako sa Kanya sa krus, at nagsumamo, “Ama, patawarin mo sila; sapagka’t hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa” (Lucas 23:34). Itinuro Niya, “Ito ang aking utos, na kayo’y mangagibigan sa isa’t isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo” (Juan 15:12).

- Sa anong mga paraan natin maipapakita sa Panginoon na mahal natin Siya?

Itinatag Niya ang Tanging Totoong Simbahan

- Bakit itinatag ng Tagapagligtas ang Kanyang Simbahan at inorden ang mga Apostol?

Nais ni Jesus na ituro ang Kanyang ebanghelyo sa mga tao sa buong mundo, kaya pumili Siya ng labindalawang Apostol para magpatotoo tungkol sa Kanya. Sila ang orihinal na mga pinuno ng Kanyang Simbahan. Tinanggap nila ang karapatang kumilos sa Kanyang pangalan at gawin ang mga bagay na nakita nilang ginawa Niya. Ang mga tumanggap ng awtoridad mula sa kanila ay nakapagturo, nakapagbinyag, at nakapagsagawa rin ng iba pang mga ordenansa sa Kanyang pangalan. Pagkamatay Niya, patuloy nilang ginawa ang Kanyang gawain hanggang sa naging napaka-sama na ng mga tao kaya pinatay nila ang mga Apostol.

Tinubos Niya Tayo mula sa Ating mga Kasalanan at Iniligtas Tayo mula sa Kamatayan

- Habang pinag-aaralan mo ang bahaging ito, pakaisipin ang mga pangyayari sa Pagbabayad-sala.

Para sa mga guro: Ang pagbubulay ay nag-aanyaya ng Espiritu. Isiping ipabasa nang tahimik sa mga miyembro ng klase o pamilya ang huling dalawang bahagi ng kabanata, na iniisip ang nadarama nila para sa Tagapagligtas. Pagkatapos ay ipabahagi sa mga komportableng magbahagi sa klase ang kanilang mga iniisip.

Nang matatapos na ang Kanyang ministeryo sa lupa, naghanda si Jesus na gawin ang pinakasukdulang sakripisyo para sa lahat ng kasalanan ng sangkatauhan. Hinatulan Siyang mamatay dahil pinatotohanan Niya sa mga tao na Siya ang Anak ng Diyos.

Noong gabi bago Siya ipinako sa Krus, nagtungo si Jesus sa halamanang tinatawag na Getsemani. Di nagtagal nabigatan Siyang mabuti dahil sa matinding kalungkutan at tumangis habang Siya ay nagdarasal. Pinahintulutan ang Apostol sa mga Huling Araw na si Orson F. Whitney na makita sa pangitain ang pagdurusang Tagapagligtas. Nang makitang tumatangis ang Tagapagligtas, sabi niya: “Labis akong naantig sa nakita ko kaya umiyak din ako, nakisimpatiya sa matindi niyang paghihirap. Awang-awa ako sa Kanya; minahal ko Siya nang buong kaluluwa ko, at inasam na makasama Siya at wala nang iba” (“Ang Pagkadiyos ni Jesucristo,” *Improvement Era*, Ene. 1926, 224–25; tingnan din sa *Liahona*, Dis. 2003, 12).

“Lumakad [si Jesus] sa dako pa roon, at siya’y nagpatirapa, at nanaangin, na nagsasabi, Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma’y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo” (Mateo 26:39).

Sa makabagong paghahayag inilarawan ng Tagapagligtas kung gaano katindi ang Kanyang pagdurusang, at sinabing naging dahilan ito upang Siya ay “manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu” (D at T 19:18). Siya ay nagdusa “ayon sa laman,” na pinapasan ang ating mga sakit, karamdaman, kahinaan, at kasalanan (tingnan sa Alma 7:10–13). Walang mortal na taong makauunawa kung gaano kabigat ang pasanang ito. Walang ibang taong makatitiis ng gayon katinding pagdurusang katawan at espiritu. “Nagpakababa-baba [siya] sa lahat ng bagay . . . upang siya ay mapasalihat at sumasalihat ng bagay, ang liwanag ng katotohanan” (D at T 88:6).

Ngunit hindi pa tapos ang Kanyang pagdurusang. Kinabukasan, si Jesus ay binugbog, ipinahiya, at dinuraan. Inutusan Siyang pasalin ang sarili Niyang krus; pagkatapos ay iniangat Siya at ipinako rito. Pinahirapan Siya sa isa sa mga pinakamalupit na paraang naisip ng tao. Matapos magdusa sa krus, sumigaw Siya sa tindi ng

pagdurusa, “Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?” (Marcos 15:34). Sa pinakamapait na sandali sa buhay ni Jesus, iniwan Siya ng Ama nang sa gayon ay matapos Niya ang pagdurusa sa kaparusahan ng mga kasalanan ng buong sangkatauhan upang lubusang magwagi si Jesus laban sa mga kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan (tingnan sa James E. Talmage, *Jesus the Christ*, ika-3 edisyon [1916], 660–61).

Nang malaman ng Tagapagligtas na tinanggap ng Ama ang Kanyang sakripisyo, malakas Niyang ibinulalas, “Naganap na” (Juan 19:30). “Ama, sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu” (Lucas 23:46). Yumuko Siya at kusang ipinaubaya ang Kanyang espiritu. Patay na ang Tagapagligtas. Niyangig ng malakas na lindol ang mundo.

Dinala ng ilang kaibigan ang katawan ng Tagapagligtas sa isang libingan, kung saan ito humimlay hanggang sa ikatlong araw. Sa panahong ito humayo ang Kanyang Espiritu at pinasimulan ang gawaing misyonero sa iba pang mga espiritong kailangang tumanggap ng Kanyang ebanghelyo (tingnan sa I Ni Pedro 3:18–20; D at T 138). Sa ikatlong araw, araw ng Linggo, bumalik Siya sa Kanyang katawan at ibinangon itong muli. Siya ang kauna-unahang dumaig sa kamatayan. Natupad na ang propesiya “na kinakailangang siya’y muling magbangon sa mga patay” (Juan 20:9).

Kaagad pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, nagpakita ang Tagapagligtas sa mga Nephita at itinatag ang Kanyang Simbahan sa mga lupain ng Amerika. Tinuruan Niya ang mga tao at binasbasan sila. Ang makabagbag-damdamang salaysay na ito ay nasa 3 Nephi 11 hanggang 28.

Ang Kanyang Sakripisyo ay Nagpakita ng Pagmamahal Niya sa Kanyang Ama at sa Atin

Itinuro ni Jesus: “Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan. Kayo’y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na aking iniutos sa inyo” (Juan 15:13–14). Kusang-loob at mapagpakumbaba Niyang tiniis ang pagdurusa sa Getsemani at

paghihirap sa krus upang matanggap natin ang lahat ng pagpapala ng plano ng kaligtasan. Para matanggap ang mga pagpapalang ito, kailangan tayong lumapit sa Kanya, pagsisihan ang ating mga kasalanan, at mahalini Siya nang buong puso. Sabi Niya:

“At ito ang ebanghelyo na aking ibinigay sa inyo—na ako ay pumarito sa daigdig upang gawin ang kalooban ng aking Ama, sapagkat isinugo ako ng aking Ama.

“At isinugo ako ng aking Ama upang ako ay ipako sa krus; at matapos na ako ay maipako sa krus, upang mahikayat ko ang lahat ng tao na lumapit sa akin . . . upang sila ay mahatulan alinsunod sa kanilang mga gawa. . . .

“Sapagkat ang mga gawang nakita ninyong ginawa ko ay siya rin ninyong gagawin. . . .

“Kung gayon, maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo? Katotohanang sinasabi ko sa inyo, *maging katulad ko*” (3 Nephi 27:13–15, 21, 27; idinagdag ang pagkakahilig ng mga salita).

- Ano ang nadama ninyo habang iniisip ninyong mabuti ang sakripisyo ng Tagapagligtas para sa inyo?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan at Iba Pang Mapagkukunan

- 2 Nephi 25:12 (ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman)
- Moises 6:57 (si Jesucristo ay tinawag na Bugtong na Anak)
- Mateo, Marcos, Lucas, Juan (buhay at mga turo ni Jesucristo)
- Mateo 10:1–8; Lucas 9:1–2 (inorden ang mga Apostol sa kapangyarihan at awtoridad)
- Mateo 26–28; Marcos 14–16; Lucas 22–24; Juan 18–20 (si Jesus sa halaman; ipinagkanulo, ipinako sa krus, at nabuhay na mag-uli)
- “Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol,” *Liahona*, Abr. 2000, 2–3

Ang Pagbabayad-sala

K a b a n a t a 1 2

Ang Pagbabayad-sala ay Kailangan para sa Ating Kaligtasan

• Bakit kailangan ang Pagbabayad-sala para sa ating kaligtasan?

Si Jesucristo ay “pumarito sa daigdig . . . upang ipako sa krus dahil sa sanlibutan, upang dalhin ang mga kasalanan ng sanlibutan, at upang pabanalin ang sanlibutan at linisin ito mula sa lahat ng kasamaan; na sa pamamagitan niya ang lahat ay maliligtas” (D at T 76:41–42). Ang dakilang sakripisyong ginawa Niya para bayaran ang ating mga kasalanan at madaig ang kamatayan ay tinatawag na Pagbabayad-sala. Ito ang pinakamahalagang pangyayaring naganap sa kasaysayan ng sangkatauhan: “Sapagkat kinakailangan na ang pagbabayad-sala ay maisagawa; sapagkat ayon sa dakilang plano ng Diyos na Walang Hanggan, kinakailangan na may isang pagbabayad-salang gawin, at kung hindi, ang buong sangkatauhan ay tiyak na hindi makaiiwas na masawi; . . . oo, lahat ay nahulog at nangaligaw, at tiyak na masasawi maliban sa pamamagitan ng pagbabayad-sala” (Alma 34:9).

Ang Pagkahulog ni Adan ay nagdulot ng dalawang uri ng kamatayan sa mundo: pisikal na kamatayan at espirituwal na kamatayan. Ang pisikal na kamatayan ay paghihiwalay ng katawan at espiritu. Ang espirituwal na kamatayan ay pagkawalay sa Diyos. Kung hindi nadaig ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang dalawang uring ito ng kamatayan, dalawa sana ang kinahinatnan nito: magkahiwalay ang ating mga katawan at espiritu magpakailanman, at hindi na natin muling makakapiling ang ating Ama sa Langit (tingnan sa 2 Nephi 9:7–9).

Para sa mga guro: Makakatulong ang mga simpleng tsart at larawan para maunawaan ng mga miyembro ng klase o pamilya ang mga alituntunin at doktrina. Isiping gumawa ng isang tsart na may dalawang hanay, sa isa ay may nakasulat na *Mga Resulta ng Pagkahulog* at sa isa naman ay *Mga Pagpapala ng Pagbabayad-sala*. Gamitin ang impormasyon sa kabanatang ito para punan ang tsart.



Ngunit naghanda ng napakaganda at maawaing plano ang ating matalinong Ama sa Langit para iligtas tayo sa pisikal at espirituwal na kamatayan. Nagplano Siyang paparituhin sa lupa ang isang Tagapagligtas para tubusin tayo sa ating mga kasalanan at sa kamatayan. Dahil sa ating mga kasalanan at kahinaan ng ating mga mortal na katawan, hindi natin kayang tubusin ang ating sarili (tingnan sa Alma 34:10–12). Ang magiging Tagapagligtas natin ay kailangang walang kasalanan at may kapangyarihang daigin ang kamatayan.

Si Jesucristo Lamang ang Makapagbabayad para sa Ating mga Kasalanan

- Bakit si Jesucristo lamang ang makapagbabayad para sa ating mga kasalanan?

May ilang dahilan kung bakit si Jesucristo lamang ang maaaring maging Tagapagligtas natin. Ang isang dahilan ay Siya ang pinili ng Ama sa Langit na maging Tagapagligtas. Siya ang Bugtong na Anak ng Diyos at dahil dito ay may kapangyarihang daigin ang kamatayan. Ipinaliwanag ni Jesus: “Ibinibigay ko ang aking buhay, upang kunin kong muli. Sinoma’y hindi nagaalis sa akin nito, kundi kusa kong ibinibigay. May kapangyarihan akong magbigay nito, at may kapangyarihan akong kumuhang muli” (Juan 10:17–18).

Karapat-dapat ding maging Tagapagligtas natin si Jesus dahil Siya lamang ang nabuhay sa mundo na hindi nagkasala. Dahil dito Siya ang nararapat isakripisyo para mabayaran ang mga kasalanan ng iba.

Si Cristo ay Nagdusa at Namatay para Mabayaran ang Ating mga Kasalanan

- Habang binabasa mo ang bahaging ito, kunwari ikaw ay nasa Halamanan ng Getsemani o sa krus bilang saksi sa pagdurusa ni Jesucristo.

Binayaran ng Tagapagligtas ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng pagdurusa sa Getsemani at pagbubuwis ng Kanyang buhay sa krus. Imposibleng lubos nating maunawaan kung paano

Siya nagdusa para sa lahat ng ating kasalanan. Sa Halamanan ng Getsemani, ang bigat ng ating mga kasalanan ang dahilan ng pagdanas Niya ng gayon katinding pagdurusa kaya lumabas ang dugo sa bawat butas ng Kanyang balat (tingnan sa D at T 19:18–19). Kalaunan, habang nakapako Siya sa Krus, dumanas ng masakit na kamatayan si Jesus sa isa sa mga pinakamalupit na pamamaraang alam ng tao.

Mahal na mahal tayo ni Jesus, kaya Niya tiniis ang gayong espirituwal at pisikal na paghihirap para sa ating kapakanan! Napakalaki ng pagmamahal ng Ama sa Langit kung kaya't isinugo Niya ang Kanyang Bugtong na Anak para magdusa at mamatay para sa iba pa Niyang mga anak. “Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan” (Juan 3:16).

Ang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ay Nagdudulot ng Pagkabuhay na Mag-uli sa Lahat

Sa ikatlong araw matapos ang Pagpapako sa Kanya sa Krus, ibinangon muli ni Cristo ang Kanyang katawan at naging unang taong nabuhay na mag-uli. Nang hanapin Siya ng Kanyang mga kaibigan, sinabi sa kanila ng mga anghel na nagbantay sa Kanyang libingan, “Siya'y wala rito; sapagka't siya'y nagbangon, ayon sa sinabi niya” (Mateo 28:6). Muling pumasok ang Kanyang espiritu sa kanyang katawan, at hindi na muling magkakahiwalay kailanman.

Sa gayon ay dinaig ni Cristo ang pisikal na kamatayan. Dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, lahat ng isinilang sa mundong ito ay mabubuhay na mag-uli (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:21–22). Katulad ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus, muling magsasama ang ating espiritu at ating katawan, “upang hindi na mamatay muli . . . , at hindi na maghihiwalay pa kailanman” (Alma 11:45). Ang kalagayang ito ay tinatawag na imortalidad. Lahat ng taong nabuhay ay mabubuhay na mag-uli, “kapwa matanda at bata,

kapwa alipin at malaya, kapwa lalaki at babae, kapwa masama at mabuti” (Alma 11:44).

- Paano nakatulong sa inyo ang kaalaman tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli?

Ginawang Posible ng Pagbabayad-sala na Maligtas ang mga Sumasampalataya kay Cristo mula sa Kanilang mga Kasalanan

- Pag-isipan kung paano tayo natutulungan ng talinghaga sa baha-
ging ito na maunawaan ang Pagbabayad-sala. Sino ang kinakata-
wan ng mga tauhan sa talinghaga sa ating buhay?

Ginagawang posible ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na madaig natin ang espirituwal na kamatayan. Bagaman lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli, tanging ang mga tumatanggap sa Pagbabayad-sala ang maliligtas mula sa espirituwal na kamatayan (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).

Tinatanggap natin ang Pagbabayad-sala ni Cristo sa pagkakaroon ng pananampalataya sa Kanya. Dahil sa pananampalatayang ito, nagsisisi tayo sa ating mga kasalanan, nabibinyagan, tumatanggap ng Espiritu Santo, at sumusunod sa Kanyang mga utos. Nagiging matatapat na disipulo tayo ni Jesucristo. Pinatatawad tayo at nililinis mula sa kasalanan at naghahandang bumalik at mamuhay sa piling ng ating Ama sa Langit magpakailanman.

Sinabi sa atin ng Tagapagligtas, “Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa . . . na katulad ko” (D at T 19:16–17). Ginampanan ni Cristo ang Kanyang bahagi upang mabayaran ang ating mga kasa-
lanan. Para maging lubos na mabisa sa ating buhay ang Kanyang Pagbabayad-sala, dapat sikapin nating sundin Siya at pagsisihan ang ating mga kasalanan.

Para sa mga guro: Makakatulong ang mga bagay na gagamitin sa mga aralin upang maunawaan ng mga miyembro ng klase at pamilya ang mga alituntunin at doktrina. Para mai-
paliwanag ang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli, isiping gamitin ito sa aralin: Ipasok ang iyong kamay sa guwantes. Ipaliwanag na ang kamay sa guwantes ay maihahambing sa espiritu ng isang tao na nasa kanyang katawan. Hubarin ang guwantes. Ipaliwanag na ito ay parang pisikal na kamatayan—ang espiritu (ang kamay) at ang katawan (ang guwantes) ay magkahiwalay. Pagkatapos ay muling ipasok sa guwantes ang iyong kamay. Ipaliwanag na ito ay parang pagkabuhay na mag-uli—muling magsasama ang espiritu at katawan.

Ibinigay ni Pangulong Boyd K. Packer ng Kapulungan ng Labin-dalawa ang sumusunod na paglalarawan para ipakita kung paano ginagawang posible ng Pagbabayad-sala ni Cristo na maligtas tayo mula sa kasalanan *kung* gagampanan natin ang ating bahagi.

“May ikukuwento ako sa inyo—isang talinghaga.

“Minsan ay may isang lalaking gustung-gusto ang isang bagay. Tila mas mahalaga pa ito kaysa anupaman sa kanyang buhay. Para makamtan ang kanyang gusto, umutang siya nang malaki.

“Binalaan na siya tungkol sa pag-utang nang ganito kalaki, at lalo na tungkol sa nagpautang sa kanya. Ngunit tila napakahalaga sa kanya na magawa ang gusto niyang gawin at makamtan kaagad ang gusto niya. Nakatitiyak siyang mababayaran niya ito kalaunan.

“Kaya pumirma siya sa kontrata. Mababayaran din niya ito balang-araw. Hindi siya gaanong nag-alala rito, dahil mukhang matagal pa naman ang takdang araw ng pagbabayad. Nakamtan na niya ang gusto niya ngayon, at tila iyon ang mahalaga.

“Hindi mawala sa isip niya ang nagpautang, at paunti-unti siyang nagbayad, iniisip na hindi na darating kailanman ang takdang araw ng paniningil.

“Ngunit tulad ng laging nangyayari, dumating ang araw, at dapat na siyang magbayad. Hindi nabayaran nang buo ang utang. Dumating ang nagpautang at naningil ng buong kabayaran.

“Noon lamang niya natanto na ang nagpautang sa kanya ay hindi lamang may kakayahang ilitin ang lahat ng ari-arian niya, kundi may kakayahan ding ipakulong siya.

“‘Hindi kita mababayaran, dahil hindi ko kayang magbayad,’ pag-amin niya.

“‘Kung gayon,’ sabi ng nagpautang, ‘ipapatupad natin ang kontrata, iilitin ko ang mga ari-arian mo, at makukulong ka. Pumayag ka rian. Ikaw ang nagpasiya. Pumirma ka sa kontrata, at ngayo’y dapat na itong ipatupad.’

“Puwede bang bigyan mo ako ng palugit o patawarin mo na lang ako sa aking utang?” pagmamakaawa ng nangutang. ‘Gawan mo naman ng paraan para hindi makuha ang mga ari-arian ko at hindi ako makulong. Naniniwala ka ba sa awa? Hindi ka ba maaawa sa akin?’

“Sumagot ang nagpautang, ‘Isang panig lang ang laging nakikinabang sa awa. Ikaw lang. Kapag naawa ako sa iyo, hindi ako mababayaran. Katarungan ang gusto ko. Naniniwala ka ba sa katarungan?’

“Naniwala ako sa katarungan nang pirmahan ko ang kontrata,’ sabi ng nangutang. ‘Nasa panig ko iyon noon, kasi akala ko protektahan ako nito. Hindi ko kailangan ang awa noon, ni hindi ko inisip na kakailanganin ko iyon kahit kailan. Akala ko, magiging pantay ang katarungan sa ating dalawa.’

“Katarungan ang nagsasabing magbayad ka ayon sa kontrata o mapaparusahan ka,’ sagot ng nagpautang. ‘Iyan ang batas. Pumayag ka rito at ganyan ang dapat mangyari. Hindi maaagaw ng awa ang katarungan.’

“Gayon nga ang nangyari: Katarungan ang hiling ng isang panig, ang kabila naman ay humihingi ng awa. Walang sinumang masisiyahan maliban kung magsakripisyo ang isa.

“Kung hindi mo patatawarin ang utang wala kang awa,’ pagsusumamo ng nangutang.

“Kung gagawin ko iyan, wala namang katarungan,’ ang sagot.

“Ang dalawang batas, pakiwari ko, ay kapwa hindi maipatutupad. Ang mga ito ay dalawang walang hanggang batas na tila magkasalungat. Wala bang paraan para maging lubos na makatarungan, at maawa rin naman?’

“May paraan! Ang batas ng katarungan ay *maaaring* lubos na matugunan at ang awa ay *maaaring* lubos na ipagkaloob—ngunit kakailanganin dito ang ibang tao. At ganito ang nangyari sa pagkakataong ito.

“May kaibigan ang nangutang. Dumating siya para tumulong. Lubos niyang kilala ang nangutang. Alam niyang hindi nito kadalasang iniisip ang mga epekto ng kanyang ginawa. Naisip niyang hangal ito dahil inilagay nito ang sarili sa alanganin. Gayunman, gusto niyang tumulong dahil mahal niya ito. Namagitan siya sa dalawa, hinarap ang nagpautang, at inalok ito.

“Babayaran ko ang utang kung palalayain mo ang nangutang sa kanyang kontrata para hindi mailit ang mga ari-arian niya at hindi siya makulong.’

“Habang pinag-iisipan ng nagpautang ang alok, idinagdag ng namagitan, ‘Katarungan ang hangad mo. Kahit hindi ka niya mabayaran, ako ang magbabayad. Makatarungan na ito sa iyo at wala ka nang mahihiling pa. Hindi iyon makatarungan.’

“Kaya’t pumayag ang nagpautang.

“At saka bumaling ang namagitan sa nangutang. ‘Kung babayaran ko ang utang mo, tatanggapin mo bang ako ang nagpautang sa iyo?’

“Naku, oo, oo,’ bulalas ng nangutang. ‘Iniligtas mo ako sa kulangan at naawa ka sa akin.’

“Kung gayon,’ sabi ng nagpala, ‘sa akin mo bayaran ang utang at ako ang magtatakda ng kasunduan. Hindi magiging madali, pero puwedeng mangyari. Gagawa ako ng paraan. Hindi mo kailangang makulong.’

“Sa ganito nabayaran nang buo ang nagpautang. Makatarungan na sa kanya iyon. Walang kontratang nasira.

“Ang nangutang, sa kabilang dako, ay kinaawaan. Natugunan ang dalawang batas. Dahil nagkaroon ng tagapamagitan, lubos na nakamit ang katarungan, at naipagkaloob ang awa” (sa Conference Report, Abr. 1977, 79–80; o *Ensign*, Mayo 1977, 54–55).

Ang ating mga kasalanan ay mga espirituwal na pagkakautang natin. Kung wala si Jesucristo, na ating Tagapagligtas at Tagapamagitan, pagbabayaran natin ang lahat ng kasalanan natin sa pamamagitan ng pagdanas ng espirituwal na kamatayan. Ngunit dahil sa Kanya,

kung susundin natin ang Kanyang itinakdang mga kasunduan na magsisi at sundin ang Kanyang mga utos, makakabalik tayo sa piling ng ating Ama sa Langit.

Kamangha-mangha na naglaan ng paraan si Cristo para mapagaling tayo sa ating mga kasalanan. Sabi Niya:

“Masdan, pumarito ako sa daigdig . . . upang iligtas ang sanlibutan mula sa kasalanan.

“Anupa’t sinuman ang magsisisi at lalapit sa akin na tulad ng maliit na bata, siya ay tatanggapin ko, sapagkat sa kanila ang kaharian ng Diyos. Masdan, sapagkat sa kanila ko inialay ang aking buhay, at muling kinuha ito; kaya nga magsisi, at lumapit sa akin kayong mga nasa dulo ng mundo, at maligtas” (3 Nephi 9:21–22).

- Isiping mabuti kung paano ninyo mapapasalamatan ang kaloob na Pagbabayad-sala.

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Alma 34:9–16 (kailangan ang Pagbabayad-sala; sakripisyo ng Diyos)
- 2 Nephi 9:7–12 (inililigtas tayo ng Pagbabayad-sala mula sa pisikal at espirituwal na kamatayan)
- Mga Taga Roma 5:12–17 (sa pamamagitan ng isang tao ay nagkaroon ng kamatayan, sa pamamagitan ng isang tao ay nagkaroon ng buhay)
- Helaman 14:15–18 (layunin ng pagkamatay ni Jesus)
- Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3 (lahat ay maaaring maligtas)
- I Ni Pedro 1:18–20 (inorden si Jesus bago pa siya isinilang)
- Mateo 16:21 (kinailangan ang sakripisyo ni Jesus)
- Lucas 22:39–46 (pagdurusa ni Jesus sa halamanan)
- I Ni Juan 1:7 (nililinis tayo ni Jesus mula sa kasalanan)

- 2 Nephi 9:21–22 (nagdusa ang Tagapagligtas para sa lahat ng tao)
- Mosias 16:6–8 (posible lamang ang pagkabuhay na mag-uli sa pamamagitan ni Jesus)
- Alma 11:40–45; Mormon 9:12–14 (lahat ay mabubuhay na mag-uli)
- Isaias 1:18 (ang mga kasalanan ay magiging maputi)
- I Mga Taga Corinto 15:40–44; Alma 40:23 (paglalarawan sa Pagkabuhay na Mag-uli)

Ang Priesthood

K a b a n a t a 13

Ano ang Priesthood?

Ang priesthood ang walang hanggang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Sa pamamagitan ng priesthood nilikha at pinamamahalaan Niya ang kalangitan at ang lupa. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito nananatiling ganap na maayos ang sansinukob. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito isinasagawa Niya ang Kanyang gawain at kaluwalhatian, na “isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao” (Moises 1:39).

Ibinibigay ng ating Ama sa Langit ang kapangyarihan ng Kanyang priesthood sa mga karapat-dapat na lalaking miyembro ng Simbahan. Sa pamamagitan ng priesthood nakakakilos sila sa pangalan ng Diyos para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Sa pamamagitan nito magkakaroon sila ng awtoridad na ipangaral ang ebanghelyo, pangasiwaan ang mga ordenansa ng kaligtasan, at pamahalaan ang kaharian ng Diyos sa lupa.

- Pag-isipan ang kahalagahan ng pagtutulot ng Diyos na magtaglay ng Kanyang priesthood ang mga karapat-dapat na matanda at batang lalaki.

Para sa mga guro: Ang kabanatang ito ay inayos sa limang pamagat. Bawat pamagat ay isang tanong tungkol sa priesthood. Magagamit mong gabay ang mga tanong na ito sa iyong aralin. Kung angkop sa sitwasyon ng klase na magdaos ng maliliit na pangkatang talakayan, isiping hatiin ang mga miyembro ng klase sa mga grupo na may dalawa hanggang apat na miyembro. Atasan ang bawat grupo ng isa sa mga bahagi ng kabanata (sa malalaking klase, maaaring iatas ang ilang bahagi sa mahigit sa isang grupo). Ipagawa sa bawat grupo ang sumusunod: (1) Basahin at talakayin ang bahaging iniatas sa kanila. (2) Humanap ng mga banal na kasulatan na tutulong para masagot ang tanong sa bahagi ng pamagat. (3) Magbahagi ng mga personal na karanasang may kaugnayan sa bahagi. Pagkatapos ay ipabahagi sa mga miyembro ng klase ang ilan sa mga karanasang ito sa buong klase.



Bakit Kailangan Natin ang Priesthood sa Lupa?

Dapat tayong magtaglay ng awtoridad ng priesthood para kumilos sa pangalan ng Diyos kapag nagsasagawa tayo ng mga sagradong ordenansa ng ebanghelyo, tulad ng binyag, kumpirmasyon, pangangasiwa ng sacrament, at kasal sa templo. Kung walang priesthood ang isang lalaki, bagaman maaaring tapat siya, hindi kikilalanin ng Panginoon ang mga ordenansang isinasagawa niya (tingnan sa Mateo 7:21–23; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5). Ang mahahalagang ordenansang ito ay dapat isagawa ng mga lalaking maytaglay ng priesthood sa mundo.

Kailangan ng mga lalaki ang priesthood para mamuno sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at mamahala sa gawain ng Simbahan sa lahat ng panig ng mundo. Noong nabubuhay si Cristo sa lupa, pinili Niya ang Kanyang mga Apostol at inorden sila upang mapamunuan nila ang Kanyang Simbahan. Binigyan Niya sila ng kapangyarihan at awtoridad ng priesthood na kumilos sa Kanyang pangalan. (Tingnan sa Marcos 3:13–15; Juan 15:16.)

Ang isa pang dahilan kaya kailangan sa daigdig ang priesthood ay para maunawaan natin ang kalooban ng Panginoon at maisagawa ang Kanyang mga layunin. Inihahayag ng Diyos ang Kanyang kalooban sa Kanyang awtorisadong kinatawan ng priesthood sa lupa, ang propeta. Ang propeta, na siyang Pangulo ng Simbahan, ang nagsisilbing tagapagsalita ng Diyos sa lahat ng miyembro ng Simbahan at sa lahat ng tao sa mundo.

- Bakit mahalagang mayroong wastong awtoridad ang isang lalaki kapag nagsasagawa siya ng ordenansa?

Paano Tinatanggap ng mga Lalaki ang Priesthood?

Naghanda ng maayos na paraan ang Panginoon para maibigay ang Kanyang priesthood sa Kanyang mga anak na lalaki sa lupa. Tumatanggap ng priesthood ang isang karapat-dapat na lalaking miyembro ng Simbahan sa pamamagitan “ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan, upang ipangaral ang

Ebanghelyo at mangasiwa sa mga ordenansa niyon” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5).

Sa ganito ring paraan natanggap ng mga lalaki ang priesthood noong araw, maging noong panahon ni Moises: “At sinoman ay hindi tumatanggap sa kaniyang sarili ng karangalang ito, liban na kung tawagin siya ng Dios, na gaya ni Aaron” (Sa Mga Hebreo 5:4). Tinanggap ni Aaron ang priesthood mula kay Moises, ang kanyang lider ng priesthood (tingnan sa Exodo 28:1). Tanging ang mga maytaglay ng priesthood ang maaaring mag-orden sa iba, at magagawa lang nila ito kapag binigyan sila ng awtoridad ng mga mayhawak ng susi para sa ordenasyong iyon (tingnan sa kabanata 14 sa aklat na ito).

Hindi maaaring bilhin o ipagbili ang kapangyarihan at awtoridad ng priesthood. Ni taglayin nila ang awtoridad na ito sa kanilang sarili. Sa Bagong Tipan, mababasa natin ang tungkol sa isang lalaking nagngangalang Simon na nabuhay noong ang mga apostol ni Cristo ang namumuno sa Simbahan. Si Simon ay nagbalik-loob at nabinyagan sa Simbahan. Dahil magaling siyang salamangkero, naniwala ang mga tao na taglay niya ang kapangyarihan ng Diyos. Ngunit walang priesthood si Simon, at alam niya ito.

Alam ni Simon na taglay ng mga Apostol at iba pang mga lider ng priesthood sa Simbahan ang tunay na kapangyarihan ng Diyos. Nakita niya ang paggamit nila ng kanilang priesthood upang gawin ang gawain ng Panginoon, at gusto niyang magkaroon ng kapangyarihang ito. Nag-alok siyang bilhin ang priesthood. (Tingnan sa Mga Gawa 8:9–19.) Ngunit sabi ni Pedro, ang punong Apostol, “Ang iyong salapi’y mapahamak na kasama mo, sapagka’t inisip mong tamuhin ang kaloob ng Dios sa pamamagitan ng salapi” (Mga Gawa 8:20).

- Bakit mahalaga na “sinoman ay hindi tumatanggap sa kaniyang sarili ng karangalang ito [ng priesthood]”?

Paano Wastong Ginagamit ng mga Lalaki ang Priesthood?

Ang priesthood ay dapat gamitin upang pagpalain ang buhay ng mga anak ng ating Ama sa Langit dito sa lupa. Dapat mamuno ang

mga maytaglay ng priesthood nang may pagmamahal at kabaitan. Hindi nila dapat pilitin ang kanilang pamilya at ang iba na sumunod sa kanila. Sinabi sa atin ng Panginoon na ang kapangyarihan ng priesthood ay hindi mapamamahalaan maliban sa kabutihan (tingnan sa D at T 121:36). Kapag tinangka nating gamitin ang priesthood upang magpayaman o maging tanyag o para sa iba pang makasariling layunin, “masdan, ang kalangitan ay lalayo; ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati; at kapag ito ay lumayo, Amen sa pagkasaserdote o sa kapangyarihan ng taong iyon” (D at T 121:37).

Kapag ginamit ng isang lalaki ang priesthood “sa pamamagitan ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig” (D at T 121:41), maraming magagandang bagay siyang magagawa para sa kanyang pamilya at sa iba. Maaari siyang magbinyag, magkumpirma, at mangasiwa ng sacrament kapag binigyan ng awtoridad ng mga taong mayhawak ng mga susi para sa mga ordenansang iyon. Mababasbasan niya ang maysakit. Mabibigyan niya ng mga basbas ng priesthood ang mga miyembro ng kanyang pamilya upang palakasin ang kanilang loob at protektahan sila kapag may espesyal silang mga pangangailangan. Matutulungan din niya ang iba pang mga pamilya sa mga ordenansa at basbas na ito kapag hinilingan siyang gawin ito.

Ginagamit ng mga lalaki ang awtoridad ng priesthood para mamuno sa Simbahan sa mga katungkulang tulad ng branch president, bishop, quorum president, stake president, at mission president. Ang mga lalaki at babaeng may mga tungkulin sa Simbahan bilang mga pinuno at guro ay gumaganap sa ilalim ng pamamahala ng mga lider ng priesthood at sa patnubay ng Espiritu Santo.

Anong mga Pagpapala ang Dumarating Kapag Ginagamit Natin nang Wasto ang Priesthood?

Ang Panginoon ay nangako ng mga dakilang pagpapala sa mga matwid na maytaglay ng priesthood na gumagamit ng priesthood para pagpalain ang iba:

“Sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos; at ang doktrina ng pagkasaserdote ay magpapadalisa sa iyong kaluluwa gaya ng hamog mula sa langit.

“Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina, at ang iyong setro ay hindi nagbabagong setro ng kabutihan at katotohanan; at ang iyong pamamahala ay magiging walang hanggang pamamahala, at sa walang sapilitang pamamaraan ito ay dadaloy sa iyo magpakailanman at walang katapusan” (D at T 121:45–46).

Nangako si Pangulong David O. McKay sa bawat lalaking gumagamit ng priesthood sa kabutihan na kanyang “malalaman na tumamis ang kanyang buhay, tumalas ang kanyang pang-unawa upang mabilis na makapagpasiya kung ano ang tama at mali, naging magiliw siya at maawain, subalit malakas at magiting ang kanyang espiritu sa pagtatanggol sa tama; malalaman niyang laging pagmumulan ng kaligayahan ang priesthood—isang balon ng buhay na tubig na sumisibol tungo sa buhay na walang hanggan” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* [2004], 132).

- Ano ang ilan sa mga pagpapalang natanggap ninyo sa pamamagitan ng priesthood?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- D at T 84; 107 (mga paghahayag tungkol sa priesthood, kabilang na ang sumpa at tipan ng priesthood sa D at T 84:33–40)
- D at T 20:38–67 (ipinaliwanag ang mga tungkulin ng priesthood)

Organisasyon ng Priesthood

K a b a n a t a 14

Ang Priesthood ay Nasa Daigdig Ngayon

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay pinamamahalaan ng priesthood. Ang priesthood, na laging nauugnay sa gawain ng Diyos, “ay nagpapatuloy sa simbahan ng Diyos sa lahat ng salinlahi, at walang simula ng mga araw o katapusan ng mga taon” (D at T 84:17). Ito ay nasa daigdig ngayon. Ang mga lalaking matanda at bata ay binibinyagan sa Simbahan, at kapag ipinasiyang sila ay karapat-dapat ay inoorden sila sa priesthood. Binibigyan sila ng awtoridad na kumilos para sa Panginoon at gawin ang Kanyang gawain sa lupa.

Dalawang Sangay ng Priesthood

- Paano nakuha ng Aaronic at Melchizedek Priesthood ang kanilang mga pangalan?

Ang priesthood ay nahahati sa dalawang bahagi: ang Melchizedek Priesthood at ang Aaronic Priesthood (tingnan sa D at T 107:1). “Tinawag ang una na Pagkasaserdoteng Melquisedec . . . dahil si Melquisedec ay tunay na dakilang mataas na saserdote.

“Bago sa kanyang kapanahunan ito ay tinatawag na *Banal na Pagkasaserdote, alinsunod sa Orden ng Anak ng Diyos.*

“Ngunit bilang paggalang o pagpipitagan sa pangalan ng Kataas-taasang Katauhan, upang maiwasan ang madalas na pag-ulit ng

Para sa mga guro: Gamitin ang mga tanong sa simula ng isang bahagi para magsimula ng talakayan at hikayatin ang mga miyembro ng klase o pamilya na maghanap sa mga banal na kasulatan para sa iba pang impormasyon. Gamitin ang mga tanong sa dulo ng isang bahagi para tulungan ang mga miyembro ng klase o pamilya na isiping mabuti at talakayin ang kahulugan ng nabasa nila at ipamuhay ito.



kanyang pangalan, sila, ang simbahan, noong unang panahon, ay tinawag ang pagkasaserdoteng yaon alinsunod kay Melquisedec, o ang Pagkasaserdoteng Melquisedec” (D at T 107:2–4; nakahilig ang mga salita sa orihinal).

Ang nakabababang priesthood ay karagdagan sa Melchizedek Priesthood. Tinatawag itong Aaronic Priesthood dahil ipinagkaloob ito kay Aaron at sa kanyang mga anak na lalaki sa lahat ng kani- lang henerasyon. Ang mga maytaglay ng Aaronic Priesthood ay may awtoridad na mangasiwa sa mga panlabas na ordenansa ng sacrament at binyag. (Tingnan sa D at T 20:46; 107:13–14, 20.)

Ang mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood ay may kapang- yarihan at awtoridad na mamuno sa Simbahan at pamahalaan ang pangangaral ng ebanghelyo sa lahat ng panig ng mundo. Pinanga- ngasiwaan nila ang lahat ng espirituwal na gawain ng Simbahan (tingnan sa D at T 84:19–22; 107:8). Pinamamahalaan nila ang ginagawa sa mga templo; namumuno sila sa mga ward, branch, stake, at mission. Ang piniling propeta ng Panginoon, ang Pangulo ng Simbahan, ang namumunong high priest sa Melchizedek Priest- hood (tingnan sa D at T 107:65–67).

Mga Susi ng Priesthood

- Ano ang kaibhan ng priesthood sa mga susi ng priesthood?
Sinong mga lider ng priesthood ang tumatanggap ng mga susi?

Magkaiba ang maorden sa isang katungkulan sa priesthood at pagtanggap ng mga susi ng priesthood. Itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith:

“Ang Pagkasaserdote sa pangkalahatan ay ang [awtoridad] na ibinigay sa tao upang kumilos sa pangalan ng Diyos. Ang bawat [lalaking] inordenan sa anumang antas sa Pagkasaserdote ay may [awtoridad] na [ibinigay] sa kanya.

“Ngunit kinakailangan na ang bawat kilos na ginampanan sa ilalim ng [awtoridad] na ito ay dapat na gawin sa angkop na panahon at lugar, sa angkop na paraan, at alinsunod sa angkop na orden [ng priesthood]. Ang [kapangyarihang mamahala sa] mga gawa- ing ito [ay tinatawag na] *mga susi* ng Pagkasaserdote. Sa kanilang

kabuuan, ang mga susi ay hinahawakan ng iisang tao lamang sa bawat panahon, ang propeta at pangulo ng Simbahan. Maaari niyang [ibigay] ang anumang bahagi ng [kapangyarihang] ito sa iba, [kaya't] hawak ng taong iyon ang mga susi ng partikular na gawaing iyon. Sa gayon, ang pangulo ng isang templo, ang pangulo ng isang istaka, ang obispo ng isang purok, ang pangulo ng isang misyon, ang pangulo ng isang korum, [bawat isa ay mayhawak ng] mga susi ng mga gawaing ginagampanan sa partikular na [grupo] o lugar na iyon. Ang Kanyang Pagkasaserdote ay hindi nadaragdagan sa pamamagitan ng tanging pagkakatalagang ito; . . . ang pangulo ng korum ng mga elder, halimbawa, ay may Pagkasaserdote na hindi humihigit sa sinumang miyembro ng korum na yaon. Nguni hinahawakan niya ang [kapangyarihang mamahala sa] opisyal na gawain na ginagampanan sa . . . korum, o sa ibang salita, ang *mga susi* sa [bahaging iyon] ng gawaing iyon” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* [1999], 169–70; nakahilig ang mga salita sa orihinal).

- Paano napoprotektahan ang mga susi ng priesthood ang Simbahan?

Ang mga Katungkulan at Tungkulin ng Aaronic Priesthood

- Sa anong mga paraan naglilingkod ang mga maytaglay ng Aaronic Priesthood?

Kapag ipinagkaloob ang Aaronic Priesthood sa isang lalaki, matanda man o bata, siya ay inoorden sa katungkulang iyon ng priesthood. Ang mga katungkulan sa Aaronic Priesthood ay deacon, teacher, priest, at bishop. Bawat katungkulan ay may kaakibat na mga tungkulin at responsibilidad. Bawat korum ay pinamumunuan ng isang quorum president, na nagtuturo sa mga miyembro ng kanilang mga tungkulin at hinihiling sa kanila na gampanan ang mga gawain.

May ilang kalalaking sumasapi sa Simbahan o nagiging aktibo paglagpas nila sa karaniwang edad para tumanggap ng mga katungkulan sa priesthood na ito. Kadalasan inoorden sila sa isang katungkulan sa Aaronic Priesthood at maaaring iorden kaagad sa ibang mga katungkulan kung mananatili silang karapat-dapat.

Deacon

Ang isang binatilyong nabinyagan at nakumpirmang miyembro ng Simbahan at karapat-dapat ay maaaring iorden sa katungkulan ng deacon kapag siya ay 12 taong gulang. Ang mga deacon ang karaniwang pinagpapasa ng sacrament sa mga miyembro ng Simbahan, nagpapanatili sa kaayusan ng mga gusali at bakuran ng Simbahan, nagsisilbing mensahero para sa mga lider ng priesthood, at gumaganap sa mga espesyal na atas tulad ng pagkolekta ng mga handog-ayuno.

Teacher

Ang isang karapat-dapat na binatilyo ay maaaring iorden bilang teacher kapag siya ay 14 na taong gulang o mahigit pa. Nasa mga teacher ang lahat ng tungkulin, karapatan, at kapangyarihan ng katungkulan ng deacon at may dagdag pang iba. Mga teacher sa Aaronic Priesthood ang tutulong sa mga miyembro ng Simbahan na ipamuhay ang mga kautusan (tingnan sa D at T 20:53–59). Para magampanan ang responsibilidad na ito, karaniwan ay inatasan silang maglingkod bilang mga home teacher. Binibisita nila sa bahay ang mga miyembro ng Simbahan at hinihikayat silang ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Inuutusan silang ituro ang mga katotohanan ng ebanghelyo mula sa mga banal na kasulatan (tingnan sa D at T 42:12). Mga teacher din ang naghahanda ng tinapay at tubig para sa serbisyo ng sacrament.

Priest

Ang isang karapat-dapat na binatilyo ay maaaring iorden na priest kapag siya ay 16 na taong gulang o mahigit pa. Nasa mga priest ang lahat ng tungkulin, karapatan, at kapangyarihan ng mga katungkulan ng deacon at teacher at may ilan pang karagdagan (tingnan sa D at T 20:46–51). Ang priest ay maaaring magbinyag. Maaari din siyang mangasiwa sa sacrament. Maaari din siyang magorden ng ibang mga priest, teacher, at deacon. Maaaring mamahala ang priest sa mga miting kapag walang maytaglay ng Melchizedek Priesthood doon. Dapat niyang ipangaral ang ebanghelyo sa mga nasa paligid niya.

Bishop

Ang bishop ay inoorden at ise-set apart na mamuno sa Aaronic Priesthood sa isang ward. Siya ang pangulo ng priests quorum (tingnan sa D at T 107:87–88). Kapag gumaganap sa kanyang katungkulan sa Aaronic Priesthood, nakatuon ang bishop sa mga temporal na bagay, tulad ng pangangasiwa sa pananalapi at mga talaan at pagkalinga sa mga maralita at nangangailangan (tingnan sa D at T 107:68).

Inoorden din ang bishop bilang high priest upang mapamunuan niya ang lahat ng miyembro sa ward (tingnan sa D at T 107:71–73; 68:15). Ang bishop ang hukom sa Israel (tingnan sa D at T 107:74) at iniinterbyu niya ang mga miyembro para sa mga temple recommend, ordenasyon sa priesthood, at iba pang mga pangangailangan. Karapatan niyang magkaroon ng kaloob na makahiwatig.

- Paano kayo napagpala ng paglilingkod ng mga maytaglay ng Aaronic Priesthood?

Ang mga Katungkulan at Tungkulin ng Melchizedek Priesthood

- Sa anong mga paraan naglilingkod ang mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood?

Ang mga katungkulan sa Melchizedek Priesthood ay elder, high priest, patriarch, Pitumpu, at Apostol.

Elder

Ang mga elder ay tinawag upang magturo, magpaliwanag, manghikayat, magbinyag, at mangalaga sa Simbahan (tingnan sa D at T 20:42). Lahat ng maytaglay ng Melchizedek Priesthood ay mga elder. May awtoridad silang magbigay ng kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay (tingnan sa D at T 20:43). Mga elder ang dapat mangasiwa sa mga miting ng Simbahan ayon sa paggabay sa kanila ng Espiritu Santo (tingnan sa D at T 20:45; 46:2). Maaaring basbasan ng mga elder ang mga may-sakit (tingnan sa D at T 42:44) at mga batang musmos (tingnan sa D at T 20:70). Maaaring mamuno ang mga elder sa mga miting ng Simbahan kapag walang high priest doon (D at T 107:11).

High Priest

Ang high priest ay binibigyan ng awtoridad na mamuno sa Simbahan at mangasiwa sa mga espirituwal na bagay (tingnan sa D at T 107:10, 12). Maaari din siyang mamuno sa lahat ng nakabababang katungkulan (tingnan sa D at T 68:19). Ang mga stake president, mission president, high councilor, bishop, at iba pang mga lider ng Simbahan ay inoorden bilang mga high priest.

Patriarch

Ang mga patriarch ay inoorden ng mga General Authority, o ng mga stake president kapag binigyan sila ng awtoridad ng Kapulungan ng Labindalawa, na magbigay ng mga patriarchal blessing sa mga miyembro ng Simbahan. Ang mga basbas na ito ay nagbibigay sa atin ng pang-unawa sa ating mga tungkulin dito sa lupa. Ang mga ito ay personal na salita ng Panginoon sa atin. Inoorden din ang mga patriarch bilang mga high priest. (Tingnan sa D at T 107:39–56.)

Pitumpu

Ang mga Pitumpu ay mga natatanging saksi ni Jesucristo sa mundo at tumutulong sa pagtatayo at pangangalaga sa Simbahan sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol (tingnan sa D at T 107:25, 34, 38, 93–97).

Apostol

Ang Apostol ay isang natatanging saksi ng pangalan ni Jesucristo sa buong mundo (tingnan sa D at T 107:23). Pinangangasiwaan ng mga Apostol ang mga gawain ng Simbahan sa buong mundo. Ang mga inoorden sa katungkulan ng Apostol sa Melchizedek Priesthood ay karaniwang isine-set apart bilang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Bawat isa ay binibigyan ng lahat ng susi ng kaharian ng Diyos sa lupa, ngunit tanging ang senior na Apostol, na siyang Pangulo ng Simbahan, ang aktibong gumagamit ng lahat ng susi. Ang iba ay kumikilos sa ilalim ng kanyang pamamahala.

- Paano kayo napagpala ng paglilingkod ng mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood?

Ang mga Korum ng Aaronic Priesthood

Nag-atas ang Panginoon na dapat iorganisa sa mga korum ang mga maytaglay ng priesthood. Ang korum ay isang grupo ng mga kalahang magkakapareho ang katungkulan sa priesthood.

May tatlong korum sa Aaronic Priesthood:

1. Ang deacons quorum, na binubuo ng hanggang 12 deacon (tingnan sa D at T 107:85). Ang panguluhan ng deacons quorum ay tinatawag ng bishop mula sa mga miyembro ng korum.
2. Ang teachers quorum, na binubuo ng hanggang 24 na teacher (tingnan sa D at T 107:86). Ang panguluhan ng teachers quorum ay tinatawag ng bishop mula sa mga miyembro ng korum.
3. Ang priests quorum, na binubuo ng hanggang 48 priest (tingnan sa D at T 107:87–88). Pinamumunuan ito ng bishop ng ward na kinabibilangan ng korum. Ang bishop ay isang high priest at dahil dito kabilang din siya sa high priests quorum.

Tuwing hihigit sa takdang bilang ang mga miyembro ng isang korum, maaaring hatiin ang korum.

Ang mga Korum ng Melchizedek Priesthood

Sa pangkalahatan sa Simbahan, ang mga miyembro ng Unang Panguluhan ay bumubuo ng isang korum, gayundin ang Labindalawang Apostol. Ang mga Pitumpu ay inoorganisa rin sa mga korum.

Sa lokal na Simbahan—sa mga ward at branch at mga stake at district—ang mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood ay nakaorganisa sa sumusunod na mga korum:

Elders Quorum

Bawat elders quorum “ay itinatag para sa mga tumatayong mangangaral; gayunman sila ay maaaring maglakbay, datapwat sila ay inordenan na maging mga tumatayong mangangaral” (D at T 124:137). Ginagawa nila ang karamihan sa kanilang gawain malapit

sa kanilang mga tahanan. Ang korum ay maaaring buuin ng hanggang 96 na elder, na pinamumunuan ng isang quorum presidency. Kapag humigit sila sa bilang na ito, maaaring hatiin ang korum.

High Priests Quorum

Kabilang sa bawat korum ang lahat ng high priest na naninirahan sa mga lugar na sakop ng isang stake, kabilang na ang mga patriarch at bishop. Ang stake president at kanyang mga tagapayo ang panguluhan ng korum na ito. Ang mga high priest sa bawat ward ay nakaorganisa sa isang grupong may group leader.

Kahalagahan ng mga Korum ng Priesthood

- Paano matutulungang lumakas ng mga korum ng priesthood ang mga tao at pamilya?

Kapag inorden sa priesthood ang isang matanda o batang lalaki, agad silang nagiging miyembro ng isang korum ng priesthood. Mula sa sandaling iyon hanggang sa mamatay siya, inaasahang magiging miyembro siya ng isang korum ng priesthood ayon sa kanyang katungkulan (tingnan sa Boyd K. Packer, “What Every Elder Should Know—and Every Sister as Well: A Primer on Principles of Priesthood Government,” *Ensign*, Feb. 1993, 9).

Kung ginagawa nang wasto ng isang korum ng priesthood ang kanilang tungkulin, ang mga miyembro ng korum ay hinihikayat, binabasbasan, kinakaibigan, at tinuturuan ng ebanghelyo ng kanilang mga lider. Kahit maaaring i-release ang isang lalaki sa mga tungkulin sa Simbahan, tulad ng guro, quorum president, bishop, high councilor, o stake president, miyembro pa rin siya sa kanyang korum. Ang pagiging miyembro sa isang korum ng priesthood ay dapat ituring na sagradong pribilehiyo.

Mga Auxiliary sa Priesthood

- Paano matutulungang lumakas ng mga auxiliary sa priesthood ang mga tao at pamilya?

Lahat ng organisasyon sa Simbahan ay kumikilos sa ilalim ng pamamahala ng mga lider ng priesthood at tinutulungan silang

isagawa ang gawain ng Panginoon. Halimbawa, ang mga pangu-luhan sa mga organisasyong Relief Society, Young Women, Young Men, Primary, at Sunday School ay naglilingkod sa ilalim ng pamamahala ng bishopric. Ang mga organisasyong ito ay tinatawag na mga auxiliary sa priesthood.

- Anong papel ang ginagampanan ninyo para matulungang magtagumpay ang mga korum at auxiliary ng priesthood?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Alma 13:1–19 (paraan ng pag-orden sa mga kalalakihan sa priesthood)
- Mateo 16:19; D at T 68:12 (ang mga Apostol ay binigyan ng mga susi at kapangyarihan ng priesthood; anuman ang ibuklod nila sa lupa ay ibubuklod sa langit)
- D at T 20:38–67 (mga tungkulin ng mga elder, priest, teacher, deacon)
- D at T 84; 107 (mga paghahayag tungkol sa priesthood)
- I Mga Taga Corinto 12:14–31 (lahat ng katungkulan sa priesthood ay mahalaga)

Ang Pinagtipanang mga Tao ng Panginoon

Kabanata 15

Ang Katangian ng mga Tipan

- Ano ang isang tipan? Bakit tinatawag na pinagtipanang mga tao ang mga Banal sa mga Huling Araw?

Sa simula pa lamang, nakikipagtipan na ang Panginoon sa Kanyang mga anak dito sa lupa. Kapag nakikipagtipan (o nangangako) ang kanyang mga tao sa Kanya, alam nila kung ano ang inaasahan Niya sa kanila at anong mga pagpapala ang maaari nilang asahan mula sa Kanya. Mas maisasagawa nila ang Kanyang gawain sa lupa. Ang mga taong nakikipagtipan sa Panginoon at nakikipagtipan din sa kanila ang Panginoon ay kilala bilang pinagtipanang mga tao ng Panginoon. Ang mga miyembro ng Simbahan ay bahagi ng pinagtipanang mga tao ng Panginoon.

Sa ebanghelyo, ang tipan ay sagradong kasunduan o pangako sa pagitan ng Diyos at ng isang tao o isang grupo ng mga tao. Sa paggawa ng tipan, nangangako ng pagpapala ang Diyos sa pagsunod sa partikular na mga utos. Siya ang nagtatakda ng mga kundisyon sa Kanyang tipan, at inihahayag Niya ang mga kundisyong ito sa Kanyang mga propeta. Kung pipiliin nating sundin ang mga kundisyon sa tipan, tatanggapin natin ang ipinangakong mga pagpapala. Kung pipiliin nating sumuway, hindi Niya ibibigay ang mga pagpapala, at sa ilang sitwasyon ay nagpapataw rin ng parusa.

Halimbawa, nang sumapi tayo sa Simbahan gumawa tayo ng ilang tipan sa Diyos (tingnan sa kabanata 20 sa aklat na ito). Nakikipagtipan tayo sa Tagapagligtas sa binyag na tataglayin natin sa ating sarili ang Kanyang pangalan. Nangako Siya na “kasindami ng mag-sisisi at mabibinyagan sa aking pangalan, na Jesucristo, at magtitiis



hanggang wakas, sila rin ay maliligtas” (D at T 18:22). Nakikipagtipan tayo sa Panginoon kapag tumatanggap tayo ng sacrament (tingnan sa kabanata 23 sa aklat na ito). Nangangako tayong tataglayin sa ating sarili ang Kanyang pangalan, aalalahanin Siya, at susundin ang Kanyang mga utos. Pinangakuan tayong sasaatin ang Banal na Espiritu. (Tingnan sa D at T 20:77–79.) Kapag tumatanggap tayo ng mga ordenansa sa templo, gumagawa tayo ng iba pang mga sagradong tipan at pinangangakuan ng kadakilaan sa tapat na pagsunod (tingnan sa D at T 132; tingnan din sa kabanata 47 sa aklat na ito).

Gumawa rin ang Diyos ng natatanging mga tipan sa mga partikular na tao o grupo. Gumawa Siya ng natatanging mga tipan kina Adan, Enoc, Noe, mga anak ni Israel, at Lehi (tingnan sa Moises 6:31–36, 52; Genesis 9:9–17; Exodo 19:5–6; 2 Nephi 1). Gumawa Siya ng natatanging tipan kay Abraham at sa kanyang mga inapo na nagpapala sa mga miyembro ng Simbahan at sa lahat ng bansa sa mundo ngayon.

- Pag-isipan ang mga tipang ginawa ninyo sa Diyos at ang mga pagpapalang ipinangako Niya sa inyo sa pagtupad sa mga tipang iyon.

Ang Tipan ng Diyos Kay Abraham at sa Kanyang mga Inapo

- Ano ang tipan ni Abraham?

Si Abraham, isang propeta ng Matandang Tipan, ay napakabuting tao (tingnan ang larawan sa kabanatang ito). Tumanggi siyang sambahin ang mga diyus-diyusan ng kanyang ama. Sinunod niya ang lahat ng utos ng Panginoon. Dahil sa kabutihan ni Abraham, nakipagtipan ang Panginoon sa kanya at sa kanyang mga inapo.

Nangako ang Panginoon kay Abraham na magkakaroon siya ng di-mabilang na mga inapo. Nangako Siya na lahat sila ay magkakaroon ng karapatang tumanggap ng ebanghelyo, mga pagpapala ng priesthood, at lahat ng ordenansa ng kadakilaan. Ang mga inapong ito, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood, ang maghahatid ng ebanghelyo sa lahat ng bansa. Sa pamamagitan

nila, lahat ng pamilya sa lupa ay pagpapalain (tingnan sa Abraham 2:11). Ipinangako pa ng Diyos na kung sila ay matwid pagtitibayin Niya ang Kanyang tipan sa lahat ng henerasyon ng mga anak ni Abraham (tingnan sa Genesis 17:4–8).

- Paano naaangkop sa atin ang mga utos at pangako sa tipan ni Abraham? (Isipin kung paano naaangkop ang tanong na ito sa iba't ibang sitwasyon, tulad sa tahanan, sa trabaho, sa komunidad, o bilang mga misyonero.)

Ang mga Miyembro ng Simbahan ay Pinagtipanang mga Tao

- Anong mga pagpapala at responsibilidad ang dumarating sa pinagtipanang mga tao ng Diyos ngayon?

Hindi lamang mga tunay na inapo ni Abraham ang tanging mga taong tinatawag ng Diyos na Kanyang pinagtipanang mga tao. Sa pakikipag-usap kay Abraham, sinabi ng Diyos, “Kasindami ng tatanggap ng Ebanghelyong ito ay tatawagin alinsunod sa iyong pangalan, at ibibilang sa iyong mga binhi [angkan], at magbabangon at papupurihan ka, bilang kanilang ama” (Abraham 2:10). Dahil dito, dalawang grupo ng mga tao ang kabilang sa tipang ginawa kay Abraham: (1) ang matwid at tunay na mga inapo ni Abraham at (2) ang mga inampon sa kanyang angkan sa pamamagitan ng pagtanggap at pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo (tingnan sa 2 Nephi 30:2).

Nang mabinyagan tayo sa Simbahan, pumasok tayo sa tipang ginawa ng Panginoon kina Abraham, Isaac, at Jacob (tingnan sa Mga Taga Galacia 3:26–29). Kung tayo ay masunurin, mamanahin natin ang mga pagpapala ng tipang iyon. May karapatan tayong tumanggap ng tulong at patnubay mula sa Espiritu Santo. Ang mga karapat-dapat na lalaki ay may karapatang magtaglay ng priesthood. Ang mga pamilya ay maaaring tumanggap ng mga pagpapala ng priesthood. Matatamo natin ang buhay na walang hanggan sa kahariang selestiyal. Wala nang hihigit pa sa mga pagpapalang ito.

Para sa mga guro: Matutulungan mo ang mga miyembro ng klase o pamilya na pag-isipan nang mas malalim ang isang tanong sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng oras na magnilay-nilay. Matapos silang bigyan ng sapat na oras, hingin ang kanilang mga sagot.

Kalakip ng tinatanggap nating mga pagpapala bilang pinagtipanang mga tao ng Panginoon, may mabibigat tayong responsibilidad. Ipinangako ng Panginoon kay Abraham na sa pamamagitan ng kanyang mga inapo ay maihahatid ang ebanghelyo sa buong mundo. Ginagampanan natin ang responsibilidad na ito sa pamamagitan ng full-time missionary program ng Simbahan at ng gawaing misyonerong ginagawa ng mga miyembro. Ang pagkakataong ipangaral ang ebanghelyo sa buong mundo ay nasa Simbahan lamang ng Panginoon at sa Kanyang pinagtipanang mga tao.

Bilang pinagtipanang mga tao ng Panginoon, dapat nating sundin ang Kanyang mga utos. Sabi ng Panginoon, “Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako” (D at T 82:10). Kung tatanggihan natin ang ating tipan matapos matanggap ang ebanghelyo, nawawalan ng bisa ang tipan at isusumpa tayo sa harapan ng Diyos (tingnan sa D at T 132:4). Sinabi Niya: “Tumigil sa paggawa ng kasalanan, kung hindi, mga matinding paghatol ang babagsak sa inyong ulo. Sapagkat sa kanya na siyang binigyan ng marami ay marami ang hihingin; at siya na nagkasala laban sa mas dakilang liwanag ay tatanggap ng mas malaking kaparusahan” (D at T 82:2–3).

Ang Bago at Walang Hanggang Tipan

- Ano ang ipinangangako nating gawin kapag tinanggap natin ang ebanghelyo? Anong mga pagpapala ang ibinibigay sa atin ng Ama sa Langit kapag tinutupad natin ang mga pangakong ito?

Ang kabuuan ng ebanghelyo ay tinatawag na bago at walang hanggang tipan. Kabilang dito ang mga tipang ginawa sa binyag, sa sacrament, sa templo, at sa iba pang pagkakataon. Tinawag itong walang hanggan ng Panginoon dahil ito ay inorden ng Diyos na walang hanggan at dahil hindi na babaguhin ang tipan magpakailanman. Ang tipan ding ito ang ibinigay Niya kina Adan, Enoc, Noe, Abraham, at sa iba pang mga propeta. Dahil dito hindi na ito bago. Ngunit tinatawag itong bago ng Panginoon dahil sa tuwing ipanunumbalik ang ebanghelyo matapos kunin sa lupa, bago ito sa mga taong tatanggap nito (tingnan sa Jeremias 31:31–34; Ezekiel 37:26).

Kapag tinanggap natin ang bago at walang hanggang tipan, sumang-ayon tayong magsisi, magpabinyag, tanggapin ang Espiritu Santo, tanggapin ang ating endowment, tanggapin ang tipan ng kasal sa templo, at sundin si Cristo hanggang sa huling sandali ng ating buhay. Kapag tinupad natin ang ating mga tipan, nangangako ang ating Ama sa Langit na tatanggap tayo ng kadakilaan sa kahariang selestiyal (tingnan sa D at T 132:20–24; tingnan din sa kabanata 47 sa aklat na ito).

Ang kadakilaan ng pangakong iyan ay mahirap maunawaan ng mga mortal. Ang mga utos na ibinibigay Niya ay para sa ating kapakanan, at kapag tapat tayo maaari tayong makibahagi sa mga pagpapala at kariktan ng langit at lupa magpakailanman. Maaari tayong mamuhay sa Kanyang piling at makibahagi sa Kanyang pagmamahal, habag, kapangyarihan, kadakilaan, kaalaman, karunungan, kaluwalhatian, at mga nasasakupan.

- Ano ang kinalaman ng pagiging pinagtipanang mga tao ng Panginoon sa paraan ng ating pananamit, pagkilos, at pagsunod sa mga utos ng Diyos?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan at Iba Pang Mapagkukunan

- I Ni Pedro 2:9–10 (kakaibang mga tao)
- D at T 54:4–6 (mga epekto ng pagsunod at paglabag sa mga tipan)
- D at T 132:7 (mga tipang ginawa sa pamamagitan ng wastong awtoridad)
- D at T 133:57–60 (layunin ng mga tipan)
- D at T 35:24 (mga pangako sa pagsunod sa mga tipan)
- Sa Mga Hebreo 8:6 (si Jesucristo ang tagapamagitan ng mas mabuting tipan)
- Bible Dictionary, “Covenant,” 651

Ang Simbahan ni Jesucristo Noong Unang Panahon

Kabanata 16

Ilang Katangiang Tumutukoy sa Simbahan ni Jesucristo

“Naniniwala kami sa samahan ding yaon na umiral sa Sinaunang Simbahan, alalaong baga’y mga apostol, propeta, pastor, guro, ebanghelista, at iba pa” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:6).

Itinatag ni Jesus ang Kanyang Simbahan noong narito Siya sa mundo. Tinawag itong Simbahan ni Jesucristo (tingnan sa 3 Nephi 27:8), at ang mga miyembro ay tinawag na mga Banal (tingnan sa Mga Taga Efeso 2:19–20).

Paghahayag

Nang itatag ni Jesus ang Kanyang Simbahan, personal Niyang tina-gubilinan at pinamahalaan ang mga pinuno nito. Siya din naman ay tumanggap ng mga tagubilin mula sa Kanyang Ama sa Langit. (Tingnan sa Mga Hebreo 1:1–2.) Kung gayon ang Simbahan ni Jesucristo ay pinamamahalaan ng Diyos at hindi ng tao. Itinuro ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod na ang paghahayag ang “bato” na pagtatayuan Niya ng Kanyang Simbahan (tingnan sa Mateo 16:16–18).

Bago umakyat sa langit si Jesus matapos Siyang Mabuhay na Mag-uli, sinabi Niya sa Kanyang mga Apostol, “Ako’y sumasa

Para sa mga guro: Isiping imbitahan ang bawat miyembro ng iyong pamilya o klase na pag-aralan ang isa sa anim na katangiang tumutukoy sa Simbahan—ang mga pamagat na nakahilig ang mga titik tulad ng *Paghahayag at Awtoridad mula sa Diyos*. (Sa malalaking klase, aatasan ng iisang katangian ang ilang miyembro. Sa mga pamilya at maliliit na klase, maaaring atasan ng mahigit sa isang katangian ang ilang miyembro.) Kapag naka-pag-aral na sila, ipatalakay sa kanila ang kanilang natutuhan.



inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan” (Mateo 28:20). Tapat sa Kanyang sinabi, patuloy Niya silang pinatnubayan mula sa langit. Isinugo Niya ang Espiritu Santo para maging mang-aaliw at tagapaghayag sa kanila (tingnan sa Lucas 12:12; Juan 14:26). Kinausap Niya si Saulo sa isang pangitain (tingnan sa Mga Gawa 9:3–6). Inihayag Niya kay Pedro na ang ebanghelyo ay dapat ituro hindi lamang sa mga Judio kundi sa buong mundo (tingnan sa Mga Gawa 10). Marami Siyang inihayag na maluluwalhating katotohanan kay Juan, na nakasulat sa aklat ng Apocalipsis. Nakatala sa Bagong Tipan ang maraming iba pang paraan kung paano inihayag ni Jesus ang Kanyang kalooban para magabayan ang Kanyang Simbahan at maliwanagan ang Kanyang mga disipulo.

Awtoridad mula sa Diyos

Hindi maisasagawa at maituturo ang mga ordenansa at alituntunin ng ebanghelyo kung walang priesthood. Ibinigay ng Ama ang awtoridad na ito kay Jesucristo (tingnan sa Mga Hebreo 5:4–6), na inorden naman ang Kanyang mga Apostol at binigyan sila ng kapangyarihan at awtoridad ng priesthood (tingnan sa Lucas 9:1–2; Marcos 3:14). Ipinaalala Niya sa kanila, “Ako’y hindi ninyo hinirang, nguni’t kayo’y hinirang ko, at aking kayong inihalal” (Juan 15:16).

Para magkaroon ng kaayusan sa Kanyang Simbahan, ibinigay ni Jesus ang pinakamabigat na responsibilidad at awtoridad sa Labindalawang Apostol. Hinirang Niya si Pedro bilang punong Apostol at ibinigay kay Pedro ang mga susi sa pagbubuklod ng mga pagpapala kapwa sa lupa at sa langit (tingnan sa Mateo 16:19). Nag-orden din si Jesus ng iba pang mga pinunong may mga partikular na tungkuling gagampanan. Matapos Siyang umakyat sa langit, ipinagpatuloy ang paraang ito ng paghirang at pag-oorden. Ang iba ay inorden sa priesthood ng mga taong nakatanggap na ng gayong awtoridad. Ipinaalam ni Jesus sa pamamagitan ng Espiritu Santo na sinang-ayunan Niya ang mga ordenasyong iyon (tingnan sa Mga Gawa 1:24).

Ang Organisasyon ng Simbahan

Ang Simbahan ni Jesucristo ay isang yunit na buong-ingat na inorganisa. Inihambing ito sa isang gusaling “[itinayo] sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok” (Mga Taga Efeso 2:20).

Humirang si Jesus ng iba pang mga lider ng priesthood para tulungan ang mga Apostol sa gawain ng ministeryo. Nagpadala Siya ng magkakapares na mga pinunong tinatawag na mga Pitumpu upang ipangaral ang ebanghelyo (tingnan sa Lucas 10:1). Ang iba pang mga pinuno sa Simbahan ay mga ebanghelista (patriarch), pastor (namumunong mga lider), high priest, elder, bishop, priest, teacher, at deacon (tingnan sa kabanata 14 sa aklat na ito). Kailangang lahat ang mga pinunong ito para magawa ang gawaing misyonero, mag-sagawa ng mga ordenansa, at magturo at magbigay-inspirasyon sa mga miyembro ng Simbahan. Tinulungan ng mga pinunong ito na maabot ng mga miyembro ang “pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios” (Mga Taga Efeso 4:13).

Hindi sinasabi sa atin ng Biblia ang lahat tungkol sa priesthood o sa organisasyon at pamamahala ng Simbahan. Gayunman, sapat ang naingatan sa Biblia upang makita ang ganda at kaganapan ng organisasyon ng Simbahan. Inutusan ang mga Apostol na humayo sa lahat ng dako ng mundo at mangaral (tingnan sa Mateo 28:19–20). Hindi sila maaaring mamalagi sa alinmang lungsod para mangasiwa sa mga bagong binyag. Samakatuwid, tumawag at nag-orden ng lokal na mga lider ng priesthood, at ang mga Apostol ang namumuno sa kanila. Bumisita ang mga Apostol at iba pang mga lider ng Simbahan at sumulat ng mga liham sa iba’t ibang branch. Kaya, ang ating Bagong Tipan ay naglalaman ng mga liham nina Pablo, Pedro, Santiago, Juan, at Judas, na nagpapayo at nagtatagubilin sa lokal na mga lider ng priesthood.

Ipinakikita ng Bagong Tipan na ang organisasyon ng Simbahang ito ay nilayong magpatuloy. Halimbawa, nang mamatay si Judas labing-isang Apostol lamang ang naiwan. Di nagtagal matapos umakyat sa langit si Jesus, nagpulong ang labing-isang Apostol upang pumili ng kapalit ni Judas. Sa paghahayag mula sa Espiritu

Santo, pinili nila si Matias. (Tingnan sa Mga Gawa 1:23–26.) Nagtakda si Jesus ng huwaran para mapamahalaan ng labindalawang Apostol ang Simbahan. Tila malinaw na magpapatuloy ang organisasyon ayon sa pagkakatatag Niya rito.

Mga Pangunahing Alituntunin at Ordenansa

Itinuro ng mga Apostol ang dalawang pangunahing alituntunin: pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at pagsisisi. Matapos sumampalataya ang mga bagong binyag kay Jesucristo bilang Anak ng Diyos at kanilang Manunubos at makapagsisi ng kanilang mga kasalanan, tumanggap sila ng dalawang ordenansa: binyag sa pamamagitan ng paglubog sa tubig at pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo (tingnan sa Mga Gawa 19:1–6). Ito ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo. Itinuro ni Jesus, “Maliban na ang tao’y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios” (Juan 3:5).

Mga Ordenansang Isinasagawa para sa mga Patay

Naglaan ng paraan si Jesus upang marinig ng lahat ang ebanghelyo, sa buhay na ito o sa kabilang-buhay. Sa pagitan ng Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli, pinuntahan ni Jesus ang mga espiritu ng mga namatay. Nag-organisa Siya ng gawaing misyonero sa kalipunan ng mga patay. Humirang Siya ng mabubuting sugo at binigyan sila ng kapangyarihang ituro ang ebanghelyo sa lahat ng espiritu ng mga taong namatay. Binigyan sila nito ng pagkakataong tanggapin ang ebanghelyo. (Tingnan sa I Ni Pedro 3:18–20; 4:6; D at T 138.) Ang mga buhay na miyembro ng Kanyang Simbahan noon ay nagsagawa ng mga ordenansa para sa mga patay (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:29). Ang mga ordenansang tulad ng binyag at kumpirmasyon ay kailangang isagawa sa mundo.

Mga Espirituwal na Kaloob

Lahat ng matatapat na miyembro ng Simbahan ay may karapatang tumanggap ng mga kaloob ng Espiritu. Ibinibigay sa kanila ang mga ito ayon sa kanilang pansariling pangangailangan, kakayahan, at tungkulin. Ilan sa mga kaloob na ito ang pananampalataya, pati

na ang kapangyarihang magpagaling at mapagaling; propesiya; at mga pangitain. (Ang mga kaloob ng Espiritu ay tinalakay nang mas detalyado sa kabanata 22.) Ang mga espirituwal na kaloob ay lagi nang umiiral sa totoong Simbahan ni Jesucristo (tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:4–11; Moroni 10:8–18; D at T 46:8–29). Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na ang mga palatandaan o espirituwal na kaloob na ito ay lagi nang kasunod ng mga sumasampalataya (tingnan sa Marcos 16:17–18). Marami sa Kanyang mga disipulo ang nagsagawa ng mga himala, nagpropesiya, o nakakita ng mga pangitain sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

- Bakit kailangan ng Simbahan ni Jesucristo ang anim na katangiang ito?

Ang Simbahan ni Jesucristo sa mga Lupain ng Amerika

Nang mabuhay na mag-uli si Jesus, binisita Niya ang mga tao sa mga lupain ng Amerika at itinatag ang Kanyang Simbahan sa kanila, at nagturo sa mga tao nang tatlong araw at madalas na nagpabalik-balik nang ilang panahon pagkatapos niyon (tingnan sa 3 Nephi 11–28). Pagkatapos ay iniwan Niya sila at umakyat sa langit. Mahigit 200 taon silang namuhay nang matwid at nakabilang sa pinakamaliligayang taong nilikha ng Diyos (tingnan sa 4 Nephi 1:16).

Apostasiya mula sa Totoong Simbahan

- Ano ang kahulugan ng katagang *apostasiya*?

Sa buong kasaysayan, tinangkang wasakin ng masasamang tao ang gawain ng Diyos. Nangyari ito noong nabubuhay pa ang mga Apostol at nangangasiwa sa nagsisimulang lumagong Simbahan. Ilang miyembro ang nagturo ng mga ideya mula sa luma nilang paniniwalang pagano o Judio sa halip na sa mga simpleng katoohanang itinuro ni Jesus. Ilan ang hayagang naghimagsik. Bukod dito, may pang-uusig mula sa labas ng Simbahan. Pinahirapan at pinatay ang mga miyembro ng Simbahan dahil sa kanilang mga paniniwala. Isa-isa, ang mga Apostol ay napatay o kung hindi

naman ay kinuha mula sa daigdig. Dahil sa kasamaan at apostasiya, kinuha rin sa daigdig ang awtoridad ng pagka-apostol at mga susi ng priesthood. Nawala na ang organisasyong itinatag ni Jesucristo, at nagsimula ang pagkalito. Dumami nang dumami ang kamaliang unti-unting pumasok sa doktrina ng Simbahan, at di naglaon ay lubusan nang nabuwag ang Simbahan. Ang panahon noong hindi na umiiral ang totoong Simbahan sa daigdig ay tinatawag na Malawakang Apostasiya.

Di naglaon nangibabaw ang mga paniniwalang pagano sa isipan ng mga taong tinatawag na mga Kristiyano. Ginawang pambansang relihiyon ng emperador ng Roma ang maling Kristiyanismong ito. Ibang-iba ang simbhang ito sa simbhang itinatag ni Jesus. Itinuro nito na ang Diyos ay isang nilalang na walang anyo o katauhan.

Naglaho ang pagkaunawa ng mga taong ito sa pag-ibig ng Diyos sa atin. Hindi nila alam na tayo ay Kanyang mga anak. Hindi nila naunawaan ang layunin ng buhay. Marami sa mga ordenansa ang binago dahil wala nang priesthood at paghahayag sa daigdig.

Pumili ng sarili niyang mga pinuno ang emperador at may mga pagkakataong tinawag niya sila sa mga titulong ginamit din sa mga lider ng priesthood sa totoong Simbahan ni Cristo. Walang mga Apostol o iba pang mga lider ng priesthood na may kapangyarihan mula sa Diyos, at walang mga espirituwal na kaloob. Nakinita ni propetang Isaias ang kalagayang ito, na nagpropesiyang, “Ang lupa naman ay nadumhan sa ilalim ng mga nananahan doon; sapagka’t kanilang sinalangang ang kautusan, binago ang alituntunin, sinira ang walang hanggang tipan” (Isaias 24:5). Hindi na ito ang Simbahan ni Jesucristo; simbahan na ito ng tao. Kahit ang pangalan ay binago. Sa mga lupain ng Amerika, nagkaroon din ng apostasiya (tingnan sa 4 Nephi).

Ipinropesiya ang Isang Panunumbalik

- Anong mga propesiya sa Luma at Bagong Tipan ang nagbadya sa Panunumbalik?

Nakinita ng Diyos ang Apostasiya at naghandang maipanumbalik ang ebanghelyo. Binanggit ito ni Apostol Pedro sa mga Judio:

“Kaniyang [su]suguin ang Cristo na itinalaga sa inyo, na si Jesus: na siya’y kinakailangang tanggapin ng langit hanggang sa mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay, na sinalita ng Dios sa pamamagitan ng bibig ng kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang una” (Mga Gawa 3:20–21).

Nakinita rin ni Juan na Tagapaghayag ang panahon na ipanunumbalik ang ebanghelyo. Sabi niya, “Nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa’t bansa at angkan at wika at bayan” (Apocalipsis 14:6).

- Bakit kinailangan ang Panunumbalik?
- Isipin ang mga pagpapalang napasainyo dahil naipanumbalik ang Simbahan ni Jesucristo dito sa lupa.

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Mga Taga Efeso 2:19 (ang mga miyembro ay tinawag na mga Banal)
- I Mga Taga Corinto 12:12–31 (inihalintulad sa katawan ang Simbahan)
- Lucas 10:1; Mga Gawa 14:23; Kay Tito 1:7; I Kay Timoteo 2:7 (tinukoy ang mga pinuno ng Simbahan)
- Juan 8:26–29 (pinatnubayan ng Ama si Jesus)
- Lucas 9:1; Santiago 1:17; 5:14–15 (mga espirituwal na kaloob)
- Mosias 27:13 (ang apostasiya ay bunga ng paglabag)
- II Ni Pedro 2:1; Mateo 24:9–12; Juan 16:1–3; Amos 8:11; II Mga Taga Tesalonica 2:3–4 (ibinadya ang Apostasiya)
- Daniel 2:44–45; Mateo 24:14; Mga Gawa 3:19–21; Mikas 4:1; Isaias 2:2–4 (ipinropesiya ang Panunumbalik)

Ang Simbahan ni Jesucristo Ngayon

K a b a n a t a 17

Ang Simbahan ni Jesucristo ay Inalis sa Daigdig

- Bakit inalis ang Simbahan ni Jesucristo sa daigdig kalaunan matapos mamatay at Mabuhay na Mag-uli ang Tagapagligtas?

Noong nabubuhay si Jesus sa lupa, itinatag Niya ang Kanyang Simbahan, ang tanging totoong Simbahan. Itinatag Niya ang Kanyang Simbahan upang maituro ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa lahat ng tao at angkop na mapangasiwaan ang mga ordenansa ng ebanghelyo nang may awtoridad. Sa pamamagitan ng organisasyong ito, maihahatid ni Cristo ang mga pagpapala ng kaligtasan sa sangkatauhan.

Matapos umakyat sa langit ang Tagapagligtas, binago ng mga tao ang mga ordenansa at doktrinang itinatag Niya at ng Kanyang mga Apostol. Dahil sa apostasiya, wala nang tuwirang paghahayag mula sa Diyos. Nawala na sa daigdig ang totoong Simbahan. Nagtatag ang mga tao ng iba't ibang simbahang nagsasabi na sila ay totoo ngunit nagtuturo ng magkakasalungat na doktrina. Nagkaroon ng matinding pagkalito at pagtatalo tungkol sa relihiyon. Nakinita ng Panginoon ang mga kalagayang ito ng apostasiya, at sinabing magkakaroon ng “kagutom sa lupain, hindi kagutom sa tinapay, o kauhawan man dahil sa tubig, kundi sa pagkarinig ng mga salita ng Panginoon. . . . [Kanilang] . . . [ha]hanapin ang salita ng Panginoon, at hindi [ito] masusumpungan” (Amos 8:11–12).

- Paano naaapektuhan ng nabanggit na taggutom sa Amos 8:11–12 ang mga tao?
-



Nangako ang Panginoon na Ipanunumbalik ang Kanyang Totoong Simbahan

- Ano ang ilan sa mga kalagayan sa mundo na naghanda ng daan para sa Panunumbalik ng ebanghelyo?

Nangako ang Tagapagligtas na ipanunumbalik ang Kanyang Simbahan sa mga huling araw. Sabi Niya, “Pasisimulan kong gawin ang isang kagilagilalas na gawa sa gitna ng bayang ito, isang kagilagilalas na gawa at kamanghamangha” (Isaias 29:14).

Maraming taon ding namuhay ang mga tao sa espirituwal na kadiliman. Mga 1,700 taon pagkatapos mabuhay na mag-uli ni Cristo, lalo pang naging interesado ang mga tao na malaman ang katotohanan tungkol sa Diyos at sa relihiyon. Naunawaan ng ilan sa kanila na ang ebanghelyong itinuro ni Jesus ay wala na sa lupa. Natanto ng ilan na walang paghahayag at walang totoong awtoridad at na ang Simbahang itinatag ni Cristo ay hindi na umiiral sa mundo. Panahon na para ipanumbalik ang Simbahan ni Jesucristo sa lupa.

- Sa paanong paraan naging “kagilagilalas na gawa” ang Panunumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo?

Bagong Paghahayag mula sa Diyos

- Nang matanggap ni Joseph Smith ang kanyang Unang Pangitain, ano ang nalaman niya tungkol sa Diyos?

Noong tagsibol ng 1820, isa sa pinakamahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng mundo ang naganap. Dumating na ang panahon para sa kagila-gilalas at kamangha-manghang gawaing binanggit ng Panginoon. Noong bata pa siya, nais malaman ni Joseph Smith kung alin sa lahat ng simbahan ang totoong Simbahan ni Jesucristo. Nagtungo siya sa kakahuyan malapit sa bahay nila at mapagpakumbaba at taimtim na nanalangin sa kanyang Ama sa Langit, na itinatanong kung aling simbahan ang dapat niyang sapian. Nang umagang iyon isang himala ang nangyari. Nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith. Sinabi sa kanya ng Tagapagligtas na huwag sumapi sa alinmang simbahan dahil wala sa lupa ang totoong Simbahan. Sinabi rin Niya na ang mga doktrina ng mga simbahan noong panahong iyon ay

“karumal- dumal sa kanyang paningin” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:19; tingnan din sa mga talata 7–18, 20). Simula nang mangyari ito, muling nagkaroon ng tuwirang paghahayag mula sa kalangitan. Pumili ng bagong propeta ang Panginoon. Mula noon ay hindi na isinara ang kalangitan. Patuloy ang paghahayag hanggang ngayon sa pamamagitan ng bawat propetang pinili Niya. Si Joseph ang tutulong sa pagpapanumbalik ng totoong ebanghelyo ni Jesucristo.

- Bakit naging isa sa pinakamamahalagang pangyayari sa kasaysayan ng mundo ang Unang Pangitain?

Ipinanumbalik ang Awtoridad mula sa Diyos

- Bakit kailangang ipanumbalik ang Aaronic Priesthood at Melchizedek Priesthood?

Sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo, muling ibinigay ng Diyos ang priesthood sa kalalakihan. Pumarito si Juan Bautista noong 1829 upang ipagkaloob ang Aaronic Priesthood kina Joseph Smith at Oliver Cowdery (tingnan sa D at T 13; 27:8). Pagkatapos ay pumarito sina Pedro, Santiago, at Juan, ang panguluhan ng Simbahan noong unang panahon, at ibinigay kina Joseph at Oliver ang Melchizedek Priesthood at mga susi ng kaharian ng Diyos (tingnan sa D at T 27:12–13). Kalaunan, ipinanumbalik ang karagdagang mga susi ng priesthood sa pamamagitan ng mga sugo ng langit na sina Moises, Elias, at Elijah (tingnan sa D at T 110:11–16). Sa pamamagitan ng Panunumbalik, naibalik ang priesthood sa lupa. Ang mga maytaglay ng priesthood na ito ngayon ay may awtoridad na magsagawa ng mga ordenansang tulad ng binyag. May awtoridad din silang pamahalaan ang kaharian ng Panginoon dito sa lupa.

Muling Itinatag ang Simbahan ni Cristo

- Anong mga pangyayari ang humantong sa muling pagtatatag ng Simbahan sa lupa?

Noong Abril 6, 1830, muling pinamahalaan ng Tagapagligtas ang pagtatatag ng Kanyang Simbahan sa lupa (tingnan sa D at T 20:1).

Para sa mga guro: Nag-aanyaya ng Espiritu ang pagpapatotoo. Bilang bahagi ng araling ito, magpatotoo tungkol sa Panunumbalik at bigyan ng pagkakataon ang iba na gawin din ito.

Ang Kanyang Simbahan ay tinatawag na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw (tingnan sa D at T 115:4).

Si Cristo ang namumuno sa Kanyang Simbahan ngayon, tulad noong unang panahon. Sinabi ng Panginoon na ito “ang tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo, na kung saan ako, ang Panginoon, ay labis na nalulugod” (D at T 1:30).

Si Joseph Smith ay sinang-ayunan bilang propeta at “unang elder” ng Simbahan (tingnan sa D at T 20:2–4). Kalaunan ay binuo ang Unang Panguluhan, at sinang-ayunan siya bilang Pangulo. Nang unang itatag ang Simbahan, pangunahing organisasyon lamang ang binuo. Uunlad ang organisasyon habang patuloy na lumalago ang Simbahan.

Ang Simbahan ay itinatag na may mga katungkulang tulad din sa sinaunang Simbahan. Ang organisasyong iyon ay may mga apostol, propeta, pitumpu, ebanghelista (mga patriarch), pastor (mga namumuno), high priest, elder, bishop, priest, teacher, at deacon. Ganito rin ang mga katungkulang nasa Kanyang Simbahan ngayon (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:6).

Isang propeta, na gumaganap sa ilalim ng pamamahala ng Panginoon, ang namumuno sa Simbahan. Ang propeta ding ito ang Pangulo ng Simbahan. Taglay niya ang lahat ng awtoridad na kailangan para pamahalaan ang gawain ng Panginoon sa lupa (tingnan sa D at T 107:65, 91). Dalawang tagapayo ang tumutulong sa Pangulo. Labindalawang Apostol, na mga natatanging saksi sa pangalan ni Jesucristo, ang nagtuturo ng ebanghelyo at nangangasiwa sa mga gawain ng Simbahan sa lahat ng dako ng mundo. May iba pang mga pangkalahatang pinuno ng Simbahan na may mga espesyal na tungkulin, kabilang na ang Presiding Bishopric at mga Korum ng Pitumpu, na naglilingkod sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan at ng Labindalawa.

Kabilang sa mga katungkulan ng priesthood ang mga apostol, pitumpu, patriarch, high priest, bishop, elder, priest, teacher, at deacon. Ganito ring mga katungkulan ang umiral sa orihinal na Simbahan.

Mas malaki ang inilago ng Simbahan kaysa noong panahon ni Jesus. Sa paglago nito, inihayag ng Panginoon ang iba pang mga yunit ng organisasyon sa loob ng Simbahan. Kapag lubos na organisado ang Simbahan sa isang pook, may mga lokal na sangay ito na tinatawag na mga stake. Isang stake president at dalawang tagapayo niya ang namumuno sa bawat stake. Ang stake ay may 12 high councilor na tumutulong sa pagsasagawa ng gawain ng Panginoon sa stake. Inoorganisa ang mga korum ng Melchizedek Priesthood sa stake sa ilalim ng pamamahala ng stake president (tingnan sa kabanata 14 sa aklat na ito). Bawat stake ay nahahati sa maliliit na bahagi na tinatawag na mga ward. Isang bishop at dalawa niyang tagapayo ang namumuno sa bawat ward.

Sa mga dako ng mundo kung saan paunlad ang Simbahan, may mga district, na parang mga stake. Ang mga district ay nahahati sa mas maliliit na yunit na tinatawag na mga branch, na parang mga ward.

Ipinanumbalik ang Mahahalagang Katotohanan

- Anong mahahalagang katotohanan ang naibalik sa Panunumbalik ng Simbahan?

Itinuturo ng Simbahan ngayon ang gayunding mga alituntunin at isinasagawa ang mga ordenansang isinagawa noong panahon ni Jesus. Ang mga pangunahing alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ay pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagsisisi, binyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, at pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4). Ang mahahalagang katotohanang ito ay ibinalik nang buong-buo nang ipanumbalik ang Simbahan.

Sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon, na naglalaman ng malilinaw at mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo. Maraming sumunod na iba pang mga paghahayag at naitala bilang banal na kasulatan sa Doktrina at mga Tipan at Mahahalagang Perlas (tingnan sa kabanata 10 sa aklat na ito).

Kabilang sa iba pang mahahalagang katotohanang ipinanumbalik ng Panginoon ang sumusunod:

1. Ang ating Ama sa Langit ay tunay na nilalang na may perpektong katawang may laman at mga buto na nahahawakan at gayon din si Jesucristo. Ang Espiritu Santo ay isang personaheng espiritu.
 2. Nabuhay tayo bilang mga espiritung anak ng Diyos bago tayo isinilang.
 3. Kailangan ang priesthood para mangasiwa sa mga ordenansa ng ebanghelyo.
 4. Parurusahan tayo dahil sa sarili nating mga kasalanan at hindi dahil sa paglabag ni Adan.
 5. Hindi kailangang binyagan ang mga bata hangga't hindi sila sumasapit sa edad ng pananagutan (walong taong gulang).
 6. May tatlong kaharian ng kaluwalhatian sa kalangitan, at sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Jesucristo, gagantimपालaan ang mga tao ayon sa mga ginawa nila sa lupa at ayon sa mga hangarin ng kanilang puso.
 7. Ang mga ugnayan sa pamilya ay maaaring maging walang hanggan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood na magbuklod.
 8. Ang mga ordenansa at tipan ay kailangan para sa kaligtasan at maisasagawa kapwa para sa mga buhay at mga patay.
- Paano nakaimpluwensya ang mga katotohanang ito sa inyo at sa iba?

Ang Simbahan ni Jesucristo ay Hindi na Mawawasak Kailanman

- Ano ang misyon ng Simbahan?

Mula nang ipanumbalik ito noong 1830, mabilis nang dumami ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. May mga miyembro sa halos lahat ng bansa sa mundo. Ang Simbahan ay patuloy na lalago. Sabi nga ni Cristo, “Ang

Ebanghelyong ito ng Kaharian ay ipangangaral sa buong daigdig, bilang patotoo sa lahat ng bansa” (Joseph Smith—Mateo 1:31). Hindi na muling aalisin ang Simbahan sa daigdig. Ang misyon nito ay ihatid ang katotohanan sa bawat tao. Libu-libong taon na ang nakalilipas, sinabi ng Panginoon na “maglalagay [Siya] ng isang kaharian, na hindi magigiba kailan man, o ang kapangyarihan man niyao’y iiwan sa ibang bayan; . . . at yao’y lalagi magpakailan man” (Daniel 2:44).

- Paano kayo nakatulong sa gawain ng kaharian ng Diyos? Ano ang magagawa ninyo para maipagpatuloy ang gawaing ito?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Mga Gawa 3:19–21; Apocalipsis 14:6; Daniel 2:44–45; Isaias 2:2–4; 2 Nephi 3:6–15 (ipinropesiya ang Panunumbalik)
- D at T 110; 128:19–21; 133:36–39, 57–58 (Panunumbalik ng ebanghelyo)
- Mga Taga Efeso 2:20 (si Jesucristo ang batong panulok ng Simbahan)
- D at T 20:38–67 (mga tungkulin ng mga pinuno ng Simbahan)
- Mateo 24:14 (ipangangaral ang ebanghelyo sa lahat ng bansa)

Pananampalataya kay Jesucristo

Kabanata 18

Ano ang Pananampalataya?

Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ang unang alituntunin ng ebanghelyo. Ito ay espirituwal na kaloob, at kailangan ito sa ating kaligtasan. Ipinahayag ni Haring Benjamin, “Ang kaligtasan ay di mapapasa kaninuman . . . maliban sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya sa Panginoong Jesucristo” (Mosias 3:12).

Ang pananampalataya ay “[pag-asa] sa mga bagay na hindi nakikita, ngunit totoo” (Alma 32:21; tingnan din sa Mga Hebreo 11:1). Ang pananampalataya ay isang alituntunin ng pagkilos at kapangyarihang naghihikayat sa ating mga gawain sa araw-araw.

Mag-aaral at matututo pa kaya tayo kung hindi tayo naniniwalang magtatamo tayo ng karunungan at kaalaman? Magtatrabaho pa kaya tayo araw-araw kung hindi natin inaasahang sa pamamagitan nito ay may maisasakatuparan tayo? Magtatanim kaya ang isang magsasaka kung hindi siya umaasang aani? Bawat araw ay ginagawa natin ang mga bagay na inaasahan natin kahit hindi natin nakikita ang bunga nito. Ito ang pananampalataya. (Tingnan sa Mga Hebreo 11:3.)

Para sa mga guro: Ang kabanatang ito ay inayos sa apat na bahagi. Bawat pamagat ay isang tanong tungkol sa pananampalataya. Magagamit mong gabay ang mga tanong na ito sa iyong aralin. Kung angkop sa sitwasyon ng klase na magdaos ng maliliit na pangkatang talakayan, isiping hatiin ang mga miyembro ng klase sa mga grupo na tig-apat ang miyembro. Sabihin sa bawat grupo na paghati-hatian nila ang mga bahagi ng kabanata. Pagkatapos ay ipagawa sa bawat tao ang sumusunod sa bahaging nakaatas sa kanya: (1) Basahin ito. (2) Humanap ng mga banal na kasulatan na tutulong para masagot ang tanong sa bahagi ng pamagat. (3) Pag-isipan ang mga personal na karanasang may kaugnayan sa bahagi. (4) Magbahagi ng mga ideya sa ibang mga kagrupong tungkol sa bahagi.



Maraming kuwento sa mga banal na kasulatan ang nagsasalaysay kung paano naisakatuparan ang mga dakilang bagay sa pamamagitan ng pananampalataya.

Sa pananampalataya naitayo ni Noe ang arka o daong at iniligtas ang kanyang pamilya mula sa baha (tingnan sa Mga Hebreo 11:7). Hinati ni Moises ang tubig ng Dagat na Pula (tingnan sa Mga Hebreo 11:29). Nagpababa ng apoy si Elias mula sa langit (tingnan sa I Mga Hari 18:17–40). Humiling ng taggutom si Nephi (tingnan sa Helaman 11:3–5). Hiniling din niya sa Panginoon na wakasan na ang taggutom (tingnan sa Helaman 11:9–17). Napayapa ang karagatan, natanggap ang mga pangitain, at nasagot ang mga panalangin, lahat dahil sa kapangyarihan ng pananampalataya.

Kapag pinag-aralan nating mabuti ang mga banal na kasulatan, malalaman natin na ang pananampalataya ay matibay na pani-niwala sa katotohanan sa kaibuturan ng ating mga kaluluwa na humihikayat sa ating gumawa ng mabuti. Ito ang dahilan kaya natin itinatanong: Kanino tayo dapat sumampalataya?

- Pag-isipan ang mga ginagawa ninyo araw-araw. Ano ang mga bagay na ginagawa ninyo bawat araw na hindi ninyo nakikita ang bunga? Paano kayo napakikilos ng pananampalataya?

Bakit Tayo Dapat Sumampalataya kay Jesucristo?

Dapat nating ituon ang ating pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.

Ang ibig sabihin ng pagsampalataya kay Jesucristo ay pagkakaroon ng ibayong tiwala sa Kanya kung kaya't sinusunod natin ang anumang iutos Niya. Kapag sumampalataya tayo kay Jesucristo, at naging masunurin Niyang mga disipulo, patatawarin ng Ama sa Langit ang ating mga kasalanan at ihahanda tayo upang makabalik sa Kanya.

Ipinangaral ni Apostol Pedro na “walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas” (Mga Gawa 4:12; tingnan din sa Mosias 3:17). Itinuro ni Jacob na ang mga tao ay dapat magkaroon ng “ganap na pananampalataya sa Banal ng Israel [si Jesucristo], o sila ay di maaaring maligtas sa

kaharian ng Diyos” (2 Nephi 9:23). Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Tagapagligtas at pagsisisi, nagiging lubos na mabisa ang Kanyang Pagbabayad-sala sa ating buhay. Sa pamamagitan ng pananampalataya maaari din tayong tumanggap ng lakas na madaig ang mga tukso (tingnan sa Alma 37:33).

Hindi tayo makasasampalataya kay Jesucristo nang hindi sumasampalataya sa ating Ama sa Langit. Kung may pananampalataya tayo sa Kanila, sasampalataya rin tayo na ang Espiritu Santo, na Kanilang isinugo, ay ituturo sa atin ang lahat ng katotohanan at aaliwin tayo.

- Paano tayo maiimpluwensyahan ng pananampalataya kay Jesucristo sa mga tungkulin natin sa Simbahan? sa relasyon natin sa pamilya? sa ating trabaho? Paano naiimpluwensyahan ng pananampalataya kay Jesucristo ang ating pag-asa sa buhay na walang hanggan?

Paano Natin Mapag-iibayo ang Ating Pananampalataya kay Jesucristo?

Batid ang maraming pagpapalang dumarating sa pagsampalataya kay Jesucristo, dapat nating hangaring pag-ibayuhin ang ating pananampalataya sa Kanya. Sabi ng Tagapagligtas, “Kung magkaroon kayo ng pananampalataya na kasinglaki ng butil ng binhi ng mostasa, . . . sa inyo’y [walang magiging imposible]” (Mateo 17:20). Napakaliit ng binhi ng mustasa, ngunit nagiging malaking puno ito.

Paano natin madaragdagan ang ating pananampalataya? Katulad din ng ibayo o karagdagan pang mga kasanayan. Paano natin natutuhan ang paglilok ng kahoy, paghabi, pagpipinta, pagluluto, paggawa ng palayok, o pagtugtog ng isang instrumentong musikal? Pinag-aaralan at pinapraktis at pinagsisikapan natin ito. Habang ginagawa natin ito, humuhusay tayo. Ganoon din sa pananampalataya. Kung nais nating pag-ibayuhin ang ating pananampalataya kay Jesucristo, dapat natin itong pagsikapan. Inihambing ni propeta Alma ang salita ng Diyos sa isang binhing dapat mapangalagaan ng pananampalataya:

“Subalit masdan, kung kayo ay gigising at pupukawin ang inyong kaisipan, maging sa isang pagsubok sa aking mga salita, at gagamit ng kahit bahagyang pananampalataya, oo, kahit na wala kayong higit na nais kundi ang maniwala, hayaan na ang pagnanais na ito ay umiral sa inyo, maging hanggang sa kayo ay maniwala sa isang pamamaraan na kayo ay magbibigay-puwang para sa isang bahagi ng aking mga salita.

“Ngayon, ating ihahalintulad ang salita sa isang binhi. Ngayon, kung kayo ay magbibigay-puwang, na ang binhi ay maitanim sa inyong mga puso, masdan, kung iyon ay isang tunay na binhi, o isang mabuting binhi, kung hindi ninyo ito itatapon dahil sa inyong kawalang-paniniwala, na inyong sasalungatin ang Espiritu ng Panginoon, masdan, ito ay magsisimulang lumaki sa loob ng inyong mga dibdib; at kapag nadama ninyo ang ganitong paglaki, kayo ay magsisimulang magsabi sa inyong sarili—Talagang ito ay mabuting binhi, o na ang salita ay mabuti, sapagkat sinisimulan nitong palakihin ang aking kaluluwa; oo, sinisimulan nitong liwanagin ang aking pang-unawa. . . .

“Ngayon masdan, ito ba ay hindi makadaragdag sa inyong pananampalataya?” (Alma 32:27–29).

Kaya nga mapag-iibayo natin ang ating pananampalataya sa Diyos sa pagkilos ayon sa *hangarin* nating sumampalataya sa Kanya.

Mapag-iibayo rin natin ang ating pananampalataya sa pagdarasal sa Ama sa Langit tungkol sa ating mga inaasahan, hangarin, at pangangailangan (tingnan sa Alma 34:17–26). Ngunit hindi natin dapat isipin na ang tanging gagawin natin ay humingi. Sinabi sa atin sa mga banal na kasulatan na “ang pananampalataya na walang mga gawa, ay patay sa kaniyang sarili” (Santiago 2:17). Ang sumusunod na kuwento ay tungkol sa isang lalaking ang pananampalataya ay ipinakita sa kanyang mga gawa.

Nais ng lalaking ito na pag-aralan ang mga banal na kasulatan, ngunit hindi siya marunong bumasa. Nagdasal siya sa Ama sa Langit na tulungan siyang matutong bumasa. Di nagtagal isang guro ang dumating sa kanyang nayon, at nagpatulong siya sa guro. Natutuhan niya ang alpabeto. Nag-aral siya ng pagbigkas at

natutong magdugtong-dugtong ng mga titik para makabuo ng mga salita. Di nagtagal ay nakakabasa na siya ng mga simpleng salita. Nang magsanay pa siya, lalo siyang natuto. Pinasalamatan niya ang Panginoon sa pagpapadala sa guro at pagtulong sa kanya na matutong bumasa. Napag-ibayo ng lalaking ito ang kanyang pananampalataya, pagpapakumbaba, at kaalaman hanggang sa makapaglingkod siya bilang branch president sa Simbahan.

Iपालिwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball, “Kailangang laki-pan ng gawa ang pananampalataya. Malaking kahangalan ang hilingin sa Panginoon na *bigyan* tayo ng kaalaman, ngunit malaking katalinuhan ang paghingi ng tulong sa Panginoon na magkaroon tayo ng kaalaman, makapag-aral na mabuti, makapag-isip nang malinaw, at matandaan ang mga bagay na natutuhan natin” (*Faith Precedes the Miracle* [1972], 205; nakahilig ang mga salita sa orihinal).

Kalakip ng pananampalataya ang paggawa ng lahat ng makakaya natin upang maisakatuparan ang mga bagay na ating inaasam at ipinagdarasal. Sabi ni Pangulong Kimball: “Sa pananampalataya ay itinatanim natin ang binhi, at kapagdaka ay nakikita natin ang himala ng pagyabong. Kadalasan ay hindi ito nauunawaan ng tao at binabaligtad ang pamamaraan.” Nagpatuloy siya sa pagpapaliwanag na marami sa atin ang naghahangad ng kalusugan at lakas ngunit hindi sumusunod sa mga batas ng kalusugan. Nais nating magkaroon ng kasaganaan nang hindi nagbabayad ng ating mga ikapu. Nais nating mapalapit sa Panginoon ngunit ayaw nating mag-ayuno at manalangin. Nais nating magkaroon ng ulan sa takdang panahon at kapayapaan sa lupain nang hindi ginagawang banal ang Sabbath at hindi sinusunod ang iba pang mga utos ng Panginoon. (Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 170.)

Ang isang mahalagang paraan para mapag-ibayo natin ang ating pananampalataya ay pakinggan at pag-aralan ang salita ng Panginoon. Naririnig natin ang salita ng Panginoon sa ating mga pulong sa Simbahan. Mapag-aaralan natin ang Kanyang salita sa

mga banal na kasulatan. “At yayamang lahat ay walang pananam-palataya, masigasig na maghanap at turuan ang bawat isa ng mga salita ng karunungan; oo, maghanap kayo sa mga pinakamabu-buting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya” (D at T 88:118).

- Ano ang nakikita ninyong kaugnayan ng ating pananampalataya sa ating mga kilos?

Ano ang Ilang Pagpapalang Kasunod ng Pananampalataya?

Sa pamamagitan ng kaloob na pananampalataya, nagaganap ang mga himala, nagpapakita ang mga anghel, naibibigay ang ibang mga kaloob ng Espiritu, nasasagot ang mga panalangin, at ang mga tao ay nagiging mga anak ng Diyos (tingnan sa Moroni 7:25–26, 36–37).

“Kapag nagkakaroon ng pananampalataya naghahatid ito ng . . . mga apostol, propeta, ebanghelista, pastor, guro, kaloob, karunungan, kaalaman, himala, paggaling, wika, pagbibigay-kahulugan sa mga wika, atbp. Lahat ng ito ay nakikita kapag may pananampalataya sa mundo, at naglalaho kapag naglalaho ito sa mundo; sapagkat ito ang mga bunga ng pananampalataya. . . . At siya na nagtataglay nito, sa pamamagitan nito, ay magtatamo ng lahat ng kailangang kaalaman at karunungan, hanggang sa makilala niya ang Diyos, at ang Panginoong Jesucristo, na kanyang isinugo—ang makilala si Jesucristo ay pagkakaroon ng buhay na walang hanggan” (*Lectures on Faith* [1985], 83).

- Ano ang ilang kuwento mula sa mga banal na kasulatan na nagpalakas sa mga tao dahil sumampalataya sila kay Jesucristo? Paano ninyo ito nakitang nangyari sa sarili ninyong buhay?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Sa Mga Hebreo 11; Alma 32 (ipinaliwanag ang katangian ng pananampalataya)
- Exodo 14:19–22 (paghahati ng mga tubig ng Dagat na Pula)

- Genesis 6–8 (si Noe at ang baha)
- Mateo 8:5–33 (napagaling ang maysakit, napayapa ang bagyo, mga himala ng pananampalataya)
- Marcos 5:25–34 (pinagaling ng pananampalataya)
- Mga Taga Roma 10:17 (dumarating ang pananampalataya sa pakikinig sa salita ng Diyos)

Pagsisisi

K a b a n a t a 19

Tayong Lahat ay Kailangang Magsisi

- Ano ang kasalanan? Ano ang mga epekto sa atin ng ating mga kasalanan?

Ang pananampalataya kay Jesucristo ay likas na humahantong sa pagsisisi. Nagkaroon ng pangangailangang magsisi sa mundo mula noong panahon ni Adan hanggang sa ngayon. Inutusan ng Panginoon si Adan, “Dahil dito, ituro ito sa iyong mga anak, na ang lahat ng tao, sa lahat ng dako, ay kinakailangang magsisi, o sila sa anumang paraan ay hindi makamamana ng kaharian ng Diyos, sapagkat walang maruming bagay ang makatatahan doon, o makatatahan sa kanyang kinaroroonan” (Moises 6:57).

Pumarito tayo sa lupa upang lumago at umunlad. Ito ay habambuhay na proseso. Sa panahong ito lahat tayo ay nagkakasala (tingnan sa Mga Taga Roma 3:23). Lahat tayo ay kailangang magsisi. Kung minsan nagkakasala tayo dahil sa kamangmangan, kung minsan dahil sa ating mga kahinaan, at kung minsan dahil sa kusang pagsuway. Sa Biblia mababasa natin na “walang matuwid sa lupa, na gumagawa ng mabuti, at hindi nagkakasala” (Eclesiastes 7:20) at “kung sinasabi nating tayo’y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin” (I Ni Juan 1:8).

Ano ang kasalanan? Sabi ni Santiago, “Sa nakakaalam nga ng paggawa ng mabuti, at hindi ginagawa, ito’y kasalanan sa kaniya” (Santiago 4:17). Inilarawan ni Juan ang kasalanan bilang “lahat ng kalikuan” (I Ni Juan 5:17) at “pagsalangsang sa kautusan” (I Ni Juan 3:4).

Kaya nga sinabi ng Panginoon, “Lahat ng tao, sa lahat ng dako, ay kinakailangang magsisi” (Moises 6:57). Maliban kay Jesucristo, na nabuhay nang sakdal, lahat ng nabuhay sa lupa ay nagkasala.



Ang ating Ama sa Langit sa laki ng Kanyang pagmamahal ay ini-laan sa atin ang pagkakataong ito upang pagsisihan ang ating mga kasalanan.

Paglaya sa Ating mga Kasalanan sa Pamamagitan ng Pagsisisi

- Ano ang pagsisisi?

Pagsisisi ang paraang inilaan sa atin para lumaya sa ating mga kasalanan at mapatawad sa mga ito. Pinababagal ng mga kasalanan ang ating espirituwal na pag-unlad at maaari pang pigilin ito. Pinalalago at pinaunlad muli ng pagsisisi ang ating espirituwalidad.

Ang pribilehiyong magsisi ay naging posible dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sa paraang hindi natin lubos na maunawaan, pinagbayaran ni Jesus ang ating mga kasalanan. Ganito ang sabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith tungkol dito:

“Dumanas na ako ng sakit, dumanas na kayo ng sakit, at kung minsan ay napakatindi nito; ngunit hindi ko maarok ang sakit . . . na magiging dahilan para lumabas ang dugo, na parang pawis, sa katawan. Isang bagay iyon na nakakapangilabot, nakakatakot. . . .

“. . . Kailanman, walang *sinumang taong isinilang sa mundong ito na makakatagal sa bigat ng pasan ng Anak ng Diyos, nang pasanin niya ang mga kasalanan ko at ninyo* at ginawang posible na makatakas tayo sa ating mga kasalanan” (*Doctrines of Salvation*, pinili ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 1:130–31; nakahilig ang mga titik sa orihinal).

Ang pagsisisi kung minsan ay nangangailangan ng matinding tapang, sobrang lakas, maraming luha, walang humpay na mga panalangin, at walang sawang pagsisikap na ipamuhay ang mga utos ng Panginoon.

Mga Alituntunin ng Pagsisisi

- Ano ang mga alituntunin ng pagsisisi?

Para sa mga guro: Ang pagsulat ng listahan ay makapagbibigay-sigla at makakatulong sa mga mag-aaral na ituon ang kanilang pansin. Habang tinatalakay mo ang mga alituntunin ng pagsisisi sa mga miyembro ng klase o pamilya, maaari mong ipasulat sa isang tao ang mga alituntunin sa pisara o sa isang malaking papel.

Ipinahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Walang *maharlika*ng daan tungo sa pagsisisi, walang madaling daan tungo sa kapatawaran. Bawat tao ay kailangang sumunod sa iisang paraan maging siya man ay mayaman o mahirap, may pinag-aralan o mangmang, [matangkad] o [pandak], prinsipe o pulubi, hari o karaniwang tao” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 46; nakahilig ang mga salita sa orihinal).

Dapat Nating Kilalanin ang Ating mga Kasalanan

Para makapagsisi, dapat nating aminin sa ating sarili na nagkasala tayo. Kung hindi natin ito aaminin, hindi tayo makakapagsisi.

Pinayuhan ni Alma ang anak niyang si Corianton, na hindi naging tapat sa kanyang tungkulin bilang misyonero at nakagawa ng mabibigat na kasalanan: “Hayaan na ang iyong mga kasalanan na lamang ang bumagabag sa iyo, sa yaong pangbabagabag na magdadala sa iyo sa pagsisisi. . . . Huwag mo nang pagsikapang bigyang-katwiran ang iyong sarili sa pinakamaliit na punto” (Alma 42:29–30). Pinapayuhan pa tayo sa mga banal na kasulatan na huwag pangatwiranan ang makasalanan nating mga gawi (tingnan sa Lucas 16:15–16).

Hindi natin maitatago ang anumang gawain natin sa buhay mula sa ating sarili o sa Panginoon.

Dapat Tayong Malungkot sa Ating mga Kasalanan

Bukod sa pagkilala sa ating mga kasalanan, dapat ay taos-puso tayong malungkot sa nagawa natin. Dapat tayong mangilabot sa mga kasalanan natin. Dapat nating naising alisin at talikuran ang mga ito. Sabi sa atin ng mga banal na kasulatan, “Lahat ng yaong nagpapakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Diyos, at nagnanais na magpabinyag, at humarap nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, at . . . tunay na nagsisisi sa lahat ng kanilang kasalanan . . . ay tatanggapin sa pamamagitan ng pagbibinyag sa kanyang simbahan” (D at T 20:37).

- Pag-aralan ang II Mga Taga Corinto 7:9–10 at Mormon 2:10–14. Sa palagay ninyo, sa paanong paraan naiiba ang “kalumbayang mula sa Dios” sa mga pagpapahayag ng pagsisisi?

Kailangan Nating Talikuran ang Ating mga Kasalanan

Dapat tayong akayin ng taos-puso nating kalungkutan na talikuran (itigil) ang ating mga kasalanan. Kung may ninakaw tayo, hindi na tayo muling magnanakaw. Kung nagsinungaling tayo, hindi na tayo muling magsisinungaling. Kung nakiapid tayo, titigil na tayo. Inihayag ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith, “Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon” (D at T 58:43).

Kailangan Nating Ipagtapat ang Ating mga Kasalanan

Ang pagtatapat ng ating mga kasalanan ay napakahalaga. Inutusan tayo ng Panginoon na ipagtapat ang ating mga kasalanan. Pinagagaan ng pagtatapat ang mabigat na pasanin ng nagkasala. Nangako ang Panginoon, “Ako, ang Panginoon, ay nagpapatawad ng mga kasalanan, at maawain sa yaong mga nagtatapat ng kaniyang mga kasalanan nang may mga mapagpakumbabang puso” (D at T 61:2).

Kailangan nating ipagtapat sa Panginoon ang lahat ng kasalanan natin. Bukod pa rito, dapat nating ipagtapat sa wastong awtoridad ng priesthood ang mabibigat na kasalanan—tulad ng pakikiapid, pakikipagtalik sa hindi asawa, mga relasyong homoseksuwal, pang-aabuso sa asawa o anak, at pagbebenta o paggamit ng mga bawal na gamot—na maaaring makaapekto sa katayuan natin sa Simbahan. Kung nagkasala tayo sa ibang tao, dapat tayong magtapat sa taong nasaktan natin. May ilang di-gaanong mabibigat na kasalanan na walang ibang apektado kundi tayo at ang Panginoon. Ang mga ito ay maaaring ipagtapat nang lihim sa Panginoon.

Kailangan Nating Ituwid ang Ating mga Kasalanan

Bahagi ng pagsisisi ang pagtutuwid. Ibig sabihin dapat nating itama ang anumang maling nagawa natin hangga’t maaari. Halimbawa, dapat ibalik ng isang magnanakaw ang kanyang ninakaw. Dapat ibunyag ng isang sinungaling ang katotohanan. Dapat ipanumbalik ng isang taong nanira ng reputasyon ang magandang pangalan ng taong siniraan niya. Kapag ginawa natin ang mga

bagay na ito, hindi na babangitin sa atin ng Diyos ang ating mga kasalanan kapag hinatulan tayo (tingnan sa Ezekiel 33:15–16).

Kailangan Nating Patawarin ang Iba

Isang mahalagang bahagi ng pagsisisi ang patawarin ang mga nagkasala sa atin. Hindi tayo patatawarin ng Panginoon kung hindi lubos na malinis ang ating puso sa lahat ng pagkamuhi, hinanakit, at sama ng loob sa ibang tao (tingnan sa 3 Nephi 13:14–15). “Dahil dito, sinasabi ko sa inyo, na nararapat ninyong patawarin ang isa’t isa; sapagkat siya na hindi nagpapatawad sa kanyang kapatid ng kanyang mga pagkakasala ay nahatulan na sa harapan ng Panginoon; sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan” (D at T 64:9).

Kailangan Nating Sundin ang mga Utos ng Diyos

Para malubos ang ating pagsisisi dapat nating sundin ang mga utos ng Panginoon (tingnan sa D at T 1:32). Hindi tayo lubos na nagsisisi kung hindi tayo nagbabayad ng mga ikapu o hindi natin pinananatiling banal ang araw ng Sabbath o sinusunod ang Word of Wisdom. Hindi tayo nagsisisi kung hindi natin sinusuportahan ang mga awtoridad ng Simbahan at hindi natin minamahal ang Panginoon at ang ating kapwa. Kung hindi tayo nagdarasal at masungit tayo sa iba, tiyak na hindi tayo nagsisisi. Kapag nagsisisi tayo, nagbabago ang buhay natin.

Sabi ni Pangulong Kimball: “Una, nagsisisi ang tao. Matapos magawa ang nararapat, dapat niyang ipamuhay ang mga utos ng Panginoon upang mapanatili ang kanyang [pagkamarapat]. Mahalaga ito upang matamo ang lubos na kapatawaran” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball*, 53).

- Paano naiiba ang mga turo sa bahaging ito sa maling ideya na ang pagsisisi ay pagsasagawa ng isang listahan ng mga simpleng hakbang o paulit-ulit na gawain?

Paano Tayo Natutulungan ng Pagsisisi

- Sa anong paraan tayo natutulungan ng pagsisisi?

Kapag nagsisi tayo, nagiging lubos na mabisa ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa buhay natin, at pinatatawad ng Panginoon ang ating mga kasalanan. Lumalaya tayo sa pagkaalipin sa ating mga kasalanan, at nagkakaroon ng kagalakan.

Ikinuwento ni Alma ang karanasan niya sa pagsisisi mula sa kanyang makasalanang nakaraan:

“Ang kaluluwa ko’y sinaktan [binagabag] sa pinakamasidhing sakit at giniyagis ng lahat ng aking kasalanan.

“Oo, naalaala ko ang lahat ng aking kasalanan at mga kasamaan, kung saan ako’y pinarusahan ng mga pasakit ng impiyerno; oo, nakita ko na ako’y naghimagsik laban sa aking Diyos, at na hindi ko sinunod ang kanyang mga banal na kautusan.

“. . . Naging labis ang aking kasamaan, na ang isipin lamang na magtungo sa kinaroroonan ng aking Diyos ay giniyagis ang aking kaluluwa ng hindi maipaliwanag na masidhing takot.

“. . . At ito ay nangyari na, na habang ako’y . . . sinasaktan ng ala-ala ng marami kong kasalanan, masdan, naalaala ko ring narinig ang aking ama na nagpropesiya . . . hinggil sa pagparito ng isang Jesucristo, isang Anak ng Diyos, na magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan.

“Ngayon, nang maapuhap ng aking isipan ang kaisipang ito, nagsumamo ako sa aking puso: O Jesus, ikaw na Anak ng Diyos, kaawaan ako. . . .

“At ngayon, masdan, nang maisip ko ito, hindi ko na naalaala pa ang aking mga pasakit. . . .

“At o, anong galak, at anong kagila-gilalas na liwanag ang namasdan ko; oo, ang kaluluwa ko’y napuspos ng kagalakan na kasingsidhi ng aking pasakit!

“. . . Walang ano mang bagay ang kasingganda at kasingtamis ng aking kagalakan” (Alma 36:12–14, 17–21).

- Paano nagdulot ng galak kay Alma ang pagsisisi at pagpapatawad?

Ang mga Panganib ng Pagpapaliban ng Atong Pagsisisi

- Ano ang ilang posibleng kahinatnan ng pagpapaliban ng ating pagsisisi?

Ipinahayag ng mga propeta na “ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos” (Alma 34:32). Dapat tayong magsisi ngayon, araw-araw. Pagkagising natin sa umaga, dapat nating suriin ang ating sarili upang malaman kung nasasaatin ang Espiritu ng Diyos. Sa gabi bago matulog, dapat nating gunitain ang ating mga ginawa at sinabi sa maghapon at hilingin sa Panginoon na tulungan tayong matukoy ang mga bagay na kailangan nating pagsisihan. Sa pagsisisi araw-araw at pagpapatawad ng Panginoon sa ating mga kasalanan, daranasin natin ang proseso ng pagiging perpekto sa araw-araw. Tulad ni Alma, maaaring tumamis at sumidhi ang ating kaligayahan at kagalakan.

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Mateo 9:10–13; Lucas 13:3; Ezekiel 18:30 (magsisi o masawi)
- Alma 7:21 (walang maruming bagay na makatatahan sa kinaroroonan ng Diyos)
- II Mga Taga Corinto 7:9–10 (kalumbayang mula sa Diyos)
- Mosias 4:10–12 (mga hakbang sa pagsisisi)
- Isaias 1:18; Mosias 26:28–32 (ang pagsisisi ay naghahatid ng kapatawaran)
- D at T 58:42 (hindi na maaalala ang mga kasalanan)
- 2 Nephi 9:23 (kailangan ang pagsisisi sa kaligtasan)
- 2 Nephi 2:21 (magsisi habang buhay pa)
- D at T 19:15–20 (inutusan tayo ng Panginoon na magsisi nang hindi na tayo magdusang katulad Niya)

Binyag

K a b a n a t a 2 0

Ang Utos na Magpabinyag

- Bakit kailangan tayong mabinyagan?

Ngayon, tulad noong panahon ni Jesus, may ilang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo na dapat nating malaman at sundin. Ang alituntunin ng ebanghelyo ay isang totoong paniniwala o turo. Ang ordenansa ay isang seremonya. Ang unang dalawang alituntunin ng ebanghelyo ay pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at pagsisisi. Binyag ang unang ordenansa ng ebanghelyo. Ang isa sa mga tagubiling ibinigay ng Panginoon sa Kanyang mga Apostol ay, “Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo” (Mateo 28:19–20).

Kailangan Tayong Mabinyagan para sa Kapatawaran ng Ating mga Kasalanan

Kapag sumampalataya tayo kay Jesucristo, nagsisi, at nabinyagan, ang ating mga kasalanan ay pinapatawad sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Mula sa mga banal na kasulatan nalaman natin na si Juan Bautista ay “[nagbautismo] sa ilang at ipinangaral ang bautismo ng pagsisisi sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan” (Marcos 1:4). Itinuro ni Apostol Pedro, “Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa’t isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong

Para sa mga guro: Gamitin ang mga tanong sa simula ng isang bahagi para magsimula ng talakayan at hikayatin ang mga miyembro ng klase o pamilya na maghanap sa mga banal na kasulatan para makita ang iba pang impormasyon. Gamitin ang mga tanong sa dulo ng isang bahagi para tulungan ang mga miyembro ng klase o pamilya na pag-isipang mabuti at talakayin ang kahulugan ng nabasa nila at ipamuhay ito.



mga kasalanan” (Mga Gawa 2:38). Kasunod ng pagbabalik-loob ni Pablo, sinabi sa kanya ni Ananias, “Magtindig ka, at ikaw ay magbautismo, at hugasan mo ang iyong mga kasalanan” (Mga Gawa 22:16).

Kailangan Tayong Mabinyagan para Maging mga Miyembro ng Simbahan ni Jesucristo

“Lahat ng yaong nagpapakumbaba ng kanilang sarili sa harapan ng Diyos, at nagnanais na magpabinyag . . . [na] . . . tunay na nagsisisi sa lahat ng kanilang kasalanan . . . ay tatanggapin sa pamamagitan ng pagbibinyag sa kanyang simbahan” (D at T 20:37).

Kailangan Tayong Mabinyagan Bago Natin Matanggap ang Kaloob na Espiritu Santo

Sabi ng Panginoon, “Kung ikaw ay babaling sa akin, at . . . mag-sisisi sa lahat ng iyong paglabag [kasalanan], at magpapabinyag, maging sa tubig, sa pangalan ng aking Bugtong na Anak, . . . ikaw ay tatanggap ng kaloob na Espiritu Santo” (Moises 6:52).

Kailangan Tayong Mabinyagan para Maipakita ang Pagkamasunurin

Si Jesucristo ay walang kasalanan, subalit Siya ay bininyagan. Sinabi Niya na kailangan Siyang binyagan para “[maganap] ang buong katuwiran” (Mateo 3:15). Ipinaliwanag ni propetang Nephi na sinabi sa kanya ng Panginoon, “Sumunod sa akin, at gawin ang mga bagay na nakita ninyong ginawa ko . . . nang may buong layunin ng puso, nang walang pagkukunwari at walang panlilingan sa harapan ng Diyos, kundi may tunay na hangarin, nagsisisi sa inyong mga kasalanan, nagpapatotoo sa Ama na nahahanda kayong taglayin sa inyong sarili ang pangalan ni Cristo, sa pamamagitan ng binyag” (2 Nephi 31:12–13).

Kailangan Tayong Mabinyagan upang Makapasok sa Kahariang Selestiyal

Sabi ni Jesus, “Sinuman ang maniniwala sa akin, at mabinyagan . . . [ay] magmamana ng kaharian ng Diyos. At sinuman ang hindi maniniwala sa akin, at hindi mabinyagan, ay mapapahamak”

(3 Nephi 11:33–34). Binyag ang daan papasok sa landas patungo sa kahariang selestiyal (tingnan sa 2 Nephi 31:17–18).

Ang Tamang Paraan ng Pagbibinyag

- Paano tayo dapat mabinyagan?

Iisa lang ang tamang paraan ng pagbibinyag. Inihayag ni Jesus kay Propetang Joseph Smith na ang taong maytaglay ng wastong awtoridad ng priesthood upang magbinyag “ay bababa sa tubig kasama ang taong bibinyagan. . . . Pagkatapos ay kanyang ilulubog siya sa tubig, at iaahon muli mula sa tubig” (D at T 20:73–74). Kailangan ang paglulubog. Itinuro ni Apostol Pablo na ang paglulubog sa tubig at muling pag-ahon ay sagisag ng kamatayan, libing, at pagkabuhay na mag-uli. Matapos mabinyagan nagsisimula tayo ng bagong buhay. Sabi ni Pablo:

“Hindi бага ninyo nalalaman na tayong lahat na mga nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nangabautismuhan sa kaniyang kamatayan?

“Tayo nga’y nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung paanong si Cristo ay nabuhay na maguli sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, ay gayon din naman tayo’y makalalakad sa panibagong buhay.

“Sapagka’t kung tayo nga ay naging kalakip niya dahil sa kawangisan ng kaniyang kamatayan, ay magkakagayon din naman tayo dahil sa kawangisan ng kaniyang pagkabuhay na maguli” (Mga Taga Roma 6:3–5).

Ang binyag sa pamamagitan ng paglulubog sa pamamagitan ng isang taong may wastong awtoridad ang tanging katanggap-tanggap na paraan ng pagbibinyag.

- Bakit mahalaga ang awtoridad na magsagawa ng binyag?
- Sa anong mga paraan naging katulad ng libing at Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas ang binyag sa pamamagitan ng paglulubog?

Binyag Pagsapit ng Edad ng Pananagutan

- Sino ang dapat mabinyagan?

Bawat taong sumapit na sa walong taong gulang at mananagot (responsable) na sa kanyang mga ginagawa ay dapat mabinyagan. Itinuturo ng ilang simbahan na ang mga batang musmos ay dapat binyagan. Hindi ito naaayon sa mga turo ng Tagapagligtas. Nang banggitin ni Jesus ang mga batang musmos, sabi Niya, “Sa mga ganito ang kaharian ng langit” (Mateo 19:14).

Sinabi ni propetang Mormon na paghamak sa Diyos ang binyagan ang mga batang musmos, dahil hindi sila nagkakasala. Gayundin, hindi kailangang binyagan ang mga taong walang kamalayan sa tama at mali (tingnan sa Moroni 8:9–22).

Lahat ng iba pang tao ay dapat mabinyagan. Dapat tayong tumanggap ng ordenansa ng binyag at manatiling tapat sa mga tipang gagawin natin sa oras na iyon.

- Ano kaya ang sasabihin ninyo sa isang kaibigang naniniwala na kailangang binyagan ang mga batang paslit?

Nakikipagtipan Tayo Kapag Bininyagan Tayo

Maraming banal na kasulatan ang nagtuturo tungkol sa binyag. Sa isa sa mga banal na kasulatang ito, itinuro ni propetang Alma na ang pananampalataya at pagsisisi ay mga hakbang na maghahanda sa atin sa binyag. Itinuro niya na tayo ay nakikipagtipan sa Panginoon kapag bininyagan tayo. Nangangako tayong gagawin ang ilang bagay, at nangangako naman ang Diyos na pagpapalain tayo.

Ipinaliwanag ni Alma na dapat nating naising matawag na mga tao ng Diyos. Kailangang handa tayong tulungan at aliwin ang isa’t isa. Dapat tayong tumayong mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay at sa lahat ng lugar. Kapag ginawa natin ang mga bagay na ito at nabinyagan tayo, patatawarin ng Diyos ang ating mga kasalanan. Sinabi ni Alma sa mga taong naniwala sa kanyang mga turo tungkol sa ebanghelyo:

“Masdan, narito ang mga tubig ng Mormon. . . . At ngayon, yamang kayo ay nagnanais na lumapit sa kawan ng Diyos, at matawag na kanyang mga tao, . . . ano ang mayroon kayo laban sa pagpapa-binyag sa pangalan ng Panginoon, bilang saksi sa harapan niya na

kayo ay nakikipagtipan sa kanya, na siya ay inyong paglilingkuran at susundin ang kanyang mga kautusan, nang kanyang ibuhos nang higit na masagana ang kanyang Espiritu sa inyo?” (Mosias 18:8, 10). Nagpalakpakan sa galak ang mga tao at sinabing hangad nilang mabinyagan. Bininyagan sila ni Alma sa mga Tubig ng Mormon. (Tingnan sa Mosias 18:7–17.)

Itinuro ni Alma na kapag bininyagan tayo nakikipagtipan tayo sa Panginoon na:

1. Pumasok sa kawan ng Diyos.
2. Dalhin ang mga pasanin ng isa’t isa.
3. Tumayong mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar.
4. Paglilingkuran ang Diyos at susundin ang Kanyang mga utos.

Kapag bininyagan tayo at sinunod natin ang mga tipan sa binyag, nangangako ang Panginoon na:

1. Patatawarin ang ating mga kasalanan (tingnan sa Mga Gawa 2:38; D at T 49:13).
 2. Ibubuhos ang Kanyang Espiritu nang higit na masagana sa atin (tingnan sa Mosias 18:10).
 3. Papatnubayan tayo at tutulungan ng Espiritu Santo araw-araw (tingnan sa Mga Gawa 2:38; D at T 20:77).
 4. Ibabangon tayo sa Unang Pagkabuhay na Mag-uli (tingnan sa Mosias 18:9).
 5. Bibigyan tayo ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Mosias 18:9).
- Sa palagay ninyo ano ang kahulugan ng dalhin ang mga pasanin ng isa’t isa? tumayo bilang saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar?

Ang Binyag ay Nagbibigay sa Atin ng Bagong Simula

Sa pagpapabinyag nagsisimula tayo ng isang bagong buhay. Kaya nga tinatawag natin ito na muling pagsilang. Sinabi ni Jesus na maliban kung tayo ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi tayo makakapasok sa kaharian ng Diyos (tingnan sa Juan 3:3–5). Malinaw na ipinaliwanag kay Adan ang alituntuning iyan:

“Yayamang kayo ay isinilang sa daigdig sa pamamagitan ng tubig, at dugo, at ng espiritu, na aking nilikha, at sa gayon ang alabok ay naging isang kaluluwang may buhay, gayon man kayo ay kinakailangang isilang na muli sa kaharian ng langit, sa tubig, at sa Espiritu, at malinisan sa pamamagitan ng dugo, maging ng dugo ng aking Bugtong na Anak” (Moises 6:59).

Sinabi ni Apostol Pablo na matapos tayong mabinyagan dapat tayong magsimula ng bagong buhay: “Tayo nga’y nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo; . . . gayon din naman tayo’y makalalakad sa panibagong buhay” (Mga Taga Roma 6:4). Ang isa sa pinakamalalaking pagpapala ng binyag ay naglalaan ito sa atin ng isang bagong simula sa landas tungo sa ating walang hanggang mithiin.

- Paano naging bagong simula ang inyong binyag?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- 2 Nephi 31:4–7 (layunin at kahalagahan ng binyag)
- 3 Nephi 11:21–27; D at T 20:72–74 (paano magsagawa ng binyag)
- Mga Gawa 2:38–39 (magpabinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan)
- Moroni 8:8–12; D at T 20:71–72 (hindi kailangang binyagan ang mga batang musmos; kailangang magpabinyag ang lahat ng nagsisisi)
- Alma 7:14–16 (ang binyag ay paglilinis, pagpasok sa isang tipan ng buhay na walang hanggan)



Ang Kaloob na Espiritu Santo

Kabanata 21

Ang Espiritu Santo

Sa kabanata 7 nalaman natin na ang Espiritu Santo ay miyembro ng Panguluhang Diyos. Siya ay “isang personaheng Espiritu” (D at T 130:22). Wala Siyang katawang may laman at mga buto. Ang Kanyang impluwensya ay nasa lahat ng dako sa iisang pagkakataon. Ang Kanyang misyon ay patotohanan ang Ama at ang Anak at lahat ng katotohanan. Bukod dito, ang Espiritu Santo ay nagpapadalisay, o nagpapabanal sa atin para ihanda tayong manirahan sa piling ng Diyos. Pinadadalisay ng Espiritu Santo ang ating puso upang huwag na nating hangaring gumawa pa ng masama.

Magkaiba ang Espiritu Santo at ang *kaloob* na Espiritu Santo. Sa kabanatang ito malalaman natin kung ano ang kaloob na Espiritu Santo at paano natin matatanggap ang dakilang kaloob na ito mula sa Diyos.

Ang Kaloob na Espiritu Santo

- Ano ang pagkakaiba ng Espiritu Santo sa kaloob na Espiritu Santo?

Ang kaloob na Espiritu Santo ay pribilehiyo—na ibinibigay sa mga taong sumasampalataya kay Jesucristo, nabinyagan, at nakumpirma

Para sa mga guro: Maaari mong pasalihin ang mga miyembro ng klase o pamilya sa isa o mahigit pa sa sumusunod na mga aktibidad: (1) Basahin ang karagdagang mga banal na kasulatang nakalista sa dulo ng kabanata, at talakayin kung paano tayo tinutulungan ng Espiritu Santo sa ating paglalakbay sa buhay. (2) Banggitin ang ilan sa mga pagpapalang dumarating sa kanilang buhay dahil mayroon silang kaloob na Espiritu Santo. (3) Talakayin kung ano ang magagawa ng mga magulang para matulungan ang kanilang mga anak na maunawaan ang kaloob na Espiritu Santo at kung paano nakikipag-ugnayan sa atin ang Espiritu Santo.

bilang mga miyembro ng Simbahan—na tumanggap ng patuloy na patnubay at inspirasyon mula sa Espiritu Santo.

Sinabi ni Joseph Smith na tayo ay naniniwala sa kaloob na Espiritu Santo na tinatamasa ngayon katulad noong mga panahon ng mga unang Apostol. Naniniwala tayo sa kaloob na ito sa kabuuan, kapangyarihan, kadakilaan, at kaluwalhatian nito. (Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 114.)

Ang isang tao ay maaaring pansamantalang patnubayan ng Espiritu Santo nang hindi natatanggap ang kaloob na Espiritu Santo (tingnan sa D at T 130:23). Gayunman, ang patnubay na ito ay hindi magpapatuloy maliban kung mabinyagan ang tao at matanggap ang pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo. Mababasa natin sa Mga Gawa 10 na tumanggap ng inspirasyon ang Romanong kawal na si Cornelio mula sa Espiritu Santo kaya niya nalamang totoo ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ngunit hindi natanggap ni Cornelio ang kaloob na Espiritu Santo hanggang sa mabinyagan siya. Itinuro ni Propetang Joseph Smith na kung si Cornelio ay hindi nabinyagan at tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo, lilisanin siya ng Espiritu Santo (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith*, 113).

Ngayon nalalaman ng mga taong hindi miyembro ng Simbahan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na ang Aklat ni Mormon ay totoo (tingnan sa Moroni 10:4–5). Ngunit lilisanin sila ng paunang patotoong iyon kung hindi nila matatanggap ang kaloob na Espiritu Santo. Hindi sila tatanggap ng patuloy na katiyakang maaaring dumating sa mga may kaloob na Espiritu Santo.

Pagtanggap ng Kaloob na Espiritu Santo

- Ano ang dapat nating gawin para lagi nating makasama ang Espiritu Santo?

Matapos mabinyagan ang mga tao, kinukumpirma silang mga miyembro ng Simbahan at binibigyan ng kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Sabi ng Panginoon, “Sinuman ang may pananampalataya ay papagtibayin ninyo sa aking simbahan, sa pamamagitan ng pagpapatong ng

mga kamay, at aking ipagkakaloob ang kaloob na Espiritu Santo sa kanila” (D at T 33:15).

Bawat karapat-dapat na elder ng Simbahan, kapag binigyan ng awtoridad, ay maaaring magbigay ng kaloob na Espiritu Santo sa iba. Gayunman, walang katiyakan na tatanggap ng inspirasyon at patnubay mula sa Espiritu Santo ang taong iyon dahil lamang sa ipinatong ng mga elder ang kanilang mga kamay sa kanyang ulunan. Kailangang “tanggapin [ng bawat tao] ang Espiritu Santo.” Ibig sabihin ay lalapit lamang sa atin ang Espiritu Santo kapag tayo ay tapat at hangad nating tulongan tayo ng sugong ito mula sa langit.

Para maging marapat sa tulong ng Espiritu Santo, dapat ay taos-puso nating hangaring sundin ang mga utos ng Diyos. Dapat nating panatilihing dalisay ang ating isipan at mga kilos.

Pagkilala sa Impluwensya ng Espiritu Santo

Karaniwan ay tahimik makipag-ugnayan ang Espiritu Santo sa atin. Ang Kanyang impluwensya ay madalas tawaging “marahan at banayad na tinig” (tingnan sa I Mga Hari 19:9–12; Helaman 5:30; D at T 85:6). Ipinaliwanag ni Pangulong Boyd K. Packer: “Ang Espiritu Santo ay nangungusap sa isang tinig na mas *madarama* ninyo kaysa *maririnig*. . . . Kapag pinag-uusapan natin ang ‘pakikinig’ sa mga bulong ng Espiritu, kadalasan ay inilalarawan ng isang tao ang espirituwal na paghihikayat sa pagsasabing, ‘Pakiramdam ko . . .’” Nagpatuloy siya: “Ang tinig na ito ng Espiritu ay marahang nangungusap, hinihikayat kayo kung ano ang gagawin o sasabihin, o maaaring papag-ingatin o balaan kayo” (sa Conference Report, Okt. 1994, 77; o *Ensign*, Nob. 1994, 60).

Isa sa Pinakadakilang mga Kaloob ng Diyos

- Anong mga pagpapala ang matatanggap natin sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo?

Ang kaloob na Espiritu Santo ay isa sa pinakadakilang mga kaloob ng Diyos sa atin. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo malalaman natin na ang Diyos ay buhay, na si Jesus ang Cristo, at na ang Kanyang Simbahan ay naipanumbalik na sa lupa. Maaari tayong

bigyang-inspirasyon ng Espiritu Santo para ipakita sa atin ang lahat ng bagay na dapat nating gawin (tingnan sa 2 Nephi 32:5). Pina-babanal tayo ng Espiritu Santo upang ihanda tayong makapiling ang Diyos. Maaari nating matamasa ang mga kaloob ng Espiritu (tingnan sa kabanata 22 sa aklat na ito). Ang dakilang kaloob na ito mula sa ating Ama sa Langit ay makapaghahatid din ng kapayapaan sa ating puso at pang-unawa tungkol sa mga bagay ng Diyos (tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:9–12).

- Bakit isa sa pinakadakilang mga kaloob sa atin ng Diyos ang kaloob na Espiritu Santo?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- I Mga Taga Corinto 3:16–17; D at T 130:22–23 (nananahan ang Espiritu Santo sa matatapat)
- Mga Gawa 19:1–7 (ipinagkaloob ang kaloob na Espiritu Santo noong unang panahon)
- Moroni 8:25–26 (paano matatanggap ang Espiritu Santo)
- Moroni 10:5 (ang Espiritu Santo ay saksi sa katotohanan)
- Mosias 5:2 (binabago ng Espiritu Santo ang mga puso)
- Alma 5:54 (nagpapabanal ang Espiritu Santo)

Ang mga Kaloob ng Espiritu

K a b a n a t a 22

Ang mga Kaloob ng Espiritu

- Anong mga espirituwal na kaloob ang ibinibigay sa atin ng Panginoon?

Kasunod ng binyag, bawat isa sa atin ay pinatungan ng mga kamay sa ating ulunan upang matanggap ang kaloob na Espiritu Santo. Kung tayo ay tapat, patuloy na sasaatin ang Kanyang impluwensya. Sa pamamagitan Niya, bawat isa sa atin ay mabibiyayaan ng ilang espirituwal na kapangyarihan na tinatawag na mga kaloob ng Espiritu. Ang mga kaloob na ito ay ibinibigay sa mga taong tapat kay Cristo. “Lahat ng kaloob na ito ay galing sa Diyos, para sa kapakinabangan ng mga anak ng Diyos” (D at T 46:26). Tinutulongan tayo ng mga ito na malaman at maituro ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Tutulungan tayo ng mga ito na pagpalain ang iba. Gagabayan tayo ng mga ito pabalik sa ating Ama sa Langit. Para matalino nating magamit ang ating mga kaloob, kailangan nating malaman kung ano ang mga ito, paano natin mapapaunlad ang mga ito, at paano makikilala ang mga panggagaya ni Satanas sa mga ito.

Maraming binabanggit na kaloob ng Espiritu sa mga banal na kasulatan. Ibinibigay ang mga kaloob na ito sa mga miyembro ng totoong Simbahan tuwing ito ay narito sa lupa (tingnan sa Marcos 16:16–18). Kabilang sa mga kaloob ng Espiritu ang sumusunod:

Para sa mga guro: Isiping iparepaso sa bawat miyembro ng klase o pamilya ang listahan ng mga espirituwal na kaloob sa kabanatang ito at papiliin sila ng dalawa na gusto nilang malaman pa. Bilang bahagi ng aralin, bigyan sila ng sariling oras para mapag-aralan ang mga talata at banal na kasulatan tungkol sa mga kaloob na napili nila. Kapag nakapag-aral na sila, imbitahan silang ibahagi ang natutuhan nila.



Ang Kaloob na mga Wika (D at T 46:24)

Kung minsan ay kailangang ituro ang ebanghelyo sa wikang hindi pamilyar sa atin. Kapag nangyari ito, maaari tayong biyayaan ng Panginoon ng kakayahang magsalita sa wikang iyon. Maraming misyonero ang tumatanggap ng kaloob na mga wika (tingnan ang larawan sa kabanatang ito). Halimbawa, si Elder Alonzo A. Hinckley ay isang misyonero sa Holland na nakauunawa at nakapagsasalita ng kaunting Dutch bagaman ipinagdasal at pinag-aralan niya ito nang husto. Pagbalik niya sa isang tahanang nabisita na niya noon, binuksan ng isang babae ang pintuan at galit na galit na kinausap siya sa wikang Dutch. Namangha siya nang maunawaan niya ang bawat salita. Nadama niya ang matinding hangaring magpatotoo sa babae sa wikang Dutch. Nagsimula siyang magsalita, at malinaw na lumabas ang mga kataga sa wikang Dutch. Ngunit pagbalik niya para ipakita sa kanyang mission president na nakapagsasalita siya ng wikang Dutch, naglaho na sa kanya ang kakayahang ito. Maraming matatapat na miyembro ang nabiyayaan ng kaloob na mga wika. (Tingnan sa Joseph Fielding Smith, *Answers to Gospel Questions*, tinipon ni Joseph Fielding Smith Jr., 5 tomo [1957–66], 2:32–33.)

Ang Kaloob na Magbigay-kahulugan sa mga Wika (D at T 46:25)

Kung minsan ay ipinagkakaloob sa atin ang kaloob na ito kapag hindi natin maunawaan ang isang wika at kailangan nating tumanggap ng isang mahalagang mensahe mula sa Diyos. Halimbawa, may malaking hangarin si Pangulong David O. McKay na magsalita sa mga Banal sa New Zealand nang walang gamit na tagapagsalin. Sinabi niya sa kanila na sana ay basbasan sila ng Panginoon para maunawaan nila siya. Nagsalita siya sa Ingles. Tumagal nang 40 minuto ang kanyang mensahe. Habang nagsasalita siya, nakita niya sa mukha at luhaang mga mata ng marami na nauunawaan nila ang kanyang mensahe. (Tingnan sa *Answers to Gospel Questions*, 2:30–31.)

Ang Kaloob na Magsalin (D at T 5:4)

Kung tinawag tayo ng mga lider ng Simbahan na magsalin ng salita ng Panginoon, matatanggap natin ang kaloob na magsalin nang

higit pa sa ating likas na kakayahan. Katulad ng lahat ng kaloob, dapat tayong mamuhay nang matwid, mag-aral nang husto, at manalangin upang matanggap ito. Kapag ginawa natin ang mga bagay na ito, pag-aalabin ng Panginoon ang ating kalooban tungkol sa kawastuhan ng pagsasalin (tingnan sa D at T 9:8–9). May kaloob na magsalin si Joseph Smith nang isalin niya ang Aklat ni Mormon. Napasakanya lamang ang kaloob na ito noong naging karapat-dapat siya sa Espiritu.

Ang Kaloob na Karunungan (D at T 46:17)

Ilan sa atin ang nabiyayaan ng kakayahang maunawaan ang mga tao at mga alituntunin ng ebanghelyo dahil ipinamumuhay natin ang mga ito. Sinabihan tayo:

“Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa kaniya.

“Nguni’t humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan. Sapagka’t yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabikabila.

“Sapagka’t huwag isipin ng taong yaon na siya’y tatanggap ng anoman[gl] bagay sa Panginoon” (Santiago 1:5–7).

Sabi ng Panginoon, “Huwag maghangad ng mga yaman kundi ng karunungan, at masdan, ang mga hiwaga ng Diyos ay ilalahad sa iyo” (D at T 6:7).

Ang Kaloob na Kaalaman (D at T 46:18)

Lahat ng magiging katulad ng Ama sa Langit ay malalaman ang lahat ng bagay kalaunan. Ang kaalaman tungkol sa Diyos at sa Kanyang mga batas ay inihahayag ng Espiritu Santo (tingnan sa D at T 121:26). Hindi tayo maliligtas kung hindi natin alam ang mga batas na ito (tingnan sa D at T 131:6).

Inihayag ng Panginoon, “Kung ang isang tao ay nagkamit ng maraming kaalaman at katalinuhan sa buhay na ito sa pamamagitan ng kanyang pagsisikap at pagiging masunurin kaysa sa iba, siya

ay magkakaroon ng labis na kalamangan sa daigdig na darating” (D at T 130:19). Inutusan tayo ng Panginoon na pag-aralan sa abot ng makakaya natin ang tungkol sa Kanyang gawain. Nais Niyang pag-aralan natin ang kalangitan, ang daigdig, mga bagay na nang-yari o mangyayari, mga bagay sa loob at labas ng bansa (tingnan sa D at T 88:78–79). Gayunman, may mga nagsisikap magtamo ng kaalaman sa sarili lamang nilang pag-aaral. Hindi sila humihi-ngi ng tulong ng Espiritu Santo. Sila yaong aral nang aral ngunit hindi makasumpong sa katotohanan (tingnan sa II Kay Timoteo 3:7). Kapag tumanggap tayo ng kaalaman mula sa paghahayag ng Espiritu Santo, nangungusap ang kanyang Espiritu sa ating mga puso’t isipan (tingnan sa D at T 6:15, 22–24; 8:2; 9:7–9).

*Ang Kaloob na Magturo ng Karunungan at Kaalaman
(Moroni 10:9–10)*

May ilang taong binibigyan ng espesyal na kakayahang magpaliw-nag at magpatotoo sa mga katotohanan ng ebanghelyo. Magagamit ang kaloob na ito kapag nagtuturo tayo sa klase. Magagamit ito ng mga magulang sa pagtuturo sa kanilang mga anak. Matutulungan din tayo ng kaloob na ito na turuan ang iba para maunawaan nila ang ebanghelyo.

*Ang Kaloob na Malaman na si Jesucristo ang Anak ng Diyos
(D at T 46:13)*

Ito ang kaloob ng mga propeta at apostol na tinawag bilang mga natatanging saksi ni Jesucristo. Gayunman, binibigyan din ng kaloob na ito ang ibang tao. Bawat tao ay maaaring magkaroon ng patotoo sa pamamagitan ng mga bulong ng Banal na Espiritu. Itinuro ni Pangulong David O. McKay: “Ipinagkaloob sa ilan, sabi ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan, na malaman sa pamama-gitan ng Espiritu Santo na si Jesus ang Anak ng Diyos at Siya’y ipi-nako sa krus para sa mga kasalanan ng mundo [tingnan sa D at T 46:13]. Sila ang sinasabi ko na matatag na naninindigan sa bato ng [paghahayag] sa patotoong hatid nila sa mundo” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* [2003], 190).

Ang Kaloob na Maniwala sa Patotoo ng Iba (D at T 46:14)

Sa kapangyarihan ng Espiritu Santo maaari nating malaman ang katotohanan ng lahat ng bagay. Kung nais nating malaman kung nagsasabi ng totoo ang isang tao, dapat tayong humiling sa Diyos nang may pananampalataya. Kung totoo ang bagay na ating ipinagdarasal, mangungusap ng kapayapaan ang Panginoon sa ating isipan (tingnan sa D at T 6:22–23). Sa gayon ay malalaman natin kung nakatanggap nga ng paghahayag ang isang tao, maging ang propeta. Hiniling ni Nephi sa Panginoon na tulutan siyang makita, madama, at malaman kung totoo ang panaginip ng kanyang ama (tingnan sa 1 Nephi 10:17–19).

Ang Kaloob na Magpropesiya (D at T 46:22)

Ang mga tumatanggap ng totoong mga paghahayag tungkol sa nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap ay may kaloob na magpropesiya. Taglay ng mga propeta ang kaloob na ito, ngunit tayo man ay maaaring magkaroon nito para tulungan tayong mapamahalaan ang ating sariling buhay (tingnan sa I Mga Taga Corinto 14:39). Maaari tayong makatanggap ng mga paghahayag mula sa Diyos para sa ating sarili at sa ating sariling mga tungkulin, ngunit hindi kailanman para sa Simbahan o sa mga lider nito. Salungat sa patakaran ng langit na tumanggap ng paghahayag ang isang tao para sa isang taong hindi niya nasasakupan. Kung tunay na tayo ay may kaloob na magpropesiya, hindi tayo tatanggap ng anumang paghahayag na hindi umaayon sa nasabi na ng Panginoon sa mga banal na kasulatan.

Ang Kaloob na Magpagaling (D at T 46:19–20)

Ang ilan ay may pananampalatayang magpagaling, at ang iba ay may pananampalatayang mapagaling. Lahat tayo ay maaaring sumampalatayang gagaling kapag tayo ay maysakit (tingnan D at T 42:48). Maraming maytaglay ng priesthood ang may kaloob na magpagaling ng maysakit. Ang ilan ay maaaring bigyan ng kaalaman kung paano magpagaling ng karamdaman.

Ang Kaloob na Paggawa ng mga Himala (D at T 46:21)

Maraming beses nang napagpala ng Panginoon ang Kanyang mga tao sa mahimalang mga paraan. Nang itanim ng mga pioneer sa

Utah ang una nilang mga pananim, muntik na itong masira ng mga salot na balang. Nanalangin ang mga pioneer na iligtas ng Panginoon ang kanilang mga pananim, at nagsugo Siya ng mga ibong dagat [seagull] para kainin ang mga balang. Kapag kailangan natin ng tulong at humiling tayo nang may pananampalataya, kung ito ay para sa ating kabutihan gagawa ng mga himala ang Panginoon para sa atin (tingnan sa Mateo 17:20; D at T 24:13–14).

Ang Kaloob na Pananampalataya (Moroni 10:11)

Malaki ang pananampalataya ng kapatid ni Jared. Dahil sa kanyang pananampalataya, tumanggap siya ng iba pang mga kaloob. Napakalaki ng kanyang pananampalataya kaya nagpakita sa kanya ang Tagapagligtas (tingnan sa Eter 3:9–15). Kung walang pananampalataya, hindi maibibigay ang iba pang kaloob. Nangako si Moroni, “Sinumang naniniwala kay Cristo, nang walang pag-aalinlangan, anuman ang kanyang hingin sa Ama sa pangalan ni Cristo ay ipagkakaloob sa kanya” (Mormon 9:21). Dapat nating hangaring mapag-ibayo ang ating pananampalataya, alamin ang ating mga kaloob, at gamitin ang mga ito.

Kulang sa pananampalataya ang ilang tao at itinatatwa nila na may mga kaloob nga ng Espiritu. Sabi sa kanila ni Moroni:

“At muli, sinasabi ko sa inyo na nagtatatwa sa mga paghahayag ng Diyos, at sinasabi na ang mga yaon ay natapos na, na wala nang mga paghahayag, ni mga propesiya, ni mga kaloob, ni pagpapagaling, ni pagsasalita ng mga wika, at pagpapaliwanag ng mga wika; “Masdan, sinasabi ko sa inyo, siya na nagtatatwa sa mga bagay na ito ay hindi nalalaman ang ebanghelyo ni Cristo; oo, hindi niya nabasa ang mga banal na kasulatan; kung sakali man, hindi niya nauunawaan ang mga ito” (Mormon 9:7–8).

- Bakit tayo binibigyan ng Panginoon ng mga espirituwal na kaloob?

Mapapaunlad Natin ang Ating mga Kaloob

- Paano natin “masigasig [na ha]hanapin ang mga pinakamahasay na kaloob”? (D at T 46:8).

Sinabi ng Panginoon: “Sapagkat hindi lahat ay pinagkakalooban ng lahat ng kaloob; sapagkat maraming kaloob, at sa bawat tao ay ipinagkaloob ang isang kaloob sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos. Sa ilan ay ipinagkaloob ang isa, at sa ilan ay ipinagkaloob ang iba, upang ang lahat ay makinabang sa gayong paraan” (D at T 46:11–12).

Para mapaunlad ang ating mga kaloob, dapat nating alamin kung ano ang mga kaloob natin. Ginagawa natin ito sa pagdarasal at pag-aayuno. Dapat nating hangarin ang mga pinakamahusay na kaloob (tingnan sa D at T 46:8). Kung minsan ay tutulungan tayo ng mga patriarchal blessing na malaman ang mga kaloob na naibigay sa atin.

Dapat tayong maging masunurin at matapat para ibigay sa atin ang ating mga kaloob. Pagkatapos ay dapat nating gamitin ang mga kaloob na ito para isagawa ang gawain ng Panginoon. Hindi ibinibigay ang mga ito para bigyang-kasiyahan ang ating pag-uusisa o patunayan ang anuman sa atin dahil kulang tayo sa pananampalataya. Tungkol sa mga espirituwal na kaloob, sinabi ng Panginoon, “Ang mga ito ay ibinigay para sa kapakinabangan ng mga yaong nagmamahal sa akin at sumusunod sa lahat ng aking kautusan, at siya na naghahangad na gumawa nito” (D at T 46:9).

- Pag-isipan ang ilang espirituwal na kaloob na personal na magpapalakas sa inyo o tutulungan kayong maglingkod sa Panginoon at sa iba. Ano ang gagawin ninyo para mahanap ang mga kaloob na ito?

Ginagaya ni Satanas ang mga Kaloob ng Espiritu

- Paano natin mahihiwatigan ang totoong mga kaloob ng Espiritu at mga panggagaya ni Satanas?

Magagaya ni Satanas ang mga kaloob na mga wika, propesiya, pangitain, pagpapagaling, at iba pang mga himala. Kinailangang makipagpaligsahan ni Moises sa mga panggagaya ni Satanas sa harapan ng Faraon (tingnan sa Exodo 7:8–22). Nais tayong papaniwalain ni Satanas sa kanyang mga huwad na propeta, huwad na tagapagpagaling, at huwad na mga gumagawa ng himala. Maaari

silang magmukhang totoong-totoo sa atin kaya ang tanging paraan upang malaman ito ay humiling sa Diyos ng kaloob na makahiwatig. Ang diyablo mismo ay kayang mag-anyong anghel ng liwanag (tingnan sa 2 Nephi 9:9).

Nais tayong bulagin ni Satanas sa katotohanan at hadlangan tayo sa paghahangad sa mga totoong kaloob ng Espiritu. Gawa ni Satanas ang mga taong nakakausap daw ang mga patay, astrologo, manghuhula, at mangkukulam kahit sabihin pa nilang sinusunod nila ang Diyos. Ang kanilang mga gawain ay kasuklam-suklam sa Panginoon (tingnan sa Isaias 47:12–14; Deuteronomio 18:9–10). Dapat nating iwasan ang lahat ng may kaugnayan sa mga puwersa ni Satanas.

Dapat Nating Ingatan ang mga Kaloob sa Atin ng Espiritu

- Paano natin maigagalang ang kasagraduhan ng mga espirituwal na kaloob?

Sabi ng Panginoon, “Isang kautusan ang ibinibigay ko sa kanila, na sila ay hindi ipagyabang ang kanilang sarili dahil sa mga bagay na ito, ni pag-uusapan ang mga ito sa harapan ng sanlibutan; sapagkat ang mga bagay na ito ay ibinigay para sa inyong kapakinabangan at para sa kaligtasan” (D at T 84:73). Dapat nating tandaan na ang mga espirituwal na kaloob ay banal (tingnan sa D at T 6:10).

Bilang kapalit ng pagbibigay sa atin ng mga kaloob na ito, hiniling ng Panginoon na tayo ay “magbigay ng pasalamat sa Diyos sa Espiritu sa anumang pagpapalang ipinagkaloob sa [atin]” (D at T 46:32).

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- 3 Nephi 29:6–7 (kahihinatnan ng mga nagtatatwa sa mga kaloob)
- Moroni 10:7–19 (ang mga kaloob ay batay sa pananampalataya)
- 3 Nephi 26:17; 27:20; D at T 84:64 (isang kaloob na ibinibigay sa binyag)
- I Mga Taga Corinto 12 (mga kaloob ng Espiritu sa sinaunang Simbahan ni Jesucristo)
- D at T 46:9–26 (mga kaloob ng Espiritu sa Simbahan ngayon)



Simon Dewey

Ang Sacrament

K a b a n a t a 23

Pinasimulan ni Cristo ang Sacrament

- Ano ang itinuturo ng mga sagisag ng sacrament tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo?

Nais ng Tagapagligtas na alalahanin natin ang Kanyang dakilang sakripisyo ng pagbabayad-sala at sundin ang Kanyang mga utos. Para matulungan tayong gawin ito, iniutos Niyang magpulong tayo nang madalas at tumanggap ng sacrament.

Ang sacrament ay ordenansa ng banal na priesthood na tumutulong upang maalaala natin ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Sa sacrament, tumatanggap tayo ng tinapay at tubig. Ginagawa natin ito bilang pag-alaala sa Kanyang laman at Kanyang dugo, na ibinigay Niya bilang sakripisyo para sa atin. Habang tumatanggap tayo ng sacrament, pinapanibago natin ang mga sagradong tipan sa ating Ama sa Langit.

Bago maganap ang Pagpapako sa Kanya sa Krus, tinipon ni Jesucristo ang Kanyang mga Apostol sa isang silid sa itaas. Alam Niyang hindi magtatagal ay mamamatay Siya sa krus. Ito ang huling pagkakataon na makikipagkita Siya sa minamahal na kalalakihang ito bago Siya mamatay. Nais Niyang palagi nila Siyang alalahanin upang maging matatag sila at tapat.

Upang tulungan silang makaalala, pinasimulan Niya ang sacrament. Pinagpira-pirasong Niya ang tinapay at binasbasan ito. Pagkatapos ay sinabi Niya, “Kunin ito, kainin; ito ay bilang pag-alaala sa aking katawan na ibinigay kong pinaka-pantubos sa inyo” (Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 26:22). Pagkatapos kumuha Siya ng saro ng alak, binasbasan ito, ibinigay sa Kanyang mga Apostol upang inumin, at sinabi, “Ito ay pag-alaala sa aking dugo . . . , na mabubuhos para sa kasindami ng maniniwala sa aking pangalan,

para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan” (Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 26:24; tingnan din sa Mateo 26:26–28; Marcos 14:22–24; Lucas 22:15–20).

Pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, ang Tagapagligtas ay nagpunta sa mga lupain ng Amerika at itinuro sa mga Nephita ang ordenansang ito (tingnan sa 3 Nephi 18:1–11; 20:1–9). Matapos maipanumbalik ang Simbahan sa mga huling-araw, muling inutusan ni Jesus ang Kanyang mga tao na tumanggap ng sacrament bilang pag-alaala sa Kanya, na sinasabing, “Kinakailangan na ang simbahan ay magtipon nang madalas upang makakain ng tinapay at makainom ng alak sa pag-alaala sa Panginoong Jesus” (D at T 20:75).

Paano Pinangangasiwaan ang Sacrament

Ipinaliliwanag nang husto ng mga banal na kasulatan kung paano dapat pangasiwaan ang sacrament. Ang mga miyembro ng Simbahan ay nagpupulong tuwing araw ng Sabbath upang sumamba at tumanggap ng sacrament (tingnan sa D at T 20:75). Ang sacrament ay pinangangasiwaan ng mga maytaglay ng kinakailangang awtoridad ng priesthood. Pinipira-piraso ng isang priest o maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang tinapay, lumuluhod, at binabasbasan ito (tingnan sa D at T 20:76). Pagkatapos ay ipinamamahagi ng isang deacon o iba pang maytaglay ng priesthood ang tinapay ng sacrament sa kongregasyon. Pagkatapos ay binabasbasan ng priest o ng maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang tubig, at ito ay ipinamamahagi rin sa mga miyembro. Binigyan ni Jesus ng alak ang Kanyang mga disipulo noong pinasimulan Niya ang sacrament. Gayunman, sinabi Niya sa isang paghahayag sa mga huling araw na hindi mahalaga kung anuman ang kainin at inumin natin sa sacrament basta inaalala natin Siya (tingnan sa D at T 27:2–3). Ngayon, ang mga Banal sa mga Huling Araw ay umiinom ng tubig sa halip na alak.

Inihayag ni Jesus ang eksaktong mga salita para sa kapwa panalangin ng sacrament. Dapat pakinggan nating mabuti ang magagandang panalanging ito at sikaping unawain kung ano ang mga

ipinapangako natin at kung ano ang mga ipinapangako sa atin. Narito ang panalanging iniaalay sa pagbabasbas ng tinapay:

“O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang tinapay na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na kakain nito, nang sila ay makakain bilang pag-alaala sa katawan ng inyong Anak, at patunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila ay pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak, at lagi siyang alalahanin at susundin ang kanyang mga kautusan na ibinigay niya sa kanila; nang sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen” (D at T 20:77).

Narito ang panalanging iniaalay sa pagbabasbas ng tubig:

“O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang alak [tubig] na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na iinom nito, nang ito ay kanilang magawa bilang pag-alaala sa dugo ng inyong Anak, na nabuhos alang-alang sa kanila; nang kanilang mapatunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila sa tuwina ay aalalahanin siya, nang mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen” (D at T 20:79).

Ang ordenansa ng sacrament ay isinasagawa nang napakasimple at buong paggalang.

- Repasuhing mabuti ang mga panalangin sa sacrament. Pag-isipan ang kahulugan ng bawat parirala.

Ang mga Tipang Pinapanibago Natin sa Sacrament

- Anong mga tipan ang pinapanibago natin sa sacrament? Ano ang mga pagpapalang ipinapangako sa atin ng Panginoon sa pagtupad natin sa mga tipang iyon?

Sa tuwing tumatanggap tayo ng sacrament, pinapanibago natin ang mga tipan sa Panginoon. Ang tipan ay sagradong pangako sa pagitan ng Panginoon at ng Kanyang mga anak. Ang mga tipang ginagawa natin ay malinaw na binabanggit sa mga panalangin ng

sacrament. Mahalagang malaman kung ano ang mga tipang iyon at kung ano ang ibig sabihin ng mga ito.

Nakikipagtipan tayo na kusa nating tataglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo. Sa pamamagitan nito ay ipinakikita nating handa tayong makilala bilang kasama Niya at ng Kanyang Simbahan. Ipinangako natin na paglilingkuran natin Siya at ang ating mga kapwa-tao. Nangangako tayo na hindi tayo kailanman gagawa ng anumang bagay na magdudulot ng kahihyanan o kasiraan sa pangalang iyon.

Nakikipagtipan tayo na palaging aalalahanin si Jesucristo. Ang lahat ng ating kaisipan, damdamin, at gawain ay maiimpluwensiyahan Niya at ng Kanyang misyon.

Nangangako tayo na susundin ang Kanyang mga kautusan.

Tinanggap natin ang mga pananagutang ito sa ating sarili noong tayo ay bininyagan (tingnan sa D at T 20:37; Mosias 18:6–10). Kung kaya't kapag tinatanggap natin ang sacrament, pinapanibago natin ang mga tipang ginawa natin noong tayo ay bininyagan. Ibinigay sa atin ni Jesus ang huwaran sa pagtanggap ng sacrament (tingnan sa 3 Nephi 18:1–12) at sinabi na kapag sinunod natin ang huwarang ito, na pinagsisisihan ang ating mga kasalanan at naniniwala sa Kanyang pangalan, tayo ay makatatanggap ng kapa-tawaran ng ating mga kasalanan (tingnan sa Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 26:24).

Nangangako ang Panginoon na kapag tinupad natin ang ating mga tipan, palaging mapapasaatin ang Kanyang Espiritu. Ang isang taong pinapatnubayan ng Espiritu ay magkakaroon ng kaalaman, pananampalataya, kapangyarihan, at kabutihan upang magkamit ng buhay na walang hanggan.

- Ano ang maaari nating gawin upang maalaala ang mga pangakong ito sa buong linggo?

Ang Ating Saloobin Kapag Tumatanggap ng Sacrament

- Paano natin maihahanda ang ating sarili sa pagtanggap ng sacrament? Ano ang maaari nating isipin habang nasa sacrament na

makakatulong sa ating maalaala ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas?

Bago tumanggap ng sacrament, dapat nating espirituwal na ihanda ang ating sarili. Binibigyang-diin ng Panginoon na hindi dapat tumanggap ng sacrament ang sinumang hindi karapat-dapat. Ibig sabihin niyan kailangang pagsisihan natin ang ating mga kasalanan bago tumanggap ng sacrament. Sinasabi ng mga banal na kasulatan, “Kung mayroon mang nagkasala, huwag siyang hayaang bumahagi hanggang sa siya ay gumawa ng pakikipagkasundo” (D at T 46:4). Iniutos ng Panginoon sa Kanyang labindalawang disipulong Nephita, “Huwag ninyong pahihintulutang sadyang bumahagi ng aking laman at dugo ang sinuman na hindi karapat-dapat, kapag inyong ihahain ito; sapagkat sinuman ang kumain at uminom ng aking laman at dugo nang hindi karapat-dapat ay kumakain at umiinom ng kapahamakan sa kanyang kaluluwa” (3 Nephi 18:28–29).

Sa oras ng sacrament dapat nating alisin sa ating isipan ang lahat ng makamundong kaisipan. Dapat madama natin ang pagiging madasalin at magalang. Dapat nating isipin ang Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas at pasalamatang ito. Dapat nating suriin ang ating buhay at hanapin ang mga paraan upang mapagbuti ito. Dapat din nating panibaguhin ang ating matibay na hangaring sundin ang mga kautusan.

Hindi tayo kailangang maging perpekto bago tumanggap ng sacrament, ngunit dapat nating taglayin ang diwa ng pagsisipi sa ating mga puso. Ang saloobin natin sa pagtanggap ng sacrament ay nakaiimpluwensya sa ating karanasan sa pagtanggap nito. Kapag tumatanggap tayo ng sacrament na may dalisay na puso, tatanggapin natin ang mga pagpapalang ipinangako ng Panginoon.

- Bakit sa palagay ninyo nakadaragdag sa ating espirituwal na kalakasan ang karapat-dapat na pagtanggap ng sacrament?

Para sa mga guro: Kung marami sa mga tinuturuan ninyo ay mga magulang, maaaring pabahagiin ninyo sila ng mga ideya kung paano nila matutulungan ang kanilang mga anak na maghanda na tanggapin ang sacrament nang buong paggalang.

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- I Mga Taga Corinto 11:27–29 (maging karapat-dapat sa pagtanggap ng sacrament)
- Juan 4:5–14 (Si Jesus ang Tubig na Buhay)
- Juan 6:30–35 (Si Jesus ang Tinapay ng Kabuhayan)

Ang Araw ng Sabbath

K a b a n a t a 24

Ang Kahulugan ng Araw ng Sabbath

- Ano ang araw ng Sabbath?

“Alalahanin mo ang araw ng sabbath, upang ipangilin” (Exodo 20:8; tingnan din sa D at T 68:29).

Ang salitang *Sabbath* ay mula sa salitang Hebreo na ang ibig sabihin ay *pahinga*. Bago ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, ang araw ng Sabbath ay paggunita sa araw ng pamamahinga ng Diyos nang matapos Niya ang Paglikha. Ito ay tanda ng tipan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga tao. Mababasa natin sa aklat ng Genesis na nilikha ng Diyos ang kalangitan at ang mundo sa anim na bahagi ng panahon, na tinawag Niyang mga araw: “At nang ikapitong araw ay nayari ng Dios ang kaniyang gawang ginawa; at nagpahinga ng ikapitong araw sa madlang gawa niyang ginawa. At binasbasan ng Dios ang ikapitong araw at kaniyang ipinangilin” (Genesis 2:2–3). Ngayon ang Sabbath ay paggunita rin sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo.

Ang araw ng Sabbath ay tuwing ikapitong araw. Ito ay banal na araw na inorden ng Diyos upang makapagpahinga tayo sa pang-araw-araw nating gawain at sumamba sa Kanya.

Ang Layunin ng Araw ng Sabbath

- Paano ninyo ipaliliwanag ang layunin ng araw ng Sabbath sa isang taong walang alam tungkol sa Sabbath?

Itinuro ni Jesus na ang araw ng Sabbath ay ginawa para sa ating kapakinabangan (tingnan sa Marcos 2:27). Ang layunin ng Sabbath ay bigyan tayo ng tiyak na araw sa loob ng isang linggo upang maituon ang ating kaisipan at gawain sa Diyos. Hindi ito araw ng pamamahinga lamang sa gawain. Ito ay sagradong araw na dapat



gugulin sa pagsamba at paggalang. Habang nagpapahinga tayo sa ating karaniwang pang-araw-araw na mga gawain, ang ating mga isipan ay nagiging malaya na pag-isipan nang mabuti ang mga bagay na espirituwal. Sa araw na ito, dapat nating panibaguhin ang ating mga tipan sa Panginoon at pakainin ang ating kaluluwa ng mga bagay na nauukol sa Espiritu.

- Isipin kung ano ang maaari ninyong gawin upang maisaisip ang layunin ng Sabbath habang naghahanda kayo para dito sa bawat linggo.

Kasaysayan ng Sabbath

Ang ikapitong araw ay inilaan ng Diyos bilang Sabbath sa simula pa lang ng mundo (tingnan sa Genesis 2:2–3). Mula pa noong unang panahon, ang tradisyon ng pagkakaroon ng sagradong ikapitong araw ay napanatili sa iba't ibang tao sa mundo. Sinariwa ng Diyos ang utos ukol sa araw na ito sa mga Israelita, na sinasabing, “Alalahanin mo ang araw ng sabbath, upang ipangilin” (Exodo 20:8). Ang pangangilin sa araw ng Sabbath ay palatandaan din na ang mga Israelita ang Kanyang mga pinagtipanang tao (tingnan sa Exodo 31:12–13, 16; Isaias 56:1–8; Jeremias 17:19–27).

Gayunman, ang ilang mga pinunong Judio ay gumawa ng mara-ming hindi kailangang patakaran tungkol sa Sabbath. Sila ang nagpapasiya kung gaano kalayo ang maaaring lakarin ng tao, anong uri ng mga buhol ang maaari nilang itali, at iba pa. Nang punahin ng ilang pinunong Judio si Jesucristo sa pagpapagaling ng mga taong may karamdaman sa araw ng Sabbath, ipinaalala sa kanila ni Jesus na ang Sabbath ay ginawa para sa kapakanan ng tao.

Sinunod din ng mga Nephita ang araw ng Sabbath alinsunod sa mga utos ng Diyos (tingnan sa Jarom 1:5).

Sa makabagong panahon ay inulit ng Panginoon ang Kanyang utos na dapat nating alalahanin ang araw ng Sabbath at gawin itong banal (tingnan sa D at T 68:29).

Ang Araw ng Panginoon

- Bakit binago ang Sabbath mula sa ikapitong araw at ginawang unang araw?

Hanggang sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, kinilala ni Jesucristo at ng Kanyang mga disipulo ang ikapitong araw bilang Sabbath. Pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, ang araw ng Linggo ay itinuring na sagradong araw ng Panginoon bilang pag-alaala sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli sa araw na iyon (tingnan sa Ang Mga Gawa 20:7; I Mga Taga Corinto 16:2). Mula noon, itinakda ng Kanyang mga tagasunod ang unang araw ng linggo bilang kanilang Sabbath. Kapwa noon at ngayon ay may anim na araw ng paggawa at isang araw para sa pamamahinga at pagsamba.

Binigyan tayo ng Panginoon ng tuwirang utos sa panahong ito na dapat din nating igalang ang Linggo, ang araw ng Panginoon, bilang ating Sabbath (tingnan sa D at T 59:12).

- Paano maiimpluwensyahan ng pag-alaala sa Pagkabuhay na Mag-uli ang ating pagsamba sa araw ng Sabbath?

Pagpapanatiling Banal sa Araw ng Sabbath

- Ano ang ibig sabihin ng gawing banal ang araw ng Sabbath?

Hiniling muna sa atin ng Panginoon na pabanalin ang araw ng Sabbath. Sa isang paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith noong 1831, iniutos ng Panginoon sa mga Banal na magpunta sa bahay-dalanginan at ialay ang kanilang mga sacrament, mamahinga sa kanilang mga gawain, at iukol ang kanilang mga dalangin sa Kataas-taasan (tingnan sa D at T 59:9–12).

Pangalawa, hiniling Niya sa atin na mamahinga sa pang-araw-araw na gawain. Ibig sabihin hindi tayo dapat gumawa ng gawain na makahahadlang sa atin sa pagbibigay ng buong pansin sa mga espirituwal na bagay. Sinabi ng Panginoon sa mga Israelita, “Huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak

Para sa mga guro: Matutulungan mo ang mga miyembro ng klase o pamilya na pag-isipang mabuti ang isang tanong sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng oras na makapagnilay-nilay. Matapos silang magkaroon ng sapat na panahon, hingin ang kanilang mga sagot.

na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka” (Exodo 20:10). Sinabi sa atin ng ating mga propeta na hindi tayo dapat mamili, mangaso, mangisda, dumalo sa mga larong pampalakasan, o makilahok sa anumang katulad na mga gawain sa araw na iyon.

Gayunman, pinagsabihan tayo ni Pangulong Spencer W. Kimball na kapag magpapahinga lamang tayo at walang gagawin sa araw ng Sabbath, hindi natin ginagawang banal ang araw na ito. Kailangan sa araw ng Sabbath ang kapaki-pakinabang na pag-iisip at pagkilos. (Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 203.)

Anong mga bagay *ang maaari* nating gawin sa araw ng Sabbath? Iminungkahi ni propetang Isaias na dapat nating itigil ang paggawa ng pansariling kasiyahan at dapat “tawagin ang sabbath na kaluguran, at ang banal ng Panginoon, na marangal” (Isaias 58:13).

Dapat nating isipin ang mabubuting bagay na maaari nating gawin sa araw ng Sabbath. Halimbawa, magagawa nating banal ang araw ng Sabbath sa pamamagitan ng pagdalo sa mga miting ng Simbahan; pagbabasa ng mga banal na kasulatan at mga salita ng mga pinuno ng ating Simbahan; pagdalaw sa maysakit, matatanda, at mga mahal natin sa buhay; pakikinig sa kaaya-ayang musika at pagkanta ng mga himno; pananalangin sa ating Ama sa Langit nang may papuri at pasasalamat; paglilingkod sa Simbahan; paghahanda ng mga rekord ng family history at personal na kasaysayan; pagsasalaysay ng mga kuwentong nagpapalakas ng pananampalataya at pagbibigay ng ating patotoo sa mga miyembro ng pamilya at pagbabahagi ng mga espirituwal na karanasan sa kanila; pagsulat sa mga misyonero at mga mahal sa buhay; pag-aayuno nang may layunin; at pag-uukol ng panahon sa mga anak at sa iba pang mga kasambahay.

Sa pagpapasiya kung ano ang iba pang mga gawain na nararapat gawin sa Sabbath, maaari nating itanong sa ating sarili: Mapauunlad ba ako nito at makapagbibigay ba ito ng inspirasyon sa akin? Nagpapakita ba ito ng paggalang sa Panginoon? Itinutuon ba nito ang aking isipan sa Kanya?

Maaaring may mga pagkakataon na kailangan nating gumawa sa araw ng Sabbath. Dapat nating iwasan ito hangga't maaari, ngunit kapag talagang kinakailangan, dapat nating panatilihin ang diwa ng pagsamba sa Sabbath sa ating mga puso hangga't maaari.

- Isipin ang isang bagay na magagawa ninyo upang mapagbuti ang inyong pagsisikap na gawing banal ang araw ng Sabbath. Kung ikaw ay isang magulang o lolo o lola, mag-isip ng isang bagay na maaari mong gawin upang matulungan ang iyong mga anak o apo na maunawaan ang kahulugan ng Sabbath.

Mga Pagpapala sa Pagpapanatiling Banal sa Araw ng Sabbath

- Ano ang ilang mga pagpapalang natatanggap natin kapag ginagawa nating banal ang araw ng Sabbath?

Kung iginagalang natin ang araw ng Sabbath, maaari tayong tumanggap ng maraming espirituwal at temporal na pagpapala. Sinabi ng Panginoon na kung ipangingilin natin ang araw ng Sabbath nang may pasasalamat at malugod na puso, tayo ay mapupuno ng kagalakan. Nangako Siya:

“Ang kabuuan ng mundo ay sa inyo, . . . maging para sa pagkain o para sa kasuotan, o para sa mga bahay, o para sa mga kama-lig, o para sa mga taniman, o para sa mga halamanan, o para sa mga ubasan;

“Oo, lahat ng bagay na nanggagaling sa lupa, sa panahon niyon, ay ginawa para sa kapakinabangan at gamit ng tao, kapwa upang makalugod sa mata at upang pasiglahin ang puso;

“Oo, para sa pagkain at para sa kasuotan, para sa panlasa at para sa pang-amoy, upang palakas in ang katawan at pasiglahin ang kaluluwa” (D at T 59:16–19).

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Exodo 31:16–17 (ang Sabbath ay patuloy na tipan sa pagitan ng Panginoon at ng Kanyang mga tao)
- Mosias 13:16–19; 18:23; Exodo 35:1–3; Levitico 26:2–4, 6, 12 (panatilihing banal ang araw ng Sabbath)
- Lucas 6:1–11 (makatarungang gumawa ng kabutihan sa araw ng Sabbath)
- Lucas 13:11–17; Juan 5:1–18 (halimbawa ng paggawa ni Jesus ng mabuti sa araw ng Sabbath)



Pag-aayuno

K a b a n a t a 25

Paano ang Wastong Pag-aayuno

- Ano ang maaari nating gawin upang maging kasiya-siyang karanasan ang pag-aayuno?

Simula noong panahon ni Adan, ang mga tao ng Diyos ay nag-aayuno upang matulungan silang lumapit sa Kanya at upang sambahin Siya. Ipinakita ni Jesus ang kahalagahan ng pag-aayuno sa pamamagitan ng Kanyang sariling halimbawa (tingnan sa Lucas 4:1–4). Sa pamamagitan ng paghahayag sa mga huling araw nalaman natin na inaasahan pa rin ng Panginoon na mag-aayuno at mananalangin nang madalas ang Kanyang mga tao (tingnan sa D at T 88:76).

Ang ibig sabihin ng pag-aayuno ay hindi pagkain at pag-inom. Ang paminsan-minsang pag-aayuno ay mabuti para sa ating katawan at tumutulong upang maging mas matalas ang ating isipan.

Itinuro sa atin ng Tagapagligtas na ang pag-aayunong may layunin ay higit pa sa hindi pagkain at pag-inom. Kailangan din nating pag-isipang mabuti ang espirituwal na mga bagay.

Dapat Tayong Manalangin Kapag Nag-aayuno Tayo

Ang panalangin ay mahalagang bahagi ng pag-aayuno. Sa kabuuan ng mga banal na kasulatan, ang panalangin at pag-aayuno ay magkasamang binabanggit. Ang ating pag-aayuno ay dapat may kasamang taos-pusong panalangin, at dapat nating simulan at tapusin ang ating pag-aayuno sa panalangin.

Para sa mga guro: Maaari mong hatiin ang mga miyembro ng klase o miyembro ng pamilya sa grupo ng dalawa o apat na katao at bigyang pagkakataon ang bawat grupo na talakayin ang mga paraan upang maging kasiya-siyang karanasan ang pag-aayuno. Pagkatapos ay magtulong-tulong kayo sa paggawa ng listahan ng mga ideya ng bawat isa—sa pisara o kaya ay sa malaking papel.

Dapat Tayong Mag-ayuno nang may Layunin

Maaaring magkaroon ng maraming layunin ang pag-aayuno. Maaari nating madaig ang mga kahinaan o problema sa pamamagitan ng pag-aayuno at pananalangin. Kung minsan maaari nating naising mag-ayuno at manalangin para humingi ng tulong o patnubay para sa iba, tulad sa isang kapamilya na maysakit at nangangailangan ng basbas (tingnan sa Mosias 27:22–23). Sa pag-aayuno maaari nating malaman ang katotohanan ng mga bagay tulad ni propetang Alma sa Aklat ni Mormon. Sabi niya: “Ako ay nag-ayuno at nanalangin nang maraming araw upang aking malaman ang mga bagay na ito sa aking sarili. At ngayon nalalaman ko sa aking sarili na ang mga yaon ay totoo; sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagbigay-alam nito sa akin sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu; at ito ang diwa ng paghahayag na nasa akin” (Alma 5:46).

Maaari tayong mag-ayuno para tulungan ang iba na tanggapin ang katotohanan. Ang pag-aayuno ay makatutulong para maalo tayo sa panahon ng kalungkutan at pagdadalamhati (tingnan sa Alma 28:4–6). Ang pag-aayuno ay makatutulong sa atin na maging mapagpakumbaba at mas mapalapit sa ating Ama sa Langit (tingnan sa Helaman 3:35).

Ang ating layunin sa pag-aayuno ay hindi dapat para pahangain ang iba. Ipinayo ng Panginoon:

“Bukod dito, pagka kayo’y nangagaayuno, ay huwag kayong gaya ng mga mapagpaimbabaw, na may mapapanglaw na mukha: sapagka’t kanilang pinasasama ang mga mukha nila, upang makita ng mga tao na sila’y nangagaayuno.

“Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila’y ganti.

“Datapuwa’t ikaw, sa pagaayuno mo, ay langisan mo ang iyong ulo, at hilamusin mo ang iyong mukha; upang huwag kang makita ng mga tao na ikaw ay nagaayuno” (Mateo 6:16–18).

Dapat tayong maging masaya kapag nag-aayuno at huwag ipamallita sa iba ang ating pag-aayuno.

- Paano naiimpluwensyahan ng ating saloobin ang ating karanasan sa pag-aayuno?

Ang Araw ng Ayuno

Isang araw ng Linggo bawat buwan ang mga Banal sa mga Huling Araw ay may araw ng ayuno. Sa araw na ito hindi tayo kumakain ni umiinom sa dalawang magkasunod na kainan. Kung maghahapunan tayo sa araw ng Sabado, hindi tayo dapat kumain o uminom hanggang sa hapunan ng araw ng Linggo.

Lahat ng miyembro na malusog ang pangangatawan ay dapat mag-ayuno. Dapat nating hikayatin ang ating mga anak na mag-ayuno matapos silang mabinyagan, ngunit hindi natin sila dapat pilitin. Ang araw ng ayuno ay espesyal na araw para magpakumbaba tayo sa harap ng Panginoon sa pag-aayuno at panalangin. Ito ay araw upang idalangin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan at magkaroon ng kapangyarihang madaig ang ating mga kamalian at mapatawad ang iba.

Sa Linggo ng ayuno, ang mga miyembro ng Simbahan ay samasamang nagpupulong at tumatanggap ng sacrament. Pinatatatag nila ang kanilang sarili at ang bawat isa sa pagbabahagi ng patotoo sa pulong sa pag-aayuno at pagpapatotoo.

- Paano kayo nakinabang sa pagbabahagi ng inyong patotoo sa pulong sa pag-aayuno at pagpapatotoo? Paano kayo nakinabang sa pakikinig sa ibinahaging patotoo ng iba?

Mga Handog-Ayuno

- Bakit tayo nagbibigay ng mga handog-ayuno?

Sa pag-aayuno natin bawat buwan, hinihiling ng Panginoon na tulungan natin ang mga nangangailangan. Ang isang paraan ng paggawa nito ay sa pamamagitan ng pagbibigay sa wastong awtoridad ng priesthood ng perang gagastusin sana natin sa dalawang kainan. Dapat tayong magbigay nang sagana hangga't maaari. Sa pamamagitan ng ating mga handog-ayuno nagiging mga katuwang tayo ng Panginoon sa pangangasiwa sa mga pangangailangan ng kapuspalad nating mga kapatid.

Tayo ay Pinagpapala Kapag Nag-aayuno Tayo

- Anong mga pagpapala ang matatanggap natin kapag wasto ang ating pag-aayuno?

Isinulat ni Isaias, isang propeta sa Matandang Tipan, ang maraming pangako ng Panginoon sa mga nag-aayuno at tumutulung sa mga nangangailangan. Tayo ay pinangakuan ng kapayapaan, ibayong kalusugan, at espirituwal na patnubay. Sinasabi sa atin ni Isaias ang mga pagpapalang dumarating kapag nag-aayuno tayo: “Kung magkagayo’y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw; at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod. Kung magkagayo’y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya’y magsasabi, Narito ako” (Isaias 58:8–9).

Pinabubuti ng pag-aayuno ang ating buhay at binibigyan tayo ng karagdagang lakas. Tinutulungan tayo nito na ipamuhay ang iba pang mga alituntunin ng ebanghelyo dahil ito ang naglalapit sa atin sa Panginoon.

Ang Pag-aayuno ay Nagtuturo ng Pagpipigil sa Sarili

Tinutulungan tayo ng pag-aayuno na palakasin ang ating pagkatao. Kapag wasto ang ating pag-aayuno, matututuhan nating pigilin ang ating mga hilig at silakbo ng damdamin. Tayo ay nagiging mas malakas dahil napatunayan natin sa ating sarili na kaya nating pigilan ang ating sarili. Kung tuturuan natin ang ating mga anak na mag-ayuno, magkakaroon sila ng espirituwal na kalakasan upang madaig ang mas malalaking tukso kalaunan sa kanilang buhay.

Ang Pag-aayuno ay Nagbibigay sa Atin ng Espirituwal na Kapangyarihan

Kapag nag-ayuno tayo nang buong talino at may panalangin, pinauunlad natin ang ating pananampalataya. Sa pamamagitan ng pananampalatayang iyan magkakaroon tayo ng mas malakas na espirituwal na kapangyarihan. Halimbawa, ikinuwento ni Alma (isang propeta sa Aklat ni Mormon) ang muling pagkikita nila ng mga anak ni Mosias makalipas ang maraming taon matapos ang

kanilang mahimalang pagbabalik-loob. Nakadama siya ng labis na kagalakan nang malaman niya na pinalakas nila ang kanilang pananampalataya at nagkaroon ng malakas na espirituwal na kapangyarihan. Nagkaroon sila ng ganitong kapangyarihan dahil “itinuon nila ang kanilang mga sarili sa maraming panalangin, at pag-aayuno; kaya nga taglay nila ang diwa ng propesiya, at ang diwa ng paghahayag” (Alma 17:3).

Ang mga anak ni Mosias ay 14 na taon nang nangangaral noon sa mga Lamanita. Dahil nag-ayuno at nanalangin ang mga anak ni Mosias, pinalakas ng Espiritu ng Panginoon ang kapangyarihan ng kanilang mga salita. Ito ang nagbigay sa kanila ng malaking tagumpay sa kanilang gawaing misyonero. (Tingnan sa Alma 17:4.)

Sinabi ng Tagapagligtas sa mga nag-aayuno sa wastong paraan, “Ang Ama mo, na nakakikita sa lihim, ay gagantihin ka” (Mateo 6:18).

- Paano madaragdagan ng pag-aayuno ang ating espirituwal na kapangyarihang labanan ang mga tukso? tumanggap ng paghahayag? gumawa ng mabuti?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Lucas 2:37; Alma 45:1 (pagsamba sa Diyos sa pamamagitan ng pag-aayuno)
- Isaias 58:3–11 (wastong pag-aayuno)
- Mosias 27:19, 23 (pag-aayuno para sa maysakit)
- 3 Nephi 27:1–3; Exodo 34:27–28 (pag-aayuno para sa paghahayag at patotoo)
- Alma 6:6; 17:9 (pag-aayuno para sa mga taong hindi nakakikilala sa Diyos)
- Ang Mga Gawa 13:2–3 (pag-aayuno para sa pagpili ng mga pinuno ng Simbahan)
- Mosias 4:26 (sa ikapapatawad ng ating mga kasalanan habang tinutulungan natin ang mga nangangailangan)



Sakripisyo

K a b a n a t a 26

Ang Kahulugan ng Sakripisyo

Ang ibig sabihin ng sakripisyo ay pagbibigay sa Panginoon ng anumang hilingin Niya sa ating panahon, mga ari-arian natin sa mundo, at ating lakas upang isulong ang Kanyang gawain. Iniutos ng Panginoon, “Hanapin muna ninyo ang kaharian [ng Diyos], at ang kaniyang katuwiran” (Mateo 6:33). Ang kahandaan nating magsakripisyo ay tanda ng ating katapatan sa Diyos. Ang mga tao noon pa man ay palaging sinusubok upang malaman kung uunahin nila ang mga bagay na ukol sa Diyos sa kanilang buhay.

- Bakit mahalagang magsakripisyo kapag hiniling ng Panginoon nang hindi naghihintay ng anumang kapalit?

Ang Batas ng Pagsasakripisyo ay Isinagawa Noong Unang Panahon

- Ano ang kahalagahan ng mga sakripisyong isinagawa ng mga pinagtipanang tao ng Panginoon noong unang panahon?

Mula noong panahon nina Adan at Eva hanggang sa panahon ni Jesucristo ay isinasagawa na ng mga tao ng Panginoon ang batas ng pagsasakripisyo. Iniutos sa kanilang ialay ang mga panganay ng kanilang mga kawan bilang sakripisyo. Ang mga hayop na ito ay kailangang perpekto, walang kapintasan. Ang ordenansa ay ibinigay upang ipaalala sa mga tao na si Jesucristo, ang Panganay na Anak ng Ama, ay darating sa daigdig. Siya ay magiging perpekto sa lahat ng aspeto, at iaalay Niya ang Kanyang sarili bilang sakripisyo para sa ating mga kasalanan. (Tingnan sa Moises 5:5–8.)

Para sa mga guro: Hindi mo kailangang iturong lahat ang nasa bawat kabanata. Habang mapanalangin kang naghahandang magturo, hangarin ang patnubay ng Espiritu upang malaman kung aling mga bahagi ng kabanata ang dapat mong ituro at alin ang mga dapat mong itanong.

Si Jesus ay dumating nga at inialay ang Kanyang sarili bilang sakripisyo, gaya ng itinuro sa mga tao na Kanyang gagawin. Dahil sa Kanyang pagsasakripisyo, ang bawat isa ay maliligtas sa kamatayang pisikal sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Mag-uli at lahat ay maaaring maligtas mula sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo (tingnan sa kabanata 12 sa aklat na ito).

Ang nagbabayad-salang sakripisyo ni Cristo ang naghudyat ng pagwawakas ng mga sakripisyo na may pagpapadanak ng dugo. Ang gayong panlabas na sakripisyo ay pinalitan ng ordenansa ng sacrament. Ang ordenansa ng sacrament ay ibinigay upang ipaalaala sa atin ang dakilang sakripisyo ng Tagapagligtas. Dapat madalas tayong tumanggap ng sacrament. Ipinaaalala sa atin ng mga sagsag ng tinapay at tubig ang katawan ng Tagapagligtas at Kanyang dugo, na ibinuwis Niya para sa atin (tingnan sa kabanata 23 sa aklat na ito).

- Bakit itinuturing na dakila at huling sakripisyo ang Pagbabayad-sala?

Kailangan pa rin Tayong Magsakripisyo

- Paano natin ginagawa ang batas ng sakripisyo ngayon?

Kahit winakasan na ang pagsasakripisyo sa pamamagitan ng pagpapadanak ng dugo, hinihiling pa rin ng Panginoon na magsakripisyo tayo. Ngunit ang hinihiling Niya ngayon ay ibang uri ng pag-aalay. Sabi niya: “Hindi na kayo mag-aalay pa sa akin ng pagbubuhos ng dugo; . . . at [ang] inyong mga handog na sinusunog ay tatanggalin na. . . . At mag-aalay kayo bilang pinaka-hain sa akin ng isang bagbag na puso at nagsisising espiritu” (3 Nephi 9:19–20). Ang ibig sabihin ng “bagbag na puso at nagsisising espiritu” ay naghahandog tayo ng taos-pusong pagdadalamhati para sa ating mga kasalanan habang nagpapakumbaba tayo at pinagsisisihan ang mga ito.

Kailangang Handa Tayong Isakripisyo sa Panginoon ang Lahat ng Mayroon Tayo

- Bakit handa ang mga tao na magsakripisyo?

Isinulat ni Apostol Pablo na dapat tayong maging buhay na mga hain, banal at katanggap-tanggap sa Diyos (tingnan sa Mga Taga Roma 12:1).

Kung tayo ay magiging buhay na hain, kailangang handa tayong ibigay ang lahat ng bagay na mayroon tayo para sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw—upang maitayo ang kaharian ng Diyos sa lupa at magsikap upang maitatag ang Sion (tingnan sa 1 Nephi 13:37).

Isang mayaman na batang pinuno ang nagtanong sa Tagapagligtas, “Anong gagawin ko upang magmana ng walang hanggang buhay?” Sumagot si Jesus, “Talastas mo ang mga utos, Huwag kang mangalunya, Huwag kang pumatay, Huwag kang magnakaw, Huwag kang sumaksi sa di katotohanan, Igalang mo ang iyong ama at ina.” At sinabi ng lalaking mayaman, “Ginanap ko ang lahat ng mga bagay na ito buhat pa sa aking pagkabata.” Nang marinig ito ni Jesus, sinabi Niya, “Isang bagay pa ang kulang sa iyo: ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ipamahagi mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin.” Nang marinig ito ng binata, siya ay lubhang nalungkot. Napakayaman niya at ang kanyang puso ay nakalagak sa kanyang kayamanan. (Tingnan sa Lucas 18:18–23; tingnan din ang larawan sa kabanatang ito.)

Ang batang pinuno ay isang mabuting tao. Ngunit nang siya ay subukin, hindi siya handang isakripisyo ang kanyang makamundong ari-arian. Sa kabilang banda, ang mga disipulo ng Panginoon na sina Pedro at Andres ay handang isakripisyo ang lahat para sa kapakanan ng kaharian ng Diyos. Nang sabihin ni Jesus sa kanila, “Magsisunod kayo, . . . pagdaka’y iniwan nila ang [kanilang] mga lambat, at nagsisunod sa kaniya” (Mateo 4:19–20).

Tulad ng mga disipulo, maaari nating ialay ang ating mga pang-araw-araw na gawain bilang sakripisyo sa Panginoon. Maaari nating sabihin, “Ang kalooban Ninyo ang masusunod.” Ginawa ito

ni Abraham. Nabuhay siya sa lupa bago isilang si Cristo, noong mga panahong ipinag-uutos ang mga pagsasakripisyo at pagsusunog ng alay. Bilang pagsubok sa pananampalataya ni Abraham, iniutos sa kanya ng Panginoon na ialay ang kanyang anak na si Isaac. Si Isaac ang nag-iisang anak nina Abraham at Sara. Ang utos na ialay siya bilang sakripisyo ay lubhang napakasakit para kay Abraham.

Gayunman, siya at si Isaac ay naglakbay nang malayo papunta sa Bundok Moria, kung saan gagawin ang pag-aalay. Naglakbay sila nang tatlong araw. Isipin ang saloobin at kalungkutan ni Abraham. Ang kanyang anak ay isasakripisyo sa Panginoon. Nang marating nila ang Bundok Moria, dala ni Isaac ang panggatong at dala ni Abraham ang apoy at itak sa lugar na pagtatayuan ng altar. Sinabi ni Isaac, “Ama ko . . . narito ang apoy at ang kahoy: nguni’t saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin?” Sumagot si Abraham, “Dios ang maghahanda ng korderong pinaka handog na susunugin, anak ko.” At nagtayo si Abraham ng altar at inayos ang kahoy sa ibabaw nito. Tinalian niya si Isaac at inilagay sa ibabaw ng kahoy. At kinuha niya ang itak para patayin si Isaac. Sa pagkakataong iyon isang anghel ng Panginoon ang pumigil sa kanya, na nagsasabing, “Abraham . . . huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan man siya ng anoman: sapagka’t talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak.” (Tingnan sa Genesis 22:1–14.)

Marahil ay labis ang kagalakan ni Abraham nang hindi na niya kinailangang isakripisyo ang kanyang anak. Ngunit mahal na mahal niya ang Panginoon kaya’t handa siyang gawin ang anumang hilingin ng Panginoon.

- Anong mga halimbawa ng sakripisyo ang napansin ninyo sa buhay ng mga taong kakilala ninyo? Anong mga halimbawa ng sakripisyo ang napansin ninyo sa buhay ng inyong mga ninuno? sa buhay ng mga unang miyembro ng Simbahan? sa buhay ng mga tauhan sa mga banal na kasulatan? Ano ang natutuhan ninyo sa mga halimbawang ito?

Tinutulungan Tayo ng Sakripisyo na Maghandang Mamuhay sa Piling ng Diyos

Tanging sa pagsasakripisyo tayo maaaring maging karapat-dapat na mamuhay sa piling ng Diyos. Tanging sa pagsasakripisyo natin matatamasa ang buhay na walang hanggan. Marami sa mga nuanang nabuhay sa atin ang nagsakripisyo ng lahat ng mayroon sila. Kailangang handa tayong gawin din ang gayon upang makamit ang saganang gantimpalang tinatamasa nila.

Maaaring hindi tayo hilingan na isakripisyo ang lahat ng bagay. Ngunit tulad ni Abraham, dapat handa tayong isakripisyo ang lahat upang maging karapat-dapat na mamuhay sa piling ng Diyos.

Ang mga tao ng Panginoon ay palaging nagsasakripisyo nang malaki at sa iba't ibang paraan. Ang ilan ay dumaranas ng hirap at pangungutya dahil sa ebanghelyo. Ang ilang nagbalik-loob sa Simbahan ay itinakwil ng kanilang mga pamilya. Ang matagal nang mga kaibigan ay nagsilayuan na. Ang ilang miyembro ay nawalan ng trabaho; ang ilan ay namatay. Ngunit batid ng Panginoon ang ating mga sakripisyo; nangako Siya, “Ang bawa’t magiwan ng bahay, o mga kapatid na lalake, o mga kapatid na babae, o ama, o ina, o mga anak, o mga lupa, dahil sa aking pangalan, ay tatanggap ng tigisang daan, at magsisipagmana ng walang hanggang buhay” (Mateo 19:29).

Habang umuunlad ang ating patotoo sa ebanghelyo, nakakaya nating gumawa ng mas malalaking sakripisyo sa Panginoon. Paninin ang mga sakripisyong ginawa sa mga halimbawang ito na hango sa tunay na buhay:

Tinipon ng isang miyembro ng Simbahan sa Germany ang kanyang ikapu sa loob ng maraming taon hanggang sa dumating ang isang may awtoridad ng priesthood at tanggapin ito.

Isang visiting teacher sa Relief Society ang naglingkod sa loob ng 30 taon nang hindi pumapalya sa kanyang tungkulin.

Isang grupo ng mga Banal sa South Africa ang sumakay ng bus sa loob ng tatlong araw, nang nakatayo, para marinig at makita ang propeta ng Panginoon.

Sa isang area conference sa Mexico, natulog ang mga miyembro ng Simbahan sa lupa at nag-ayuno habang ginaganap ang kumperensya. Naubos ang kanilang pera para makarating lang sa kumperensya at walang natira para sa pagkain at matutuluyan.

Ipinagbili ng isang pamilya ang kanilang kotse para malikom ang perang nais nilang iambag sa pondo ng pagtatayo ng templo.

Ipinagbili ng isa pang pamilya ang kanilang tahanan para magkaroon ng perang magagamit sa pagpunta sa templo.

Maraming matatapat na mga Banal sa mga Huling Araw ang kakaunti lamang ang pera para sa kanilang ikabubuhay, ngunit nagbabayad sila ng kanilang mga ikapu at handog.

Isang lalaki ang nagsakripisyo ng kanyang trabaho dahil tumanggi siyang magtrabaho sa araw ng Linggo.

Sa isang branch, kusang-loob na nag-ukol ng kanilang panahon ang mga kabataan upang maalagaan ang mga batang paslit habang ang mga magulang nila ay tumutulong sa pagtatayo ng meetinghouse.

Pinalalampas ng mga kabataang lalaki at babae ang magagandang pagkakataon na makapagtrabaho, makapag-aral, o ang isports para maglingkod bilang mga misyonero.

Marami pang halimbawa ang maibibigay tungkol sa mga taong nagsasakripisyo para sa Panginoon. Gayunman sulit ang kahit anong sakripisyong gawin natin sa ating panahon, talino, lakas, pera, at buhay sa pagkakaroon ng lugar sa kaharian ng ating Ama sa Langit. Sa pamamagitan ng sakripisyo magkakaroon tayo ng kaalaman mula sa Panginoon na katanggap-tanggap tayo sa Kanya (tingnan sa D at T 97:8).

- Bakit sa palagay ninyo may kaugnayan ang kahandaan nating magsakripisyo sa kahandaan nating mamuhay sa piling ng Diyos?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Lucas 12:16–34 (kung saan naroon ang kayamanan, naroon din ang puso)
- Lucas 9:57–62 (magsakripisyo upang maging karapat-dapat sa kaharian)
- D at T 64:23; 97:12 (ngayon ay araw ng pagsasakripisyo)
- D at T 98:13–15 (ang mga taong nag-aalay ng kanilang buhay para sa Panginoon ay matatagpuan ito)
- Alma 24 (isinakripisyo ng mga tao ni Ammon ang kanilang buhay sa halip na sirain ang kanilang tipan sa Panginoon)



Pagtatrabaho at Personal na Pananagutan

Kabanata 27

Ang Pagtatrabaho ay Walang Hanggang Alituntunin

- Ano na ang mga naranasan ninyo na nagpakita sa inyo ng kahalagahan ng pagtatrabaho?

Ipinakita sa atin ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo sa Kaniyang mga halimbawa at aral na ang pagtatrabaho ay mahalaga sa langit at sa lupa. Ang Diyos ay nagtrabaho para likhain ang langit at lupa. Tinipon Niya ang mga karagatan sa isang lugar at pinalitaw ang tuyong lupa. Pinatubo Niya ang damo, halamang-gamot, at mga punongkahoy sa lupa. Nilikha Niya ang araw, ang buwan, at mga bituin. Nilikha Niya ang lahat ng bagay na may buhay sa dagat at sa lupa. Pagkatapos ay inilagay Niya sina Adan at Eva sa lupa upang alagaan ito at pamahalaan ang lahat ng bagay na may buhay. (Tingnan sa Genesis 1:1–28.)

Sinabi ni Jesus, “Hanggang ngayo’y gumagawa ang aking Ama, at ako’y gumagawa” (Juan 5:17). Sinabi rin Niya, “Kinakailangan nating gawin ang mga gawa niyaong nagsugo sa akin” (Juan 9:4).

Inutusan Tayong Magtrabaho

Ang pagtatrabaho ay pamamaraan na ng pamumuhay sa lupa simula noong lisanin nina Adan at Eva ang Halaman ng Eden. Sinabi ng Panginoon kay Adan, “Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay” (Genesis 3:19). Sina Adan at Eva ay

Para sa mga guro: Sikaping tulungan ang bawat miyembro ng klase o miyembro ng pamilya na makilahok sa aralin. Maaaring tumulong ang mga tao sa pag-aayos ng mga upuan, magbigay ng pambungad o pangwakas na panalangin, magsulat sa pisara, malakas na magbasa ng mga banal na kasulatan, sumagot sa mga tanong, magbahagi ng patotoo, o magbuod ng aralin.

magtrabaho sa bukid upang matustusan ang kanilang sariling mga pangangailangan at ang pangangailangan ng kanilang mga anak (tingnan sa Moises 5:1).

Sinabi ng Panginoon sa mga tao ni Israel, “Anim na araw na gagawa ka” (Exodo 20:9).

Noong mga unang araw ng ipinanumbalik na Simbahan, sinabi ng Panginoon sa mga Banal sa mga Huling Araw, “Ngayon, ako, ang Panginoon, ay hindi lubos na nalulugod sa mga naninirahan sa Sion, sapagkat may mga tamad sa kanila” (D at T 68:31).

Sinabi ng isang propeta ng Diyos, “Ang trabaho ay dapat muling bigyan ng halaga bilang pangunahing alituntunin sa buhay ng mga miyembro ng Simbahan” (Heber J. Grant, *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* [2002], 127).

Responsibilidad ng Pamilya

- Ano ang ilang responsibilidad ng mga ama, ina, at anak upang mapangalagaan ang isang tahanan? Ano ang maaaring gawin ng mga miyembro ng pamilya para magkaroon ng bahagi sa gawain?

Ang mga magulang ay magkasamang gumagawa upang maitaguyod ang pisikal, espirituwal, at emosyonal na kapakanan ng kanilang pamilya. Hindi nila dapat asahan ang sinuman na akuin ang responsibilidad na ito para sa kanila. Isinulat ni Apostol Pablo, “Kung ang sinoman ay hindi nagkakandili sa mga sariling kaniya, lalong lalo na sa kaniyang sariling sangbahayan, ay tumanggi siya sa pananampalataya” (I Kay Timoteo 5:8).

Dapat humingi ang mag-asawa ng inspirasyon mula sa Panginoon at sundin ang payo ng mga propeta kapag nagtatakda ng indibiduwal na mga responsibilidad. Ang paglikha ng isang tahanan kung saan naituturo araw-araw ang mga alituntunin ng ebanghelyo at kung saan namamayani ang pagmamahal at kaayusan ay kasinghalaga ng paglalaan ng mga pangunahing pangangailangang tulad ng pagkain at kasuotan.

Dapat gampanan ng mga anak ang kanilang bahagi sa gawain ng pamilya. Mahalagang magkaroon ang mga bata ng mga takdang

gawain na angkop sa kanilang mga kakayahan. Kailangan silang purihin sa kanilang mga tagumpay. Ang mabuting saloobin sa paggawa, pag-uugali, at kahusayan ay natututuhan sa pamamagitan ng matatagumpay na karanasan sa tahanan.

Kung minsan ang mga tao ay dumaranas ng hirap habang sinisikap na itaguyod ang kanilang pamilya. Ang matagal na karamdaman, pagkamatay ng asawa, o pagkadagdag ng isang magulang na matanda na ay maaaring makadagdag sa mga responsibilidad sa tahanan. Naaalala ng ating Ama sa Langit ang mga pamilya na nasa ganitong situwasyon at binibigyan sila ng lakas upang magampanan ang kanilang mga tungkulin. Palagi Niya silang pagpapalain kung hihiling sila sa Kanya nang may pananampalataya.

Maaari Tayong Masiyahan sa Ating Gawain

- Paano naapektuhan ng ating saloobin ang ating gawain?

Sa ilang tao ang pagtatrabaho ay nakayayamot at nakaiinip. Sa iba ito ay kapana-panabik na bahagi ng buhay. Ang isang paraan upang masiyahan at makinabang nang husto sa buhay ay ang matutong mahalín ang pagtatrabaho.

Hindi lahat ay maaaring piliin ang uri ng trabahong gagawin natin. Ang ilan sa atin ay nagtatrabaho nang matagal para lamang sa mga pangangailangan natin. Mahirap masiyahan sa ganitong gawain. Gayunman ang pinakamaliligayang tao ay natutong masiyahan sa kanilang trabaho, kahit ano pa ito.

Maaari nating tulungan ang isa't isa sa ating gawain. Ang pinakamabibigat na gawain ay gumagaan kapag may isang taong tumutulong dito.

Ang ating saloobin sa trabaho ay napakahalaga. Inilalarawan ng sumusunod na kuwento kung paano nakita ng isang tao ang kahi-hinatnan ng kanyang gawain sa araw-araw. Isang manlalakbay ang dumaan sa tibagan ng bato at may nakitang tatlong lalaki na nagtatrabaho. Tinanong niya ang bawat isa sa mga lalaki kung ano ang ginagawa nito. Ang sagot ng bawat lalaki ay nagpakita ng kakaibang saloobin sa iisang gawain o trabaho. "Nagtitibag ako ng bato," sagot ng unang lalaki. Sumagot ang ikalawa, "Kumikita ako

ng tatlong piraso ng ginto bawat araw.” Ang ikatlong lalaki ay ngumiti at nagsabing, “Tumutulong ako sa pagtatayo ng isang bahay ng Diyos.”

Sa alinmang matapat na trabaho ay maaari tayong maglingkod sa Diyos. Sinabi ni Haring Benjamin, isang propetang Nephita, “Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos” (Mosias 2:17). Kung ang ating trabaho ay sapat lamang para sa mga pangangailangan natin at ng ating pamilya, natutulungan pa rin natin ang ilan sa mga anak ng Diyos.

- Paano natin mapagbubuti ang ating saloobin tungkol sa trabaho?

Isinusumpa ng Diyos ang Katamaran

Ang Panginoon ay hindi natutuwa sa mga taong tamad o batugan. Sabi Niya, “Ang tamad ay hindi magkakaroon ng lugar sa simbahan, maliban na siya ay magsisi at iwasto ang kanyang mga gawi” (D at T 75:29). Iniutos din Niya, “Huwag kayong maging tamad; sapagkat siya na tamad ay hindi makakakain ng tinapay ni makapagsusuot ng kasuotan ng manggagawa” (D at T 42:42).

Simula pa noong mga unang araw ng Simbahan, itinuro ng mga propeta sa mga Banal sa mga Huling Araw na tumayo sa sariling paa at itaguyod ang sarili at iwasan ang katamaran. Ang tunay na mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi kusang ipapasa sa iba ang pasanin ng pagtataguyod ng kanilang pamumuhay. Hangga’t makakaya nila, sila ang magtutustos sa mga pangangailangan nila at ng kanilang pamilya.

Sa abot ng kanilang makakaya, dapat tanggapin ng lahat ng miyembro ng Simbahan ang responsibilidad na pangalagaan ang kanilang mga kamag-anak na hindi makapagtaguyod sa kanilang sarili.

- Paano naaapektuhan ng katamaran ang isang tao? isang pamilya? isang komunidad?

Pagtatrabaho, Paglilibang, at Pamamahinga

- Bakit mahalagang may balanse sa buhay ang pagtatrabaho, paglilibang, at pamamahinga?

Dapat hanapin ng bawat isa sa atin ang wastong balanse sa pagtatrabaho, paglilibang, at pamamahinga. May matandang kasabihan: “Ang pinakamahirap na trabaho sa lahat ay iyong wala kang ginagawa, dahil hindi maaaring tumigil ang sinumang gumagawa nito para magpahinga.” Kung walang trabaho, ang pamamahinga at pagrerelaks ay walang saysay.

Hindi lamang kasiya-siya at kinakailangan ang pagpapahinga, kundi iniutos sa ating magpahinga sa araw ng Sabbath (tingnan sa Exodo 20:10; D at T 59:9–12). Ang araw na ito ng pamamahinga pagkatapos ng anim na araw ng pagtatrabaho ay nakapagpapanibago ng lakas sa susunod na mga araw. Ipinangako rin ng Panginoon ang “kabuuan ng mundo” sa mga nangingilin sa araw ng Sabbath (tingnan sa D at T 59:16–20; tingnan din sa kabanata 24 sa aklat na ito).

Sa ibang mga araw ng linggo, bilang karagdagan sa pagtatrabaho ay maaari din tayong mag-ukol ng oras para pagbutihin pa ang ating mga talento at masiyahan sa ating mga nakahiligan, paglilibang, o iba pang mga aktibidad na magpapanibago ng ating lakas.

- Ano ang maaari nating gawin upang manatiling balanse ang pagtatrabaho, paglilibang, at pamamahinga? Paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na mapanatili ang balanseng ito?

Ang mga Pagpapala ng Pagtatrabaho

- Ano ang ilang pagpapala na nagmumula sa matapat na paggawa?

Inihayag ng Diyos kay Adan, “Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay” (Genesis 3:19). Maliban pa sa pagiging temporal na batas, ang batas na ito ay para sa kaligtasan ng kaluluwa ni Adan. Walang tunay na pagkakaiba sa pagitan ng espirituwal, pangkaisipan, at pisikal na gawain. Ang pagtatrabaho ay mahalaga sa bawat isa sa atin para sa paglago, pag-unlad ng pagkatao, at sa maraming kasiyahan na hindi kailanman nararanasan ng tamad.

Sinabi ni Pangulong David O. McKay, “Dapat nating maunawaan na ang pribilehiyong magtrabaho ay isang kaloob, na ang lakas na makapagtrabaho ay biyaya, na ang pagmamahal sa trabaho ay tagumpay” (*Pathways to Happiness* [1957], 381).

“Ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan” (2 Nephi 2:25). Ang pagtatrabaho ay susi sa lubos na kagalakan sa plano ng Diyos. Kung tayo ay matwid, makababalik tayo upang manahanang kasama ang ating Ama sa Langit, at magkakaroon tayo ng gawain. Habang tayo ay nagiging katulad Niya, ang ating gawain ay magiging katulad ng Kanyang gawain. Ang Kanyang gawain ay “isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao” (Moises 1:39).

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Moises 4:23–25 (Sinabihan si Adan na kailangan niyang magtrabaho habambuhay para may makain)
- D at T 56:16–17 (Binabalaan ng Diyos ang mayayaman at mahihirap laban sa kasakiman, pagkainggit, at katamaran)
- D at T 58:26–29 (ang mga tao ay dapat maging sabik sa paggawa ng mabuti)
- Mateo 25:14–30 (talinghaga ng mga talento)
- Mga Taga Efeso 4:28 (huwag nang magnakaw bagkus ay magtrabaho)
- I Mga Taga Tesalonica 4:11–12 (magtrabaho gamit ang sarili ninyong mga kamay)
- 2 Nephi 5:17 (Tinuruan ni Nephi ang kanyang mga tao na magtrabaho at maging masipag)

Paglilingkod

K a b a n a t a 28

Paano Tayo Makapaglilingkod

- Isipin ang mga paraan kung paano nakapaglilingkod ang mga tao sa inyo at sa mga miyembro ng inyong pamilya.

Sabi ni Jesus, “Ako’y nasa gitna ninyo na gaya niyaong naglilingkod” (Lucas 22:27). Bilang tunay na mga tagasunod ni Jesus, kailangan din tayong maglilingkod sa iba.

Ang paglilingkod ay pagtulong sa iba na nangangailangan ng tulong. Ang paglilingkod na katulad ng kay Cristo ay nagmumula sa tunay na pagmamahal sa Tagapagligtas at pagmamahal at pagmamalasakit sa mga taong binigyan Niya tayo ng pagkakataon at direksiyon na tulungan. Ang pagmamahal ay higit pa sa damdamin; kapag mahal natin ang iba, nais natin silang tulungan.

Lahat tayo ay kailangang handang maglilingkod, anuman ang ating kinikita, edad, o katayuan sa lipunan. Naniniwala ang ilang tao na mahihirap at mga hamak lamang ang dapat maglilingkod. Inisip ng iba na ang paglilingkod ay dapat ibigay ng mayayaman lamang. Ngunit iba ang itinuro ni Jesus. Nang hilingin ng ina ng dalawa sa Kanyang mga disipulo na kilalanin Niya ang kanyang mga anak sa Kanyang kaharian, sumagot si Jesus, “Ang sinomang magibig na dumakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo; at sinomang magibig na maging una sa inyo ay magiging alipin ninyo” (Mateo 20:26–27).

Maraming paraan para makapaglilingkod. Maaari nating tulungan ang iba sa kabuhayan, lipunan, pisikal, at espirituwal. Halimbawa, maaari tayong magbigay ng pagkain o iba pang bagay sa mga taong nangangailangan nito. Maaari nating tulungan ang mga nangangailangan sa pamamagitan ng pagbibigay ng bukas-palad na handog-ayuno. Maaari tayong maging kaibigan ng isang bagong



dating. Maaari nating tamnan ang isang hardin para sa isang nakatatanda o alagaan ang isang taong maysakit. Maaari nating ituro ang ebanghelyo sa isang taong nangangailangan ng katotohanan o aluin ang isang taong nagdadalamhati.

Maaari tayong gumawa ng maliliit o malalaking gawain ng paglilingkod. Hindi natin dapat kaligtaan kailanman na tulungan ang isang tao dahil lamang sa hindi tayo makagawa ng malalaking bagay. Ikinuwento ng isang balo ang dalawang bata na nagpunta sa kanyang pintuan noong kalilipat lamang niya sa isang bagong bayan. Dinalhan siya ng mga bata ng isang basket na may pagkain at sulat na nagsasaad na, “Kung kailangan po ninyo ng uutusan, tawagin po ninyo kami.” Natuwa ang balo sa munting kabaitang ito at hindi ito nalimutan kailanman.

Gayunman, kung minsan ay kailangan nating magsakripisyo nang malaki para paglilingkod ang isang tao. Ibinigay ng Tagapagligtas ang Kanyang buhay sa paglilingkod sa atin.

- Mag-isip ng mga tao sa inyong pamilya o komunidad na nangangailangan sa aspetong pangkabuhayan, panlipunan, pisikal, o espirituwal. Isiping mabuti kung ano ang maaari ninyong gawin upang mapaglilingkod sila.

Bakit Nais ng Tagapagligtas na Paglilingkod Natin ang Iba

- Bakit nais ng Panginoon na paglilingkod natin ang iba?

Sa pamamagitan ng paglilingkod ng kalalakhian at kababaihan at mga bata, ang gawain ng Diyos ay naisasagawa. Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Tunay na napapansin tayo ng Diyos, at binabantayan Niya tayo. Ngunit karaniwan na sa pamamagitan ng ibang tao niya ibinibigay ang ating mga pangangailangan” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 100).

Sa buong buhay natin, lahat tayo ay umaasa sa tulong ng iba. Noong mga sanggol pa tayo, pinakain, binihisan, at inalagaan tayo ng ating mga magulang. Kung wala ang pangangalagang ito, maaaring namatay tayo. Nang lumaki na tayo, tinuruan tayo ng ibang tao ng mga kasanayan at pag-uugali. Marami sa atin ang

nangailangan ng pangangalaga sa panahon ng karamdaman o ng pera sa panahon ng pinansiyal na krisis. Ang ilan sa atin ay humihiling sa Diyos na pagpalain ang mga taong naghihirap at pagkatapos ay walang ginagawa para sa kanila. Dapat nating tandaan na ang Diyos ay gumagawa sa pamamagitan natin.

Kapag tinutulungan natin ang isa't isa, pinaglilingkuran natin ang Diyos. Itinuro ni Haring Benjamin, isang dakilang hari noong panahon ng Aklat ni Mormon, sa kanyang mga tao ang alituntuning ito sa paraan ng kanyang pamumuhay. Pinaglilingkuran niya silang lahat nang habambuhay, na nagtatrabaho para sa sariling ikabubuhay sa halip na tustusan ng mga tao. Sa isang inspiradong sermon ipinaliwanag niya kung bakit gustung-gusto niya ang maglingkod, na sinasabing:

“Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos. . . .

“At kung ako na tinatawag ninyong hari ay nagpapagal upang paglilingkuran kayo, hindi ba't nararapat na kayo ay magpapagal upang paglilingkuran ang isa't isa?” (Mosias 2:17–18).

- Ano ang magagawa natin upang maging handang tugunan ang mga pangangailangan ng iba?

Tumatanggap Tayo ng mga Pagpapala sa Pamamagitan ng Paglilingkod

- Anong mga pagpapala ang natatanggap natin sa paglilingkod sa iba?

Kapag naglilingkod tayo sa iba nakakamtan natin ang mahahalagang pagpapala. Sa paglilingkod ay nadaragdagan ang ating kakayahang magmahal. Nababawasan ang ating pagkamaramot. Habang iniisip natin ang mga problema ng ibang tao, ang sarili nating mga problema ay parang gumagaan. Kailangan tayong maglingkod sa iba upang magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sinabi ng Diyos na ang mga mamumuhay sa Kanyang piling ay kailangang mahalín at paglilingkuran ang Kanyang mga anak (tingnan sa Mateo 25:34–40).

Kapag iniisip natin ang buhay ng mga taong naglilingkod nang walang pag-iimbot, nakikita natin na higit ang natatanggap nila kaysa kanilang ibinibigay. Isa sa mga taong ito ang Banal sa mga Huling Araw na nangganggalang Paul na nalumpo ang dalawang paa sa isang aksidente. Ang ilang tao ay maaaring magdamdam na mabuti at madamang wala na silang silbi, ngunit sa halip ay pinili ni Paul na isipin ang ibang bagay. Natutuhan niya ang isang hanapbuhay at kumita nang sapat na pera upang makabili ng bahay. Doon ay kinupkop niya at ng kanyang asawa ang maraming batang tinatanggihan at walang tahanan. Ang ilan ay may malubhang kapananan. Hanggang sa kanyang kamatayan makalipas ang 20 taon, pinaglingkuran niya ang mga batang ito at ang iba pa. Bilang ganti minahal siya nang labis, at hindi na niya naisip ang kanyang nalumpo nga mga paa. Napalapit siya sa Panginoon.

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball, “Nagiging mas makabuluhan tayo sa paglilingkod sa iba—tunay na mas madaling ‘masumpungan’ ang ating sarili dahil marami pa tayong malalaman!” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball*, 105).

Mga Pagkakataon na Maglingkod

Ang ilan sa atin ay naglilingkod lamang sa mga kinalulugdan nating kasama at iniwasan natin ang iba. Gayunman, iniutos sa atin ni Jesus na mahalín at paglingkuran ang bawat isa. Maraming pagkakataon para makapaglingkod (tingnan sa Mosias 4:15–19).

Maaari nating paglingkuran ang mga miyembro ng ating pamilya. Dapat mabatid ng mga mag-asawa ang pangangailangan ng isa’t isa. Dapat paglingkuran ng mga magulang ang kanilang mga anak hindi lamang sa pamamagitan ng pagpapakain at pagbibigay ng damit sa kanila kundi sa pamamagitan din ng pagtuturo at pakikipaglaro at pagtatrabahong kasama nila. Ang mga anak ay maaaring maglingkod sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawaing bahay at sa pagtulong sa mga kapatid.

Pinaglilingkuran at tinutulungan ng mga mag-asawa ang isa’t isa. Maaari nilang tulungan ang isa’t isa sa pag-aalaga ng mga bata, at maaari nilang suportahan ang isa’t isa sa kani-kanilang mga

naisin at hangarin. Ang isang ama at ina ay maaaring magsakripisyo upang maipadala ang isang anak sa misyon. Maaaring aluin ng isang kuya ang nakababatang kapatid na babae na takot sa dilim o tulungan siyang matutong magbasa. Sinabi sa atin ng mga propeta na ang pamilya ang pinakamahalagang yunit sa lipunan. Kailangang paglingkuran nating mabuti ang ating pamilya (tingnan sa Mosias 4:14–15).

Marami tayong pagkakataon na paglingkuran ang ating mga kapitbahay, kaibigan, at maging ang mga hindi kakilala. Kung ang isang kapitbahay ay nahihirapan sa pag-ani ng mga pananim bago bumagyo, maaari tayong tumulong. Kung maysakit ang isang ina, maaari nating bantayan ang kanyang mga anak o tumulong sa mga gawaing-bahay. Kung ang isang binatilyo ay lumalayo sa Simbahan, maaari natin siyang akayin pabalik. Kung ang isang bata ay pinagtatawanan, maaari natin siyang kaibiganin o hikayatin ang iba na maging mabait sa kanya. Hindi natin kailangang makilala ang mga taong pinaglilingkuran natin. Dapat tayong humanap ng mga paraan upang mapaglingkuran ang maraming anak ng ating Ama sa Langit sa abot ng ating makakaya.

Kung tayo ay may espesyal na mga talento, dapat nating gamitin ang mga ito upang mapaglingkuran ang iba. Binibiyayaan tayo ng Diyos ng mga talento at kakayahan upang tumulong na mapabuti ang buhay ng iba.

May mga pagkakataon tayong maglingkod sa Simbahan. Ang isang layunin ng organisasyon ng Simbahan ay bigyan tayo ng mga pagkakataon na tulungan ang isa't isa. Ang mga miyembro ng Simbahan ay naglilingkod sa pamamagitan ng paggawa ng gawaing misyonero, pagtanggap ng mga tungkulin sa pamumuno, pagbisita sa iba pang mga miyembro ng Simbahan, pagtuturo sa mga klase, at paggawa ng iba pang gawain sa Simbahan. Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, walang binabayarang ministro, kung kaya ang mga miyembro mismo ang kailangang magsagawa ng lahat ng gawain ng Simbahan.

- Paano natin mabibigyan ng sapat na panahon ang ating pamilya, sa kabila ng maraming pagkakataon natin na maglingkod sa Simbahan at sa komunidad?

Si Jesucristo ang Perpektong Halimbawa ng Paglilingkod

- Ano ang ilan sa inyong mga paboritong kuwento sa banal na kasulatan kung saan nagpakita ang Tagapagligtas ng halimbawa ng paglilingkod?

Ang Tagapagligtas ang nagbigay ng perpektong halimbawa ng paglilingkod. Ipinaliwanag Niya na hindi Siya naparito sa lupa upang paglingkuran kundi upang maglingkod at upang ibigay ang Kanyang buhay para sa atin (tingnan sa Mateo 20:28).

Mahal tayong lahat ni Jesucristo nang higit kaysa sa ating nauunawaan. Noong Siya ay nasa mundo pinaglingkuran Niya ang mahihirap, ang mga mangmang, ang mga makasalanan, ang mga hinahamak. Itinuro Niya ang ebanghelyo sa lahat ng makikinig, pinakain ang grupo ng mga taong nagugutom na nagpunta upang makinig sa Kanya, pinagaling ang mga maysakit, at binuhay ang mga patay.

Siya ang Manlilikha ng mundo at ating Tagapagligtas, gayunman marami Siyang ginawang mapagpakumbabang paglilingkod. Bago ang Pagpapako sa Kanya sa Krus pinulong Niya ang Kanyang mga disipulo. Pagkatapos magturo sa kanila, kinuha Niya ang isang palanggana ng tubig at tuwalya at hinugasan ang kanilang mga paa (tingnan sa Juan 13:4–10; tingnan din ang larawan na nasa kabana-tang ito). Noong mga panahong iyon ang paghuhugas ng paa ng isang bisita ay tanda ng pagbibigay-galang at karaniwang ginagawa ng isang tagapaglingkod. Ginawa ito ni Jesus bilang halimbawa ng pagmamahal at paglilingkod. Kapag kusang-loob tayong naglilingkod sa iba na may diwa ng pagmamahal, tayo ay nagiging higit na katulad ni Cristo.

Para sa mga guro: Kapag ibinabahagi natin ang ating mga patotoo tungkol kay Jesucristo, inaanyayahan natin ang impluwensya ng Espiritu Santo. Habang ikaw ay naghahanda at nagtuturo, palaging maghanap ng mga paraan upang magpatotoo tungkol sa Tagapagligtas at anyayahan ang mga tinuturuan mo na gayon din ang gawin.

- Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ng paglilingkod ng Tagapagligtas?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Mosias 2 (talumpati ni Haring Benjamin tungkol sa paglilingkod)
- D at T 81:5 (tulongan, bigyang-sigla, patatagin)
- Mga Taga Colosas 3:23–24 (paglingkuran ang iba tulad ng paglilingkod mo sa Panginoon)
- Alma 17–18 (pinaglingkuran ni Ammon ang hari)
- Mga Taga Galacia 5:13 (paglingkuran ang isa't isa nang may pagmamahal)

Ang Batas ng Panginoon Ukol sa Kalusugan

Kabanata 29

Ang Ating mga Katawan ay mga Templo ng Diyos

Ang isa sa mga dakilang pagpapalang natanggap natin nang pumarito tayo sa lupa ay ang katawang pisikal. Kailangan natin ng katawang pisikal upang maging katulad ng ating Ama sa Langit. Napakahalaga ng ating katawan kung kaya tinawag ito ng Panginoon na mga templo ng Diyos (tingnan sa I Mga Taga Corinto 3:16–17; 6:19–20). Ang ating katawan ay banal.

Dahil mahalaga ang ating katawan, nais ng ating Ama sa Langit na pangalagaan nating mabuti ito. Alam Niya na magiging mas mali-gaya at mas mabubuting tao tayo kung malusog tayo. Ang Espiritu Santo ay mapapasaatin kung malinis ang ating katawan at isipan. Alam ng ating Ama na nahaharap tayo sa mga tuksong tratuhin ang ating katawan sa di-matalinong paraan o kainin at inumin ang mga bagay na makasasama dito. Dahil dito sinabi Niya sa atin kung aling mga bagay ang mabuti para sa ating kalusugan at aling mga bagay ang masama. Karamihan ng impormasyon na ibinigay ng Diyos sa atin tungkol sa mabuting kalusugan ay matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 89. Ang paghahayag na ito ay tinatawag na Word of Wisdom.

Kailangan nating sundin ang Word of Wisdom upang maging karapat-dapat na pumasok sa templo. Kung hindi natin susundin ang Word of Wisdom, ang Espiritu ng Panginoon ay lalayo sa atin. Kung dinudumihan natin ang “templo ng Diyos,” na siyang ating katawan, sinasaktan natin ang ating sarili sa pisikal at espirituwal.



Iniuutos sa Ating Huwag Ipasok ang Ilang Partikular na mga Bagay sa Ating Katawan

- Ano ang iniutos ng Panginoon na huwag nating ipasok sa ating katawan?

Iniuutos sa atin ng Panginoon na huwag uminom ng alak at mata-tapang na inumin, na ang ibig sabihin ay mga inuming nagtataglay ng alkohol. Itinuro ng Unang Panguluhan na ang matapang na inumin ay kadalasang nagdudulot ng kalupitan, kahirapan, karamdaman, at salot sa tahanan. Ito ang kadalasang sanhi ng pandaraya, pagkawala ng puri, at pagkawala ng mabuting pagpapasiya. Ito ay isang sumpa sa lahat ng iinom nito. (Tingnan sa “Message of the First Presidency,” *Improvement Era*, Nob. 1942, 686.) Ang mga inang nagdadalantao na umiinom ng alak ay makapagdudulot ng pinsala sa katawan at isipan ng kanilang mga anak. Ang maraming aksidente sa sasakyan taun-taon ay kagagawan ng mga taong umiinom ng alak.

Sinabi rin sa atin ng Panginoon na ang “tabako ay hindi para sa katawan” (D at T 89:8). Masama ito sa ating katawan at sa ating espiritu. Hindi tayo dapat humitit ng sigarilyo o tabako o gumamit ng tabakong nginunguya. Ipinakita ng mga siyentipiko na ang tabako ang sanhi ng maraming sakit at nakapipinsala sa mga batang hindi pa isinisilang.

Pinayuhan din tayo ng Panginoon laban sa paggamit ng “maiinit na inumin” (D at T 89:9). Sinabi ng mga pinuno ng Simbahan na ang ibig sabihin nito ay kape at tsaa, na nagtataglay ng mga sangkap na nakapipinsala. Dapat nating iwasan ang lahat ng inumin na nagtataglay ng mga sangkap na nakapipinsala.

Hindi tayo dapat gumamit ng gamot maliban kapag ang mga ito ay kailangan bilang medisina o panlunas. Ang ilang gamot ay higit na nakapipinsala kaysa alkohol at tabako (na mga gamot din). Ang mga taong gumagamit ng mga gamot sa maling paraan ay

Para sa mga guro: Ang pagsusulat ng mga listahan ay makapupukaw ng pansin at makatutulong upang magtuon ng pansin ang mga nasa klase. Habang pinag-uusapan ng mga miyembro ng klase o pamilya ang mga bagay na ipinag-utos ng Panginoon na huwag ipasok sa ating mga katawan, maaari mong ipasulat sa isang tao ang kanilang mga sagot sa pisara o sa malaking papel. Maaari mo ring gawin ito kapag tinalakay nila ang mga bagay na makapagpapalugos sa ating mga katawan.

kailangang humingi ng tulong, manalangin para sa kalakasan, at sumangguni sa kanilang bishop para lubusan silang makapagsisi at maging malinis.

Dapat nating iwasan ang anumang bagay na alam nating makapipinsala o makasasama sa ating katawan. Hindi tayo dapat gumamit ng anumang sangkap na nakakagawian na. Dapat din nating iwasan ang pagkain nang labis. Hindi sinasabi ng Word of Wisdom ang lahat ng bagay na dapat nating iwasan o dapat nating kainin at inumin, ngunit binibigyan tayo nito ng gabay. Ito ay mahalagang temporal na batas. Ito rin ay dakilang espirituwal na batas. Sa pag-sunod sa Word of Wisdom, tayo ay nagiging mas malakas sa espirituwal. Pinadadalisay natin ang ating katawan upang manahanan sa atin ang Espiritu ng Panginoon.

- Ano ang ilang bagay na hindi tuwirang binanggit sa Word of Wisdom na dapat nating iwasan?

Tinuturuan Tayo na May Ilang Bagay na Mabuti para sa Ating Katawan

- Sang-ayon sa Word of Wisdom, ano ang ilang bagay na sinasabi ng Panginoon na mainam para sa atin?

Ang mga bungang-kahoy, gulay, at mabuting halaman ay mainam para sa atin. Dapat nating gamitin ang mga ito nang may karunungan at pasasalamat.

Ang laman ng mga ibon at hayop ay inilaan din bilang pagkain natin. Gayunman, dapat paunti-unti lamang ang pagkain natin ng karne (tingnan sa D at T 49:18; 89:12). Mabuti rin para sa atin ang kumain ng isda.

Ang mga butil ay mabuti para sa atin. Ang trigo ay lalong mabuti para sa atin.

- Paano kayo napagpala ng paggamit ng mga bagay na ito?

Ang Pagtatrabaho, Pamamahinga, at Ehersisyo ay Mahalaga

- Ano ang kinalaman ng pagtatrabaho, pamamahinga, at ehersisyo sa batas ng Panginoon ukol sa kalusugan?

Bilang karagdagan sa Doktrina at mga Tipan 89, ang iba pang mga banal na kasulatan ay nagsasabi sa atin kung paano maging malusog. Sinasabi ng mga ito sa atin na dapat tayong “tumigil sa pagiging tamad; tumigil sa pagiging marumi; . . . tumigil sa pagtulog nang mahaba kaysa sa kinakailangan; magpahinga sa inyong higaan nang maaga, upang kayo ay hindi mapagal; gumising nang maaga, upang ang inyong mga katawan at inyong mga isip ay mabigyang-lakas” (D at T 88:124). Sinabihan din tayo, “Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain” (Exodo 20:9). Pinapayuhan tayo ng Panginoon na huwag gumawa nang labis kaysa makakaya ng ating lakas (tingnan sa D at T 10:4).

Isang propeta sa mga huling araw ang nagsabi sa atin na dapat nating panatilihin malusog ang ating katawan. Payo niya, “Ang masustansiyang mga pagkain, regular na ehersisyo, at wastong haba ng tulog ay kailangan para lumakas ang katawan, tulad din ng pagpapalakas na ginagawa ng palagiang pag-aaral ng mga banal na kasulatan at panalangin sa isipan at espiritu” (Thomas S. Monson, sa Conference Report, Okt. 1990, 60; o *Ensign*, Nob. 1990, 46).

Mga Pangakong Pagpapala sa Pagsunod sa Batas ng Panginoon Ukol sa Kalusugan

- Anong mga pagpapala ang dumarating sa atin kapag sinusunod natin ang Word of Wisdom?

Binigyan tayo ng ating Ama sa Langit ng mga batas ng kalusugan upang turuan tayo kung paano pangalagaan ang ating katawan. Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan ang tungkol sa mga batas ng Diyos: “Walang temporal na kautusan akong ibinigay . . . , sapagkat ang aking mga kautusan ay espirituwal” (D at T 29:35). Ibig sabihin ang Kanyang mga kautusan tungkol sa ating pisikal na kalagayan ay para sa ating espirituwal na kapakanan.

Kapag tinutupad natin ang batas ng Panginoon sa kalusugan at sinusunod ang iba pa Niyang mga kautusan, nangangako ang Panginoon na tatanggap tayo ng pisikal at espirituwal na mga pagpapala.

Sa pisikal ay pinangakuan tayo ng mabuting kalusugan. Bilang bunga ng mabuting kalusugang ito tayo ay “tatakbo at hindi mapapagod, at lalakad at hindi manghihina” (D at T 89:20). Ito ay malaking pagpapala, ngunit ang mga espirituwal na pagpapalang ipinangako Niya sa atin ay higit pa sa pisikal na mga pagpapala.

Ipinapangako sa atin ng Panginoon na tayo ay “makatatagpo ng karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, maging mga natatagong kayamanan” (D at T 89:19). Ituturo sa atin ng Espiritu Santo ang mahahalagang katotohanan sa pamamagitan ng paghahayag. Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer: “Ang ating katawang pisikal ang instrumento ng ating espiritu. Sa kagila-gilalas na paghahayag ng Word of Wisdom, sinabihan tayo kung paano pananatilihin ang ating katawan na malaya sa mga karumihan na maaaring magpahina, at makasira, sa maseselang pisikal na pandamdang na may kaugnayan sa espirituwal na komunikasyon. Ang Word of Wisdom ay susi sa indibiduwal na paghahayag” (sa Conference Report, Okt. 1989, 16; o *Ensign*, Nob. 1989, 14).

Nangangako rin ang Panginoon na lalampasan tayo ng mapamuk-sang anghel. Sinabi ni Pangulong Heber J. Grant, “Kung hangad natin ang mga pagpapala ng buhay, ng kalusugan, ng lakas ng katawan at isip; kung hangad nating lampasan tayo ng mapamuk-sang anghel, gaya ng ginawa niya noong kapanahunan ng mga anak ni Israel, kailangan nating sundin ang Word of Wisdom; sa gayon ay nakatali ang Diyos [sa Kanyang mga pangako], at mapapasaatin ang mga pagpapala” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* [2002], 215).

- Paano natin matutulungan ang mga bata at mga kabataan na maunawaan ang walang hanggang kahalagahan ng Word of Wisdom?
- Ano ang maaari nating gawin para tulungan ang mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan na nahihirapang sumunod sa Word of Wisdom?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Mga Hukom 13:13–14; Mga Kawikaan 20:1; Isaias 5:11–12; Daniel 1 (iwasan ang matatapang na inumin)
- D at T 59:16–20 (mga bagay ng mundo para sa kapakinabangan ng tao)
- Mga Kawikaan 23:20–21 (babala laban sa paglalasing, katakawan, katamaran)
- D at T 136:24 (itigil ang paglalasing)



Pag-ibig sa Kapwa-Tao

K a b a n a t a 30

Ano ang Pag-ibig sa Kapwa-Tao?

- Paano ninyo bibigyang-kahulugan ang pag-ibig sa kapwa-tao?

Mababanaag sa buhay ng Tagapagligtas ang Kanyang dalisay na pag-ibig para sa lahat ng tao. Ibinigay pa Niya ang Kanyang buhay para sa atin. Pag-ibig sa kapwa-tao ang dalisay na pagmamahal na iyon na taglay ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Iniutos Niya sa atin na mahalín ang isa’t isa tulad ng pagmamahal Niya sa atin. Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na ang pag-ibig sa kapwa-tao ay nagmumula sa dalisay na puso (tingnan sa I Kay Timoteo 1:5). Tayo ay may dalisay na pag-ibig, mula sa puso, kapag nagpakita tayo ng tunay na pagmamalasakit at habag para sa lahat ng ating mga kapatid.

Pag-ibig sa Kapwa-Tao ang Pinakadakila sa Lahat ng Kabutihan

Sinabi sa atin ni propetang Mormon, “Kaya nga, manangan sa pag-ibig sa kapwa-tao, na pinakadakila sa lahat, sapagkat ang lahat ng bagay ay nagkukulang—datapwat ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, at iyon ay nagtitiis magpakailanman” (Moroni 7:46–47; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 13; 2 Nephi 26:30; Moroni 7:44–45, 48).

Ibinigay ng Tagapagligtas ang halimbawa ng Kanyang buhay para tularan. Siya ang Anak ng Diyos. Taglay Niya ang ganap na pagmamahal, at ipinakita Niya sa atin kung paano magmamahal. Sa pama-magitan ng Kanyang halimbawa, ipinakita Niya sa atin na ang mga espirituwal at pisikal na pangangailangan ng ating kapwa ay kasinghalaga ng sa atin. Bago Niya ibinigay ang Kanyang buhay para sa atin, sinabi Niya:

“Ito ang aking utos, na kayo’y mangagibigan sa isa’t isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo.

“Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan” (Juan 15:12–13).

Sa pakikipag-usap sa Panginoon, sinabi ni Moroni:

“Natatandaan kong sinabi ninyo na iniibig ninyo ang sanlibutan, maging hanggang sa paghahain ng inyong buhay para sa sanlibutan. . . .

“At ngayon nalalaman ko na ang pag-ibig na ito na inyong taglay para sa mga anak ng tao ay pag-ibig sa kapwa; anupa’t maliban kung magkaroon ng pag-ibig sa kapwa ang tao ay hindi nila mamamana ang lugar na yaon na inyong inihanda sa mga mansiyon ng inyong Ama” (Eter 12:33–34).

Maaaring hindi natin kailangang ibigay ang ating buhay tulad ng ginawa ng Tagapagligtas. Ngunit maaari tayong magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao kung gagawin natin Siyang sentro ng ating buhay at susundin ang Kanyang halimbawa at mga turo. Tulad ng Tagapagligtas, maaari din nating pagpalain ang buhay ng ating mga kapatid dito sa mundo.

- Bakit pag-ibig sa kapwa-tao ang pinakadakila sa lahat ng kabutihan?

Nakapaloob sa Pag-ibig sa Kapwa-Tao ang Pagbibigay sa mga Maysakit, Nagdadalamhati, at Mahihirap

Maraming itinuro sa atin ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng mga kuwento o talinghaga. Itinuturo sa atin ng talinghaga ng mabuting Samaritano na dapat tayong magbigay sa mga nangangailangan, sila man ay ating mga kaibigan o hindi (tingnan sa Lucas 10:30–37; tingnan din sa James E. Talmage, *Jesus the Christ*, ika-3 edisyon [1916], 430–32). Sa talinghaga, sinabi ng Tagapagligtas na may isang lalaki na naglalakbay patungo sa ibang lungsod. Habang daan ay sinalakay siya ng mga tulisan. Ninakaw nila ang kanyang kasuotan at pera at binugbog siya, at iniwan siyang halos patay na.

Isang saserdote ang dumaan, nakita siya, at siya ay nilampasan. Pagkatapos ay isang manggagawa sa templo ang dumaan, tiningnan siya, at nagpatuloy sa paglakad. Gayunman, isang Samaritano, na kinamumuhian ng mga Judio, ang dumaan, at nang makita niya ang lalaki ay nakadama siya ng pagkahabag (tingnan ang larawan sa kabanatang ito). Habang nakaluhod sa kanyang tabi, tinalian ng mabuting Samaritano ang kanyang mga sugat at isinakay siya sa asno at dinala sa isang bahay-tuluyan. Binayaran niya ang katiwala ng bahay-tuluyan para alagaan ang lalaki hanggang sa ito ay gumaling.

Itinuro ni Jesus na dapat tayong magbigay ng pagkain sa mga nagugutom, kanlungan sa mga walang tirahan, at mga damit sa mahihirap. Kapag dinadalaw natin ang mga maysakit at ang mga nasa bilangguan, parang ginagawa na rin natin sa Kanya ang mga bagay na ito. Nangako Siya na sa paggawa natin ng mga bagay na ito ay mamanahin natin ang Kanyang kaharian. (Tingnan sa Mateo 25:34–46.)

Hindi natin dapat tangkaing magpasiya kung karapat-dapat ba o hindi ang isang tao sa ating tulong (tingnan sa Mosias 4:16–24). Kung naisaayos na natin ang mga pangangailangan ng sarili nating pamilya, sa gayon ay dapat nating tulungan ang lahat ng nangaangailangan ng tulong. Sa ganitong paraan tayo ay magiging katulad ng ating Ama sa Langit, na nagkakaloob ng ulan kapwa sa mabubuti at sa masasama (tingnan sa Mateo 5:44–45).

Ipinaalala sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na may mga taong nangangailangan ng higit pa sa mga materyal na bagay:

“Itanong natin sa ating sarili: ‘Ako ba’y may kabutihang nagawa? Ako ba ay nakatulong na?’ [*Mga Himno*, blg. 135]. Napakagandang pormula ng kaligayahan! Napakagandang reseta para sa kapanatagan, sa kapayapaan ng kalooban—ang mabigyang-inspirasyon ang isa pang nilalang upang magpasalamat.

“Ang ating mga pagkakataong tumulong ay tunay na walang hangganan, ngunit nabubulok din ang mga ito. May mga pusong pasasayahin. May mabubuting salitang sasambitin. May mga regalong

ibibigay. May mga gawaing gagawin. May mga kaluluwang ililigtas” (sa Conference Report, Okt. 2001, 72; o *Liahona*, Ene. 2002, 60).

- Sa talinghaga ng mabuting Samaritano, paano ninyo ilalarawan ang mga taong nagwalang-bahala sa lalaking sugatan? Paano ninyo ilalarawan ang Samaritano? Sa paanong mga paraan natin maisasagawa sa ating buhay ang mensahe ng talinghagang ito?

Ang Pag-ibig sa Kapwa-Tao ay Nagmumula sa Puso

- Paano natin magagawang mahalín ang mga tao sa kabila ng kaniilang mga kasalanan at pagkakamali?

Kahit na nagbibigay tayo sa mga nangangailangan, kung hindi tayo nakakaramdam ng pagkahabag sa kanila, tayo ay walang pag-ibig sa kapwa-tao (tingnan sa I Ni Juan 3:16–17). Itinuro ni Apostol Pablo na kapag tayo ay may pag-ibig sa kapwa-tao, tayo ay puno ng mabuting damdamin para sa lahat ng tao. Tayo ay mapagpasensya at mabait. Hindi tayo mayabang o palalo, maramot o walang-galang. Kapag tayo ay may pag-ibig sa kapwa-tao hindi natin tinatandaan o ikinagagalak ang kasamaang ginawa ng ibang tao. Ni hindi natin ginagawa ang mabubuting bagay dahil lamang sa kapaki-pakinabang ito sa atin. Sa halip, kasama tayong nagagalak ng mga taong namumuhay sa katotohanan. Kapag tayo ay may pag-ibig sa kapwa-tao tayo ay matapat, naniniwala tayo sa kakayahán ng ibang tao, at mabait tayo sa kanila. Itinuturo ng mga banal na kasulatan na ang “pagibig ay hindi nagkukulang kailan man.” (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 13:4–8.)

Ang Tagapagligtas ang ating halimbawa kung ano ang dapat nating madama at paano dapat pakitunguhan ang iba. Kinamuhian niya ang kasamaan, ngunit minahal Niya ang mga makasalanan sa kabila ng kanilang mga kasalanan. Nahabag Siya sa mga bata, matatanda, mahihirap, at mga nangangailangan. Napakalaki ng Kanyang pag-ibig kung kaya hiniling Niya sa ating Ama sa Langit na patawarin ang mga kawal na nagbaon ng mga pako sa Kanyang mga kamay at paa (tingnan sa Lucas 23:34). Itinuro Niya sa atin na kung hindi natin patatawarin ang iba, hindi tayo patatawarin ng ating Ama sa Langit (tingnan sa Mateo 18:33–35). Sinabi Niya:

“Sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, [pagpalain ang sa inyo’y sumusumpa, gawan ng mabuti ang napopoot sa inyo,] at idalangin ninyo ang sa inyo’y [lumalait at] nagsisisig. . . . Sapagka’t kung kayo’y iibig sa nangagsisiibig lamang sa inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin?” (Mateo 5:44, 46). Dapat nating matutuhang damhin ang nadama ni Jesus sa iba.

Taglayin ang Mabuting Katangian ng Pag-ibig sa Kapwa-Tao

- Paano natin higit na maiibig ang ating kapwa?

Ang isang paraan upang maibig natin ang ating kapwa ay pag-aralan ang buhay ni Jesucristo at sundin ang Kanyang mga kautusan. Maaari nating pag-aralan kung ano ang ginawa Niya sa ilang situwasyon at gawin din iyon kapag nasa gayundin tayong mga situwasyon.

Pangalawa, kapag hindi tayo nakadarama ng pagmamahal sa kapwa-tao, maaari nating ipagdasal na magkaroon tayo ng dagdag na pag-ibig sa kapwa. Hinihimok tayo ni Mormon na, “Manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig [pag-ibig sa kapwa-tao], na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo” (Moroni 7:48).

Pangatlo, maaari nating matutuhang mahal in ang ating sarili, na ang ibig sabihin ay nauunawaan natin ang tunay na kahalagahan natin bilang mga anak ng ating Ama sa Langit. Itinuro ng Tagapagligtas na kailangan nating mahal in ang iba *tulad ng pagmamahal natin sa ating sarili* (tingnan sa Mateo 22:39). Upang mahal in ang ating sarili, kailangan nating igalang at pagtiwalaan ang ating sarili. Ibig sabihin kailangan tayong maging masunurin sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Kailangan nating pagsisihan ang anumang

Para sa mga guro: Sa ilalim ng pamagat na “Taglayin ang Mabuting Katangian ng Pag-ibig sa Kapwa-Tao,” bawat isa sa unang apat na talata ay nagtuturo ng isang paraan kung paano natin higit na maiibig ang ating kapwa. Kung maaaring gawin ang talakayan sa maliit na grupo, isipin na hatiin ang mga miyembro ng klase o pamilya sa grupo ng tig-apat na katao. Ibigay ang isa sa apat na talata sa bawat miyembro ng bawat grupo. Anyayahan ang mga kasali na pag-aralan ang talatang ibinigay sa kanila. Papag-isipin sila ng mga halimbawa, mula sa buhay ng mga taong kakilala nila o sa mga tao sa mga banal na kasulatan, na kumakatawan sa paraang ito ng pagkakaroon ng pag-ibig sa kapwa. Pagkatapos ay ipabahagi ang kanilang mga halimbawa sa isa’t isa sa kanilang mga grupo.

pagkakamali. Kailangan nating patawarin ang ating sarili kapag nakapagsisi na tayo. Lalo nating mamahalin ang ating sarili kapag nadama natin ang taos at nakapapanatag na katiyakan na talagang mahal tayo ng Tagapagligtas.

Pang-apat, maiiwasan nating isipin na mas mabuti tayo kaysa sa ibang tao. Mapagpapasensyahan natin ang kanilang mga pagkakamali. Sinabi ni Joseph Smith, “Kapag mas napapalapit tayo sa ating Ama sa langit, mas nahahabag tayo sa mga taong naliligaw ng landas; nais natin silang pasanin, at balikatin ang kanilang mga kasalanan” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 502–3).

Sa Aklat ni Mormon mababasa natin ang tungkol kay Enos, isang binata na nagnais malaman kung napatawad na ang kanyang mga kasalanan. Sabi niya sa atin:

“Ang aking kaluluwa ay nagutom; at ako ay lumuhod sa harapan ng aking Lumikha, at ako ay nagsumamo sa kanya sa mataimtim na panalangin at hinaing para sa aking sariling kaluluwa; at sa buong araw ako ay nagsumamo sa kanya; oo, at nang dumating ang gabi ay inilakas ko pa ang aking tinig sa kaitaasan kung kaya’t iyon ay nakarating sa kalangitan.

“At doon ay nangusap ang isang tinig sa akin, sinasabing: Enos, ang iyong mga kasalanan ay pinatatawad na, at ikaw ay pagpapalain” (Enos 1:4–5).

Ipinaliwanag ng Panginoon kay Enos na dahil sa kanyang pananampalataya kay Cristo ang kanyang mga kasalanan ay pinatawad. Nang marinig ni Enos ang mga salitang ito hindi na siya nabahala pa tungkol sa kanyang sarili. Alam niyang mahal siya ng Panginoon at pagpapalain siya. Sa halip ay naisip niya ang kapaanan ng kanyang mga kaibigan at kamag-anak, ang mga Nephita. Ibinuhos niya ang kanyang buong kaluluwa sa Diyos para sa kanila. Sumagot ang Panginoon at sinabing pagpapalain sila ayon sa kanilang katapatan sa pagsunod sa mga kautusan na ibinigay na sa kanila. Lalong nag-ibayo ang pagmamahal ni Enos nang marinig ang mga salitang ito, at siya ay nanalangin nang matagal para sa mga Lamanita, na kaaway ng mga Nephita. Ipinagkaloob ng

Panginoon ang kanyang mga hangarin, at iniukol niya ang nalalabi niyang buhay sa pagsisikap na iligtas ang mga kaluluwa ng mga Nephita at Lamanita. (Tingnan sa Enos 1:6–26.)

Labis na nagpasalamat si Enos sa pagmamahal at pagpapatawad ng Panginoon kung kaya kusa niyang iniukol ang nalalabi niyang buhay sa pagtulong sa iba na matanggap ang ganitong kaloob. Si Enos ay talagang nagkaroon ng pag-ibig sa kapwa. Magagawa rin natin ito. Sa katunayan, kailangan nating gawin ito upang manahin ang lugar na inihanda para sa atin sa kaharian ng ating Ama.

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Mga Taga Colosas 3:12–14 (pag-ibig sa kapwa-tao ang bigkis ng kasakdalan)
- Alma 34:28–29 (ang ating mga panalangin ay walang kabuluhan kung hindi natin iniibig ang ating kapwa)
- I Mga Taga Corinto 12:29–13:3 (kahulugan ng pag-ibig sa kapwa-tao)
- D at T 121:45–46 (mapuspos tayo ng pag-ibig sa lahat ng ating kapwa-tao)



Katapatan

K a b a n a t a 31

Ang Katapatan ay Isang Alituntunin ng Kaligtasan

- Ano kaya ang mangyayari sa lipunan kung lubos ang katapatan ng lahat ng tao?

Sinasabi sa ika-13 saligan ng pananampalataya, “Naniniwala kami sa pagiging matapat.” Ikinukuwento sa atin ng Aklat ni Mormon ang tungkol sa isang grupo ng mga tao na “nakilala . . . sa kanilang pagiging masigasig sa Diyos, at gayon din sa mga tao; sapagkat sila ay ganap na matapat at matwid sa lahat ng bagay; at sila ay matatag sa pananampalataya kay Cristo, maging hanggang sa katapusan” (Alma 27:27). Dahil sa kanilang katapatan, ang mga taong ito ay kilala ng kanilang kapwa at ng Diyos. Mahalagang matutuhan natin kung ano ang katapatan, kung paano tayo natutukso na maging hindi tapat, at paano natin madadaig ang tuksong ito.

Ang lubos na katapatan ay kailangan para sa ating kaligtasan. Sinabi ni Pangulong Brigham Young, “Kung tatanggapin natin ang kaligtasan sa ilalim ng mga tadhana kung saan ito inialok sa atin, kinakailangan nating maging tapat sa bawat iniisip, sa ating mga pagmumuni-muni, sa ating mga pagbubulay-bulay, sa ating pansariling mga samahan, sa ating mga pakikitungo, sa ating mga paha-yag, at sa bawat kilos sa ating buhay” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* [1997], 328).

Ang Diyos ay tapat at makatarungan sa lahat ng bagay (tingnan sa Alma 7:20). Tayo din ay kailangang maging tapat sa lahat ng bagay upang maging katulad Niya. Ang kapatid ni Jared ay nagpatotoo, “Oo, Panginoon, nalalaman ko na . . . kayo ay Diyos ng katotohanan, at hindi maaaring magsinungaling” (Eter 3:12). Sa kabaligtaran, ang diyablo ay sinungaling. Sa katunayan, siya ang ama ng lahat ng kasinungalingan (tingnan sa 2 Nephi 9:9). “Ang mga taong

pinipili ang mandaya at magsinungaling at manlinlang at manloko ay nagiging mga alipin niya” (Mark E. Petersen, sa Conference Report, Okt. 1971, 65; o *Ensign*, Dis. 1971, 73).

Mahal ng matatapat na tao ang katotohanan at katarungan. Sila ay tapat sa kanilang mga salita at gawa. Hindi sila nagsisinungaling, nagnanakaw, o nandaraya.

Ang Magsinungaling ay Pagiging Hindi Tapat

Ang pagsisinungaling ay sadyang panlilinlang sa iba. Ang pagbibintang ay isang uri ng pagsisinungaling. Ibinigay ng Panginoon ang kautusang ito sa mga anak ni Israel: “Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa” (Exodo 20:16). Itinuro din ito ni Jesus noong narito Siya sa lupa (tingnan sa Mateo 19:18). Marami pang anyo ang pagsisinungaling. Kapag nagsalita tayo ng hindi totoo, tayo ay nagkakasala ng pagsisinungaling. Maaari din nating sadyang linlangin ang iba sa pamamagitan ng kumpas o tingin, sa hindi pagkibo, o sa pagsasabi ng bahagi lamang ng katotohanan. Sa tuwing inaakay natin ang mga tao na maniwala sa isang bagay na hindi totoo sa anumang paraan, tayo ay hindi nagiging tapat.

Ang Panginoon ay hindi natutuwa sa ganitong kawalan ng katapatan, at pananagutan natin ang ating mga kasinungalingan. Papaniwalain tayo ni Satanas na hindi masama ang magsinungaling. Sabi niya, “Oo, magsinungaling nang kaunti; . . . walang masama rito” (2 Nephi 28:8). Hinihikayat tayo ni Satanas na pangatwiranan ang ating mga kasinungalingan sa ating sarili. Makikilala ng matatapat na tao ang mga tukso ni Satanas at magsasabi ng buong katotohanan, kahit na ito ay maaaring makasama sa kanila.

Para sa mga guro: Ang kabanatang ito ay naglalaman ng tatlong bahagi na naglalarawan sa mga anyo ng hindi pagiging tapat: pagsisinungaling, pagnanakaw, at pandaraya. Maaari mong hatiin ang mga miyembro ng klase o pamilya sa tatlong grupo. Bigyan ang bawat grupo ng isa sa tatlong bahaging ito. Hilingin sa mga miyembro ng bawat grupo na tahimik na basahin ang bahaging ibinigay sa kanila at tingnan ang mga anyo ng hindi pagiging tapat na inilarawan sa bahaging iyon. Pagkatapos ay talakayin ang mga bahagi bilang isang klase o bilang isang pamilya. Itanong kung paano tayo magiging tapat sa bawat situwasyon na inilarawan.

Ang Magnakaw ay Pagiging Hindi Tapat

Itinuro ni Jesus, “Huwag kang magnanakaw” (Mateo 19:18). Ang pagnanakaw ay pagkuha ng isang bagay na hindi sa atin. Kapag kinuha natin ang pag-aari ng iba o ng isang tindahan o ng komunidad nang walang pahintulot, tayo ay nagnanakaw. Ang pagkuha ng paninda o mga kagamitan mula sa pinagtatrabahuhan ay pagnanakaw. Ang pagkopya ng musika, pelikula, retrato, o nakasulat na teksto nang walang pahintulot ng mga may-ari ng karapatang-sipi ay pagiging hindi tapat at isang uri ng pagnanakaw. Ang pagtanggap ng sobrang sukli o mga paninda kaysa dapat tanggapin ng isang tao ay pagiging hindi tapat. Ang pagkuha nang higit kaysa ating bahagi ng anumang bagay ay pagnanakaw.

Ang Mandaya ay Pagiging Hindi Tapat

Nandaraya tayo kapag kulang ang ibinigay natin kaysa ating pagkakautang, o kapag kinuha natin ang isang bagay na hindi nararapat para sa atin. Dinaraya ng ilang empleyado ang kanilang pinagtatrabahuhan sa hindi paggawa nang husto sa oras ng trabaho; subalit hustong pasahod ang tinatanggap nila. Ang ilang pinagtatrabahuhan ay hindi patas sa kanilang mga empleyado; kulang ang ibinabayad sa dapat nilang ipasahod sa kanila. Sinasabi ni Satanas, “Pagsamantalahan ang isa dahil sa kanyang mga salita, humukay ng hukay para sa iyong kapwa” (2 Nephi 28:8). Ang pagsasamantala ay isang uri ng pagiging hindi tapat. Ang pagbibigay ng hindi magandang kalidad ng serbisyo o paninda ay pandaraya.

Hindi Natin Dapat Bigyang-Katwiran ang Ating Pagiging Hindi Tapat

- Ano ang nangyayari sa espirituwalidad natin kapag binibigyang-katwiran natin ang ating pagiging hindi tapat?

Maraming idinadahilan ang mga tao sa pagiging hindi tapat. Ang mga tao ay nagsisinungaling upang protektahan ang sarili at upang mabuti ang isipin sa kanila ng iba. Binibigyang-katwiran ng ilan ang kanilang pagnanakaw, iniisip na nararapat na mapasakanila ang kanilang kinuha, balak naman nilang isauli ito, o mas kailangan nila ito kaysa sa may-ari. Ang ilan ay nandaraya para

makakuha ng mataas na marka sa eskuwela o dahil “ginagawa naman ito ng lahat” o para makabawi.

Ang mga pangangatwirang ito at marami pang iba ang idinadahilan sa pagiging hindi tapat. Sa Panginoon, walang katanggap-tanggap na mga pagdadahilan. Kapag binibigyang-katwiran natin ang ating sarili, dinadaya natin ang ating sarili at lalayo sa atin ang Espiritu ng Diyos. Tayo ay lalong nagiging masama.

Maaari Tayong Maging Lubos na Matapat

- Ano ang ibig sabihin ng maging lubos na matapat?

Upang maging lubos na matapat, kailangang suriin nating mabuti ang ating buhay. Kung may mga pagkakataon na nagiging hindi tayo tapat kahit sa napakaliit na paraan, dapat nating pagsisihan kaagad ang mga ito.

Kapag tayo ay lubos na matapat, hindi tayo magiging masama. Tapat tayo sa bawat pagtitiwala, tungkulin, kasunduan, o tipan, kahit ang katumbas nito ay pera, mga kaibigan, o ang ating buhay. Dahil dito ay makahaharap tayo sa Panginoon, sa ating sarili, at sa iba nang walang ikinahihiya. Ipinayo ni Pangulong Joseph F. Smith, “Hayaang maging matwid ang buhay ng bawat tao upang matanggap at malampasan ng kanyang pagkatao ang pinakamasusung pagsusuri, at nang makita ito na tulad ng isang bukas na aklat, upang wala siyang dapat na itago o ikahiya” (*Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon [1939], 252).

- Sa paanong paraan naaapektuhan ng ating katapatan o ng kawalan ng katapatan ang damdamin natin ukol sa ating sarili?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- D at T 50:17 (magsalita lamang sa pamamagitan ng espiritu ng katotohanan)
- D at T 76:103–6 (kahahantungan ng mga sinungaling)
- D at T 42:27 (kautusan na huwag magsalita ng masama tungkol sa kapwa)
- Exodo 20:15–16 (mga kautusan na huwag magnakaw at huwag magbintang)
- D at T 42:20, 84–85; 59:6 (pinagbabawalan na magnakaw)
- D at T 3:2 (matapat ang Diyos)
- D at T 10:25–28 (nanlilinlang si Satanas)



Mga Ikapu at mga Handog

Kabanata 32

Pagbabayad ng mga Ikapu at mga Handog

- Paano nagpapakita ng pasasalamat sa ating Ama sa Langit sa lahat ng mga pagpapalang ibinibigay Niya sa atin ang kahandaan nating magbayad ng mga ikapu at mga handog?

Binigyan tayo ng mga kautusan upang tulungan tayong maghanda sa lahat ng bagay para mamuhay sa piling ng ating Ama sa Langit. Nagbigay Siya sa atin ng paraan upang pasalamatan Siya sa ating mga pagpapala. Ang kusang-loob na pagbabayad ng mga ikapu at mga handog ay isang paraan ng pasasalamat natin sa Kanya. Sa pagbabayad natin ng mga handog na ito, ipinakikita natin na mahal natin Siya at susundin ang Kanyang payo.

- Sa paanong paraan tayo natutulungan ng pagbabayad ng mga ikapu at mga handog na pasalamatan ang Ama sa Langit?

Pagsunod sa Batas ng Ikapu

- Ano ang tapat na ikapu?

Noong unang panahon, sinunod nina Abraham at Jacob ang kautusan na magbayad ng ikapu ng kanilang karagdagan (tingnan sa Sa Mga Hebreo 7:1–10; Genesis 14:19–20; 28:20–22).

Sa makabagong panahon ay nanalangin si Propetang Joseph Smith, “O Panginoon! Ipakita ninyo sa inyong tagapaglingkod kung

Para sa mga guro: Gumamit ng mga tanong sa simula ng isang bahagi para pasimulan ang talakayan at hikayatin ang mga miyembro ng klase o pamilya na maghanap sa mga banal na kasulatan para sa iba pang impormasyon. Gumamit ng mga tanong sa pagtatapos ng isang bahagi para tulungan ang mga miyembro ng klase o pamilya na pag-isipang mabuti at pag-usapan ang ibig sabihin ng nabasa nila at ipamuhay ito.

gaano ang inyong kakailanganin sa mga ari-arian ng inyong mga tao para sa ikapu” (D at T 119, panimula ng bahagi). Sumagot ang Panginoon: “Ito ang magiging pasimula ng pagbibigay ng ikapu ng aking mga tao. At pagkatapos nito, yaong mga hiningan ng ikapu ay magbabayad ng ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang tinubo taun-taon; at ito ay mananatiling batas sa kanila magpakailanman” (D at T 119:3–4). Ipinaliwanag ng Unang Panguluhan na ang tinutukoy ng “ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang tinubo taun-taon” ay ang ating kinikita (tingnan sa liham ng Unang Panguluhan, Mar. 19, 1970).

Kapag nagbabayad tayo ng ikapu ipinapakita natin ang ating katapatan sa Panginoon. Itinuturo din natin sa ating mga anak ang kahalagahan ng batas na ito. Nanaisin nilang sundin ang ating halimbawa at ipagbabayad ng ikapu ang anumang perang natatanggap nila.

- Sa anong mga paraan naging higit na alituntunin ng pananampalataya ang ikapu kaysa alituntunin ng pananalapi?
- Ano ang maaaring gawin ng mga magulang upang turuan ang kanilang mga anak na magbayad ng ikapu at maunawaan ang kahalagahan nito?

Dapat ay Kusang-Loob Tayong Magbigay

- Bakit mahalaga ang ating saloobin sa pagbabayad natin ng ikapu?

Mahalagang magbigay nang kusang-loob. “Kapag ang isang tao ay nagbabayad ng kanyang ikapu nang hindi nasisiyahan, nawawala sa kanya ang isang bahagi ng pagpapala. Kailangang matuto siyang magbigay nang masaya, kusang-loob at buong kagalakan, at ang kanyang handog ay pagpapalain” (Stephen L. Richards, *The Law of Tithing* [polyeto, 1983], 8).

Itinuro ni Apostol Pablo na ang paraan ng ating pagbibigay ay kasinghalaga ng ating ibinibigay. Sinabi niya, “Magbigay ang bawat isa . . .; huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan: sapagka’t inii-big ng Dios ang nagbibigay na masaya” (II Mga Taga Corinto 9:7).

- Ano ang ibig sabihin sa iyo ng “nagbibigay na masaya”?

Ikapu at Iba Pang mga Handog

- Sa paanong mga paraan ginagamit ng Simbahan ang mga pondo ng ikapu at iba pang mga handog?

Bilang mga miyembro ng Simbahan, nagbibigay tayo ng ikapu at iba pang mga handog sa Panginoon.

Ikapu

Ginagamit ng Simbahan ang ikapu sa maraming layunin. Ang ilan sa mga ito ay upang:

1. Magtayo, mangalaga, at mangasiwa ng mga templo, meeting-house, at iba pang mga gusali.
2. Maglaan ng pondong gagamitin sa pangangasiwa ng mga stake, ward, at iba pang mga yunit ng Simbahan. (Ginagamit ng mga yunit na ito ang pondo upang isagawa ang mga programa ukol sa pangangasiwa ng Simbahan, kabilang na ang pagtuturo ng ebanghelyo at pangangasiwa sa mga aktibidad.)
3. Tulungan ang programa ukol sa mga misyonero.
4. Turuan ang mga kabataan sa mga paaralan ng Simbahan, mga seminary, at institute.
5. Ilimbag at ipamahagi ang mga materyal na gamit sa pag-aaral.
6. Tumulong sa gawain sa family history at sa templo.

Iba Pang mga Handog

Mga Handog-ayuno. Ang mga miyembro ng Simbahan ay nag-aayuno bawat buwan sa pamamagitan ng hindi pagkain at pag-inom sa loob ng dalawang magkasunod na kainan. Iniaambag nila kahit ang halaga lang ng salapi na dapat na nagastos nila para sa magkasunod na kainan. Maaari silang magbigay nang bukas-palad hangga't makakaya nila. Ang handog na ito ay tinatawag na handog-ayuno. Ginagamit ng mga bishop ang mga handog-ayuno na ito upang bigyan ng pagkain, tirahan, damit, at pangangalagang medikal ang mga nangangailangan. (Tingnan sa kabanata 25 sa aklat na ito.)

Bilang bahagi ng araw ng ayuno, ang mga miyembro ay dumadalo sa isang miting na tinatawag na pulong sa pag-aayuno at pagpapatotoo, kung saan ibinabahagi nila sa isa't isa ang kanilang patotoo kay Cristo at sa Kanyang ebanghelyo.

Iba Pang mga Donasyon. Ang mga miyembro ng Simbahan ay maaaring mag-ambag sa iba pang mga adhikain ng Simbahan, tulad ng gawaing misyonero, ang Perpetual Education Fund, pagpapatayo ng templo, at humanitarian aid o tulong pangkawanggawa.

Paglilingkod. Iniaalok din ng mga miyembro ang kanilang panahon, kasanayan, at ari-arian upang tulungan ang iba. Ang paglilingkod na ito ay nagtutulot sa Simbahan na tulungan ang nangangailangan na mga miyembro at di-miyembro sa buong mundo maging ito ay sa komunidad, sa loob ng isang bansa, at sa ibang mga bansa, lalo na kapag nagaganap ang malalaking sakuna.

Tayo ay Pinagpapala Kapag Nagbibigay Tayo ng mga Ikapu at mga Handog

Nangangako ang Panginoon na pagpapalain tayo kung tayo ay matapat na magbabayad ng ating mga ikapu at mga handog. Sabi Niya, “Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito . . . kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan” (Malakias 3:10).

May iba pang binabanggit na pagpapala ang paghahayag sa mga huling araw para sa mga taong nagbabayad ng ikapu: “Katotohanan ito ay araw ng paghahain, at araw ng pagbabayad ng ikasangpung bahagi ng aking tao; sapagkat siya na nagbibigay ng ikapu ay hindi masusunog sa kanyang pagparito” (D at T 64:23).

Ang mga pagpapalang ipinangako sa atin ay kapwa materyal at espirituwal. Kung tayo ay kusang-loob na magbibigay, tutulungan tayo ng Ama sa Langit na tustusan ang ating pangangailangan sa pagkain, damit, at tirahan sa araw-araw. Sa pagsasalita sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Pilipinas, sinabi ni Pangu-long Gordon B. Hinckley na kung “tatanggapin [ng mga tao] ang

ebanghelyo at ipamumuhay ito, babayaran ang kanilang mga ikapu at mga handog, kahit kaunti lang ang mga ito, tutuparin ng Panginoon sa kanila ang Kanyang pangako noong una, at magkakaroon sila ng kanin sa kanilang mga mangkok at damit sa kanilang likuran at kanlungan sa kanilang uluhan. Wala akong makitang ibang solusyon. Kailangan nila ng isang kapangyarihang higit kaysa anumang kapangyarihan sa mundo upang iangat sila at tulungan sila” (“Inspirational Thoughts,” *Ensign*, Ago. 1997, 7). Tutulongan din tayo ng Panginoon na lumago “sa kaalaman tungkol sa Diyos, at sa patotoo, at sa kapangyarihang ipamuhay ang ebanghelyo at bigyang-inspirasyon ang ating mga pamilya na gayon din ang gawin” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* [2002], 137).

Ang mga nagbabayad ng kanilang mga ikapu at mga handog ay labis na pinagpapala. Mabuti ang pakiramdam nila na tumutulong sila sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa.

- Ano ang ilang mga pagpapalang natanggap ninyo, ng mga miyembro ng inyong pamilya, o ng inyong mga kaibigan sa pamamagitan ng pagbabayad ng ikapu at iba pang mga handog?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- D at T 119:1–4 (ang batas ng ikapu)
- Genesis 14:18–20; Alma 13:13–16 (nagbayad si Abraham ng mga ikapu)



Gawaing Misyonero

K a b a n a t a 33

Ang Simbahan ng Panginoon ay Isang Misyonerong Simbahan

- Sa paanong mga paraan naging bahagi ng plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak ang gawaing misyonero?

Inihayag ng Panginoon ang plano ng ebanghelyo kay Adan: “At sa gayon sinimulang ipangaral ang Ebanghelyo, mula sa simula” (Moises 5:58). Kalaunan, ang mabubuting inapo ni Adan ay isinugo upang ipangaral ang ebanghelyo: “Sila ay . . . nanawagan sa lahat ng tao, sa lahat ng dako, na magsipagsisi; at ang pananampalataya ay itinuro sa mga anak ng tao” (Moises 6:23).

Ang lahat ng mga propeta ay naging mga misyonero. Ang bawat isa sa kanyang kapanahunan ay inutusang ipangaral ang mensahe ng ebanghelyo. Sa tuwing nasa mundo ang priesthood, ang Panginoon ay nangangailangan ng mga misyonero upang ipangaral ang walang hanggang mga alituntunin ng ebanghelyo sa Kanyang mga anak.

Ang Simbahan ng Panginoon ay isang misyonerong simbahan noon pa man. Noong nabubuhay pa sa lupa ang Tagapagligtas, nag-orden Siya ng mga Apostol at Pitumpu at binigyan sila ng awtoridad at responsibilidad na ipangaral ang ebanghelyo. Ang karamihan sa kanilang pangangaral ay sa kanilang sariling mga tao, ang mga Judio (tingnan sa Mateo 10:5–6). Matapos mabuhay na mag-uli si Jesus, nagsugo Siya ng mga Apostol upang ipangaral ang ebanghelyo sa mga Gentil. Iniutos Niya sa mga Apostol, “Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal” (Marcos 16:15).

Para sa mga guro: Ang pagbabahagi ng mga karanasan sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay maaaring mag-anyaya sa Espiritu. Maaari mong kontakin ang ilang miyembro ng klase o pamilya bago magklase at hilingin sa kanila na maghandang magbahagi ng mga karanasan na makahulugan sa kanila at maaaring makatulong sa iba.

Si Apostol Pablo ay isang dakilang misyonero na isinugo sa mga Gentil. Matapos siyang magbalik-loob sa Simbahan, iniukol niya ang nalalabing panahon ng kanyang buhay sa pangangaral ng ebanghelyo sa kanila. Sa iba't ibang pagkakataon sa kanyang misyon siya ay hinagupit, binato, at ibinilanggo. Gayunman patuloy niyang ipinangaral ang ebanghelyo (tingnan sa Ang Mga Gawa 23:10–12; 26).

Ang gawaing misyonero ay muling nagsimula nang maipanumbalik ang Simbahan ng Panginoon sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ngayon ang mga Apostol at Pitumpu ay binigyan ng pangunahing responsibilidad na ipangaral ang ebanghelyo at tiyakin na ipinangaral ito sa buong mundo. Sinabi ng Panginoon kay Joseph Smith: “Ipahayag ang aking ebanghelyo nang lupain sa lupain, at nang lunsod sa lunsod. . . . Magpatotoo sa bawat lugar, sa bawat tao” (D at T 66:5, 7). Noong Hunyo 1830, sinimulan ni Samuel Harrison Smith, na kapatid ng Propeta, ang unang paglalakbay-misyonero para sa Simbahan.

Mula noong panahong iyon, mahigit isang milyong misyonero na ang tinawag at isinugo upang ipangaral ang ebanghelyo. Ang mensaheng hatid nila sa mundo ay si Jesucristo ang Anak ng Diyos at ating Tagapagligtas. Nagpapatotoo sila na ang ebanghelyo ay nainpambalik sa mundo sa pamamagitan ng isang propeta ng Diyos. Ang mga misyonero ay binibigyan ng responsibilidad na ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng tao, binyagan sila, at turuan silang gawin ang lahat ng bagay na ipinag-uutos ng Panginoon (tingnan sa Mateo 28:19–20). Ang mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw ang nagbabayad ng sarili nilang mga gastusin at humahayo sa lahat ng panig ng mundo upang ipangaral ang mensahe ng ebanghelyo.

Ang Ebanghelyo ay Ipangaral sa Buong Daigdig

- Ano ang ilan sa ibang mga paraan na inihanda ng Panginoon para maipangaral natin ang ebanghelyo?

Sinabihan tayo sa paghahayag sa mga huling araw na kailangan nating dalhin ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa bawat bansa at tao (tingnan sa D at T 133:37). Hindi kailanman nagbibigay sa atin ng kautusan ang Panginoon nang hindi naghahanda ng paraan upang maisagawa natin ito (tingnan sa 1 Nephi 3:7). Ang Panginoon ay naghanda ng mga paraan para maipangaral natin ang ebanghelyo sa mga bansa na noon ay nakasara at hindi natin mapasok. Sa patuloy nating pananalangin at pagsampalataya, bubuksan ng Panginoon ang iba pang mga bansa sa gawaing misyonero.

Ang Panginoon ay “nagbibigay [din] ng inspirasyon sa isipan ng mga dakilang tao upang makalikha ng mga imbensiyon na mag-susulong sa gawain ng Panginoon sa mga paraang hindi pa alam ng daigdig” (Russell M. Nelson, sa “Computerized Scriptures Now Available,” *Ensign*, Abr. 1988, 73). Ang mga pahayagan, magasin, telebisyon, radyo, satellite, kompyuter, ang Internet, at kaugnay na teknolohiya ay nakatutulong sa paghahatid ng mensahe ng ebanghelyo sa milyun-milyong katao. Tayo na nagtataglay ng kaganapan ng ebanghelyo ay kailangang gamitin ang mga imbensiyong ito upang tuparin ang utos ng Panginoon: “Sapagkat, katotohanan, ang tunog ay kinakailangang humayo mula sa lugar na ito hanggang sa buong daigdig, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng mundo—ang ebanghelyo ay dapat na maipangaral sa bawat [tao]” (D at T 58:64).

- Sa paanong mga paraan ninyo nakitang nagamit nang mabisa ang teknolohiya upang ibahagi ang ebanghelyo?

Ang Gawaing Misyonero ay Mahalaga

- Bakit mahalagang marinig at maunawaan ng bawat tao ang ebanghelyo?

“Ito ang ating unang hangarin bilang isang Simbahan—ang iligtas at gawing dakila ang mga kaluluwa ng mga anak ng tao” (Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1974, 151; o *Ensign*, Mayo 1974, 104). Ang gawaing misyonero ay kailangan upang mabigyan ng

pagkakataon ang mga tao ng mundo na pakinggan at tanggapin ang ebanghelyo. Kailangan nilang malaman ang katotohanan, bumaling sa Diyos, at tumanggap ng kapatawaran mula sa kanilang mga kasalanan.

Marami sa ating mga kapatid sa lupa ang binubulag ng mga maling turo at “napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan” (D at T 123:12). Sa pamamagitan ng gawaing misyonero maaari nating ihatid sa kanila ang katotohanan.

Ang Panginoon ay nag-utos, “Gumawa kayo sa aking ubasan sa huling pagkakataon—sa huling pagkakataon ay manawagan sa mga naninirahan sa mundo” (D at T 43:28). Sa pagtuturo natin ng ebanghelyo sa ating mga kapatid, inihahanda natin ang daan para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas (tingnan sa D at T 34:6).

Lahat Tayo ay Dapat Maging mga Misyonero

- Sa paanong paraan natin aktibong mahahangad na magkaroon ng mga pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo sa iba? Sa paanong paraan natin maihahanda ang ating sarili para sa gayong mga pagkakataon?

Bawat miyembro ng Simbahan ay misyonero. Dapat tayong maging mga misyonero kahit na hindi tayo pormal na tinawag at itinalaga. Responsibilidad nating ituro ang ebanghelyo sa salita at gawa sa lahat ng anak ng ating Ama sa Langit. Sinabi sa atin ng Panginoon, “Nababagay lamang sa bawat tao na nabigyang-babala na balaan ang kanyang kapwa” (D at T 88:81). Sinabihan tayo ng isang propeta na dapat nating ipakita sa ating mga kapitbahay na mahal natin sila bago natin sila balaan (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 311.) Kailangan nilang madama ang ating pakikipagkaibigan at pakikipagkapatiran.

Kusang-loob na tinanggap ng mga anak ni Mosias ang kanilang responsibilidad na ituro ang ebanghelyo. Nang magbalik-loob sila sa Simbahan, ang kanilang mga puso ay napuno ng pagkahabag sa iba. Nais nilang ipangaral ang ebanghelyo sa kaaway nilang mga

Lamanita, “sapagkat hindi nila maatim na ang sinumang kaluluwa ng tao ay masawi; oo, maging ang isipin lamang na ang sinumang kaluluwa ay magtiis ng walang hanggang pagdurusa ay naging dahilan upang sila ay mayanig at manginig” (Mosias 28:3). Habang pinupuno ng ebanghelyo ng kagalakan ang ating buhay, mada-rama natin ang ganitong uri ng pag-ibig at pagkahabag sa ating mga kapatid. Nanaisin nating ibahagi ang mensahe ng ebanghelyo sa lahat ng gustong makinig.

Maraming paraan para maibahagi natin ang ebanghelyo. Narito ang ilang mungkahi:

1. Maaari nating ipakita sa ating mga kaibigan at sa iba ang kaligayahang nadarama natin sa pamumuhay ng mga katotohanan ng ebanghelyo. Sa ganitong paraan tayo ay magiging liwanag sa mundo (tingnan sa Mateo 5:16).
2. Maaari nating mapaglabanan ang ating likas na pagkamahiyain sa pamamagitan ng pakikipagkaibigan sa iba at paggawa ng kabutihan sa kanila. Matutulungan natin sila na makitang tunay tayong nagmamalasakit sa kanila at hindi naghahangad ng pansariling kapakinabangan.
3. Maaari nating ipaliwanag ang ebanghelyo sa mga kaibigan nating hindi miyembro at sa iba pa.
4. Maaari nating anyayahan sa ating mga tahanan ang mga kaibigang interesadong matuto pa tungkol sa ebanghelyo upang maturuan ng mga misyonero. Kung masyadong malayo ang tirahan ng mga kaibigan nating hindi miyembro, maaari nating hilingin na bisitahin sila ng mga misyonerong nakadestino sa kanilang lugar.
5. Maaari nating ituro sa ating mga anak ang kahalagahan ng pagbabahagi ng ebanghelyo, at maihahanda natin sila sa espi-rituwal at pinansiyal para makapagmisyon. Maaari din nating ihanda ang ating sarili upang makapaglingkod sa full-time mission kapag matanda na tayo.

6. Maaari tayong magbayad ng ating ikapu at mag-ambag sa pondong pangmisyonero. Ang mga donasyong ito ay ginagamit sa pagsusulong ng gawaing misyonero.
7. Maaari tayong mag-ambag sa ward, branch, o general missionary fund upang magbigay ng suportang pinansiyal sa mga misyonerong hindi kayang suportahan ng kanilang pamilya.
8. Maaari tayong gumawa ng pagsasaliksik sa family history at gawain sa templo upang tulungan ang ating mga ninuno na tanggapin ang buong pagpapala ng ebanghelyo.
9. Maaari nating anyayahan ang mga hindi miyembro sa mga aktibidad tulad ng mga family home evening at mga kasayahan sa Simbahan, kumperensya, at mga miting.
10. Maaari tayong magbigay ng mga kopya ng mga magasin ng Simbahan. Maaari din nating ibahagi ang mga mensahe ng ebanghelyo sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagay na itinatampok sa opisyal na mga Internet site ng Simbahan na, LDS.org at Mormon.org.

Tutulungan tayo ng ating Ama sa Langit na maging epektibong mga misyonero kapag hinangad nating ibahagi ang ebanghelyo at nanalangin para sa patnubay. Tutulungan Niya tayong makahanap ng mga paraan upang maibahagi ang ebanghelyo sa mga taong nakapaligid sa atin.

- Isipin ang mga taong mababahaginan ninyo ng ebanghelyo. Magpasiya kung paano ninyo gagawin ito. Isiping magtakda ng mithiin na ibahagi ang ebanghelyo sa mga taong ito sa isang tiyak na petsa.

Ang Panginoon ay Nangangako ng mga Pagpapala sa Atin sa Paggawa ng Gawaing Misyonero

Sinabi ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith na tatanggap ng maraming pagpapala ang mga misyonero. Sa pagsasalita sa mga elder na pauwi na mula sa kanilang misyon, sinabi ng Panginoon, “Kayo ay pinagpala, sapagkat ang patotoo na inyong sinabi ay nakatala sa langit upang tingnan ng mga anghel; at sila

ay nagagalak sa inyo” (D at T 62:3). Sinabi rin niya na ang mga gumagawa para sa kaligtasan ng iba ay patatawarin sa kanilang mga kasalanan at maghahatid ng kaligtasan sa sarili nilang kaluluwa (tingnan sa D at T 4:4; 31:5; 84:61).

Sinabihan tayo ng Panginoon:

“Kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisipi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!

“At ngayon, kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadala kayo ng maraming kaluluwa sa akin!” (D at T 18:15–16).

- Kailan ninyo naranasan ang galak na dulot ng gawaing misyonero?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- D at T 1:17–23 (inutusan si Joseph Smith na mangaral)
- D at T 24:12 (pinatatatag ng Panginoon ang mga laging naghahangad na ipahayag ang Kanyang ebanghelyo)
- D at T 38:41 (ibahagi ang ebanghelyo sa kahinahunan at kaamuan)
- D at T 34:4–6; Ang Mga Gawa 5:42 (ipangangaral ang ebanghelyo)
- D at T 60:1–2 (binabalaan ng Panginoon ang mga takot na ipangaral ang ebanghelyo)
- D at T 75:2–5 (ang mga nangangaral ng ebanghelyo at tapat ay bibiyayaan ng buhay na walang hanggan)
- D at T 88:81–82 (lahat ng nabigyang-babala ay dapat balaan ang kanilang kapwa)
- Mateo 24:14 (ipangangaral ang ebanghelyo bago dumating ang wakas)
- Abraham 2:9–11 (ang ebanghelyo at priesthood ay ibibigay sa lahat ng bansa)



Pagpapaunlad ng Ating mga Talento

Kabanata 34

Tayong Lahat ay Magkakaiba ang mga Talento at Kakayahan

Tayong lahat ay may natatanging mga kaloob, talento, at kakayahan na ibinigay sa atin ng ating Ama sa Langit. Noong isinilang tayo, taglay na natin ang mga kaloob, talento, at kakayahang ito (tingnan sa kabanata 2 sa aklat na ito).

Si propetang Moises ay isang dakilang pinuno, ngunit kinailangan niya si Aaron, na kanyang kapatid, upang tumulong bilang tagapagsalita (tingnan sa Exodo 4:14–16). Ang ilan sa atin ay mga pinunong tulad ni Moises o mabuting tagapagsalitag tulad ni Aaron. Ang ilan sa atin ay magaling kumanta o magaling tumugtog ng instrumento. Ang iba ay maaaring mahusay sa isports o nakagagawa nang mahusay gamit ang kanilang mga kamay. Ang iba pang talentong maaaring nasa atin ay ang pag-unawa sa iba, pagtitiyaga, pagkamasayahin, o ang kakayahang turuan ang iba.

- Nakinabang na ba kayo mula sa mga talento ng ibang tao?

Dapat Nating Gamitin at Paunlarin ang Ating mga Talento

- Paano natin mapapaunlad ang ating mga talento?

Tungkulin nating paunlarin ang mga talentong ibinigay sa atin. Kung minsan iniisip nating wala tayong maraming talento o na biniyayaan ang ibang tao ng mas maraming kakayahan kaysa sa taglay natin. Kung minsan hindi natin ginagamit ang ating mga talento dahil natatakot tayong baka mabigo tayo o mapulaan ng

Para sa mga guro: Ang isang paraan upang ipakita sa mga miyembro ng klase na may malasakit ka sa bawat isa sa kanila ay sa pamamagitan ng pagtawag sa kanilang pangalan. Alamin ang kanilang mga pangalan. Kapag may bagong miyembrong dumalo sa klase, ipakilala siya sa iba.

iba. Hindi natin dapat itago ang ating mga talento. Dapat nating gamitin ang mga ito. Sa gayon ay makikita ng iba ang ating mabubuting gawa at luluwalhatiin ang ating Ama sa Langit (tingnan sa Mateo 5:16).

May ilang bagay tayong kailangang gawin upang mapaunlad ang ating mga talento. Una, kailangan nating tuklasin ang ating mga talento. Dapat nating suriin ang ating sarili upang malaman ang ating mga kalakasan at kakayahan. Matutulungan tayo ng ating pamilya at mga kaibigan sa paggawa nito. Dapat din nating hilingin sa ating Ama sa Langit na tulungan tayong malaman ang tungkol sa ating mga talento.

Pangalawa, kailangang handa tayong mag-ukol ng panahon at pagsisikap upang mapaunlad ang talentong nais natin.

Pangatlo, kailangang manampalataya tayo na tutulungan tayo ng ating Ama sa Langit, at kailangang manalig tayo sa ating sarili.

Pang-apat, kailangang matutuhan natin ang mga kasanayang kailangan para mapaunlad ang ating mga talento. Maaari nating gawin ito sa pamamagitan ng pag-enrol sa isang klase, pagpapaturo sa isang kaibigan, o pagbabasa ng aklat.

Panglima, kailangan tayong magsanay sa paggamit ng ating talento. Kailangang pagsikapan at pagtrabahuhan ang bawat talento upang mapaunlad ito. Ang kadalubhasaan sa isang talento ay kailangang paghirapan.

Pang-anim, kailangan nating ibahagi ang ating talento sa iba. Sa pamamagitan ng paggamit ng ating mga talento humuhusay ang mga ito (tingnan sa Mateo 25:29).

Mas madali ang lahat ng hakbang na ito kung mananalangin tayo at hihingi ng tulong sa Panginoon. Nais Niyang paunlarin natin ang ating mga talento, at tutulungan Niya tayo.

Mapapaunlad Natin ang Ating mga Talento sa Kabila ng Ating mga Kahinaan

- Paano natin mapapaunlad ang ating mga talento sa kabila ng ating mga kahinaan?

Dahil tayo ay mortal at nagkakasala, mayroon tayong mga kahinaan. Sa tulong ng Panginoon, ang ating mga kahinaan at pagiging makasalan ay maaari nating mapagtagumpayan (tingnan sa Eter 12:27, 37). Kinatha ni Beethoven ang kanyang pinakamagandang musika matapos siyang maging bingi. Napagtagumpayan ni Enoc ang kabagalan ng kanyang pagsasalita at naging mahusay na guro (tingnan sa Moises 6:26–47).

Kinailangan munang madaig ng ilang magagaling na mga manlalaro ang kanilang mga kapansanan bago sila nagtagumpay na mapaunlad ang kanilang mga talento. Si Shelly Mann ay isang halimbawa nito. “Sa edad na limang taon siya ay nagkaroon ng polyo. . . . Araw-araw siyang dinala ng kanyang mga magulang sa swimming pool kung saan umasa sila na makatutulong sa kanya ang tubig upang maiangat ang kanyang mga bisig habang sinisikap niyang gamiting muli ang mga ito. Nang naiaangat na niya ang kanyang mga bisig paahon sa tubig gamit ang sarili niyang lakas, napaluha siya sa galak. Pagkatapos ay minithi niyang languyin ang kalaparan ng pool, pagkatapos ang kahabaan nito, at ang kahabaan nito nang ilang ulit. Patuloy siyang nagsikap, sa paglangoy, nagtiis, araw-araw, hanggang sa mapanalunan niya ang medalyang ginto [sa Olympic] sa langoy na butterfly—isa sa mga pinakama-hirap na kampanya sa paglangoy” (Marvin J. Ashton, sa Conference Report, Abr. 1975, 127; o *Ensign*, Mayo 1975, 86).

Nadaig ni Heber J. Grant ang marami sa kanyang mga kahinaan at ginawa itong mga talento. Naging sawikain niya ang mga salitang ito: “Ang pinagsusumikapan nating gawin ay nagiging mas madaling gawin para sa atin; hindi dahil sa nagbago ang likas na katangian niyon, kundi nag-ibayo ang ating kapangyarihang gawin iyon” (sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* [2002], 38).

Pagpapalain Tayo ng Panginoon Kung Matalino Nating Gagamitin ang Ating mga Talento

Sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith, “Ang bawat anak na lalaki at anak na babae ng Diyos ay tumanggap ng ilang talento, at bawat isa ay mahigpit na papananagutin sa tama o maling paggamit nito”

(*Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon [1939], 370). Ang talento ay isang uri ng pangangasiwa (responsibilidad sa kaharian ng Diyos). Sina-sabi sa atin ng talinghaga ng mga talento na kapag tayo ay mahusay na naglilingkod sa ating pinangangasiwaan, bibigyan tayo ng mas malalaking pananagutan. Kung hindi tayo maglilingkod nang mahusay, ang ating pinangangasiwaan kalaunan ay babawiin sa atin. (Tingnan sa Mateo 25:14–30.)

Sinasabi rin sa atin sa mga banal na kasulatan na hahatulan tayo batay sa ating mga gawa (tingnan sa Mateo 16:27). Sa pamamagitan ng pagpapaunlad at paggamit ng ating mga talento para sa ibang tao, tayo ay gumagawa ng mabubuting gawa.

Nasisiyahan ang Panginoon kapag matalino nating ginagamit ang ating mga talento. Pagpapalain Niya tayo kung gagamitin natin ang ating mga talento para sa kapakanan ng ibang tao at upang itayo ang Kanyang kaharian dito sa lupa. Ang ilan sa mga pagpapalang natatamo natin ay ang kagalakan at pagmamahal sa paglilingkod sa ating mga kapatid dito sa lupa. Natututuhan din nating kontrolin ang ating sarili. Ang lahat ng ito ay kailangan upang maging karapat-dapat tayong mamuhay na muli sa piling ng ating Ama sa Langit.

- Ano ang ilang halimbawa ng mga taong napagbuti ang kanilang mga talento dahil matalino nilang ginamit ang mga ito? (Isipin ang mga taong kilala ninyo o ang mga tao sa mga banal na kasulatan o sa kasaysayan ng Simbahan.)

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Santiago 1:17 (ang mga kaloob ay mula sa Diyos)
- D at T 46:8–11; I Kay Timoteo 4:14 (hangarin at paunlarin ang mga kaloob)
- II Mga Taga Corinto 12:9 (ang mahihinang bagay ay pinalalakas)
- Apocalipsis 20:13; 1 Nephi 15:33; D at T 19:3 (hahatulan ayon sa ating mga gawa)
- Sa Mga Hebreo 13:21 (magpakita ng mabubuting gawa)

Pagsunod

K a b a n a t a 35

Dapat ay Kusang-Loob Nating Sundin ang Diyos

- Ano ang kaibhan ng kusang-loob na pagsunod sa sapilitang pagsunod?

Noong nasa lupa pa si Jesus, isang abogado ang nagtanong sa Kanya:

“Guro, alin baga ang dakilang utos sa kautusan?”

[Sinabi ni Jesus] sa kaniya, Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.

“Ito ang dakila at pangunang utos.

“At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.

“Sa dalawang utos na ito’y nauwi ang buong kautusan, at ang mga propeta” (Mateo 22:36–40).

Mula sa mga banal na kasulatang ito, natututuhan natin kung gaano kahalaga para sa atin na mahalín ang Panginoon at ang ating kapwa. Ngunit paano natin ipinakikita ang ating pagmamahal sa Panginoon?

Sinagot ni Jesus ang tanong na ito nang sabihin Niya, “Ang may-roon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama” (Juan 14:21).

Para sa mga guro: Matutulungan mo ang mga miyembro ng klase o pamilya na pag-isipan nang mas malalim ang isang tanong sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng oras upang magnilay-nilay. Matapos silang bigyan ng sapat na panahon, itanong kung ano ang kanilang mga sagot.



Dapat tanungin ng bawat isa sa atin ang ating sarili kung bakit natin sinusunod ang mga utos ng Diyos. Dahil ba natatakot tayong maparusahan? Dahil ba nais natin ang mga gantimpala ng mabuting pamumuhay? Dahil ba mahal natin ang Diyos at si Jesucristo at nais nating paglingkuran Sila?

Mas makabubuting sundin ang mga utos dahil natatakot tayong maparusahan kaysa hindi sundin ang mga iyon. Ngunit mas magiging maligaya tayo kung susundin natin ang Diyos dahil mahal natin Siya at gusto natin Siyang sundin. Kapag sinusunod natin Siya nang maluwag sa ating kalooban, maluwag sa loob Niya tayong babasbasan. Sabi Niya, “Ako, ang Panginoon, . . . [ay] nagagalak na parangalan yaong mga naglilingkod sa akin sa kabutihan at sa katotohanan hanggang sa katapusan” (D at T 76:5). Ang pagsunod ay tumutulong din sa atin upang umunlad at maging higit na katulad ng ating Ama sa Langit. Ngunit ang mga walang ginagawa hangga’t hindi sila inuutusan at pagkatapos ay mabigat sa kalooban ang pagsunod sa mga kautusan ay nawawalan ng kanilang gantimpala (tingnan sa D at T 58:26–29).

- Paano natin madaragdagan ang ating hangaring sumunod?

Maaari Tayong Sumunod nang Hindi Nauunawaan Kung Bakit

- Bakit hindi kailangang lagi nating nauunawaan ang mga layunin ng Panginoon upang maging masunurin?

Sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, naghahanda tayo para sa buhay na walang hanggan at kadakilaan. Kung minsan ay hindi natin alam ang dahilan ng isang partikular na kautusan. Gayunman, ipinakikita natin ang ating pananampalataya at tiwala sa Diyos kapag sinusunod natin Siya nang hindi nalalaman kung bakit.

Sina Adan at Eva ay inutusang mag-alay ng mga hain sa Diyos. Isang araw nagpakita ang isang anghel kay Adan at itinanong kung bakit siya nag-aalay ng mga hain. Sumagot si Adan na hindi niya alam ang dahilan. Ginawa niya iyon dahil iniutos sa kanya ng Panginoon. (Tingnan sa Moises 5:5–6 at ang larawan sa kabanatang ito.)

Pagkatapos ay itinuro ng anghel kay Adan ang ebanghelyo at sinabi sa kanya ang tungkol sa darating na Tagapagligtas. Ang Espiritu Santo ay bumaba kay Adan, at nagpropesiya si Adan tungkol sa lahat ng naninirahan sa lupa hanggang sa huling henerasyon. (Tingnan sa Moises 5:7–10; D at T 107:56.) Ang kaalamang ito at ang mga dakilang pagpapala ay dumating kay Adan dahil siya ay masunurin.

Maghahanda ng Paraan ang Diyos

Sinasabi sa atin ng Aklat ni Mormon na si Nephi at ang kanyang mga nakatatandang kapatid ay nakatanggap ng mahirap na gawain mula sa Panginoon (tingnan sa 1 Nephi 3:1–6). Nagreklamo ang mga kapatid ni Nephi, na sinasabing mahirap ang ipinagagawa sa kanila ng Panginoon. Ngunit sinabi ni Nephi, “Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila” (1 Nephi 3:7). Kapag nahihirapan tayong sumunod sa isang kautusan ng Panginoon, dapat nating alalahanin ang mga salita ni Nephi.

- Kailan naghanda ang Panginoon ng paraan para makasunod kayo sa Kanya?

Walang Utos na Napakaliit o Napakalaki Para Sundin

Kung minsan maaari nating isipin na hindi masyadong mahalaga ang isang kautusan. Ikinukuwento ng mga banal na kasulatan ang tungkol sa isang lalaking nanggagalang Naaman na ganoon ang naging pag-iisip. Si Naaman ay nagkaroon ng mabigat na karamdaman at naglakbay mula Siria papuntang Israel upang hilingin kay propetang Eliseo na pagalingin siya. Si Naaman ay mahalagang tao sa kanyang sariling bayan, kaya’t nagdamdam siya nang hindi siya personal na binati ni Eliseo at sa halip ay isinugo nito ang kanyang tagapaglingkod. Lalong nagdamdam si Naaman nang matanggap niya ang mensahe ni Eliseo: maligo nang pitong beses sa ilog Jordan. “Hindi ba . . . [ang] mga ilog ng Damasco ay

mainam kay sa lahat ng tubig sa Israel? hindi ba ako makapaliligo sa mga yaon, at maging malinis?” tanong niya. Siya ay umalis nang may galit. Ngunit tinanong siya ng kanyang mga lingkod: “Kung ipinagawa sa iyo ng propeta ang anomang mahirap na bagay, hindi mo ba gagawin? gaano nga kung sabihin niya sa iyo, Ikaw ay maligo, at maging malinis?” Si Naaman ay may sapat na talino upang maunawaan na mahalaga ang sumunod sa propeta ng Diyos, kahit tila maliit na bagay ito. Kaya naligo siya sa Jordan at gumaling. (Tingnan sa II Mga Hari 5:1–14.)

Kung minsan maaaring isipin natin na napakahirap ng isang utos para sundin natin. Tulad ng mga kapatid ni Nephi, maaaring masabi natin, “Mahirap na bagay ang hinihingi ng Diyos sa atin.” Gayunman, tulad ni Nephi, makatitiyak tayo na hindi tayo bibigyan ng Diyos ng utos maliban na maghahanda Siya ng paraan para makasunod tayo sa Kanya.

“Mahirap na bagay” nang utusan ng Panginoon si Abraham na ialay ang kanyang pinakamamahal na anak na si Isaac bilang hain (tingnan sa Genesis 22:1–13; tingnan din sa kabanata 26 sa aklat na ito). Naghintay si Abraham ng maraming taon sa pagsilang ni Isaac, ang anak na ipinangako sa kanya ng Diyos. Bakit kailangang mawala sa kanya ang kanyang anak sa ganitong paraan? Marahil napakahirap ng kautusang ito para kay Abraham. Gayunman pinili niyang sundin ang Diyos.

Dapat ay handa rin tayong sundin ang anumang iutos sa atin ng Diyos. Sinabi ni Propetang Joseph Smith, “Naging panuntunan ko na ito: *Kapag iniutos ng Panginoon, gawin ito*” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 187). Maaari din nating maging panuntunan ito.

- Kailan kayo tumanggap ng mga pagpapala bunga ng inyong pagsunod sa tila maliliit na kautusan?

Sinunod ni Jesucristo ang Kanyang Ama

- Anong mga halimbawa ang naiisip ninyo kapag iniisip ninyong sinusunod ni Jesus ang Kanyang Ama?

Si Jesucristo ang pinakamagandang halimbawa ng pagsunod sa ating Ama sa Langit. Sinabi Niya, “Bumaba akong mula sa langit, hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin” (Juan 6:38). Ang buong buhay Niya ay inilaan sa pagsunod sa Kanyang Ama; gayunman hindi ito laging madali para sa kanya. Siya ay tinukso sa lahat ng paraan gaya ng ibang tao (tingnan sa Sa Mga Hebreo 4:15). Sa Halamanan ng Getsemani Siya ay nanalangin, nagsasabing, “Ama ko, kung бага maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma’y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo” (Mateo 26:39).

Dahil sinunod ni Jesus ang kalooban ng Ama sa lahat ng bagay, ginawa Niyang posible ang kaligtasan para sa ating lahat.

- Paano makatutulong ang paggunita sa halimbawa ng Tagapagligtas upang tayo ay maging masunurin?

Mga Bunga ng Pagsunod at Pagsuway

- Ano ang mga bunga ng pagsunod o pagsuway sa mga kautusan ng Panginoon?

Ang kaharian ng langit ay pinamamahalaan ng batas, at kapag may natanggap tayong anumang pagpapala, ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan nakabatay ang pagpapalang iyon (tingnan sa D at T 130:20–21; 132:5). Sinabi sa atin ng Panginoon na sa pamamagitan ng ating pagsunod at pagiging masigasig ay maaari tayong magkaroon ng kaalaman at katalinuhan (tingnan sa D at T 130:18–19). Maaari din tayong umunlad sa espirituwal (tingnan sa Jeremias 7:23–24). Sa kabilang banda, ang pagsuway ay nagdudulot ng kabiguan at bunga nito ay nawawala ang mga pagpapala. “Sino ako, wika ng Panginoon, na nangako at hindi tumupad? Ako ay nag-uutos at ang mga tao ay hindi sumusunod; ako ay nagpapawalang-bisa at hindi nila natatanggap ang pagpapala. Pagkatapos kanilang sasabihin sa kanilang mga puso: Hindi ito ang gawain ng Panginoon, dahil ang kanyang mga pangako ay hindi natupad” (D at T 58:31–33).

Kapag tinutupad natin ang mga kautusan ng Diyos, tinutupad Niya ang Kanyang mga pangako, tulad ng sinabi ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao: “Hinihingi niya na inyong gawin ang kanyang ipinag-uutos sa inyo; sapagkat kung ito ay gagawin ninyo, kayo ay kaagad niyang pagpapalain” (Mosias 2:24).

Ang Masunurin ay Magtatamo ng Buhay na Walang Hanggan

Pinapayuhan tayo ng Panginoon, “Kung susundin mo ang aking mga kautusan at magtitiis hanggang wakas ikaw ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, kung aling kaloob ay pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos” (D at T 14:7).

Inilarawan ng Panginoon ang iba pang mga pagpapala na darating sa mga sumusunod sa Kanya sa kabutihan at katotohanan hanggang wakas:

“Ganito ang wika ng Panginoon—Ako, ang Panginoon, ay maawain at mapagmahal sa mga yaong may takot sa akin, at nagalak na parangalan yaong mga naglilingkod sa akin sa kabutihan at sa katotohanan hanggang sa katapusan.

“Dakila ang kanilang gantimpala at walang hanggan ang kanilang kaluwalhatian.

“At sa kanila aking ipahahayag ang lahat ng hiwaga, oo, lahat ng nakakubling hiwaga ng aking kaharian mula noong una, at hanggang sa mga panahong darating, aking ipaaalam sa kanila ang mabuting kagustuhan ng aking kalooban hinggil sa lahat ng bagay na nauukol sa aking kaharian.

“Oo, maging ang mga kamangha-mangha ng kawalang-hanggan ay kanilang malalaman, at ang mga bagay na darating ay aking ipakikita sa kanila, maging ang mga bagay-bagay ng maraming salinlahi.

“At ang kanilang karunungan ay lalawak, at ang kanilang pang-unawa ay aabot hanggang sa langit. . . .

“Sapagkat sa pamamagitan ng aking Espiritu ay aking bibigyang-liwanag sila, at sa pamamagitan ng aking kapangyarihan aking ipaaalam sa kanila ang mga lihim ng aking kalooban—oo, maging

yaong mga bagay na hindi nakikita ng mata, ni naririnig ng tainga, ni hindi pa pumapasok sa puso ng tao” (D at T 76:5–10).

- Ano ang ibig sabihin sa inyo ng katagang “magtiis hanggang wakas”?
- Ano ang maaari nating gawin upang manatiling tapat sa mga alituntunin ng ebanghelyo kahit na hindi ito ang ginagawa ng karamihan? Paano natin matutulungan ang mga bata at kabataan na manatiling tapat sa mga alituntunin ng ebanghelyo?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Abraham 3:25 (naparito tayo sa lupa upang patunayan na tayo ay masunurin)
- I Samuel 15:22 (ang pagsunod ay mas mabuti kaysa pag-aalay ng hain)
- Eclesiastes 12:13; Juan 14:15; Mga Taga Roma 6:16; D at T 78:7; 132:36; Deuteronomio 4:1–40 (dapat nating sundin ang Diyos)
- 2 Nephi 31:7 (si Jesucristo ay masunurin)
- Mga Kawikaan 3:1–4; 6:20–22; 7:1–3; Mga Taga Efeso 6:1–3; Mga Taga Colosas 3:20 (dapat sundin ng mga anak ang kanilang mga magulang)
- D at T 21:4–6 (sundin ang propeta)
- Juan 8:29–32; Mosias 2:22, 41; D at T 82:10; 1 Nephi 2:20 (mga pagpapala sa pagsunod)
- D at T 58:21–22; 98:4–6; 134:5–7 (sundin ang mga batas ng lupain)
- Isaias 60:12; D at T 1:14; 93:39; 132:6, 39 (mga bunga ng pagsuway)
- 2 Nephi 31:16; D at T 53:7; Mateo 24:13; Lucas 9:62 (magtiis hanggang wakas)

Ang Pamilya ay Maaaring Maging Walang Hanggan

Kabanata 36

Ang Kahalagahan ng mga Pamilya

- Bakit tayo ipinadala ng ating Ama sa Langit dito sa lupa bilang mga miyembro ng mga pamilya?

“Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay inorden ng Diyos. . . . Ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak” (“Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” 35602 893).

Pagkatapos pagbuklurin ng Ama sa Langit sina Adan at Eva sa kasal, iniutos Niya sa kanilang magkaroon ng mga anak (tingnan sa Genesis 1:28). Inihayag Niya na ang isa sa mga layunin ng pag-aasawa ay upang maglaan ng mortal na katawan para sa Kanyang mga espiritung anak. Ang mga magulang ay mga katuwang ng ating Ama sa Langit. Nais Niyang makatanggap ng katawang piskal ang bawat isa sa Kanyang mga espiritung anak at maranasan ang buhay sa lupa. Kapag ang isang lalaki at isang babae ay nagkaroon ng mga anak sa mundong ito, tinutulungan nila ang ating Ama sa Langit na isakatuparan ang Kanyang plano.

Bawat isinisilang na bata ay dapat tanggapin sa pamilya nang may kagalakan. Bawat isa ay anak ng Diyos. Dapat tayong mag-ukol ng panahon upang makapiling ang ating mga anak, makipaglaro sa kanila, at turuan sila.

Para sa mga guro: Habang itinuturo mo ang kabanatang ito at ang susunod na dalawang kabanata tungkol sa mga pamilya, maging sensitibo sa damdamin ng mga taong hindi maganda ang situwasyon ng pamilya sa tahanan.



Sinabi ni Pangulong David O. McKay, “Buong puso akong naniniwala na ang pinakamabuting lugar upang maghanda para sa . . . buhay na walang hanggan ay sa tahanan” (“Blueprint for Family Living,” *Improvement Era*, Abr. 1963, 252). Sa tahanan, kasama ang ating pamilya, matututuhan natin ang pagpipigil sa sarili, sakripisyo, katapatan, at kahalagahan ng pagtatrabaho. Matututo tayong magmahal, magbahagi, at maglingkod sa isa’t isa.

Responsibilidad ng mga ama at ina na ituro sa kanilang mga anak ang tungkol sa Ama sa Langit. Dapat nilang ipakita sa pamamagitan ng halimbawa na mahal nila Siya dahil sinusunod nila ang Kanyang mga kautusan. Dapat ding turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na magdasal at sundin ang mga utos (tingnan sa Mga Kawikaan 22:6).

- Bakit ang tahanan ang pinakamainam na lugar upang maghanda para sa buhay na walang hanggan?
- Paano natin matutulungan ang mga kabataan ng Simbahan na maunawaan ang kabanalan ng pamilya at ang tipan ng kasal?

Ang Walang Hanggang Pamilya

Ang mga pamilya ay maaaring magsama-sama magpakailanman. Upang matamasa ang pagpapalang ito kailangan tayong makasal sa templo. Kapag ang mga tao ay ikinakasal sa labas ng templo, ang kasal ay nagwawakas kapag namatay ang isa sa mag-asawa. Kapag ikinasal tayo sa templo sa pamamagitan ng awtoridad ng Melchizedek Priesthood, tayo ay ikinakasal sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Kung sinusunod natin ang ating mga tipan sa Panginoon, ang ating pamilya ay magkakasama-sama sa kawalang-hanggan bilang mag-asawa at mga anak. Hindi tayo mapaghihiwalay ng kamatayan.

Mapagmahal na Ugnayan ng Pamilya

- Paano tayo magkakaroon ng higit na pagkakasundo sa ating mga tahanan?

Ang mga mag-asawa ay dapat maging maalalahanin at mabait sa isa't isa. Hinding-hindi sila dapat gumawa o magsalita ng anumang bagay na makasakit sa damdamin ng isa't isa. Dapat din nilang sikaping gawin ang lahat ng posibleng bagay na makapagpapali-gaya sa isa't isa.

Habang nakikilala ng mga magulang ang Diyos at nagsisikap na maging katulad Niya, tuturuan nila ang kanilang mga anak na mahalín ang isa't isa. Sa Aklat ni Mormon, ipinaliwanag ni Haring Benjamin:

“Hindi ninyo pahihintulutan ang inyong mga anak . . . [na] maki-paglaban at makipag-away sa isa't isa. . . .

“Kundi tuturuan ninyo silang lumakad sa mga daan ng katotohanan at kahinahunan; tuturuan ninyo silang mahalín ang isa't isa, at paglingkuran ang isa't isa” (Mosias 4:14–15).

Bilang mga miyembro ng pamilya matutulungan natin ang isa't isa na magkaroon ng tiwala sa sarili sa pamamagitan ng pagpapalakas ng loob at pagbibigay ng taos-pusong papuri. Dapat madama ng bawat anak na siya ay mahalaga. Kailangang ipakita ng mga magulang na interesado sila sa ginagawa ng kanilang mga anak at ipadama ang pagmamahal at malasakit sa kanilang mga anak. Dapat ding ipakita ng mga anak ang kanilang pagmamahal sa kanilang mga magulang. Dapat maging masunurin sila at sikaping mamuhay sa paraang magdudulot ng karangalan sa kanilang mga magulang at sa pangalan ng kanilang pamilya.

- Ano ang maaaring gawin ng mga magulang upang mahikayat ang kanilang mga anak na maging mabuting magkakaibigan? Ano ang maaaring gawin ng magkakapatid upang mapangalagaan ang kanilang pagkakaibigan?
- Ano ang maaaring gawin ng mga mag-asawa upang matulungan ang isa't isa na maging maligaya?

Paano Magkaroon ng Matagumpay na Pamilya

- Ano ang ginagawa ninyo para matulungang maging matatag ang inyong pamilya at maging matagumpay ito?

Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee, “Ang pinakamahalagang gawain ng Panginoon na gagawin ninyo ay ang nasa loob mismo ng inyong mga tahanan” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* [2001], 159).

Alam ni Satanas kung gaano kahalaga ang mga pamilya sa plano ng ating Ama sa Langit. Nais niyang sirain ang mga ito sa pamamagitan ng paghadlang sa atin na lumapit sa Panginoon. Tutuksuhin niya tayo na gumawa ng mga bagay na magiging sanhi ng pagkawatak ng ating mga pamilya.

Ipinahayag ng Unang Panguluhan at ng Labindalawang Apostol na, “Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan” (35602 893).

Gusto nating lahat na magkaroon ng maligaya at matagumpay na mga pamilya. Ang sumusunod na mga bagay ay makatutulong sa atin upang matamo ito:

1. Magkaroon ng pampamilyang panalangin tuwing gabi at umaga (tingnan sa 3 Nephi 18:21). Magkasamang manalangin bilang mag-asawa.
2. Ituro ang ebanghelyo sa mga anak bawat linggo sa family home evening.
3. Regular na pag-aralan ang mga banal na kasulatan bilang isang pamilya.
4. Sama-samang gawin ang mga bagay bilang isang pamilya, tulad ng mga proyektong pantrabaho, paglilibot, at paggawa ng desisyon.
5. Matutong maging mabait, matiyaga, mapagtiis, at mapagmahal sa kapwa-tao (tingnan sa Moroni 7:45–48).
6. Palaging dumalo sa mga miting ng Simbahan (tingnan sa D at T 59:9–10).

7. Sundin ang payo ng Panginoon sa D at T 88:119: “Isaayos ang inyong sarili; ihanda ang bawat kinakailangang bagay; at magtayo ng isang bahay, maging isang bahay ng panalanginan, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya, isang bahay ng pagkakatuto, isang bahay ng kaluwalhatian, isang bahay ng kaayusan, isang bahay ng Diyos.”
8. Mag-ingat ng tala sa family history, magkasamang gumawa ng gawain sa templo, at tanggapin ang mga ordenansa ng pagbubuklod sa templo.

Ang pamilya ang pinakamahalagang yunit sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Narito ang Simbahan upang tulungan ang mga pamilya na makatanggap ng mga walang hanggang pagpapala at kadakilaan. Ang mga organisasyon at programa sa loob ng Simbahan ay ginawa na may layuning palakasin ang bawat isa sa atin at tulungan tayong mabuhay bilang mga pamilya magpakailanman.

- Ano ang maaaring gawin ng mga pamilya para makaraos sa mga panahon ng kahirapan?
- Ano ang nakita ninyong katibayan na nakagawa ng kaibhan ang mga pagsisikap na tulad ng pagdarasal ng pamilya, pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya, mga pagpupulong ng pamilya, sabay-sabay na pagkain ng pamilya, at family home evening?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan at Iba Pang mga Mapagkukunan

- Moises 2:27–28 (nilikha at pinagpala ang lalaki at babae)
- Genesis 2:24 (ang lalaki ay pipisan sa kanyang asawa)
- D at T 49:15–16 (inorden ng Diyos ang kasal)
- Mga Taga Efeso 6:4 (turuan ang mga anak sa kabutihan)
- D at T 132:15–21 (kasal na walang hanggan)
- D at T 88:119–26 (mga tagubilin para sa matagumpay na pamilya)

- D at T 93:40–50 (iniutos ng Panginoon sa mga magulang na palakihin ang kanilang mga anak sa liwanag at katotohanan)
- “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” (mayroon sa LDS.org at sa maraming lathalain ng Simbahan, kabilang ang *Ensign*, Nob. 1995, pahina 102; *Para sa Lakas ng mga Kabataan: Pagtupad ng Ating Tungkulin sa Diyos* [aytem bilang 36550 893], pahina 44; at *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian ng Ebanghelyo* [aytem bilang 36863 893], mga pahina 165–68)



Mga Responsibilidad sa Pamilya

Kabanata 37

Mga Responsibilidad ng mga Magulang

- Ano ang magkatuwang na mga responsibilidad ng mga mag-asawa sa pagpapalaki ng kanilang mga anak?

Ang bawat tao ay may mahalagang bahagi sa kanyang pamilya. Sa pamamagitan ng mga propeta ipinaliwanag ng Panginoon kung ano ang dapat maging asal at damdamin sa isa't isa ng mga ama, ina, at mga anak. Bilang mga mag-asawa at mga anak, kailangan nating malaman kung ano ang inaasahan ng Panginoon na gagawin natin upang magampanan ang ating layunin bilang isang pamilya. Kung gagampanan nating lahat ang ating bahagi, walang hanggan tayong magkakasama-sama.

Sa mga banal na tungkulin ng pagiging magulang, “ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan” (“Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” 35602 893). Dapat silang magtulungan upang matustusan ang espirituwal, emosyonal, intelektuwal, at pisikal na mga pangangailangan ng pamilya.

May mga responsibilidad na kailangang pagtulungang gampanan ng mag-asawa. Dapat ituro ng mga magulang ang ebanghelyo sa kanilang mga anak. Nagbabala ang Panginoon na kung hindi itinuturo ng mga magulang sa kanilang mga anak ang pananampalataya, pagsisisi, binyag, at kaloob na Espiritu Santo, ang kasalanan

Para sa mga guro: Tulad ng sinabi sa kabanata 36, maging sensitibo sa damdamin ng mga taong hindi maganda ang situwasyon ng pamilya sa tahanan. Bigyang-diin na sa patnubay na nagmumula sa Panginoon at sa tulong ng mga miyembro ng pamilya at ng Simbahan, matagumpay na mapalalaki ng mga magulang na mag-isang nagtataguyod sa kanilang pamilya ang kanilang mga anak.

ay mapupunta sa ulo ng mga magulang. Dapat ding turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na magdasal at sundin ang mga kautusan ng Panginoon. (Tingnan sa D at T 68:25, 28.)

Ang isa sa mga pinakamahusay na paraan na matuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak ay sa pamamagitan ng halimbawa. Ang mga mag-asawa ay dapat magpakita ng pagmamahal at paggalang sa isa't isa at sa kanilang mga anak kapwa sa salita at gawa. Mahalagang tandaan na bawat miyembro ng pamilya ay anak ng Diyos. Dapat pakitunguhan ng mga magulang ang kanilang mga anak nang may pagmamahal at paggalang, matatag ang pasiya ngunit mabait sa kanila.

Dapat maunawaan ng mga magulang na kung minsan ay makagagawa ng mga maling pagpili ang mga anak kahit naituro na sa kanila ang katotohanan. Kapag nangyari ito, hindi dapat sumuko at mawalan ng pag-asa ang mga magulang. Dapat patuloy nilang turuan ang kanilang mga anak, pakitaan sila ng pagmamahal, maging mabubuting halimbawa sa kanila, at mag-ayuno at manalangin para sa kanila.

Ikinukuwento sa atin ng Aklat ni Mormon kung paano natulungan ng mga panalangin ng isang ama ang isang rebeldeng anak na magbalik sa mga landas ng Panginoon. Ang Nakababatang Alma ay lumihis sa mga turo ng kanyang butihing ama, si Alma, at humayo upang wasakin ang Simbahan. Ang ama ay nanalangin nang may pananampalataya para sa kanyang anak. Dinalaw ng isang anghel ang Nakababatang Alma at pinagsisihan ang kanyang masamang paraan ng pamumuhay. Siya ay naging dakilang pinuno ng Simbahan. (Tingnan sa Mosias 27:8–32.)

Ang mga magulang ay maaaring lumikha ng mapitagan at magalang na kapaligiran sa tahanan kung tinuturuan at ginagabayan nila ang kanilang mga anak nang may pagmamahal. Dapat ding bigyan ng mga magulang ang kanilang mga anak ng masasayang karanasan.

- Paano matutulungan ng mga mag-asawa ang isa't isa sa kanilang papel na ginagampanan? Saan makahihingi ng tulong ang mga magulang na mag-isang nagtataguyod ng kanilang pamilya?

Mga Responsibilidad ng Ama

- Anong magagandang halimbawa ang nakita ninyo sa mga amang nagpapalaki ng kanilang mga anak?

“Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak” (35602 893). Ang isang karapat-dapat na ama na miyembro ng Simbahan ay may pagkakataong magtaglay ng priesthood, kaya’t siya ang nagiging lider ng priesthood sa kanyang pamilya. Dapat niyang gabayan ang kanyang pamilya nang may pagpapakumbaba at kabaitan sa halip na gumamit ng puwersa o kalupitan. Itinuturo ng mga banal na kasulatan na dapat akayin ng mga maytaglay ng priesthood ang iba sa pamamagitan ng pagpapahinuhod, kahinahunan, pagmamahal, at kabaitan (tingnan sa D at T 121:41–44; Mga Taga Efeso 6:4).

Ibinabahagi ng ama ang mga pagpapala ng priesthood sa mga miyembro ng kanyang pamilya. Kapag taglay ng isang lalaki ang Melchizedek Priesthood, maibabahagi niya ang mga pagpapalang ito sa pamamagitan ng pangangasiwa sa mga maysakit at pagbibigay ng espesyal na mga basbas ng priesthood. Sa patnubay ng namumunong lider ng priesthood, maaari siyang magbasbas ng mga sanggol, magbinyag, magkumpirma, at magsagawa ng mga ordenasyon sa priesthood. Dapat siyang magpakita ng mabuting halimbawa sa kanyang pamilya sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan. Dapat din niyang tiyakin na sama-samang nagdarasal ang pamilya dalawang beses sa isang araw at nagdaraos ng family home evening.

Ang ama ay dapat mag-ukol ng panahon sa bawat isa sa kanyang mga anak. Dapat niyang turuan ang kanyang mga anak ng mga wastong alituntunin, kausapin sila tungkol sa kanilang mga problema at alalahanin, at payuhan sila nang buong pagmamahal. Ang ilang mabubuting halimbawa ay matatagpuan sa Aklat ni Mormon (tingnan sa 2 Nephi 1:14–3:25; Alma 36–42).

Tungkulin din ng ama na tustusan ang pisikal na mga pangangailangan ng kanyang pamilya, tinitiyak na mayroon sila ng

kinakailangang pagkain, tirahan, damit, at edukasyon. Kahit hindi niya kayang tustusan ang lahat ng ito nang mag-isa, hindi niya isinusuko ang responsibilidad na pangalagaan ang kanyang pamilya.

Mga Responsibilidad ng Ina

- Anong magagandang halimbawa ang nakita ninyo sa mga ina na nagpapalaki ng kanilang mga anak?

Sinabi ni Pangulong David O. McKay na ang pagiging ina ang pinakamarangal na katungkulan (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* [2003], 178). Ito ay sagra-dong tungkulin, isang pakikipagtuwang sa Diyos sa pagluluwal ng Kanyang mga espiritung anak sa mundo. Ang pagsisilang ng mga anak ay isa sa mga pinakadakila sa lahat ng mga pagpapala. Kung walang ama sa tahanan, ang ina ang namumuno sa pamilya.

Pinuri ni Pangulong Boyd K. Packer ang kababaihan na hindi nagkaroon ng sarili nilang mga anak ngunit sinikap na alagaan ang mga anak ng iba. Sabi niya: “Kapag binabanggit ko ang tungkol sa mga ina, hindi lamang ang mga babaing nagsilang ng mga anak ang tinutukoy ko, kundi ang mga ina rin na nag-alaga ng mga anak ng iba, at ang maraming kababaihan na, dahil walang sariling mga anak, ay naging ina sa mga anak ng ibang tao” (*Mothers* [1977], 8).

Itinuro ng mga propeta sa mga Huling Araw na, “Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga ng kanilang mga anak” (35602 893). Kailangang pag-ukulan ng oras ng ina ang kanyang mga anak at ituro sa kanila ang ebanghelyo. Dapat siyang maki-paglaro sa kanila at gumawang kasama nila upang matuklasan nila ang mundo sa paligid nila. Kailangan din niyang tulungan ang kanyang pamilya na matutuhang gawing kaaya-ayang tirahan ang tahanan. Kung siya ay malambing at mapagmahal, tinutulungan niya ang kanyang mga anak na magkaroon ng mabuting pakiram-dam sa kanilang sarili.

Inilalarawan ng Aklat ni Mormon ang isang grupo ng 2,000 kabataan na naging dakila dahil sa mga turo ng kanilang mga ina (tingnan sa Alma 53:16–23). Sa pamumuno ni propetang Helaman, nakipagdigma sila sa kanilang mga kaaway. Mula sa kanilang mga

ina ay natuto silang maging tapat, matapang, at mapagkakatiwalaan. Itinuro din sa kanila ng kanilang mga ina na kung hindi sila mag-aalinlangan, ililigtas sila ng Diyos (tingnan sa Alma 56:47). Nakaligtas silang lahat sa digmaan. Ipinahayag nila ang kanilang pananalig sa mga turo ng kanilang mga ina, na nagsasabing, “Hindi kami nag-aalinlangan, nalalaman ito ng aming mga ina” (Alma 56:48). Ang bawat ina na mayroong patotoo ay maaaring magkaroon ng malaking impluwensya sa kanyang mga anak.

Mga Responsibilidad ng mga Anak

- Paano tinutulungan ng mga anak ang kanilang mga magulang sa pagkakaroon ng maligayang tahanan?

Ang mga anak ay kabalikat ng kanilang mga magulang sa mga responsibilidad ng pagkakaroon ng maligayang tahanan. Dapat nilang sundin ang mga kautusan at makipagtulungan sa iba pang mga miyembro ng pamilya. Ang Panginoon ay hindi natutuwa kapag nag-aaway-away ang mga anak (tingnan sa Mosias 4:14).

Iniutos ng Panginoon sa mga anak na igalang ang kanilang mga magulang. Sabi Niya, “Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina: upang ang iyong mga araw ay tumagal sa ibabaw ng lupa” (Exodo 20:12). Ang ibig sabihin ng igalang ang mga magulang ay mahal in sila at magpitagan sa kanila. Ang ibig sabihin din nito ay sundin sila. Sinasabi ng mga banal na kasulatan sa mga bata na “magsitalima kayo sa inyong mga magulang sa Panginoon: sapagka’t ito’y matuwid” (Mga Taga Efeso 6:1).

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na dapat matutong magtrabaho ang mga bata at makibahagi sa mga responsibilidad sa tahanan at bakuran. Dapat silang bigyan ng mga gawain na panatilihing maayos at malinis ang bahay. (Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 144.)

- Ano ang dapat gawin ng mga bata upang igalang at bigyang-pitagan ang kanilang mga magulang?
- Ano ang ginawa ng inyong mga magulang na umakay sa inyo upang igalang sila at magpitagan sa kanila?

Ang Pagtanggap ng mga Responsibilidad ay Nagdudulot ng mga Pagpapala

- Ano ang maaaring gawin ng bawat miyembro ng pamilya upang maging maligaya ang tahanan?

Ang isang pamilyang nagmamahalan at maligaya ay hindi nagkaka-taon lamang. Kailangang gawin ng bawat tao sa pamilya ang kanyang bahagi. Ang Panginoon ay nagbigay ng mga responsibilidad kapwa sa mga magulang at mga anak. Itinuturo ng mga banal na kasulatan na kailangan nating alalahanin, pasayahin, at isaalang-alang ang iba. Sa ating pagsasalita, pagdarasal, pagkanta, o samasamang paggawa, matatamasa natin ang mga pagpapalang dulot ng pagkakasundo sa ating mga pamilya. (Tingnan sa Mga Taga Colosas 3.)

- Ano ang ilang tradisyon at gawi na makapagpapaligaya sa tahanan?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan at Iba Pang mga Mapagkukunan

- Mga Kawikaan 22:6 (turuan ang bata)
- Mga Taga Efeso 6:1–3 (kailangang sumunod ang mga anak sa mga magulang)
- D at T 68:25–28; Mga Taga Efeso 6:4 (mga responsibilidad ng mga magulang)
- “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” (mayroon sa LDS.org at sa maraming lathalain ng Simbahan, kabilang ang, *Para sa Lakas ng mga Kabataan: Pagtupad ng Ating Tungkulin sa Diyos* [aytem bilang 36550 893], pahina 44; at *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian ng Ebanghelyo* [aytem bilang 36863 893], mga pahina 165–68)
- *Gabay na Aklat ng Mag-anak* (aytem bilang 31180 893)

Walang Hanggang Kasal

K a b a n a t a 38

Ang Kasal ay Inorden ng Diyos

Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay mahalagang bahagi ng plano ng Diyos. Sinabi ng Panginoon, “Sinuman ang nagbabawal ng pagkakasal ay hindi inorden ng Diyos, sapagkat ang kasal ay inorden ng Diyos sa tao” (D at T 49:15). Sa simula pa, ang kasal ay batas na ng ebanghelyo. Ang mga kasal ay nilayong manatili magpakailanman, hindi lamang sa ating buhay sa mundo.

Sina Adan at Eva ay ikinasal ng Diyos bago pa nagkaroon ng kamatayan sa mundo. Ang kanilang kasal ay walang hanggan. Itinuro nila ang batas ng walang hanggang kasal sa kanilang mga anak at sa mga anak ng kanilang mga anak. Sa paglipas ng mga taon, pumasok ang kasamaan sa puso ng mga tao at ang karapatan na magsagawa ng sagradong ordenansang ito ay inalis sa mundo. Sa pamamagitan ng Panunumbalik ng ebanghelyo, ang walang hanggang kasal ay naipanumbalik sa lupa.

- Bakit mahalagang malaman na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay inorden ng Diyos?

Ang Walang Hanggang Kasal ay Mahalaga sa Kadakilaan

- Ano ang doktrina ng Panginoon ukol sa kasal, at paano ito naiiba sa pananaw ng mundo?

Itinuturing ng maraming tao sa daigdig ang kasal bilang isang kaukalian lamang ng lipunan, isang legal na kasunduan sa pagitan ng isang lalaki at isang babae na mamuhay nang magkasama. Ngunit sa mga Banal sa mga Huling Araw, ang kasal ay higit pa rito. Ang ating kadakilaan ay nakasalalay sa kasal, pati na ang iba pang mga alituntunin at ordenansa, tulad ng pananampalataya, pagsisisi, binyag, at pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Naniniwala



tayo na ang kasal ang pinakasagradong ugnayan na maaaring mamagitan sa isang lalaki at isang babae. Naaapektuhan ng sagra-dong ugnayang ito ang ating kaligayahan ngayon at sa kawalang-hanggan.

Ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang batas ng walang hanggang kasal upang maging katulad Niya tayo. Sinabi ng Panginoon:

“Sa selestiyal na kaluwalhatian ay may tatlong kalangitan o antas;

“At upang matamo ang pinakamataas, ang isang tao ay kailangang pumasok sa orden na ito ng pagkasaserdote [ibig sabihin ang bago at walang hanggang tipan ng kasal];

“At kung hindi niya gagawin, hindi niya ito matatamo” (D at T 131:1–3).

Ang Walang Hanggang Kasal ay Kailangang Isagawa ng May Angkop na Awtoridad sa Templo

- Bakit kailangang isagawa ng angkop na awtoridad sa templo ang kasal para maging walang hanggan?

Ang walang hanggang kasal ay kailangang isagawa ng isang taong maytaglay ng kapangyarihang magbuklod. Ipinangako ng Panginoon, “Kung ang isang lalaki ay nagpakasal sa isang babae sa pamamagitan ng . . . bago at walang hanggang tipan . . . sa pamamagitan niya na siyang hinirang, . . . at kung [sila] ay susunod sa tipan [ng Panginoon], . . . ito ay . . . magkakaroon ng buong bisa kapag sila ay wala na sa daigdig” (D at T 132:19).

Hindi lamang kailangang isagawa ang walang hanggang kasal ng wastong awtoridad ng priesthood, kundi kailangan din itong gawin sa isa sa mga banal na templo ng ating Panginoon. Ang templo lamang ang lugar kung saan maaaring isagawa ang banal na ordenansang ito.

Para sa mga guro: Kailangang maunawaan ng lahat ng miyembro, may-asawa o wala, ang doktrina ng walang hanggang kasal. Gayunman, dapat kang maging sensitibo sa damdamin ng matatandang hindi nakapag-asawa o walang-asawa. Kung kinakailangan, tulungan ang mga miyembro ng klase o pamilya na malaman na lahat ng anak ng Ama sa Langit na matatapat sa kanilang tipan sa buhay na ito ay magkakaroon ng pagkakataong tanggapin ang lahat ng pagpapala ng ebanghelyo sa kawalang-hanggan, kabilang na ang pagkakataong magkaroon ng walang hanggang pamilya.

Sa loob ng templo, ang ikakasal na mga Banal sa mga Huling Araw ay lumuluhod sa isa sa mga sagradong altar sa harap ng kanilang pamilya at mga kaibigan na nakatanggap na ng endowment sa templo. Ginagawa nila ang kanilang mga tipan sa kasal sa harap ng Diyos. Sila ay ipinapahayag na mag-asawa sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Ito ay ginagawa ng isang maytag-lay ng banal na priesthood ng Diyos at binigyan ng awtoridad na magsagawa ng sagradong ordenansang ito. Kumikilos siya ayon sa patnubay ng Panginoon at ipinapangako sa mag-asawa ang mga pagpapala ng kadakilaan. Itinuturo niya sa kanila ang mga bagay na kailangan nilang gawin upang matanggap ang mga pagpapalang ito. Ipinapaalala niya sa kanila na ang lahat ng mga pagpapala ay nakasalalay sa pagsunod sa mga batas ng Diyos.

Kung ikakasal tayo sa isang templo sa anumang awtoridad maliban lang sa priesthood, ang kasal ay para sa buhay na ito lamang. Pagkatapos mamatay, ang mag-asawa ay wala nang karapatan sa isa't isa o sa kanilang mga anak. Ang walang hanggang kasal ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na magpatuloy bilang pamilya pagkatapos ng buhay na ito.

Mga Pakinabang ng Walang Hanggang Kasal

- Ano ang mga pagpapala ng walang hanggang kasal sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan?

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, tayo ay nabubuhay para sa kawalang-hanggan, hindi para sa kasalukuyan lamang. Gayunman, maaari nating matanggap ang mga pagpapala sa buhay na ito bilang bunga ng pagpapakasal nang walang hanggan. Narito ang ilan sa mga pagpapalang iyon:

1. Alam natin na ang ating kasal ay magtatagal magpakailanman. Pansamantala lamang tayong mapaghihiwalay ng kamatayan. Walang anumang makapaghihiwalay sa atin kailanman maliban lang sa ating sariling pagsuway. Tinutulungan tayo ng kaalamang ito na lalo pang magsikap na magkaroon ng maligaya at matagumpay na pag-aasawa.

2. Alam natin na ang mga ugnayan ng ating pamilya ay maaaring magpatuloy hanggang sa kawalang-hanggan. Tinutulungan tayo ng kaalamang ito na maging maingat sa pagtuturo at pagpapalaki ng ating mga anak. Tinutulungan din tayo nito na magpakita ng dagdag na pagtitiyaga at pagmamahal sa kanila. Bunga nito, dapat tayong magkaroon ng mas maligayang tahanan.
3. Dahil ikinasal tayo sa paraan na inorden ng Diyos, may karapatan tayo sa pagbuhos ng Espiritu sa ating pagsasama bilang mag-asawa basta't nananatili tayong karapat-dapat.

Ang ilan sa mga pagpapalang matatamasa natin sa kawalang-hanggan ay ang sumusunod:

1. Maaari tayong manahanan sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal ng Diyos.
 2. Maaari tayong maging dakilang tulad ng Diyos at tumanggap ng ganap na kaligayahan.
- Paano maiimpluwensyahan ng walang hanggang pananaw ang ating damdamin tungkol sa kasal at mga pamilya?

Kailangan Tayong Maghanda para sa Walang Hanggang Kasal

- Ano ang maaari nating gawin upang matulungan ang mga kabataan na maghanda para sa walang hanggang kasal?

Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Ang pag-aasawa marahil ang pinakamahalaga sa lahat ng desisyon at may pinakamalalaking epekto, dahil may kinalaman ito hindi lamang sa panandaliang kaligayahan, kundi sa kagalakang walang hanggan. Naaapektuhan nito hindi lamang ang mag-asawa, kundi pati ang kanilang pamilya at lalung-lalo na ang kanilang mga anak at mga anak ng kanilang mga anak sa paglipas ng maraming henerasyon. Sa pagpili ng makakasama sa buhay na ito at sa walang hanggan, walang alinlangang kailangang gawin ang pinakamabuting pagpapalano at pag-iisip at pagdarasal at pag-aayuno upang matiyak na sa lahat ng desisyon, hindi dapat magkamali sa isang ito” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 231).

Walang hanggang kasal ang dapat maging mithiin ng bawat Banal sa mga Huling Araw. Totoo ito kahit sa mga taong ikinasal na nang sibil o sa huwes. Ang paghahanda para sa walang hanggang kasal ay nangangailangan ng masusing pag-iisip at panalangin. Tanging mga miyembro ng Simbahan na namumuhay nang matwid ang pinapayagang pumasok sa templo (tingnan sa D at T 97:15–17). Hindi tayo biglang nagpapasiya lamang isang araw na gusto nating makasal sa templo, at pagkatapos ay papasok sa templo sa araw na iyon at magpapakasal. Kailangan munang masunod natin ang ilang mga kailangan.

Bago tayo makapunta sa templo, kailangan tayong maging aktibo, karapat-dapat na mga miyembro ng Simbahan sa loob ng isang taon o higit pa. Kailangang taglay ng kalalakihan ang Melchizedek Priesthood. Kailangan tayong mainterbyu ng branch president o ng bishop. Kung makikita niyang karapat-dapat tayo, bibigyan niya tayo ng temple recommend. Kung hindi tayo karapat-dapat, papayuhan niya tayo at tutulongan tayong magtakda ng mga mithiin upang maging karapat-dapat na pumasok sa templo.

Pagkatapos nating matanggap ang recommend mula sa ating bishop o branch president, kailangan tayong mainterbyu ng stake president o ng mission president. Itatanong sa atin ang tulad ng mga sumusunod sa mga interbyu para sa temple recommend:

1. May pananampalataya at patotoo ka ba sa Diyos Amang Walang Hanggan; sa Kanyang Anak na si Jesucristo; at sa Espiritu Santo? May matatag na patotoo ka ba sa ipinanumbalik na ebanghelyo?
2. Sinasang-ayunan mo ba ang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag? Kinikilala mo ba siya bilang nag-iisang tao sa mundo na may karapatang gamitin ang lahat ng susi ng priesthood?
3. Ipinamumuhay mo ba ang batas ng kalinisang-puri?
4. Nagbabayad ka ba ng buong ikapu?
5. Sinusunod mo ba ang Word of Wisdom?

6. Matapat ka ba sa mga pakikitungo mo sa ibang tao?
7. Sinisikap mo bang tuparin ang mga ginawa mong tipan, dumadalo sa iyong mga miting sa sacrament at priesthood, at pinaanatiling naaayon ang iyong buhay sa mga batas at kautusan ng ebanghelyo?

Kapag kumukuha kayo ng temple recommend, dapat ninyong alalahanin na ang pagpasok sa templo ay sagradong pribilehiyo. Ito ay seryosong hakbang, hindi isang bagay na dapat ipagwalangbahala.

Kailangang masigasig nating hangaring sundin ang bawat tipan na ginagawa natin sa loob ng templo. Sinabi ng Panginoon na kung tayo ay tunay at tapat, makakapasok tayo sa ating kadakilaan. Magiging katulad tayo ng ating Ama sa Langit. (Tingnan sa D at T 132:19–20). Ang kasal sa templo ay karapat-dapat sa anumang sakripisyo. Ito ay isang paraan ng pagtatamo ng mga walang hanggang pagpapala na hindi kayang sukatin.

- Ano ang maaari nating gawin upang mahikayat ang mga kabataan na mithiing makasal sa templo? Paano natin sila matutulongan na makapaghanda para dito?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Genesis 1:26–28 (kailangan tayong magpakarami at kalatan ang mundo)
- Genesis 2:21–24 (ang unang kasal ay isinagawa ng Diyos)
- Mateo 19:3–8 (ang pinagbuklod ng Diyos)
- D at T 132 (ang likas na kawalang-hanggan ng batas ng kasal)
- D at T 42:22–26 (dapat tuparin ang mga sumpang binitiwang sa kasal)
- Jacob 3:5–7 (dapat maging tapat sa isa't isa ang mga mag-asawa)



Ang Batas ng Kalinisang-Puri

Kabanata 39

Paalala sa mga Magulang

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng ilang bahagi na hindi kayang unawain ng mga batang paslit. Makabubuting hintaying tumuntong sa wastong gulang ang mga bata para maunawaan ang mga seksuwal na relasyon at pag-aanak bago ituro sa kanila ang mga bahaging ito ng kabanata. Sinasabi sa atin ng mga pinuno ng ating Simbahan na responsibilidad ng mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang tungkol sa pag-aanak (ang proseso ng pagdadalantao at panganganak). Kailangan ding ituro ng mga magulang ang batas ng kalinisang-puri, na ipinaliliwanag sa kabanatang ito.

Maaaring simulan ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak na magkaroon ng wastong saloobin tungkol sa kanilang katawan habang bata pa sila. Ang tuwiran ngunit magalang na pagsasalita sa mga anak at paggamit ng mga tamang pangalan ng mga bahagi at gawain ng kanilang katawan ay makatutulong sa paglaki nila nang hindi ikinakahiya ang tungkol sa kanilang katawan.

Ang mga bata ay likas na mausisa. Gusto nilang malaman kung paano kumikilos ang kanilang katawan. Gusto nilang malaman kung saan nanggagaling ang mga sanggol. Kung agad-agad at malinaw na sasagutin ng mga magulang ang lahat ng ganitong katanungan upang maunawaan ng mga bata, patuloy na lalapit ang mga bata sa kanilang mga magulang para magtanong. Ngunit kung sasagutin ng mga magulang ang mga tanong sa paraang madarama ng mga bata na sila ay napahiya, tinanggihan, o hindi nasiyahan, malamang na sa ibang tao sila lalapit para magtanong at baka makakuha sila ng mga maling ideya at hindi wastong saloobin.

Gayunman, hindi mainam o kailangan na sabihin kaagad sa mga bata ang lahat ng bagay. Kailangan lamang na ibigay ng mga magulang ang impormasyon na hinihingi nila at mauunawaan. Habang sinasagot ang mga tanong na ito, maaaring ituro ng mga magulang sa mga anak ang kahalagahan ng paggalang sa kanilang katawan at sa katawan ng ibang tao. Dapat turuan ng mga magulang ang mga anak na manamit nang maayos. Dapat nilang iwasto ang mga maling ideya at malalaswang salita na natututuhan ng mga bata mula sa ibang tao.

Kapag nasa wastong edad na ang mga bata at nakauunawa na, dapat tuwiran nang natalakay sa kanila ng mga magulang ang pagkakaroon ng anak. Dapat maunawaan ng mga bata na ang mga kapangyarihang ito ay mabuti at ibinigay sa atin ng Panginoon. Umaasa Siya na gagamitin natin ang mga ito ayon sa itinakda Niyang mga hangganan.

Ang mga batang musmos ay pumaparito sa lupa nang dalisay at inosente mula sa Ama sa Langit. Habang nananalangin ang mga magulang na patnubayan sila, bibigyan sila ng inspirasyon ng Panginoon na turuan ang kanilang mga anak sa tamang panahon at sa tamang paraan.

Ang Kapangyarihan ng Pagkakaroon ng Anak

- Bakit kailangang ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak ang tungkol sa pagkakaroon ng anak at kalinisang-puri? Paano nila angkop na magagawa ito?

Iniutos ng Diyos sa bawat nilikha na may buhay na magpakarami ayon sa sariling uri nito (tingnan sa Genesis 1:22). Ang pag-aanak ay bahagi ng Kanyang plano upang ang lahat ng uri ng buhay ay makapagpatuloy sa lupa.

Pagkatapos ay inilagay Niya sina Adan at Eva sa lupa. Kaiba sila sa iba pa Niyang mga nilikha dahil sila ay Kanyang mga espiritung anak. Sa Halamanan ng Eden, ikinasal Niya sina Adan at Eva at inutusang magpakarami at kalatan ang lupa (tingnan sa Genesis 1:28). Gayunman, ang buhay nila ay pamamahalaan ng mga batas ng kagandahang-asal sa halip na sa pamamagitan ng likas na ugali.

Nais ng Diyos na maisilang ang Kanyang mga espiritung anak sa mga pamilya upang mapangalagaan sila nang husto at maturuan. Tayo, tulad nina Adan at Eva, ay maglalaan ng mga katawang pisikal para sa mga espiritung anak na ito. Sinabi ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ipinahahayag namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos” (“Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” 35602 893). Iniutos ng Diyos sa atin na tanging sa kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae tayo maaaring magkaroon ng seksuwal na relasyon. Ang kautusang ito ay tinatawag na batas ng kalinisang-puri.

Ang Batas ng Kalinisang-Puri

- Ano ang batas ng kalinisang-puri?

Magkakaroon lamang tayo ng seksuwal na relasyon sa ating asawa na kasal sa atin ayon sa batas. Walang sinuman, lalaki o babae, ang dapat magkaroon ng seksuwal na relasyon bago ikasal. Pagkatapos ng kasal, sa ating asawa lamang tayo magkakaroon ng seksuwal na relasyon.

Sinabi ng Panginoon sa mga Israelita, “Huwag kang mangangalunya” (Exodo 20:14). Ang mga Israelita na lumabag sa kautusang ito ay tumanggap ng matinding parusa. Inulit ng Panginoon ang kautusang ito sa mga huling araw (tingnan sa D at T 42:24).

Itinuro sa atin na hindi lamang seksuwal na pagtatalik ang saklaw ng batas ng kalinisang-puri. Ang Unang Panguluhan ay nagbabala sa mga kabataan tungkol sa iba pang mga seksuwal na kasalanan:

“Bago ikasal, huwag gumawa ng anumang pupukaw sa mapupusok na damdaming dapat lamang ipahayag sa pagitan ng mag-asawa. Huwag gawin ang maalab na paghahalikan, pumatong sa isang tao, o hawakan ang mga pribado at sagradong bahagi ng katawan ng isang tao, may damit man o wala. Huwag pahintulatang gawin iyon sa inyo ng sinuman. Huwag pukawin ang mga damdaming iyon sa sarili ninyong katawan” (*Para sa Lakas ng mga Kabataan* [polyeto, 2002], 27).

Tulad ng iba pang mga paglabag sa batas ng kalinisang-puri, ang homoseksuwal na pag-uugali ay isang mabigat na kasalanan.

Nagsalita ang mga propeta sa mga huling araw tungkol sa mga panganib ng homoseksuwal na pag-uugali at ang pag-aalala ng Simbahan sa mga taong may gayong hangarin o pagnanasa. Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

“Una sa lahat, naniniwala tayo na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay inorden ng Diyos. Naniniwala tayo na ang kasal ay maaaring maging walang hanggan sa pamamagitan ng pagpapairal ng kapangyarihan ng walang hanggang priesthood sa bahay ng Panginoon.

“Itinatanong ng mga tao kung ano ang palagay natin sa mga taong itinuturing ang kanilang sarili na mga bakla at mga tomboy. Ang sagot ko ay mahal natin sila bilang mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos. Maaaring may pagkahilig sila sa mga bagay na malakas makaimpluwensiya at maaaring mahirap pigilin. Ang mga tao ay may pagkahilig kahit paano sa iba’t ibang pagkakataon. Kung paglalabanan nila ang mga pagkahilig na ito, makasusulong sila gaya ng iba pang mga miyembro ng Simbahan. Kung malabag nila ang batas ng kalinisang-puri at ang mga pamantayan ng Simbahan sa kagandahang-asal, sa gayon sila ay mapapasailalim sa disiplina ng Simbahan, katulad din ng iba.

“Nais naming tulungan ang mga taong ito, upang palakasin sila, tulungan sila sa kanilang mga problema at tulungan sila sa kanilang mga paghihirap. Ngunit hindi kami maaaring manahimik na lamang kung nagpapasasa sila sa mga imoral na gawain, kung sinisikap nilang panindigan at ipagtanggol at ipamuhay ang kalagayan na tinatawag nilang kasal ng dalawang taong pareho ang kasarian. Ang pagpapahintulot sa gayon ay maituturing na hindi pagpapahalaga sa pinakaimportante at sagradong pundasyon ng kasal na pinahintulutan ng Diyos at ng pangunahing layunin nito, ang pagkakaroon ng mga pamilya” (sa Conference Report, Okt. 1998, 91; o *Liahona*, Ene. 1999, 88).

Gusto ni Satanas na Labagin Natin ang Batas ng Kalinisang-Puri

- Ano ang ilang paraan ng panunukso ni Satanas sa mga tao upang labagin ang batas ng kalinisang-puri?

Plano ni Satanas na linlangin ang marami sa atin hangga't maaari para mapigilan niya tayo na mamuhay na muli sa piling ng ating Ama sa Langit. Ang isa sa mga pinakamapanirang bagay na magagawa niya ay ang tuksuhin tayong labagin ang batas ng kalinisang-puri. Siya ay tuso at makapangyarihan. Nais niyang papaniwalain tayo na hindi kasalanan ang labagin ang batas na ito. Maraming tao ang nalinlang na. Kailangang bantayan natin ang ating sarili laban sa masamang impluwensyang ito.

Inaatake ni Satanas ang mga pamantayan ng pagiging disente. Nais niyang maniwala tayo na dahil maganda ang katawan ng tao, ito ay isang bagay na dapat ipangalandakan at ilantad. Nais ng ating Ama sa Langit na takpan natin ang ating katawan upang hindi tayo makahikayat ng masamang kaisipan sa isip ng ibang tao.

Hindi lamang tayo hinihimok ni Satanas na manamit nang mahalay, kundi hinihimok din tayong mag-isip ng malalaswa at masasamang kaisipan. Ginagawa niya ito sa pamamagitan ng mga larawan, pelikula, kuwento, biro, musika, at sayaw na nagpapahiwatig ng malalaswang kilos. Hinihingi ng batas ng kalinisang-puri na maging dalisay ang ating mga kaisipan at ang ating kilos. Itinuro ni propeta Alma na kapag hahatulan na tayo ng Diyos, “ang ating mga pag-iisip ang hahatol din sa atin; at dito sa nakapanghihilakbot na kalagayan, tayo ay hindi mangangahas na tumingin sa ating Diyos” (Alma 12:14).

Itinuro ni Jesus, “Narinig ninyong sinabi, Huwag kang mangangalunya:

“Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kaniyang puso” (Mateo 5:27–28).

Nagbabala si Pangulong Gordon B. Hinckley: “Nabubuhay kayo sa mundo ng nakapangingilabot na mga tukso. Ang pornograpiya,

kasama ang nakapandidiring karumihan nito, ay bumabalot sa mundo na tulad ng nakapangingilabot at napakalaking alon. Ito ay lason. Huwag itong panoorin o basahin. Wawasakin kayo nito kung gagawin ninyo ito. Aalisin nito ang paggalang ninyo sa inyong sarili. Nanakawin nito ang kakayahan ninyong pahalagahan ang kagandahan ng buhay. Sisirain kayo nito at hihilahin pababa sa putikan ng masasamang kaisipan at malamang ay sa putikan ng masasamang gawain. Layuan ito. Iwasan ito tulad ng pag-iwas sa nakahahawang sakit, dahil nakamamatay din ito. Maging malinis sa isip at sa gawa. Ang Diyos ay naglagay sa inyo, para sa isang layunin, ng banal na simbuyo ng damdamin na maaaring madaling mabuyo ng masama at mapangwasak na intensyon. Kapag bata pa kayo, huwag makipagdeyt sa iisang tao. Kapag tumuntong na kayo sa edad na naiisip na ninyo ang pagpapakasal, iyon na ang panahon para seryosohin ito. Ngunit kayong mga binatilyo na nasa hayskul, hindi ninyo kailangan ito, at gayundin ang mga dalagita” (sa Conference Report, Okt. 1997, 71–72; o *Ensign*, Nob. 1997, 51).

Kung minsan tinutukso tayo ni Satanas sa pamamagitan ng ating damdamin. Alam niya kapag nalulungkot, naguguluhan, o nanghihina tayo. Pinipili niya ang panahong ito ng kahinaan upang tuksuhin tayo na labagin ang batas ng kalinisang-puri. Mabibigyan tayo ng ating Ama sa Langit ng lakas upang malampasan ang mga pagsubok na ito nang hindi nasasaktan.

Ikinukuwento ng mga banal na kasulatan ang tungkol sa isang mabuting binata na nagngangalang Jose na pinagkatiwalaang mabuti ng kanyang amo, na si Potiphar. Ipinabahala ni Potiphar kay Jose ang lahat ng kanyang ari-arian. Pinagnasaan ng asawa ni Potiphar si Jose at tinukso niya itong sipingan siya. Ngunit tinangigihan siya ni Jose at tinakasan siya. (Tingnan sa Genesis 39:1–18.)

Itinuro ni Pablo: “Hindi dumating sa inyo ang anomang tukso kundi yaong matitiis ng tao: datapuwa’t tapat ang Dios, na hindi niya itutulot na kayo’y tuksuhin ng higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay gagawin naman ang paraan ng pagilag, upang ito’y inyong matiis” (I Mga Taga Corinto 10:13). Binigyang-diin ni Alma na tayo ay “hindi ma[tu]tukso nang higit sa [ating] makakaya” kapag tayo ay “[nag]pakumbaba ng [ating

sarili] sa harapan ng Panginoon, at [n]anawagan sa kanyang banal na pangalan, at nagbantay at patuloy na nanalangin” (Alma 13:28).

- Paanong magkaugnay ang kahinhinan at kalinisang-puri? Paano matuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na maging disente sa pananamit, pananalita, at pag-uugali?
- Paano natin mapaglalaman ang paglaganap at impluwensya ng pornograpiya?
- Anong mga pangako ang ibinigay sa atin ng Panginoon upang tulungan tayong mapaglabanan ang mga tukso ni Satanas?

Ang Paglabag sa Batas ng Kalinisang-Puri ay Napakabigat na Kasalanan

Nagdalamhati si propetang Alma dahil nilabag ng isa sa kanyang mga anak ang batas ng kalinisang-puri. Sinabi ni Alma sa anak niyang si Corianton, “Hindi mo ba alam, anak ko, na ang mga bagay na ito ay karumal-dumal sa paningin ng Panginoon; oo, pinakakarumal-dumal sa lahat ng kasalanan maliban sa pagpapadanak ng dugo ng walang malay o sa pagtatatwa sa Espiritu Santo?” (Alma 39:5). Ang kasiraan ng puri ay pangalawa sa pagpatay dahil sa bigat ng kasalananang ito.

Kung lalabagin ng isang lalaki at ng isang babae ang batas ng kalinisang-puri at nagdalantao ang babae, maaari silang matuksong gumawa ng isa pang karumal-dumal na kasalanan: aborsiyon o pagpapalaglag. Bihirang magkaroon ng makatwirang dahilan ang aborsiyon o pagpapalaglag. Sinasabi ng mga pinuno ng Simbahan na may ilang kakaibang kalagayan na maaaring magbigay-katwiran sa aborsiyon o pagpapalaglag, tulad ng kapag ang pagbubuntis ay bunga ng pakikipagtalik sa kamag-anak o ng panggagahasa, kapag ang buhay o kalusugan ng ina ay nalalagay sa panganib ayon sa pagkakasuri ng mapagkakatiwalaang doktor, o kapag natuklasan ng mapagkakatiwalaang doktor na ang sanggol sa sinapupunan ay

Para sa mga guro: Para matulungan sa mga tanong tungkol sa kahinhinan at kalinisang-puri, maaari kang sumangguni sa polyetong pinamagatang *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (aytem bilang 36550 893), na makukuha sa mga distribution center at sa LDS.org at maaaring nasa aklatan ng inyong meetinghouse.

may matinding depekto kung kaya't hindi mabubuhay ang sanggol pagkatapos itong maisilang. Ngunit kahit ang mga kalagayang ito ay hindi kaagad nagbibigay-katwiran sa aborsiyon o pagpapalaglag. Dapat lamang isipin ng mga nahaharap sa gayong mga kalagayan ang aborsiyon pagkatapos nilang sumangguni sa mga lider ng Simbahan sa kanilang lugar at matapos tumanggap ng katibayan sa pamamagitan ng taimtim na panalangin.

“Kapag ang isang lalaki at babae ay nagkaroon ng anak nang hindi kasal, dapat gawin ang lahat upang mahikayat silang magpakasal. Kapag hindi posibleng maging matagumpay ang pag-aasawa dahil sa edad o iba pang situwasyon, ang mga magulang na hindi ikinalasal ay dapat payuhan na ipaampon ang bata sa pamamagitan ng LDS Family Services upang matiyak na mabubuklod ang sanggol sa mga magulang na karapat-dapat sa templo” (liham ng Unang Panguluhan, Hunyo 26, 2002, at Hulyo 19, 2002).

Lubhang napakahalaga sa ating Ama sa Langit na sundin ng Kanyang mga anak ang batas ng kalinisang-puri. Ang mga miyembro ng Simbahan na lumalabag sa batas na ito o nang-iimpluwensya sa iba na gawin din ito ay sasailalim sa disiplina ng Simbahan.

Ang mga Lumalabag sa Batas ng Kalinisang-Puri ay Maaaring Mapatawad

Ang kapayapaan ay maaaring dumating sa mga taong lumabag sa batas ng kalinisang-puri. Sinasabi sa atin ng Panginoon, “Kung ang masama ay humiwalay sa kaniyang lahat na kasalanan na kaniyang nagawa, at ingatan ang lahat na aking mga palatuntunan, . . . wala sa kaniyang mga pagsalangsang na nagawa niya na aalalahanin laban sa kaniya” (Ezekiel 18:21–22). Ang kapayapaan ay dumarating lamang sa pamamagitan ng kapatawaran.

Sinabi ni Pangulong Kimball: “Sa bawat kapatawaran ay may kondisyon. . . . Ang pag-aayuno, ang mga panalangin, ang pagpapakumbaba ay kailangang maging katumbas o higit pa kaysa sa kasalanan. Kailangang may bagbag na puso at nagsisising espiritu. . . . Kailangang may mga luha at tunay na pagbabago ng puso. Kailangang may pag-amin ng kasalanan, pagtalikod sa

kasamaan, pagtatapat ng kamalian sa hinirang na mga awtoridad ng Panginoon” (*The Miracle of Forgiveness* [1969], 353).

Sa maraming tao, ang pinakamahirap na bahagi ng pagsisisi ay ang pagtatapat ng kasalanan. Kailangan tayong magtatapat hindi lamang sa Panginoon kundi sa taong pinagkasalahan din natin, tulad ng asawa, at sa wastong awtoridad ng priesthood. Ang pinuno ng priesthood (bishop o stake president) ang hahatol sa ating katayuan sa Simbahan. Sinabi ng Panginoon kay Alma, “Kung sinuman ang lalabag sa akin . . . kung magtatapat siya ng kanyang mga kasalanan sa iyo at sa akin, at magsisisi nang taos sa kanyang puso, siya ay iyong patatawarin, at akin din siyang patatawarin” (Mosias 26:29).

Ngunit nagbabala si Pangulong Kimball: “Bagaman sagana ang ipinapangakong kapatawaran walang pangako o palatandaan ng kapatawaran sa sinumang kaluluwa na hindi lubusang nagsisisi. . . . Hindi namin maiwasan ang hindi maging mapilit sa pagpapapalala sa mga tao na hindi sila maaaring magkasala at mapatawad at pagkatapos ay paulit-ulit na magkasala at umasa na paulit-ulit silang patatawarin” (*The Miracle of Forgiveness*, 353, 360). Ang mga tumanggap ng kapatawaran at pagkatapos ay inulit ang kasalanan ay papananagutin sa mga dati nilang kasalanan (tingnan sa D at T 82:7; Eter 2:15).

Ang mga Sumusunod sa Batas ng Kalinisang-Puri ay Lubos na Pinagpapala

- Anong mga pagpapala ang natatanggap natin sa pagsunod sa batas ng kalinisang-puri?

Kapag sinusunod natin ang batas ng kalinisang-puri, makapamuhay tayo nang hindi binabagabag ng konsiyensya o nahihiya. Ang ating buhay at ang buhay ng ating mga anak ay pagpapalain kapag pinananatili nating dalisay at walang-bahid-dungis ang ating sarili sa harap ng Panginoon. Maaaring gayahin ng ating mga anak ang ating halimbawa at sundan ang ating mga hakbang.

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Mateo 19:5–9; Genesis 2:24 (ang ugnayan ng mag-asawa ay sagrado)
- Kay Tito 2:4–12 (mga tagubilin sa kalinisang-puri)
- I Mga Taga Corinto 7:2–5; Mga Taga Efeso 5:28 (katapatan sa asawa)
- Apocalipsis 14:4–5 (mga pagpapala sa pagsunod sa batas ng kalinisang-puri)
- Mga Kawikaan 31:10 (pinuri ang kalinisan ng pagkatao)
- Alma 39:9 (huwag sundin ang pagnanasa ng iyong mga mata)
- D at T 121:45 (puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay)
- Alma 42:16 (ang pagsisisi ay hindi dumarating nang walang kaparusahan)
- Alma 42:30 (huwag bigyang-katwiran ang iyong sarili sa nagawang kasalanan)
- D at T 58:42–43 (ipinagtatapat ng nagsisisi ang mga kasalanan at tinatalikuran ang mga ito)

Gawain sa Templo at Family History

K a b a n a t a 40

Nais ng Ama sa Langit na Makabalik sa Kanya ang Kanyang mga Anak

Tinitiyak sa atin ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na bawat isa sa atin ay mabubuhay na mag-uli at mabubuhay magpakailanman. Ngunit upang mabuhay tayo magpakailanman kasama ang ating mga pamilya sa piling ng Ama sa Langit, kailangan nating gawin ang lahat ng ipinag-uutos sa atin ng Tagapagligtas. Kabilang dito ang pagpapabinyag at kumpirmasyon at pagtanggap ng mga ordenansa sa templo.

Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, bawat isa sa atin ay nabinyagan at nakumpirma ng isang taong may wastong awtoridad ng priesthood. Bawat isa sa atin ay maaari ding magpunta sa templo upang tanggapin ang nakapagliligtas na mga ordenansa ng priesthood na isinasagawa roon. Ngunit marami sa mga anak ng Diyos ang hindi nagkaroon ng mga pagkakataong tulad ng mga ito. Nabuhay sila sa panahon o lugar kung saan wala sa kanila ang ebanghelyo.

Nais ng Ama sa Langit na makabalik lahat ang Kanyang mga anak at mamuhay sa Kanyang piling. Sa mga namatay nang hindi nabinyagan o walang mga ordenansa ng templo, naglaan Siya ng paraan upang maisagawa ito. Hiniling Niyang isagawa natin ang mga ordenansa para sa ating mga ninuno sa loob ng mga templo.



Mga Templo ng Panginoon

- Bakit mahalaga ang mga templo sa ating buhay?

Ang mga templo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay espesyal na mga gusaling inilaan sa Panginoon. Maaaring pumasok dito ang karapat-dapat na mga miyembro ng Simbahan upang tanggapin ang mga sagradong ordenansa at makipagtipan sa Panginoon. Tulad ng binyag, ang mga ordenansa at tipang ito ay kailangan para sa ating kaligtasan. Kailangang isagawa ang mga ito sa mga templo ng Panginoon.

Nagpupunta rin tayo sa templo para malaman pa ang tungkol sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Nagkakaroon tayo ng mas mabuting pang-unawa sa ating layunin sa buhay at ang ating kaugnayan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Itinuro sa atin ang tungkol sa ating buhay bago ang buhay sa mundong ito, ang kahulugan ng buhay sa mundo, at ang buhay pagkatapos ng kamatayan.

Ibinubuklod ng mga Ordenansa sa Templo ang mga Pamilya Magpakailanman

- Ano ang ibig sabihin ng mabuklod?

Lahat ng ordenansa sa templo ay isinasagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito, ang mga ordenansang isinasagawa sa lupa ay ibinubuklod, o ibinibigkis, sa langit. Itinuro ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol, “Anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit” (Mateo 16:19; tingnan din sa D at T 132:7).

Sa templo lamang tayo maaaring mabuklod nang sama-sama bilang mga pamilya magpakailanman. Pinag-iisa ng kasal sa templo ang isang lalaki at babae bilang mag-asawa sa kawalang-hanggan kung iginagalang nila ang kanilang mga tipan. Ang binyag at lahat ng iba pang mga ordenansa ang naghahanda sa atin para sa sagradong pangyayaring ito.

Para sa mga guro: Ang mga larawan ay nakaaakit ng pansin at nakatutulong sa mga nag-aaral na madagdagan ang kanilang pang-unawa. Isiping hilingin sa mga miyembro ng klase o mga miyembro ng pamilya na pag-isipang mabuti ang kanilang damdamin tungkol sa gawain sa templo habang tinitingnan nila ang retrato ng isang templo sa kabanatang ito.

Kapag ikinasal ang isang lalaki at babae sa templo, ang kanilang mga anak na isisilang pagkatapos niyon ay nagiging bahagi rin ng kanilang walang hanggang pamilya. Ang mga mag-asawang ikinasal nang sibil o sa huwes ay matatanggap ang mga pagpapalang ito sa pamamagitan ng paghahanda ng kanilang sarili at kanilang mga anak na magpunta sa templo at mabuklod sa isa't isa. Ang mga magulang na legal na nag-ampon ng mga bata ay maaaring maipabuklod ang mga batang iyon sa kanila.

- Ano ang kailangang gawin ng mag-asawa upang magkaroon ng bisa ang kapangyarihang magbuklod sa kanilang pagsasama?

Kailangan ng Ating mga Ninuno ang Ating Tulong

- Ano ang mga responsibilidad natin sa ating mga ninuno na namatay nang hindi natatanggap ang mga ordenansa ng priesthood?

Pinakasalan ni Mario Cannamela si Maria Vitta noong 1882. Tumira sila sa Tripani, Italy, kung saan sila nagkaroon ng pamilya at masayang nagsama sa loob ng maraming taon. Hindi narinig nina Mario at Maria ang mensahe ng ipinumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo noong sila ay nabubuhay pa. Hindi sila nabinyagan. Hindi sila nagkaroon ng pagkakataong pumunta sa templo at sama-samang mabuklod bilang isang walang hanggang pamilya. Sa kamatayan nagwakas ang pagsasama nilang mag-asawa.

Makaraan ang mahigit isang daang taon nagkaroon ng malaking reunion. Ang mga inapo nina Mario at Maria ay nagpunta sa Los Angeles Temple, kung saan lumuhod sa altar ang isang apo-satuhod na lalaki at ang kanyang kabiyak na nagsilbing mga proxy para sa pagbubuklod nina Mario at Maria. Napuno ng luha ang kanilang mga mata habang nakikibahagi sila sa kagalakan nina Mario at Maria.

Marami sa ating mga ninuno ang kabilang sa mga namatay nang hindi naririnig ang tungkol sa ebanghelyo noong nabubuhay pa sila sa mundo. Sila ay naninirahan ngayon sa daigdig ng mga espiritu (tingnan sa kabanata 41 sa aklat na ito). Doon ay itinuturo sa kanila ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ang mga tumanggap ng

ebanghelyo ay naghihintay na isagawa natin ang mga ordenansa ng templo para sa kanila. Sa paggawa natin ng mga ordenansang ito sa templo para sa ating mga ninuno, maaari tayong makibahagi sa kanilang kagalakan.

- Paano ipinapakita ng doktrina ng kaligtasan para sa mga patay ang katarungan, habag, at awa ng Diyos?
- Ano ang mga naging karanasan ninyo habang ginagawa ninyo ang gawain sa templo para sa inyong mga ninuno?

Family History—Paano Natin Sisimulan ang Pagtulong sa Ating mga Ninuno

- Ano ang mga pangunahing hakbang sa paggawa ng family history?

Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay hinihikayat na makibahagi sa mga aktibidad ng family history. Sa pamamagitan ng mga aktibidad na ito inaalam natin ang tungkol sa ating mga ninuno upang maisagawa natin ang mga ordenansa para sa kanila. Ang family history ay may tatlong pangunahing hakbang:

1. Tukuyin ang ating mga ninuno.
2. Alamin kung sinong mga ninuno ang kailangang gawan ng mga ordenansa sa templo.
3. Tiyakin na maisasagawa ang mga ordenansa para sa kanila.

Karamihan sa mga ward at branch ay mayroong mga family history consultant na makasasagot sa mga tanong at makapagtuturo sa atin sa mga sangguniang kailangan natin. Kung ang isang ward o branch ay walang family history consultant, ang bishop o branch president ang maaaring magbigay ng direksiyon.

Tukuyin ang Ating mga Ninuno

Upang maisagawa ang mga ordenansa sa templo para sa ating mga ninuno, kailangan nating malaman ang kanilang mga pangalan. Marami nang napakagagandang sanggunian ngayon na makatutulong sa atin upang matukoy ang mga pangalan ng ating mga ninuno.

Ang isang mabuting paraan para masimulan ang pagtitipon ng impormasyon tungkol sa ating mga ninuno ay alamin kung anong mga bagay ang nasa sarili nating tahanan. Maaaring mayroon tayong mga katibayan ng kapanganakan, kasal, o kamatayan. Maaari ding may makita tayong mga Biblia ng pamilya, anunsiyo ng pagkamatay, kasaysayan ng pamilya, o mga diary at journal. Bilang karagdagan, maaari nating hingan ng anumang impormasyon ang mga kamag-anak. Pagkatapos matipon ang impormasyon sa ating mga tahanan at mula sa ating mga ninuno, maaari nating saliksikin ang iba pang sanggunian o mapagkukunan, tulad ng FamilySearch.org. Maaari din nating bisitahin ang isa sa mga family history center ng Simbahan sa ating lugar.

Ang dami ng ating malalaman ay mababatay sa kung anong impormasyon ang maaari nating makuha. Maaaring kaunti lamang ang impormasyon sa pamilya at maaaring ang magawa lang natin ay tukuyin ang ating mga magulang at mga lolo't lola. Kung marami na tayong natipon na mga tala ng pamilya, maaari nating matukoy ang mga ninuno noon pang mga unang henerasyon.

Maaari nating masubaybayan ang impormasyong natipon natin sa mga family group record at mga pedigree chart.

Alamin Kung Sinong mga Ninuno ang Kailangang Gawan ng mga Ordenansa sa Templo

Ang mga ordenansa sa templo ay isinasagawa para sa mga patay simula pa noong mga unang araw ng Simbahan. Dahil dito, ang ilang mga ordenansa para sa ating mga ninuno ay maaaring naisagawa na. Para malaman kung sinong mga ninuno ang nangangailangan ng mga ordenansa sa templo, maaari tayong maghanap sa dalawang lugar. Ang sarili nating mga talaan ng pamilya ay maaaring naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga nagawa na. Kung hindi pa, ang Simbahan ay may talaan ng lahat ng mga ordenansa na naisagawa na sa templo. Ang inyong ward o branch family history consultant ay makatutulong sa inyo sa bagay na ito.

Tiyakin na Maisasagawa ang mga Ordenansa

Marami sa ating mga ninuno na nasa daigdig ng mga espiritu ang maaaring sabik nang tumanggap ng kanilang mga ordenansa sa templo. Sa sandaling matukoy na natin ang mga ninunong ito, dapat nating asikasuhin ito para magawa na ang gawaing ito para sa kanila.

Ang isa sa mga pagpapala ng gawain sa family history ay nagmula sa pagpunta sa templo at pagsasagawa ng mga ordenansa sa ngalan ng ating mga ninuno. Dapat nating ihanda ang ating sarili sa pagtanggap ng temple recommend upang, kapag maaari, ay magawa natin ang gawaing ito. Kung ang mga anak natin ay 12 taong gulang pataas, maaari silang makibahagi sa mga pagpapalang ito sa pamamagitan ng pagpapabinyag at pagpapakumpirma para sa kanilang mga ninuno.

Kung hindi tayo maaaring magpunta sa templo para makibahagi sa mga ordenansa, ang templo ang mag-aasikaso upang maisagawa ng iba pang mga miyembro ng Simbahan ang mga ordenansa.

- Paano kayo natulungan ng Panginoon o ang mga miyembro ng inyong pamilya na mahanap ang impormasyon tungkol sa inyong mga ninuno?

Karagdagang mga Pagkakataon sa Family History

- Ano ang ilang simpleng paraan para makabahagi sa gawain sa family history ang isang taong maraming iba pang responsibilidad?

Bukod sa pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo para sa mga ninunong kilala natin, matutulungan natin ang nasa daigdig ng mga espiritu sa marami pang paraan. Dapat nating hangarin ang patnubay ng Espiritu habang mapanalangin nating iniisip ang maaari nating gawin. Depende sa ating mga situwasyon, maaari nating gawin ang sumusunod:

1. Dumalo sa templo nang madalas hangga't maaari. Matapos tayong magpunta sa templo para sa ating sarili, maaari nating

isagawa ang mga nakapagliligtas na ordenansa para sa iba pa na naghihintay sa daigdig ng mga espiritu.

2. Gumawa ng pagsasaliksik upang matukoy ang mga ninuno na mahirap hanapin. Maaaring ituro sa atin ng mga family history consultant ang kapaki-pakinabang na mga sanggunian.
 3. Tumulong sa indexing program ng Simbahan. Sa pamamagitan ng programang ito, naihahanda ng mga miyembro ang genealogical information na magagamit sa mga family history computer program ng Simbahan. Dahil sa mga programang ito ay mas madali nating matutukoy ang ating mga ninuno.
 4. Mag-ambag ng impormasyon tungkol sa family history sa kasalukuyang mga computer program ng Simbahan para sa family history. Ang mga program na ito ay naglalaman ng mga genealogy na iniambag ng mga tao sa buong mundo. Pinahihintulutan ng mga ito ang mga tao na magbahagi ng impormasyon tungkol sa kanilang pamilya. Ang mga family history consultant ay maaaring makapagbigay ng mas maraming impormasyon tungkol sa mga computer program ng Simbahan.
 5. Makibahagi sa mga samahan ng pamilya. Mas marami ang ating magagawa para sa ating mga ninuno kapag gumawa tayong kasama ang iba pang mga miyembro ng pamilya.
- Isipin kung ano ang maaari ninyong gawin upang dagdagan ang inyong partisipasyon sa gawain sa templo at family history.

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- I Ni Pedro 4:6 (ipinangaral ang ebanghelyo sa mga patay)
- Malakias 4:5–6; D at T 2:2; 3 Nephi 25:5–6 (misyong ni Elijah)
- I Mga Taga Corinto 15:29; D at T 128:15–18 (gawain para sa mga patay)
- D at T 138 (pagtubos sa mga patay)

Ang Daigdig ng mga Espiritu Pagkatapos ng Buhay na Ito

Kabanata 41

Kabilang-Buhay

- Ano ang mangyayari sa atin pagkatapos nating mamatay?

Ang Ama sa Langit ay naghanda ng plano para sa ating kaligtasan. Bilang bahagi ng planong ito, ipinadala Niya tayo mula sa Kanyang kinaroroonan upang mabuhay sa lupa at tumanggap ng mortal na katawan na may laman at dugo. Kalaunan ang ating mortal na katawan ay mamamatay, at ang ating espiritu ay magpupunta sa daigdig ng mga espiritu. Ang daigdig ng mga espiritu ay isang lugar ng hintayan, pagtatrabaho, pag-aaral, at, para sa mabubuti, pagpapahinga mula sa mga alalahanin at kalungkutan. Doon maninirahan ang ating mga espiritu hanggang sa handa na tayo para sa ating pagkabuhay na mag-uli. Pagkatapos muling magsasama ang ating mortal na katawan at ating espiritu, at tatanggapin natin ang antas ng kaluwalhatian na pinaghandaan natin (tingnan sa kabanata 46 sa aklat na ito).

Maraming tao ang nag-iisip kung ano ang hitsura ng daigdig ng mga espiritu. Ang mga banal na kasulatan at mga propeta sa mga huling araw ay nagbigay sa atin ng impormasyon tungkol sa daigdig ng mga espiritu.

- Anong kaaliwan ang natanggap ninyo sa kaalaman na mayroong kabilang-buhay? Paano natin magagamit ang ating pang-unawa sa daigdig ng mga espiritu pagkatapos ng buhay na ito upang maalo ang iba?
-



Saan Naroon ang Daigdig ng mga Espiritu Pagkatapos ng Buhay na Ito?

Sinasabi ng mga propeta sa mga Huling Araw na ang mga espiritu ng mga yumao ay hindi malayo sa atin. Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson: “Kung minsan ang tabing sa pagitan ng buhay na ito at ng kabilang-buhay ay nagiging napakanipis. Ang mga mahal natin sa buhay na yumao na ay hindi malayo sa atin” (sa Conference Report, Abr. 1971, 18; o *Ensign*, Hunyo 1971, 33). Itinuro ni Pangulong Brigham Young na ang daigdig ng mga espiritu ay nasa lupa, nasa paligid natin (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* [1997], 312).

Ano ang Anyo ng Ating mga Espiritu?

Ang mga espiritung nilalang ay mayroon ding hugis ng katawan na katulad ng sa mga taong mortal maliban sa ang espiritung katawan ay nasa ganap na kaanyuan (tingnan sa Eter 3:16). Taglay ng mga espiritu ang kanilang ugali ng katapatan o pagsalungat sa mga bagay ng kabutihan (tingnan sa Alma 34:34). Ang kanilang mga hilig at mithiin ay katulad ng taglay nila noong nabubuhay pa sila sa lupa. Lahat ng espiritu ay nasa hustong gulang. Sila ay nasa hustong gulang bago pa sila nabuhay sa mundo, at ang anyo nila ay nasa hustong gulang pagkatapos ng kamatayan, kahit na sanggol o bata pa sila nang mamatay (tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* [1998], 157–58).

- Bakit mahalagang malaman na tataglayin pa rin ng ating mga espiritu sa daigdig ng mga espiritu ang ating pag-uugali sa ngayon?

Ano ang mga Kondisyon sa Daigdig ng mga Espiritu Pagkatapos ng Buhay na Ito?

Itinuro ni propetang Alma sa Aklat ni Mormon ang tungkol sa dalawang bahagi o katayuan sa daigdig ng mga espiritu:

“Ang mga espiritu ng yaong mabubuti ay tatanggapin sa kalagayan ng kaligayahan, na tinatawag na paraiso, isang kalagayan ng pamamahinga, isang kalagayan ng kapayapaan, kung saan sila ay

mamamahinga mula sa kanilang mga suliranin at sa lahat ng alalahanin at kalungkutan.

“At sa gayon, ito ay mangyayari na ang mga espiritu ng makasalan, oo, yaong masasama—sapagkat masdan, sila ay walang bahagi o kahati sa Espiritu ng Panginoon; sapagkat masdan, pinili nila ang masasamang gawain sa halip na mabuti; anupa’t ang espiritu ng diyablo ay pumasok sa kanila, at inangkin ang kanilang tahanan—at sila ay itatapon sa labas na kadiliman; at magkakaroon ng pagtangis, at panaghoy, at pagngangalit ng mga ngipin, at ito ay dahil sa kanilang sariling kasamaan, palibhasa’y naakay sa pagkabihag ng kagustuhan ng diyablo.

“Ngayon, ito ang kalagayan ng mga kaluluwa ng masasama, oo, sa kadiliman, at isang kalagayang kakila-kilabot, nahihintakutan ang anyo dahil sa nag-aapoy na pagngingitngit ng poot ng Diyos sa kanila; sa gayon sila mamamalagi sa ganitong kalagayan, gayundin ang mabubuti sa paraiso, hanggang sa panahon ng kanilang pagkabuhay na mag-uli” (Alma 40:12–14).

Ang klasipikasyon ng mga espiritu ay batay sa kadalisayan ng kanilang buhay at kanilang pagsunod sa kalooban ng Panginoon habang narito sa lupa. Magkahiwalay ang mabubuti at masasama (tingnan sa 1 Nephi 15:28–30), ngunit maaaring umunlad ang mga espiritu habang natututuhan nila ang mga alituntunin ng ebanghelyo at namumuhay ayon sa mga ito. Ang mga espiritong nasa paraiso ay maaaring magturo sa mga espiritong nasa bilangguan (tingnan sa D at T 138).

Paraiso

Sang-ayon kay propetang Alma, ang mabubuting espiritu ay nagpapahinga sa mga alalahanin at kalungkutan sa lupa. Gayunman, sila ay abala sa paggawa ng gawain ng Panginoon. Nakita ni Pangulong Joseph F. Smith sa pangitain na kaagad pagkatapos

Para sa mga guro: Upang matulungan ang mga miyembro ng klase o pamilya na maunawaan ang pagkakaiba ng paraiso at bilangguan ng mga espiritu, magdrowing ng patayong linya sa gitna ng pisara o sa malaking papel, para makagawa ng dalawang hanay. Sa itaas ng isang hanay, isulat ang *Kalagayan ng Mabubuti*. Sa itaas ng isa pang hanay, isulat ang *Kalagayan ng Masasama*. Ipalarawan sa mga miyembro ang bawat kalagayan sa daigdig ng mga espiritu, batay sa nabasa nila sa bahaging ito. Ibuod ang kanilang mga komentaryo sa angkop na mga hanay.

ipako sa krus si Jesucristo, dinalaw Niya ang mabubuti sa daigdig ng mga espiritu. Humirang siya ng mga sugo, binigyan sila ng kapangyarihan at awtoridad, at iniutos sa kanilang “dalhin ang liwanag ng ebanghelyo sa kanila na nasa kadiliman, maging sa lahat ng espiritu ng tao” (D at T 138:30).

Ang Simbahan ay inorganisa sa daigdig ng mga espiritu, at ipinagpapatuloy ng mga maytaglay ng priesthood and kanilang mga responsibilidad doon (tingnan sa D at T 138:30). Itinuro ni Pangulong Wilford Woodruff: “Ang Priesthood ding ito ang umiiral sa kabilang-buhay. . . . Bawat Apostol, bawat Pitumpu, bawat Elder, atbp., na namatay sa pananampalataya pagkarating niya sa kabilang-buhay, ay pumapasok sa gawain ng ministryo” (*Deseret News*, Ene. 25, 1882, 818).

Ang mga ugnayan ng pamilya ay mahalaga rin. Nakita ni Pangulong Jedediah M. Grant, tagapayo kay Brigham Young, ang daigdig ng mga espiritu at inilarawan kay Heber C. Kimball ang samahan na umiiral doon: “Sinabi niya na ang mga taong nakita niya roon ay sama-sama bilang magpapamilya. . . . Sinabi niya, ‘Nang makita ko ang mga pamilya, ang ilan ay hindi buo, . . . dahil nakakita ako ng mga pamilya na hindi pinayagang maglapit at sama-samang manahanan, dahil hindi nila tinupad ang kanilang tungkulin dito’” (*Deseret News*, Dis. 10, 1856, 316–17).

Bilangguan ng mga Espiritu

Tinukoy ni Apostol Pedro ang daigdig ng mga espiritu bilang isang bilangguan, na bilangguan para sa ilan (tingnan sa I Ni Pedro 3:18–20). Nasa bilangguan ng mga espiritu ang espiritu ng mga taong hindi pa tumanggap ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang mga espiritung ito ay may kalayaang pumili at maaaring mahikayat kapwa ng mabuti at masama. Kung tatanggapin nila ang ebanghelyo at mga ordenansang isasagawa para sa kanila sa mga templo, maaari na nilang lisanin ang bilangguan ng mga espiritu at manirahan sa paraiso.

Nasa bilangguan din ng mga espiritu ang mga tumanggi sa ebanghelyo pagkatapos itong maipangaral sa kanila sa lupa o sa bilangguan ng mga espiritu. Ang mga espiritung ito ay nagdurusa sa

kalagayang kilala bilang impiyerno. Inalis nila ang kanilang sarili sa awa ni Jesucristo na nagsabing, “Masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi; subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko; kung aling pagdurusang ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu” (D at T 19:16–18). Matapos pagdusahan ang kanilang mga kasalanan, sila ay papayagan, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na manahin ang pinakamababang antas ng kaluwalhatian, ang kahariang telestiyal.

- Paano naging katulad ng mga kondisyon sa buhay na ito ang mga kondisyon sa daigdig ng mga espiritu?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- I Ni Pedro 4:6 (ang ebanghelyo ay ipinangaral sa mga patay)
- Moises 7:37–39 (inihanda ang bilangguan ng mga espiritu para sa masasama)
- D at T 76 (paghahayag tungkol sa tatlong kaharian ng kaluwalhatian)
- Lucas 16:19–31 (kapalaran ng pulubi at ng mayamang lalaki sa daigdig ng mga espiritu)

Ang Pagtitipon ng Sambahayan ni Israel

Kabanata 42

Ang Sambahayan ni Israel ang Pinagtipanang mga Tao ng Diyos

- Ano ang mga responsibilidad ng pinagtipanang mga tao ng Diyos sa mga bansa ng mundo?

Si Jacob ay isang dakilang propeta na nabuhay nang daan-daang taon bago ang kapanahunan ni Cristo. Dahil matapat si Jacob, binigyan siya ng Panginoon ng espesyal na pangalan na Israel, na ibig sabihin ay “isang taong nagtatagumpay sa piling ng Diyos” o “hayaang magtagumpay ang Diyos” (Bible Dictionary, “Israel,” 708). Si Jacob ay nagkaroon ng labindalawang anak na lalaki. Ang mga anak na ito at ang kanilang mga pamilya ay nakilala bilang labindalawang angkan ni Israel, o mga Israelita (tingnan sa Genesis 49:28).

Si Jacob ay apo ni Abraham. Ang Panginoon ay gumawa ng walang hanggang tipan kay Abraham na muling ginawa kay Isaac at kay Jacob at sa kanyang mga anak (tingnan sa kabanata 15 sa aklat na ito; tingnan din ang visual o mga larawan sa kabanatang ito, na nagpapakita ng pagbabasbas ni Jacob sa kanyang mga anak na lalaki). Nangako ang Diyos na ang mga Israelita ang magiging Kanyang pinagtipanang mga tao habang sumusunod sila sa Kanyang mga kautusan (tingnan sa Deuteronomio 28:9–10). Magiging pagpapala sila sa lahat ng mga bansa ng daigdig sa pamamagitan ng paghahatid ng ebanghelyo at priesthood sa kanila (tingnan sa Abraham 2:9–11). Sa gayon, matutupad nila ang kanilang tipan sa Panginoon at tutuparin Niya ang Kanyang mga tipan sa kanila.



Ang Sambahayan ni Israel ay Ikinalat

Paulit-ulit na nagbabala ang mga propeta ng Panginoon sa sambahayan ni Israel tungkol sa mangyayari sa kanila kung masama sila. Nagpropesiya si Moises, “At pangangalatin ka ng Panginoon sa lahat ng mga bayan, mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa” (Deuteronomio 28:64).

Sa kabila ng babalang ito, paulit-ulit na nilabag ng mga Israelita ang mga kautusan ng Diyos. Naglaban-laban sila at nahati sa dalawang kaharian: ang Hilagang Kaharian, na tinawag na kaharian ni Israel, at ang Timog na Kaharian, na tinawag na kaharian ni Juda. Sampu sa labindalawang lipi ni Israel ang nanirahan sa Hilagang Kaharian. Sa isang digmaan natalo sila ng kanilang mga kaaway at dinala at ginawang mga bihag. Ang ilan sa kanila ay nakatakas kalaunan papunta sa mga lupain ng hilaga at nawala at hindi na matagpuan ng mga tao.

Makaraan ang mga 100 taon pagkatapos mabihag ang Hilagang Kaharian, ang Timog na Kaharian ay nasakop. Ang kabiserang lungsod ng Jerusalem ay nawasak noong 586 B.C., at maraming miyembro ng nalalabing dalawang lipi ni Israel ang nabihag. Kalaunan, ang ilan sa mga miyembro ng mga liping ito ay nagbalik at muling itinayo ang Jerusalem. Bago nawasak ang Jerusalem, nilisan ni Lehi at ng kanyang pamilya, na mga miyembro ng sambahayan ni Israel, ang lungsod at nanirahan sa mga lupain ng Amerika.

Pagkatapos ng panahon ni Cristo, muling winasak ang Jerusalem, sa pagkakataong ito ng mga kawal ng Roma. Ang mga Judio ay ikinalat halos sa lahat ng panig ng mundo. Ngayon ang mga Israelita ay matatagpuan sa lahat ng mga bansa ng daigdig. Marami sa mga taong ito ang hindi nakaaalam na nagmula sila sa sinaunang sambahayan ni Israel.

- Anong mga pakinabang ang dumating sa mga anak ng Diyos dahil sa pagkalat ng Kanyang mga pinagtipanang tao sa buong mundo?

Ang Sambahayan ni Israel ay Kailangang Tipunin

- Bakit gusto ng Panginoon na matipon ang Kanyang mga tao?

• Paano titipunin ang sambahayan ni Israel?

Nangako ang Panginoon na ang Kanyang pinagtipanang mga tao ay titipunin balang-araw: “Aking pipisanin ang nalabi sa aking kawan mula sa lahat na lupain na aking pinagtabuyan sa kanila” (Jeremias 23:3).

Tinitipon ng Diyos ang Kanyang mga anak sa pamamagitan ng gawaing misyonero. Sa pagkakaroon ng mga tao ng kaalaman tungkol kay Jesucristo, pagtanggap ng mga ordenansa ng kaligtasan at pagtupad sa kaugnay na mga tipan, sila ay nagiging “mga anak ng tipan” (3 Nephi 20:26). May mahahalaga Siyang dahilan sa pagtitipon ng Kanyang mga anak. Tinitipon Niya sila upang malaman nila ang mga turo ng ebanghelyo at ihanda ang kanilang sarili sa pagharap sa Tagapagligtas sa muli Niyang pagparito. Tinitipon Niya sila upang makapagtayo sila ng mga templo at maisagawa ang mga sagradong ordenansa para sa mga ninuno na namatay nang hindi nagkakaroon ng ganitong pagkakataon. Tinitipon Niya sila upang mapalakas nila ang bawat isa at magkaisa sa ebanghelyo, magkaroon ng proteksyon mula sa masasamang impluwensya ng mundo. Tinitipon din Niya sila upang maihanda nila ang kanilang sarili na ibahagi ang ebanghelyo sa iba.

Ang kapangyarihan at karapatan upang pamahalaan ang gawain ng pagtitipon ng sambahayan ni Israel ay ipinagkaloob kay Joseph Smith ni propetang Moises, na nagpakita noong 1836 sa Kirtland Temple (tingnan sa D at T 110:11). Simula noong panahong iyon, tinaglay na ng bawat propeta ang mga susi para sa pagtitipon ng sambahayan ni Israel, at ang pagtitipong ito ay naging mahalagang bahagi ng gawain ng Simbahan. Ang pinagtipanang mga tao ay tinitipon ngayon sa pagtanggap nila ng ipinambalik na ebanghelyo at pinaglilingkuran ang Diyos nina Abraham, Isaac, at Jacob (tingnan sa Deuteronomio 30:1–5).

Ang mga Israelita ay titipunin muna sa espirituwal at pagkatapos ay sa pisikal na paraan. Sila ay espirituwal na tinitipon sa pagsapi nila sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at paggawa at pagtupad sa mga sagradong tipan. Ang espirituwal na pagtitipong ito ay nagsimula noong panahon ni

Propetang Joseph Smith at nagpapatuloy ngayon sa lahat ng panig ng mundo. Ang mga nagbalik-loob o nabinyagan sa Simbahan ay mga Israelita sa dugo o sa pamamagitan ng pag-ampon. Kabilang sila sa pamilya nina Abraham at Jacob (tingnan sa Abraham 2:9–11; Mga Taga Galacia 3:26–29).

Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith: “Maraming bansa ang kinakatawan sa . . . Simbahan. . . . Naparito sila dahil napasakanila ang Espiritu ng Panginoon; . . . sa pagtanggap sa *diwa ng pagtitipon*, iniwan nila ang lahat ng bagay alang-alang sa ebanghelyo” (*Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 3:256; nakahilig ang mga titik sa orihinal).

Ang ibig sabihin ng pisikal na pagtitipon ng Israel ay titipunin ang pinagtipanang mga tao “pauwi sa mga lupaing kanilang mana, at manirahan sa lahat ng kanilang mga lupang pangako” (2 Nephi 9:2). Ang mga angkan nina Ephraim at Manases ay titipunin sa mga lupain ng Amerika. Ang lipi ni Juda ay babalik sa lungsod ng Jerusalem at sa palibot nito. Ang sampung lipi na nawala ay tatanggapin mula sa angkan ni Ephraim ang ipinangakong mga pagpapala sa kanila (tingnan sa D at T 133:26–34).

Noong unang itinatag ang Simbahan, iniutos sa mga Banal na magtipon sa Ohio, pagkatapos ay sa Missouri, at pagkatapos sa Salt Lake Valley. Gayunman, itinuturo ng mga makabagong propeta sa ngayon na dapat itayo ng mga miyembro ng Simbahan ang kaharian ng Diyos sa kanilang sariling lupain. Sinabi ni Elder Russell M. Nelson: “Ang desisyon na lumapit kay Cristo ay hindi nakabatay sa kinaroroonan ninyo; ito’y batay sa katapatan ng tao. Ang mga tao ay maaaring [dalhin] sa kaalaman ng Panginoon’ [3 Nephi 20:13] nang hindi nililisan ang kanilang sariling bayan. Tunay na noong bago pa lang ang Simbahan, kaakibat ng pagbabalik-loob ang pandarayuhan. Ngunit ngayon ang pagtitipon ay ginagawa sa bawat bansa. . . . Ang lugar ng pagtitipon para sa mga Banal na Brazilian ay sa Brazil; ang lugar ng pagtitipon para sa mga Banal na Nigerian ay sa Nigeria; ang lugar ng pagtitipon para sa mga Banal na Korean ay sa Korea; at marami pang iba. Ang Sion ay ‘ang may dalisay na puso.’ [D at T 97:21.] Ang

Sion ay nasa kinaroroonan ng mabubuting Banal” (sa Conference Report, Okt. 2006, 85; o *Liahona*, Nob. 2006, 81).

Ang pisikal na pagtitipon ng Israel ay hindi makukumpleto hangga’t hindi sumasapit ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas at hanggang sa Milenyo (tingnan sa Joseph Smith—Mateo 1:37). Sa panahong iyon matutupad ang pangako ng Panginoon:

“Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoon, na hindi na sasabihin pa, Buhay ang Panginoon, na nagahon ng angkan ni Israel mula sa lupain ng Egipto;

“Kundi, Buhay ang Panginoon, na nagahon ng mga anak ni Israel mula sa lupain sa hilagaan, at mula sa lahat ng lupain na kinatabuyan sa kanila: at akin silang ipapasok uli sa kanilang lupain na aking ibinigay sa kanilang mga magulang” (Jeremias 16:14–15).

- Sa paanong mga paraan kayo espirituwal na natipon bilang isa sa pinagtipanang mga tao ng Panginoon?
- Sa paanong paraan kayo nakibahagi sa pagtitipon sa iba?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Genesis 17:1–8 (ang tipan ng Diyos kay Abraham)
- Mga Taga Roma 9:4–8; Mga Taga Galacia 3:29 (ang mga sumusunod kay Jesucristo at sa Kanyang salita ay mga anak ng tipan)
- 2 Nephi 30:2; Mosias 5:10–11 (ang mga nagsisisi, sumusunod sa mga propeta, at nananampalataya kay Jesucristo ay nagiging pinagtipanang mga tao ng Panginoon)
- II Mga Hari 17 (ang Hilagang Kaharian ay binihag)
- II Mga Cronica 36:11–20 (ang Timog na Kaharian ay binihag)
- Santiago 1:1 (labindalawang angkan na ikinalat sa ibang bansa)
- 1 Nephi 10:12–13 (ang pangangibang-bayan ng mga Nephita ay bahagi ng pagkalat)

Para sa mga guro: Kapag isinasalaysay ng mga tao ang kuwento ng kanilang pagbabalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo, ikinukuwento nila ang tungkol sa espirituwal na pagtitipon. Isiping hilingan ang ilang tao na ikuwento kung paano sila nagbalik-loob sa ebanghelyo.

- Jeremias 3:14–18 (isa mula sa isang lungsod, dalawa mula sa isang pamilya)
- Ezekiel 20:33–36 (titipunin ang Israel mula sa lahat ng bansa)
- 3 Nephi 20:29–46 (ang mga Judio ay titipunin sa Jerusalem)
- 1 Nephi 15:13–18; 3 Nephi 21:26–29 (nagsimula ang pagtitipon sa Panunumbalik ng ebanghelyo)
- D at T 38:31–33 (ang pinagtipanang mga tao ng Panginoon ay maliligtas)
- Isaias 11:11–13 (pabalikin ng Panginoon ang Kanyang mga tao)
- Apocalipsis 18:4–8 (isang tinig ang magpapahayag ng pagtitipon)
- D at T 133:6–15 (ang mga Gentil ay magtutungo sa Sion, ang mga Judio sa Jerusalem)



Mga Palatandaan ng Ikalawang Pagparito

Kabanata 43

Si Jesucristo ay Magbabalik sa Lupa

- Ano ang ilan sa mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito?

Sinabi ng Tagapagligtas kay Joseph Smith, “Aking ipakikita ang aking sarili mula sa langit sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian . . . at mananahanan sa kabutihan kasama ng mga tao sa mundo ng isanlibong taon, at ang masasama ay hindi makapananatili” (D at T 29:11; tingnan din sa mga kabanata 44 at 45 ng aklat na ito). Sinabi sa atin ni Jesus na may mga palatandaan at pangyayari na magbababala sa atin kapag malapit na ang Kanyang Ikalawang Pagparito.

Sa loob ng libu-libong taon, inaasam ng mga tagasunod ni Jesucristo ang Ikalawang Pagparito bilang panahon ng kapayapaan at kagalakan. Ngunit bago dumating ang Tagapagligtas, ang mga tao sa mundo ay daranas ng matitinding pagsubok at kalamidad. Nais ng ating Ama sa Langit na maging handa tayo sa mga kaguluhang ito. Inaasahan din Niya na nakahanda tayo sa espirituwal kapag dumating na ang Tagapagligtas sa Kanyang kaluwalhatian. Dahil dito, binigyan Niya tayo ng mga palatandaan, na mga pangyayaring magsasabi sa atin kapag malapit na ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Sa paglipas ng mga panahon inihayag ng Diyos ang mga palatandaang ito sa Kanyang mga propeta. Sinabi Niya na malalaman ng lahat ng matatapat na tagasunod ni Cristo kung ano ang mga palatandaang ito at hihintayin ang mga ito

Para sa mga guro: Isiping bigyan ang bawat miyembro ng klase o pamilya ng isa o dalawa sa mga palatandaan na inilalarawan sa kabanatang ito (sa malalaking klase, ang ilan sa mga palatandaan ay maaaring ibigay sa mahigit isang tao). Bilang bahagi ng aralin, bigyan sila ng panahon na mapag-aralan ang impormasyon tungkol sa mga palatandaang iyon at isipin ang mga katibayan na nakita nila na natutupad ngayon ang mga palatandaan. Pagkatapos hayaang ibahagi nila ang kanilang mga ideya sa isa't isa.

(tingnan sa D at T 45:39). Kung tayo ay masunurin at matapat, pag-aaralan natin ang mga banal na kasulatan at malalaman ang mga palatandaan.

Ang ilan sa mga palatandaan na nagsasaad tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo ay natupad na o kasalukuyang natutupad. Ang iba ay matutupad sa hinaharap.

Kasamaan, Digmaan, at Kaguluhan

Marami sa mga palatandaan ang nakakatakot at nakakakilabot. Nagbabala ang mga propeta na daranas ang mundo ng matinding kaguluhan, kasamaan, digmaan, at kahirapan. Sinabi ni propetang Daniel na ang panahon bago ang Ikalawang Pagparito ay magiging panahon ng kaguluhan na hindi pa kailanman naranasan ng mundo (tingnan sa Daniel 12:1). Sinabi ng Panginoon, “Ang pag-ibig ng tao ay manlalamig, at ang kasamaan ay lalaganap” (D at T 45:27). “At lahat ng bagay ay magkakagulo; at . . . ang takot ay mapapasalihat ng tao” (D at T 88:91). Asahan natin ang mga paglindol, sakit, taggutom, malalakas na bagyo, mga pagkidlat, at pagkulong (tingnan sa Mateo 24:7; D at T 88:90). Wawasakin ng matinding pag-ulan ng yelo ang mga pananim ng lupa (tingnan sa D at T 29:16).

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na mapupuno ng digmaan ang mundo: “Mangakakarinig kayo ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan. . . . Sapagka’t magsisitindig ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian” (Mateo 24:6–7). Sinabi ni Propetang Joseph Smith: “Huwag panghinaan ng loob na sinabi namin sa inyo ang tungkol sa mga panahong mapanganib, sapagkat talagang darating ang mga ito sa lalong madalang panahon, sapagkat parating na ang tabak, taggutom, at salot. Magkakaroon ng malaking pagkawasak sa lupaing ito, sapagkat hindi ninyo dapat isipin na ang isang tuldok o kudlit ng mga propesiya ng lahat ng banal na propeta ay hindi matutupad, at marami pang natira dito ang matutupad” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 292).

Marami sa mga palatandaang ito ang natutupad. Ang kasamaan ay laganap sa lahat ng dako. Ang mga bansa ay palaging nagdidigmaan.

Ang mga lindol at iba pang mga kalamidad ay nangyayari na. Maraming tao ngayon ang naghihirap dahil sa mapaminsalang mga bagyo, tagtuyot, gutom at mga sakit. Makatitiyak tayo na ang mga kalamidad na ito ay lalo pang lalala bago pumarito ang Panginoon. Gayunman, hindi lahat ng pangyayari bago ang Ikalawang Pagparito ay nakakakilabot. Marami sa mga ito ang nagdudulot ng kagalakan sa mundo.

Ang Panunumbalik ng Ebanghelyo

Sinabi ng Panginoon, “Isang ilaw ang magliliwanag sa kanila na mga nakaupo sa kadiliman, at ito ang kabuuan ng aking ebanghelyo” (D at T 45:28). Ang mga propeta noong una ay nagpropesiya tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo. Nakita ni Apostol Juan na ang ebanghelyo ay ipanunumbalik ng isang anghel (tingnan sa Apocalipsis 14:6–7). Bilang katuparan ng propesiyang ito, inihatid ni anghel Moroni at ng iba pang mga panauhin mula sa langit ang ebanghelyo ni Jesucristo kay Joseph Smith.

Ang Paglitaw ng Aklat ni Mormon

Sinabi ng Panginoon sa mga Nephita ang tungkol sa isa pang palatandaan: ang Aklat ni Mormon ay mapapasakamay ng kanilang mga inapo (tingnan sa 3 Nephi 21). Noong panahon ng Matandang Tipan nakinita nina Isaias at Ezekiel ang paglitaw ng Aklat ni Mormon (tingnan sa Isaias 29:4–18; Ezekiel 37:16–20). Ang mga propesiya ay natutupad na ngayon. Ang Aklat ni Mormon ay lumitaw na at dinadala sa buong daigdig.

Ang Ebanghelyo ay Ipangangaral sa Buong Daigdig

Ang isa pang palatandaan ng mga huling araw ay “ipangangaral ang evangeliong ito ng kaharian sa buong sanglibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa” (Mateo 24:14; tingnan din sa Joseph Smith—Mateo 1:31). Maririnig ng lahat ng tao ang kabuuan ng ebanghelyo sa kanilang sariling wika (tingnan sa D at T 90:11). Simula nang Ipanumbalik ang Simbahan, ipinangaral na ng mga misyonero ang ebanghelyo. Nadagdagan ang pagsisikap ng mga misyonero hanggang sa ngayon ay libu-libo nang mga misyonero ang nangangaral sa maraming bansa ng mundo sa maraming wika.

Bago ang Ikalawang Pagparito at sa Milenyo, ang Panginoon ay maglalaan ng mga paraan para maihatid ang katotohanan sa lahat ng bansa.

Ang Pagparito ni Elijah

Nagpropesiya si propetang Malakias na bago sumapit ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas, si propetang Elijah ay ipapadala sa mundo. Ipanunumbalik ni Elijah ang mga kapangyarihan na magbuklod upang maibuklod ang mga pamilya. Bibigyang-inspirasyon din niya ang mga tao na magmalasakit sa kanilang mga ninuno at inapo. (Tingnan sa Malakias 4:5–6; D at T 2.) Si propetang Elijah ay dumalaw kay Joseph Smith noong Abril 1836. Simula noong panahong iyon, lalong naging interesado ang mga tao sa genealogy at family history. Nakapagsasagawa rin tayo ng mga ordenansa ng pagbubuklod sa mga templo para sa mga buhay at sa mga patay.

Ang mga Inapo ni Lehi ay Magiging Dakilang mga Tao

Sinabi ng Panginoon na kapag malapit na ang Kanyang pagparito, ang mga Lamanita ay magiging mabubuti at kagalang-galang na mga tao. Sinabi Niya, “Bago dumating ang dakilang araw ng Panginoon, . . . ang mga Lamanita ay mamumukadkad gaya ng rosas” (D at T 49:24). Maraming bilang ng mga inapo ni Lehi ang tumatanggap na ngayon ng mga pagpapala ng ebanghelyo.

Pagtatayo ng Bagong Jerusalem

Kapag malapit nang pumarito si Jesucristo, ang matatapat na Banal ay magtatayo ng isang matwid na lungsod, isang lungsod ng Diyos, na tinatawag na Bagong Jerusalem. Si Jesucristo mismo ang maghahari doon. (Tingnan sa 3 Nephi 21:23–25; Moises 7:62–64; Ang mga Saligan ng Pananampalataya 1:10.) Sinabi ng Panginoon na ang lungsod ay itatayo sa estado ng Missouri sa Estados Unidos (tingnan sa D at T 84:2–3).

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga palatandaan na ibinigay sa atin ng Panginoon. Marami pang inilalarawan ang mga banal na kasulatan.

- Anong mga katibayan ang nakikita ninyo na natutupad ang mga palatandaan?

Ang Pag-alam sa mga Palatandaan ng Panahon ay Makatutulong sa Atin

- Paano tayo mananatiling panatag at payapa kahit na nakakatakot at nakapangingilabot ang ilan sa mga palatandaan?

Sa pagsasalita tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito, sinabi ng Panginoon, “Ang oras at ang araw ay walang taong nakaalam, ni ang mga anghel sa langit” (D at T 49:7). Itinuro Niya ito sa talinghaga ng puno ng igos. Sabi Niya kapag nakita natin ang puno ng igos na nagkakaroon ng mga dahon, masasabi nating paparating na ang tag-araw o tag-init. Gayundin naman na kapag nakita natin ang mga palatandaang inilarawan sa mga banal na kasulatan, malalaman natin na malapit na ang Kanyang pagdating. (Tingnan sa Mateo 24:32–33.)

Ibibigay ng Panginoon ang mga palatandaang ito upang tulungan tayo. Maisasaayos natin ang ating buhay at maihahanda ang ating sarili at ating mga pamilya para sa mga bagay na darating pa lang.

Binalaan tayo tungkol sa mga kalamidad at sinabihang maghanda para sa mga ito, ngunit maaari din nating asamin ang pagdating ng Tagapagligtas at magalak. Sinabi ng Panginoon, “Huwag kayong mabagabag, sapagkat, sa panahong ang mga bagay [ang mga palatandaan] na ito ay mangyari, malalaman ninyo na ang mga pangakong ginawa sa inyo ay matutupad” (D at T 45:35). Sinabi Niya na ang mabubuti sa pagdating Niya ay hindi malilipol “kundi mananatili sa araw na yaon. At ang lupa ay ibibigay sa kanila upang maging mana; . . . at ang kanilang mga anak ay magsisilaking walang kasalanan. . . . Sapagkat ang Panginoon ay nasa gitna nila, at ang kanyang kaluwalhatian ay mapapasakanila, at siya ay kanilang magiging hari at kanilang tagapagbigay ng batas” (D at T 45:57–59).

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- I Mga Taga Corinto 15:22–28 (ang katapusan ay darating; wala nang kamatayan)
- Mateo 16:1–4 (alamin ang mga palatandaan ng panahon)
- Mateo 24; D at T 29:14–23; 45:17–57; 88:87–94; Joseph Smith—Mateo 1 (mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito)
- I Mga Taga Tesalonica 5:1–6 (abangan ang mga palatandaan at maghanda)
- D at T 38:30 (maghanda upang hindi tayo matakot)
- D at T 68:11 (maaari nating malaman ang mga palatandaan)

Ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo

K a b a n a t a 44

Paghihintay sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas

Apatnapung araw makaraan ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, sama-samang nagtipon sina Jesus at ang Kanyang mga Apostol sa Bundok ng mga Olivo. Dumating na ang sandali na kailangan nang lisanin ni Jesus ang mundo. Natapos na Niya ang lahat ng gawain na kailangan Niyang gawin noong panahong iyon. Babalik na Siya sa ating Ama sa Langit hanggang sa panahon ng Kanyang Ikalawang Pagparito.

Pagkatapos Niyang turuan ang Kanyang mga Apostol, umakyat na si Jesus sa langit. Habang nakatingin sa langit ang mga Apostol, dalawang anghel ang tumayo sa kanilang tabi at sinabing, “Kayong mga lalaking taga Galilea, bakit kayo’y nangakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit” (Ang Mga Gawa 1:11).

Simula noon hanggang sa ngayon, ang mga tagasunod ni Jesucristo ay naghihintay sa Ikalawang Pagparito.

Ano ang Gagawin ni Jesus sa Muli Niyang Pagparito?

Sa muling pagparito ni Jesucristo sa mundo, gagawin Niya ang sumusunod na mga bagay:

1. *Lilinisin Niya ang mundo.* Sa muling pagparito ni Jesus, darating Siya sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. Sa panahong

Para sa mga guro: Isiping bigyan ang bawat isa sa mga miyembro ng klase o pamilya ng isa sa limang aytem na nasa kabanatang ito. Hilingin sa bawat tao na mag-isa itong gawin, pag-aralan ang ibinigay na aytem sa kanya, pati na ang mga talata ng banal na kasulatan. Pagkatapos ay anyayahan ang bawat isa na talakayin ang natutuhan nila.



- iyon ay pupuksain ang masasama. Lahat ng masasamang bagay ay susunugin, at ang mundo ay lalinisin sa pamamagitan ng apoy (tingnan sa D at T 101:24–25).
2. *Hahatulan Niya ang Kanyang mga tao.* Sa muling pagparito ni Jesus, hahatulan Niya ang mga bansa at ihihiwalay ang mabubuti sa masasama (tingnan sa Mateo 25:31–46; tingnan din sa kabanata 46 sa aklat na ito). Isinulat ni Juan na Tagapaghayag ang tungkol sa paghuhukom na ito: “Nakakita ako ng mga luklukan, at may mga nagsisiluklok sa mga ito, sila’y pinagkalooban ng paghatol: at nakita ko ang mga kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Jesus, at dahil sa salita ng Dios, . . . at sila’y nangabuhay, at nagsipagharing kasama ni Cristo sa loob ng isang libong taon.” Nakita niya na ang masasama ay “hindi nangabuhay hanggang sa naganap ang isang libong taon” (Apocalipsis 20:4–5; tingnan din sa D at T 88:95–98).
 3. *Pasisimulan Niya ang Milenyo.* Ang Milenyo ay sanlibong taon kung kailan maghahari si Jesus sa mundo. Ang mabubuti ay iaangat upang salubungin si Jesus sa Kanyang pagdating (tingnan sa D at T 88:96). Ang Kanyang pagdating ang simula ng paghahari sa milenyo. (Tingnan sa kabanata 45 sa aklat na ito.)
Sinabi ni Pangulong Brigham Young:

“Sa Milenyo, kapag ang Kaharian ng Diyos ay naitatag na sa mundo na may kapangyarihan, kaluwalhatian at kaganapan, at nagapi ang matagal nang paghahari ng kasamaan, ang mga Banal sa mga Huling Araw ng Diyos ay magkakaroon ng pribilehiyong magtayo ng kanilang mga templo at makapasok sa mga ito, na nagiging tulad ng mga haligi sa mga templo ng Diyos [tingnan sa Apocalipsis 3:12], at sila ay mangangasiwa para sa kanilang yumao. At makikita natin ang ating mga kaibigan na umaakyat, at marahil ang iba ring nakasalamuha na natin dito. . . . At magkakaroon tayo ng paghahayag upang makilala natin ang ating mga ninuno magmula sa Amang Adan at Inang Eva, at papasok tayo sa mga templo ng Diyos at mangangasiwa para sa kanila. Pagkatapos ay maibubuklod ang

[mga anak] sa [mga magulang] hanggang sa ganap na mabuo ang tanikala mula kay Adan, para magkaroon ng ganap na pagkabuo ng tanikala ng Pagkasaserdote mula kay Adan hanggang sa pagtatapos [ng mundong ito]" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* [1997], 372).

4. *Kukumpletuhin Niya ang Unang Pagkabuhay na Mag-uli.*

Ang mga nagkaroon ng karapatang magbangon sa pagkabuhay na mag-uli ng mga matwid ay magbabangon mula sa kanilang mga libingan. Sila ay iaangat upang salubungin ang Tagapagligtas habang bumababa Siya mula sa langit. (Tingnan sa D at T 88:97–98.)

Pagkatapos bumangon si Jesucristo mula sa mga patay, ang iba pang mga matwid na tao na namatay ay nabuhay ring mag-uli. Sila ay nagpakita sa Jerusalem at gayundin sa lupalop ng Amerika. (Tingnan sa Mateo 27:52–53; 3 Nephi 23:9–10.) Ito ang simula ng Unang Pagkabuhay na Mag-uli. Ang ilang tao ay nabuhay na mag-uli simula noon. Ang mga nabuhay na mag-uli at ang mga mabubuhay na mag-uli sa panahon ng Kanyang pagdating ay magmamanang lahat ng kaluwalhatian ng kahariang selestiyal (tingnan sa D at T 76:50–70).

Pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli ng mga taong magmamana ng kaluwalhatian selestiyal, may isa pang grupo na mabubuhay na mag-uli: ang mga tatanggap ng kaluwalhatian terestriyal. Kapag ang lahat ng mga taong ito ay nabuhay nang mag-uli, makukumpleto na ang Unang Pagkabuhay na Mag-uli.

Ang masasamang tao na nabubuhay sa panahon ng Ikalawang Pagparito ng Panginoon ay lilipulin sa laman. Sila, kasama ang masasamang tao na namatay na ay kailangang maghintay hanggang sa huling pagkabuhay na mag-uli. Lahat ng nalalabing mga patay ay babangon upang humarap sa Diyos. Mamanahin nila ang kahariang telestiyal o kaya ay itatapon sa malayong kadiliman kasama ni Satanas (tingnan sa D at T 76:32–33, 81–112).

5. *Mauupo Siya sa Kanyang marapat na luklukan bilang Hari ng langit at lupa.* Pagdating ni Jesus, itatatag Niya ang Kanyang pamahalaan sa lupa. Ang Simbahan ay magiging bahagi ng

kahariang iyon. Pamumunuan Niya ang lahat ng tao sa mundo sa kapayapaan sa loob ng 1,000 taon.

Noong unang pumarito si Jesucristo sa lupa, hindi Siya dumating sa kaluwalhatian. Isinilang Siya sa hamak na kuwadra at inihiga sa isang sabsaban ng dayami. Hindi Siya dumating na may malaking hukbo tulad ng inaasahan ng mga Judio sa kanilang Tagapagligtas. Sa halip, dumating Siya na sinasabing, “Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, . . . [gawan ng mabuti ang mga nagagalit sa inyo], at idalangin ninyo ang sa inyo’y nagsisiusig” (Mateo 5:44). Siya ay tinanggihan at ipinako sa krus. Ngunit hindi na Siya tatanggihan sa Kanyang Ikalawang Pagparito, “sapagkat bawat tainga ay makaririnig nito, at bawat tuhod ay luluhod, at bawat dila ay magtatapat” na si Jesus ang Cristo (D at T 88:104). Babatiin Siya bilang “Panginoon ng mga panginoon, at Hari ng mga hari” (Apocalipsis 17:14). Siya ay tatawaging “Kamangha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan” (Isaias 9:6).

- Ano ang naiisip at nadarama ninyo habang pinag-iisipan ang mga pangyayari sa Ikalawang Pagparito?

Paano Natin Malalaman na Malapit na ang Pagdating ng Tagapagligtas?

Noong isilang si Jesucristo, kakaunti lang ang mga taong nakaaalam na dumating na ang Tagapagligtas ng daigdig. Sa muli Niyang pagparito, wala nang magiging pag-aalinlangan kung sino Siya. Walang sinumang nakaaalam sa tumpak na oras ng muling pagparito ng Tagapagligtas. “Tungkol sa araw at oras na yaon walang makakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, . . . kundi ang Ama lamang” (Mateo 24:36; tingnan din sa D at T 49:7).

Ang Panginoon ay gumamit ng talinghaga upang bigyan tayo ng ideya tungkol sa oras ng Kanyang pagdating:

“Sa puno nga ng igos ay pag-aralan ninyo ang kaniyang talinghaga; pagka nananariwa ang kaniyang sanga, at sumusupling ang mga dahon, ay nalalaman ninyo na malapit na ang tagaraw;

“Gayon din naman kayo, pagka nangakita ninyong nangyari ang mga bagay na ito, ay talastasin ninyo na siya’y malapit na, nasa mga pintuan nga” (Marcos 13:28–29).

Binigyan din tayo ng Panginoon ng ilang palatandaan upang ipaalam sa atin kung malapit na ang Kanyang pagdating. Pagkatapos ipahayag ang mga palatandaan, Siya ay nagbabala:

“Mangagpuyat nga kayo: sapagka’t hindi ninyo nalalaman kung anong araw paririto ang inyong Panginoon. . . .

“ . . . Kayo’y magsihanda naman; sapagka’t paririto ang Anak ng tao sa oras na hindi ninyo iniisip” (Mateo 24:42, 44).

Para sa karagdagang impormasyon kung paano natin malalaman na malapit na ang Ikalawang Pagparito ni Jesus, tingnan sa kabanata 43 sa aklat na ito.

Paano Tayo Magiging Handa sa Pagparito ng Tagapagligtas?

Ang pinakamabuting paraan upang maging handa tayo sa pagdating ng Tagapagligtas ay sa pagtanggap ng mga turo ng ebanghelyo at gawing bahagi ng ating buhay ang mga ito. Dapat tayong mamuhay nang mabuti sa bawat araw sa abot ng ating makakaya, tulad ng itinuro ni Jesus noong narito Siya sa lupa. Makakaasa tayo sa patnubay ng propeta at sa pagsunod sa kanyang mga payo.

Maaari tayong mamuhay nang karapat-dapat upang magabayan tayo ng Espiritu Santo. Sa gayon aasamin natin ang pagparito ng Tagapagligtas nang may kaligayahan at nang walang takot. Sinabi ng Panginoon: “Huwag matakot, munting kawan, ang kaharian ay sa inyo hanggang sa aking pagparito. Masdan, ako ay madaling pagarito. Maging gayon nga. Amen” (D at T 35:27).

- Bakit mas dapat nating isipin ang pagiging handa natin kaysa sa tumpak na oras ng Ikalawang Pagparito?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Juan 14:2–3; Mateo 26:64 (maghahanda si Jesus ng isang lugar at muling paparito)
- Malakias 3:2–3; 4:1; D at T 64:23–24 (susunugin ang mundo)
- D at T 133:41–51 (lilipulin ang masasama)
- Mateo 13:40–43 (ipinropesiya ang Paghuhukom)
- I Mga Taga Corinto 15:40–42; D at T 76; 88:17–35 (mga kaharian ng kaluwalhatian)
- D at T 43:29–30; 29:11 (ang pagparito ng Tagapagligtas ang magpapasimula sa Milenyo)
- Ang mga Saligan ng Pananampalataya 1:10 (maghahari si Jesus)
- Alma 11:43–44; 40:23 (ipinaliwanag ang Pagkabuhay na Mag-uli)
- D at T 88:96–98 (babangon ang mga patay)
- Zacarias 14:9; Apocalipsis 11:15; 1 Nephi 22:24–26 (si Jesus ay mamumuno bilang Hari)



Ang Milenyo

K a b a n a t a 45

Ang mga Tao sa Mundo sa Panahon ng Milenyo

- Sino ang nasa mundo sa panahon ng Milenyo?

Ang isang libong taon ng kapayapaan, pagmamahal, at kagalakan ay magsisimula sa lupa sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo. Ang isang libong taon na ito ay tinatawag na Milenyo. Tinutulungan tayo ng mga banal na kasulatan at ng mga propeta na maunawaan kung ano ang magiging kalagayan ng pamumuhay sa lupa sa panahon ng Milenyo.

Dahil sa pagkalipol ng masasama sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas, tanging ang mabubuting tao ang mabubuhay sa lupa sa pagsisimula ng Milenyo. Sila ang mga taong namuhay nang mabuti at tapat. Ang mga taong ito ang magmamana ng terestriyal o selesiyal na kaharian.

Sa panahon ng Milenyo, ang mga mortal ay patuloy na mabubuhay sa lupa, at patuloy silang magkakaroon ng mga anak tulad natin ngayon (tingnan sa D at T 45:58). Sinabi ni Joseph Smith na palaging dadalaw sa mundo ang imortal na mga nilalang. Ang nabuhay na mag-uling mga nilalang na ito ay tutulong sa pamahalaan at sa iba pang gawain. (Tingnan sa *Teachings of the Prophet Joseph Smith*, sel. Joseph Fielding Smith [1976], 268.)

Taglay pa rin ng mga tao ang kalayaan nilang pumili, at malaya pa rin ang marami na ipagpatuloy ang kanilang relihiyon at mga ideya. Sa huli bawat isa ay magtatapat na si Jesucristo ang Tagapagligtas.

Para sa mga guro: Ang paksa ng Milenyo kung minsan ay umaakay sa mga tao na mag-isip ng mga ideya na hindi matatagpuan sa mga banal na kasulatan o sa mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Habang ginagabayan mo ang araling ito, mag-ingat at iwasan ang gayong mga kaisipan.

Sa panahon ng Milenyo, “maghahari [si Jesus] sa mundo” (Ang mga Saligan ng Pananampalataya 1:10). Ipinaliwanag ni Joseph Smith na si Jesus ay “maghahari sa mga Banal at bababa at magbibigay ng tagubilin” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 300).

Ang Gawain ng Simbahan sa Panahon ng Milenyo

- Ano ang dalawang malaking gawain na gagawin sa panahon ng Milenyo?

Magkakaroon ng dalawang dakilang gawain para sa mga miyembro ng Simbahan sa panahon ng Milenyo: gawain sa templo at gawaing misyonero. Kasama sa gawain sa templo ang mga ordenansa na kailangan para sa kadakilaan. Kabilang sa mga ito ang binyag, ang pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo, at mga ordenansa sa templo—ang endowment, kasal sa templo, at ang pagbubuklod ng mga pamilya.

Maraming tao ang namatay nang hindi natatanggap ang mga ordenansang ito. Kailangang isagawa ng mga tao sa mundo ang mga ordenansang ito para sa kanila. Ang gawaing ito ay ginagawa ngayon sa mga templo ng Panginoon. Napakaraming gawain na dapat tapusin bago magsimula ang Milenyo, kaya’t tatapusin ito sa panahong iyon. Tutulungan tayo ng mga nabuhay na mag-uling nilalang na iwasto ang nagawa nating mga pagkakamali sa pagsasaliksik tungkol sa namatay nating mga ninuno. Tutulungan din nila tayong hanapin ang impormasyong kailangan natin upang makumpleto ang ating mga talaan. (Tingnan sa Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 2:167, 251–52.)

Ang isa pang dakilang gawain sa panahon ng Milenyo ay ang gawaing misyonero. Ang ebanghelyo ay ituturo nang may dakilang kapangyarihan sa lahat ng tao. Kalaunan hindi na kailangang ituro pa sa iba ang mga unang alituntunin ng ebanghelyo dahil “makikilala nilang lahat ako, mula sa kaliitliitan sa kanila hanggang sa kadakidakilaan sa kanila, sabi ng Panginoon” (Jeremias 31:34).

- Paano tayo makapaghahanda ngayon para sa gawain sa Milenyo?

Mga Kondisyon sa Panahon ng Milenyo

- Sa paanong mga paraan magiging kaiba ang buhay sa Milenyo mula sa buhay ngayon sa lupa?

Itinuro ni Propetang Joseph Smith na sa panahon ng Milenyo, “ang mundo ay babaguhin at matatanggap nito ang malaparaisong kaluwalhatian” (Ang mga Saligan ng Pananampalataya 1:10).

Igagapos si Satanas

Sa panahon ng Milenyo, si Satanas ay igagapos. Ibig sabihin hindi siya magkakaroon ng kapangyarihang tuksuhin ang mga nabubuhay sa panahong iyon (tingnan sa D at T 101:28). Ang “mga anak ay magsisilaking walang kasalanan tungo sa kaligtasan” (D at T 45:58). “Dahil sa kabutihan ng . . . mga tao [ng Panginoon], si Satanas ay mawawalan ng kapangyarihan; anupa’t hindi siya makawawala sa loob ng maraming taon; sapagkat wala siyang kapangyarihan sa mga puso ng tao, sapagkat nabubuhay sila sa kabutihan, at maghahari ang Banal ng Israel” (1 Nephi 22:26).

Kapayapaan sa Mundo

Sa panahon ng Milenyo, hindi magkakaroon ng digmaan. Ang mga tao ay mamumuhay nang sama-sama sa kapayapaan at pagkakasundo. Ang mga bagay na ginamit sa digmaan ay gagamitin sa kapaki-pakinabang na mga layunin. “Kanilang pupukpukin ang kanilang mga tabak upang maging mga sudsod, at ang kanilang mga sibat ay maging mga karit: ang bansa ay hindi magtataas ng tabak laban sa bansa, o mangagaaral pa man sila ng pakikipagdigma” (Isaias 2:4; tingnan din sa Isaias 11:6–7; D at T 101:26).

Matwid na Pamahalaan

Itinuro ni Pangulong John Taylor: “Ang Panginoon ay magiging hari sa buong mundo, at ang buong sangkatauhan ay mapasasailalim ng kanyang kataas-taasang kapangyarihan, at lahat ng bansa sa ilalim ng langit ay kikilalanin ang kanyang kapangyarihan, at yuyukod sa kanyang setro. Ang mga maglilingkod sa kanya sa kabutihan ay makakausap ang Diyos, at si Jesus; at paglilingkuran ng mga anghel, at malalaman ang nagdaan, ang kasalukuyan, at

ang hinaharap; at ang ibang tao, na hindi ganap na sumunod sa kanyang mga batas, ni tinagubilinan ng kanyang mga tipan, gayon pa man, ay ganap na susunod sa kanyang pamahalaan. Dahil ito ang paghahari ng Diyos sa mundo, at ipatutupad niya ang kanyang mga [batas], at ipatutupad ang kanyang mga kautusan sa mga bansa sa daigdig na siyang karapatan niya” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* [2002], 269).

Walang Kamatayan

Sa panahon ng Milenyo, hindi magkakaroon ng kamatayan tulad ng alam natin ngayon. Kapag tumanda ang mga tao, hindi sila mamamatay at lililibing. Sa halip, sila ay mababago mula sa kaniilang mortal na kalagayan tungo sa imortal na kalagayan sa “isang kispas-mata.” (Tingnan sa D at T 63:51; 101:29–31.)

Ang Lahat ng Bagay ay Ihahayag

Ang ilang katotohanan ay hindi pa inihayag sa atin. Lahat ng bagay ay ihahayag sa panahon ng Milenyo. Sinabi ng Panginoon na “ihahayag niya ang lahat ng bagay—mga bagay na nakalipas, at mga nakatagong bagay na walang sinuman ang nakaalam, mga bagay sa lupa, kung paano ito nagawa, at ang layunin at ang pakay nito—mga bagay na labis na mahalaga, mga bagay na nasa itaas, at mga bagay na nasa ilalim, mga bagay na nasa lupa, at sa ibabaw ng lupa, at nasa langit” (D at T 101:32–34).

Iba pang mga Gawain sa Milenyo

Sa maraming paraan, ang buhay ay magiging katulad sa ngayon, maliban na ang lahat ng bagay ay gagawin sa kabutihan. Ang mga tao ay kakain at iinom at magsusuot ng damit. (Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* [1997], 371.) Ang mga tao ay patuloy na magtatanim at aani ng mga pananim at magtatayo ng mga bahay (tingnan sa Isaias 65:21).

- Ano ang inyong naiisip at nadarama tungkol sa mga kondisyon na iiral sa panahon ng Milenyo?

Isang Huling Pakikibaka Pagkatapos ng Milenyo

- Ano ang kahahantungan ng mundo?

Sa pagtatapos ng 1,000 taon, si Satanas ay palalayain sa loob ng maikling panahon. Ang ilang tao ay tatalikod sa Ama sa Langit. Titipunin ni Satanas ang kanyang mga kampon, at titipunin ni Miguel (Adan) ang mga hukbo ng kalangitan. Sa malaking labanang ito, si Satanas at ang kanyang mga tagasunod ay itatakwil magpakailanman. Ang mundo ay magbabago at magiging isang selestiyal na kaharian. (Tingnan sa D at T 29:22–29; 88:17–20, 110–15.)

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Zacarias 14:4–9; 1 Nephi 22:24–25 (si Jesus ang maghahari sa mundo)
- Daniel 7:27 (ibibigay sa mga Banal ang kaharian)
- D at T 88:87–110 (mga kondisyon sa panahon ng Milenyo)
- Apocalipsis 20:1–3; 1 Nephi 22:26 (igagapos si Satanas)
- D at T 101:22–31 (matitigil ang mga alitan; walang kamatayan; si Satanas ay hindi magkakaroon ng kapangyarihang manukso)
- Isaias 11:1–9 (ang lobo at kordero ay tatahang magkasama)
- D at T 43:31; Apocalipsis 20:7–10 (pakakawalan sandali si Satanas)



Ang Huling Paghuhukom

K a b a n a t a 46

Mga Paghuhukom ng Diyos

- Ano ang ilang magkakaibang paghuhukom na darating bago ang Huling Paghuhukom? Paanong nagkakaugnay ang mga paghuhukom na ito sa isa't isa?

Madalas sabihin sa atin sa mga banal na kasulatan na darating ang araw na tatayo tayo sa harapan ng Diyos at hahatulan. Kailangan nating maunawaan kung paano nagaganap ang paghatol upang mas makapaghanda tayo para sa mahalagang pangyayaring ito.

Itinuturo ng mga banal na kasulatan na lahat tayo ay hahatulan ayon sa ating mga gawa: “At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng [Diyos]; at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa” (Apocalipsis 20:12; tingnan din sa D at T 76:111; 1 Nephi 15:32; Abraham 3:25–28). Hahatulan din tayo “alinsunod sa pagnanais ng [ating] mga puso” (D at T 137:9; tingnan din sa Alma 41:3).

Dito sa lupa madalas tayong hatulan kung karapat-dapat ba tayong magkaroon ng pagkakataong makapasok sa kaharian ng Diyos. Noong tayo ay bininyagan nahatulan tayong karapat-dapat na tumanggap ng ordenansang ito. Kapag tinawag tayong maglingkod sa Simbahan o nainterbyu para sa pagsulong sa priesthood o para magkaroon ng temple recommend, tayo ay hinahatulan.

Itinuro ni Alma na kapag namatay tayo ang ating mga espiritu ay dinadala sa isang kalagayan ng kaligayahan o ng labis na kalungkutan (tingnan sa Alma 40:11–15). Ito ay isang paghatol.

Para sa mga guro: Hindi mo kailangang ituro ang lahat ng nasa kabanata. Habang mapanalangin kang naghahanda na magturo, hangarin ang patnubay ng Espiritu upang malaman kung aling mga bahagi ng kabanata ang dapat mong talakayin.

Ang Ating mga Salita, Gawa, at Pag-iisip ay Ginagamit Upang Hatulan Tayo

- Isiping hinahatulan kayo sa lahat ng inyong pag-iisip, salita, at gawa.

Nagpatotoo si propetang Alma, “Ang ating mga salita ang hahatol sa atin, oo, lahat ng ating mga gawa ang hahatol sa atin; . . . at ang ating mga pag-iisip ang hahatol din sa atin” (Alma 12:14).

Sinabi ng Panginoon: “Bawa’t salitang walang kabuluhang sabihin ng mga tao ay ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom. Sapagka’t sa iyong mga salita ikaw ay magiging banal, at sa iyong mga salita ay hahatulan ka” (Mateo 12:36–37).

Ang pananampalataya kay Jesucristo ay tumutulong sa atin na maging handa para sa Huling Paghuhukom. Sa pamamagitan ng pagiging tapat na disipulo sa Kanya at pagsisisi sa lahat ng ating mga kasalanan, maaari tayong mapatawad sa ating mga kasalanan at magiging dalisay at banal upang makapanirahan tayo sa piling ng Diyos. Sa pagsisisi ng ating mga kasalanan, pagtalikod sa bawat masamang kaisipan at gawain, babaguhin ng Espiritu Santo ang ating mga puso upang hindi na natin hangarin pang gumawa ng kasalanan (tingnan sa Mosias 5:2). At kapag hinatulan tayo, makikitang handa na tayong pumasok sa kinaroroonan ng Diyos.

- Isipin kung ano ang maaari ninyong gawin upang mapagbuti ang inyong pag-iisip, salita, at gawa.

Hahatulan Tayo sa Pamamagitan ng mga Talaan

- Mula saang talaan tayo hahatulan? Sino ang hahatol sa atin?

Sinabi ni Propetang Joseph Smith na ang mga namatay ay hahatulan mula sa mga talaan na iniingatan sa lupa. Hahatulan din tayo mula sa “aklat ng buhay,” na iniingatan sa langit (tingnan sa D at T 128:6–8).

“Bawat isa sa inyo . . . ay kailangang humarap sa ‘hukumang-luklukan ng Banal ng Israel . . . at . . . kailangang hatulan alinsunod sa banal na paghuhukom ng Diyos.’ (2 Nephi 9:15.) At ayon sa pangitain ni Juan, ‘Nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang

aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa.’ (Apoc. 20:12.) Ang ‘mga aklat’ na binanggit ay tumutukoy sa ‘mga talaan [ng inyong mga gawa na] iningatan sa lupa. . . . [Ang] aklat ng buhay ang talaang iningatan sa langit.’ (Doktrina at mga Tipan 128:7.)” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* [2001], 266).

May isa pang talaan na gagamitin upang hatulan tayo. Itinuro ni Apostol Pablo na tayo mismo ay talaan ng ating buhay (tingnan sa Mga Taga Roma 2:15). Taglay ng ating katawan at isipan ang kumpletong kasaysayan ng lahat ng bagay na ating ginawa. Itinuro ni Pangulong John Taylor ang katotohanang ito: “[Ang tao] mismo ang nagsasalaysay ng kuwento, at nagpapatunay laban sa kanyang sarili. . . . Ang talaang iyon na ikinintal ng tao mismo sa kanyang isipan, ang talaang iyon na hindi makapagsisinungaling ay mabubuksan sa araw na iyon sa harap ng Diyos at mga anghel, at sa mga uupo bilang mga hukom” (*Deseret News*, Mar. 8, 1865, 179).

Itinuro ni Apostol Juan na “ang Ama’y hindi humahatol sa kanino mang tao, kundi ipinagkaloob niya sa Anak ang buong paghatol” (Juan 5:22). Ang Anak naman ay hihirang ng iba upang tumulong sa Paghuhukom. Ang Labindalawa na kasama Niya sa Kanyang ministryo ang hahatol sa labindalawang angkan ni Israel (tingnan sa Mateo 19:28; Lucas 22:30). Ang labindalawang disipulong Nephita ang hahatol sa mga Nephita at Lamanita (tingnan sa 1 Nephi 12:9–10; Mormon 3:18–19).

Pagmamana ng Lugar sa Isang Kaharian ng Kaluwalhatian

- Paano maiimpluwensyahan ng ating katapatan sa buhay natin sa lupa ang ating buhay sa kawalang-hanggan?

Sa Huling Paghuhukom tayo ay magmamana ng isang lugar sa kaharian na pinaghandaan natin. Itinuturo ng mga banal na kasulatan ang tungkol sa tatlong kaharian ng kaluwalhatian—ang kahariang selestiyal, ang kahariang terestriyal, at ang kahariang telestiyal (tingnan sa D at T 88:20–32).

Sa Doktrina at mga Tipan 76, inilarawan ng Panginoon ang maaari nating piliin na mga paraan ng pamumuhay sa mundo.

Ipinaliwanag Niya na ang ating mga desisyon ang magpapasiya kung saang kaharian tayo nakahanda. Malalaman natin mula sa paghahayag na ito na maging ang mga miyembro ng Simbahan ay magmamana ng magkakaibang kaharian dahil hindi sila pare-parehong matapat at magiting sa kanilang pagsunod kay Cristo.

Ang sumusunod ay ang mga uri ng pamumuhay na maaari nating piliin at ang mga kahariang makakamtan natin dahil sa ating mga pagpili.

Selestiyal

“Sila ang mga yaong tumanggap ng patotoo ni Jesus, at naniwala sa kanyang pangalan at nabinyagan, . . . na sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan sila ay maaaring mahugasan at malinis mula sa lahat ng kanilang kasalanan, at tumanggap ng Banal na Espiritu.” Sila ang mga dumaig sa sanglibutan sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya. Sila ay mga matwid at matapat kung kaya maibubuklod sa kanila ng Espiritu Santo ang kanilang mga pagpapala. (Tingnan sa D at T 76:51–53). Ang mga magmamana ng pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal, na nagiging mga diyos, ay kailangan ding ikinasal sa kawalang-hanggan sa templo (tingnan sa D at T 131:1–4). Lahat ng magmamana ng kahariang selestiyal ay mamumuhay sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo magpakailanman (tingnan sa D at T 76:62).

Sa pamamagitan ng gawaing ginagawa natin sa templo, lahat ng taong nabuhay sa mundo ay magkakaroon ng pantay na pagkakataong tanggapin ang kabuuan ng ebanghelyo at ang mga ordenansa ng kaligtasan upang makapagmana sila ng lugar sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal.

Terestriyal

Sila ang mga tumanggi sa ebanghelyo sa lupa ngunit pagkatapos ay tinanggap ito sa daigdig ng mga espiritu. Sila ang mga kagalang-galang na tao sa mundo na naging bulag sa ebanghelyo ni Jesucristo dahil sa panlilinlang ng mga tao. Sila rin ang mga tumanggap ng ebanghelyo at patotoo tungkol kay Jesus ngunit hindi naging matatag.

Sila ay dadalawin ni Jesucristo ngunit hindi ng ating Ama sa Langit. (Tingnan sa D at T 76:73–79).

Telestiyal

Ang mga taong ito ay hindi tinanggap ang ebanghelyo o ang patotoo kay Jesus maging sa lupa o sa daigdig ng mga espiritu. Pagdurusahan nila ang kanilang sariling mga kasalanan sa impiyerno hanggang sa matapos ang Milenyong, kung kailan sila ay mabubuhay na mag-uli. “Sila ang mga yaong sinungaling, at mga manggagaway, at mga nakikiapid, at mga patutot, at sinumang nagmamahal at gumagawa ng kasinungalingan.” Ang mga taong ito ay kasingdami ng mga bituin sa langit at ng mga buhangin sa dalam-pasigan. Dadalawin sila ng Espiritu Santo ngunit hindi ng Ama o ng Anak. (Tingnan sa D at T 76:81–88, 103–6, 109.)

Malayong Kadiliman

Sila ang mga nagkaroon ng patotoo kay Jesus sa pamamagitan ng Espiritu Santo at nakilala ang kapangyarihan ng Panginoon ngunit nagpadaig sila kay Satanas. Itinatwa nila ang katotohanan at sinalungat ang kapangyarihan ng Panginoon. Walang kapatawaran para sa kanila, sapagkat itinatwa nila ang Banal na Espiritu matapos na matanggap ito. Hindi sila magkakaroon ng kaharian ng kaluwalhatian. Sila ay mamumuhay sa walang hanggang kadiliman, paghihirap, at pagdurusa kasama si Satanas at ang kanyang mga kampon magpakailanman. (Tingnan sa D at T 76:28–35, 44–48.)

- Ayon sa Doktrina at mga Tipan 76:50–53, 62–70, ano ang mga katangian ng isang taong dinadaig ang mundo sa pamamagitan ng pananampalataya at matatag sa patotoo kay Jesus?

Dapat Tayong Maghanda Ngayon para sa Paghuhukom

- Ano ang kailangan nating gawin upang maging handa para sa Huling Paghuhukom?

Sa katunayan, ang bawat araw ay araw ng paghuhukom. Tayo ay nagsasalita, nag-iisip, at kumikilos batay sa batas na selestiyal, terestriyal, o telestiyal. Ang ating pananampalataya kay Jesucristo,

na ipinapakita ng ating mga kilos sa araw-araw, ang nagpapasiya kung aling kaharian ang ating mamanahin.

Nasa atin ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa kaganapan nito. Ang ebanghelyo ang batas ng kahariang selestiyal. Lahat ng mga ordenansa ng priesthood na kailangan para sa ating pag-unlad ay inihayag na. Lumusong na tayo sa mga tubig ng binyag at gumawa ng tipan na mamumuhay nang tulad ni Cristo. Kung tayo ay matapat at tinutupad ang mga tipan na ating ginawa, sinabi sa atin ng Panginoon kung ano ang magiging kahatulan natin. Sasabihin Niya sa atin, “Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan” (Mateo 25:34).

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- Mga Taga Roma 2:6–9; Apocalipsis 20:12–13 (ang Paghuhukom)
- Alma 11:41, 45; Mormon 7:6; 9:13–14 (hahatulan tayo kapag tayo ay nabuhay nang muli)
- 2 Nephi 29:11; 3 Nephi 27:23–26 (mga aklat na gamit sa Paghuhukom)
- Alma 41:2–7 (ang ating kahatulan ay ibabatay sa ating mga gawa, mga hangarin ng ating puso, pagsisisi, pagtitiis hanggang sa wakas)
- Mormon 3:22 (magsisi at maghandang tumayo sa harap ng hukumang-luklukan)
- Lucas 12:47–48; D at T 82:3 (kung kanino marami ang ibinigay, marami ang inaasahan)
- D at T 88:16–33 (tatanggapin ng bawat isa sa atin ang nararapat na mapasaatin)

Kadakilaan

K a b a n a t a 47

Ang Plano ng Ating Pag-unlad

Noong namuhay tayo sa piling ng ating Ama sa Langit, ipinaliwanag Niya ang isang plano para sa ating pag-unlad. Maaari tayong maging katulad Niya, isang nilalang na tumanggap ng kadakilaan. Kinailangan sa plano na mahiwalay tayo sa Kanya at pumarito sa lupa. Kailangan ang paghiwalay na ito upang mapatunayan kung susundin natin ang mga kautusan ng ating Ama kahit wala na tayo sa Kanyang piling. Nakasaad sa plano na kapag natapos na ang buhay sa mundo, tayo ay hahatulan at gagantimpalaan batay sa antas ng ating pananampalataya at pagsunod.

Nalaman natin mula sa mga banal na kasulatan na may tatlong kaharian ng kaluwalhatian sa langit. Binanggit ni Apostol Pablo na may kilala siyang lalaki na “inagaw hanggang sa ikatlong langit” (II Mga Taga Corinto 12:2). Pinangalanan ni Pablo ang dalawang kaharian sa langit: ang selestiyal at ang terestriyal (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:40–42). Ang selestiyal ang pinakamataas, at ang terestriyal ang pangalawa. Sa pamamagitan ng paghahayag sa mga huling araw nalaman natin na ang ikatlong kaharian ay ang kahariang telestiyal (tingnan sa D at T 76:81). Nalaman din natin na may tatlong langit o antas sa loob ng kahariang selestiyal (tingnan sa D at T 131:1).

Kadakilaan

- Ano ang kadakilaan?

Ang kadakilaan ay buhay na walang hanggan, ang uri ng buhay na ipinamumuhay ng Diyos. Siya ay namumuhay sa dakilang kaluwalhatian. Siya ay perpekto. Taglay Niya ang lahat ng kaalaman at lahat ng karunungan. Siya ang Ama ng mga espiritung anak. Siya



ay isang tagapaglikha. Maaari tayong maging katulad ng ating Ama sa Langit. Ito ang kadakilaan.

Kung mapatutunayang tapat tayo sa Panginoon, mamumuhay tayo sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal ng langit. Tayo ay magiging dakila, upang mamuhay sa piling ng ating Ama sa Langit sa mga walang hanggang pamilya. Kadakilaan ang pinakadakilang kaloob na maibibigay ng Ama sa Langit sa Kanyang mga anak (tingnan sa D at T 14:7).

Mga Pagpapala ng Kadakilaan

- Ano ang ilang mga pagpapala na ibibigay sa mga tumatanggap ng kadakilaan?

Ang ating Ama sa Langit ay perpekto, at nagagalak Siya sa katoohan na posibleng maging katulad Niya ang Kanyang mga anak. Ang Kanyang gawain at kaluwalhatian ay “isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao” (Moises 1:39).

Ang mga tumatanggap ng kadakilaan sa kahariang selestiyal sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo ay tatanggap ng espesyal na mga pagpapala. Nangako ang Panginoon, “Lahat ng bagay ay kanila” (D at T 76:59). Narito ang ilan sa mga pagpapalang ibinibigay sa mga taong tumanggap ng kadakilaan:

1. Sila ay mamumuhay nang walang hanggan sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo (tingnan sa D at T 76:62).
2. Sila ay magiging mga diyos (tingnan sa D at T 132:20–23).
3. Makakasama nila sa kawalang-hanggan ang mabubuting miyembro ng kanilang pamilya at magkakaroon ng walang hanggang pag-unlad.
4. Tatanggap sila ng lubos na kagalakan.
5. Mapapasakanila ang lahat ng bagay na mayroon ang ating Ama sa Langit at si Jesucristo—lahat ng kapangyarihan, kaluwalhatian, nasasakupan, at kaalaman (tingnan sa D at T 132:19–20). Isinulat ni Pangulong Joseph Fielding Smith: “Ipinangako ng Ama sa pamamagitan ng Anak na lahat ng mayroon Siya ay

ibibigay sa mga sumusunod sa Kanyang mga kautusan. *Sila ay uunlad sa kaalaman, karunungan, at kapangyarihan, mula sa isang biyaya tungo sa isa pang biyaya, hanggang sa mapasaknila ang kabuuan ng ganap na araw*” (*Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo. [1954–56], 2:36; nakahilig ang mga titik sa orihinal).

Mga Kinakailangan para sa Kadakilaan

Ngayon ang panahon para tuparin ang mga kinakailangan para sa kadakilaan (tingnan sa Alma 34:32–34). Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith, “Upang makamtan ang kadakilaan kailangan nating tanggapin ang ebanghelyo at lahat ng mga tipan nito; at akuin ang mga pananagutang ipinagkaloob ng Panginoon; at lumakad sa liwanag at pang-unawa sa katotohanan; at ‘mamuhay ayon sa bawat salita na namumutawi sa bibig ng Diyos” (*Doctrines of Salvation*, 2:43).

Upang matanggap ang kadakilaan, kailangan muna nating sumampalataya kay Jesucristo at pagkatapos ay magtiis sa pananampalatayang iyon hanggang sa huling sandali ng ating buhay. Ang ating pananampalataya sa Kanya ay kailangang sapat upang mapag-sisihan natin ang ating mga kasalanan at sundin ang Kanyang mga kautusan.

Iniutos Niya sa ating lahat na tanggapin ang partikular na mga ordenansa:

1. Kailangan tayong mabinyagan.
2. Kailangan nating matanggap ang pagpapatong ng mga kamay upang mapagtibay na miyembro ng Simbahan ni Jesucristo at tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo.
3. Kailangang tanggapin ng kalalakihan ang Melchizedek Priesthood at gampanang mabuti ang kanilang mga tungkulin sa priesthood.
4. Kailangan nating matanggap ang endowment sa templo.
5. Kailangan tayong makasal sa kawalang-hanggan, maging sa buhay na ito o sa kabilang-buhay.

Bilang karagdagan sa pagtanggap ng mga kinakailangang ordenansa, iniuutos sa ating lahat ng Panginoon na:

1. Mahalin ang Diyos at ang ating mga kapwa-tao.
2. Sundin ang mga kautusan.
3. Pagsisihan ang mga nagawa nating pagkakamali.
4. Saliksikin ang ating mga kamag-anak na yumao na at tanggapin ang nakapagligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo para sa kanila.
5. Regular na dumalo sa ating mga miting sa Simbahan hangga't maaari upang mapanibago natin ang ating mga tipan sa binyag sa pamamagitan ng pagtanggap ng sacrament.
6. Mahalin ang mga miyembro ng ating pamilya at palakasin sila sa mga paraan ng Panginoon.
7. Magkaroon ng mga pampamilya at indibiduwal na panalangin araw-araw.
8. Ituro ang ebanghelyo sa iba sa pamamagitan ng salita at halimbawa.
9. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan.
10. Pakinggan at sundin ang mga binigyang-inspirasyong mga salita ng mga propeta ng Panginoon.

Panghuli, kailangang tanggapin ng bawat isa sa atin ang Espiritu Santo at matutuhang sundin ang Kanyang patnubay sa ating sariling buhay.

- Paano tayo inihahanda ng mga ordenansa at tipan para sa kadakilaan?
- Paano tayo tinutulungan ng pananampalataya kay Jesucristo na sundin ang mga kautusan?
- Bakit kailangan nating matutuhang sundin ang patnubay ng Espiritu Santo upang tumanggap ng kadakilaan?

Pagkatapos Tayong Maging Matapat at Magtiis Hanggang Wakas

- Ano ang mangyayari kapag nakapagtiis tayo hanggang wakas sa pagiging matapat na disipulo ni Cristo?

Sinabi ng Panginoon, “Kung susundin mo ang aking mga kautusan at magtitiis hanggang wakas ikaw ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, kung aling kaloob ay pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos” (D at T 14:7). Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith, “Kung tayo ay magpapatuloy sa Diyos; ibig sabihin, susundin ang kanyang mga kautusan, sasambahin siya at ipamuhay ang kanyang katotohanan; pagkatapos ay darating ang panahon na mapupuno tayo ng kaganapan ng katotohanan, na patuloy na magliliwanag hanggang sa ganap na araw” (*Doctrines of Salvation*, 2:36).

Itinuro ni Propetang Joseph Smith: “Kapag kayo ay aakyat ng hagdan, kailangan kayong magsimula sa ibaba, at umakyat nang paisa-isang baitang, hanggang sa kayo ay makarating sa itaas; gayundin sa mga alituntunin ng ebanghelyo—kailangan kayong magsimula sa una, at magpatuloy hanggang sa matutuhan ninyo ang lahat ng alituntunin ng kadakilaan. Subalit matagal pang panahon matapos na kayo ay magdaan sa tabing [namatay] bago ninyo matutuhan ang mga ito. Hindi lahat ay mauunawaan sa daigdig na ito; magiging malaking gawain ang matutuhan ang ating kaligtasan at kadakilaan maging sa kabilang-buhay” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 312).

Itinuro ni Joseph Smith: “Unang alituntunin ng Ebanghelyo ang malaman nang may katiyakan ang tunay na Pagkatao ng Diyos. . . . Siya ay minsang naging tao tulad natin; . . . Ang Diyos mismo, ang Ama nating lahat, ay tumira sa isang mundo, katulad din ng ginawa mismo ni Jesucristo” (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, sel. Joseph Fielding Smith [1976], 345–46).

Alam ng ating Ama sa Langit ang ating mga pagsubok, ating mga kahinaan, at ating mga kasalanan. Nahahabag at naaawa Siya sa atin. Gusto Niyang magtagumpay tayong tulad Niya.

Isipin ang kagalakan na madarama ng bawat isa sa atin kung masa-sabi natin sa pagbalik natin sa ating Ama sa Langit: “Ama, namuhay po ako alinsunod sa kalooban Ninyo. Naging matapat po ako at sinunod ko ang Inyong mga kautusan. Masaya po akong muling makauwi.” Pagkatapos ay maririnig natin Siya na nagsasabing, “Mabuting gawa . . . ; nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay: pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon” (Mateo 25:23).

- Rebyuhin ang Mateo 25:23. Isipin kung ano ang madarama ninyo kung marinig ninyong sinasabi ng Panginoon ang mga salitang ito sa inyo.

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

- D at T 132:3–4, 16–26, 37 (tungkol sa kadakilaan)
- D at T 131:1–4 (ang walang hanggang kasal ay susi sa kadakilaan)
- D at T 76:59–70 (ipinaliwanag ang mga pagpapala ng kaluwalhatiang selestiyal)
- D at T 84:20–21 (ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita sa mga ordenansa ng priesthood)

Para sa mga guro: Kapag binigyan mo ng oras ang mga miyembro ng klase o pamilya na pag-isipan ang mga katotohanan ng ebanghelyo, pagnilayin ang kanilang buhay, o isipin ang pagmamahal nila sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, binibigyan mo sila ng pagkakataon ng maturuan ng Espiritu Santo.

Listahan ng mga Visual

Pabalat: *Tubig na Buhay*, ni Simon Dewey, © Simon Dewey.
Background © Artbeats

Pahina 5: Larawan © NASA at STScI

Pahina 12: Larawan © NASA at STScI

Pahina 18: Detalye mula sa *Si Cristo sa Emaus*, ni Carl Heinrich Bloch. Ginamit sa pahintulot ng National Historic Museum at Frederiksborg sa Hillerød, Denmark

Pahina 22: Larawang kuha ni Dimitri Vervitsiotis/Digital Vision/ Getty Images

Pahina 28: Larawan © Corbis

Pahina 32: *Paglisan sa Halamanan ng Eden*, ni Joseph Brickey.
© 1998 Joseph Brickey

Pahina 46: *Joseph Smith*, gawa ng di-kilalang pintor, sa kagandahang-loob ng Community of Christ Archives. *Brigham Young*, ni Danquart Anthon Weggeland, sa kagandahang-loob ng Church History Museum. *John Taylor*, gawa ng di-kilalang pintor, sa kagandahang-loob ng Church History Library and Archives. *Wilford Woodruff*, ni H. E. Peterson. *Lorenzo Snow*, ni Lewis Ramsey, sa kagandahang-loob ng Church History Museum. *Joseph F. Smith*, ni A. Salzbrenner, © IRI. *Heber J. Grant*, ni C. J. Fox, © IRI. *George Albert Smith*, ni Lee Greene Richards, © IRI. *David O. McKay*, ni Everett Clark Thorpe, © Everett Clark Thorpe. *Joseph Fielding Smith*, ni Shauna Cook Clinger, © 1983 IRI. *Harold B. Lee*, ni Grant Romney Clawson, © IRI. Larawan ni Ezra Taft Benson © Busath Photography. Larawan ni Thomas S. Monson © Busath Photography

- Pahina 60:** *Ibinabangon ni Cristo ang Anak na Babae ni Jairo*, ni Greg K. Olsen. © 1990 IRI
- Pahina 70:** *Hindi ang Aking Kalooban ang Mangyari, Kundi ang Inyo*, ni Harry Anderson. © Seventh-day Adventist Church. Bawal kopyahin
- Pahina 96:** Detalye mula sa *Si Abraham sa Kapatagan ng Mamre*, ni Harry Anderson. © IRI
- Pahina 102:** Detalye mula sa *Inoorden ni Cristo ang Labindalawang Apostol*, ni Harry Anderson. © IRI
- Pahina 110:** Detalye mula sa *Mga Hangarin ng Aking Puso*, ni Walter Rane. Sa kagandahang-loob ng Church History Museum
- Pahina 118:** Detalye mula sa *Jesucristo*, ni Harry Anderson. © IRI
- Pahina 154:** *Ang Huling Hapunan*, ni Simon Dewey. © Simon Dewey
- Pahina 174:** Detalye mula sa *Si Cristo at ang Mayamang Batang Pinuno*, ni Heinrich Hofmann. Sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.
- Pahina 190:** Detalye mula sa *Hinuhugasan ni Jesus ang Paa ng mga Apostol*, ni Del Parson. © 1983 IRI
- Pahina 198:** Larawan © Getty Images
- Pahina 204:** Detalye mula sa *Ang Mabuting Samaritano*, ni Joseph Brickey. © 2001 Joseph Brickey
- Pahina 212:** Larawang kuha ni George Doyle/Stockbyte/Getty Images
- Pahina 224:** Detalye mula sa *Magsiyaon Nga Kayo, at Turuan ang Lahat ng Bansa*, ni Harry Anderson. © IRI
- Pahina 238:** *Nag-aalay ng mga Hain sina Adan at Eva*, ni Keith Larson. © 1996 Keith Larson
- Pahina 260:** Larawang kuha ni Robert Casey. © 2004 Robert Casey
- Pahina 266:** Larawang kuha ni Robert Casey. © 2004 Robert Casey
- Pahina 292:** Detalye mula sa *Binabasbasan ni Jacob si Joseph*, ni Harry Anderson. © IRI
-

Pahina 298: *Ang Ikalawang Pagparito*, ni Harry Anderson. © IRI

Pahina 306: Detalye mula sa *Ang Ikalawang Pagparito*, ni Harry Anderson. © IRI

Pahina 312: Detalye mula sa *Walang Alitan*, ni Nancy Glazier-Koehler. © 1984 Nancy Glazier-Koehler

Pahina 318: Detalye mula sa *Ang Huling Paghuhukom*, ni John Scott. © 1974 IRI

Pahina 326: Detalye mula sa mural na gawa ni Dan Baxter

Indeks

A

Aaronic Priesthood

katungkulan at tungkulin ng,
mga, 88–90

korum ng, mga, 92

Tingnan din sa Melchizedek
Priesthood; Priesthood

Abraham, tipan ng Diyos kay, 97–98

Adan at Eva

Espiritu Santo napasa kina,
36–37

inutusang magkaroon ng mga
anak, 33

kasal nina, 31

magigiting na espiritu, 31

Pagkahulog nina, 34

pagkawalay nina, mula sa
Diyos, 34

unang pumarito sa lupa, 31

Aklat ni Mormon, 54–55

Alak, 199–200

Alkohol, 197, 199–200

Ama, responsibilidad ng mga,
255–56

Ama sa Langit. *Tingnan sa* Ama sa
Langit

Ama sa Langit

gawain at kaluwalhatian ng, 8

hangad ng, na magkaroon tayo
ng mga katangiang taglay

Niya, 14–16

katangian ng, mga, 8

katawan ng, 8

katotohanan ng, 7–8

Lumikha ng lahat ng bagay, 7

pagiging ama ng, 11

pagkilala, 8–9

pahayag tungkol sa ating kaug-
nayan sa, ni Joseph F. Smith,
11

pahayag tungkol sa papel
bilang ating Ama, ni
Joseph Smith, 7–8

potensyal nating maging
katulad ng, 11

Tagapamahala ng lahat ng
bagay, 7

tao nilikha sa Kanyang larawan,
mga, 8

Anak, Mga

Adan at Eva inutusang
magkaroon ng, 33

responsibilidad ng, mga, 257

Apostasiya, Malawakang, 106–7

Apostol, mga katungkulan at
tungkulin ng, 91–92, 113

Tingnan din sa Labindalawang
Apostol

Araw ng Ayuno, 171

Araw ng Panginoon, 164

Tingnan din sa Sabbath

Awtoridad

ipinanumbalik, 112

isang katangian ng totoong

Simbahan, 103

B

- Bago at walang hanggang tipan, 99–100
- Banal na Kasulatan, mga, 53–58
apat na aklat ng, 54–57
pag-aaral ng, 57–58
- Biblia, 54
- Bilangguan ng mga espiritu, 289–90
- Binyag, 133–39
bagong simula sa pamamagitan ng, 138–39
kailangan ang, 133–36
paraan ng, 136
sino ang dapat mabinyagan, 136–37
tipan sa, mga, 137–38
- Bishop, mga katungkulan at tungkulin ng, 90
- Bungang-kahoy, 200
- Butil, mga, 200

C

Cristo. *Tingnan sa* Jesucristo

D

- Daigdig ng mga espiritu, 285–90
pahayag tungkol sa, ni Ezra Taft Benson, 287
turo ni Brigham Young tungkol sa, 287
- Deacon, katungkulan at mga tungkulin ng, 89
- Diyablo. *Tingnan sa* Satanas
- Diyos. *Tingnan sa* Ama sa Langit
- Doktrina at mga Tipan, 56
- Droga, maling paggamit ng, 199–200

E

- Elder, katungkulan at mga tungkulin ng, 90–91
- Elijah, pagparito ni, 302
- Espiritu, anyo ng katawan ng, 287
- Espiritu, mga kaloob ng.
Tingnan sa Espirituwal na kaloob, mga
- Espiritu Santo, 36–39
binyag kailangan para matanggap ang kaloob na, 135
katangian ng, mga, 37
misyong ng, 37–39
napasa kina Adan at Eva, 36–37
pahayag tungkol sa, mga, ni Joseph Fielding Smith, 38
Tingnan din sa Kaloob na Espiritu Santo
- Espirituwal na kaloob, mga, 145–51
ginagaya ni Satanas, 152–53
ingat sa paggamit ng, 151–52
katangian ng totoong Simbahan, 105–56
pagkakaroon ng, 151–52
paglalarawan ng, 145–51
- Eva. *Tingnan sa* Adan at Eva

F

Family history, 277–84

G

- Gawa, hahatulan tayo ayon sa ating mga, 320
- Gawaing misyonero, 225–31
pahayag tungkol sa, ni Ezra Taft Benson, 227–28
- Gulay, mga, 200
-

H

Halamanan ng Eden, 33
 Halamang gamot, mga, 200
 Handog, mga, 219–23
 pahayag tungkol sa, ni
 Gordon B. Hinckley, 222–23
 pahayag tungkol sa, ni
 Heber J. Grant, 222–23
 pahayag tungkol sa, ni
 Stephen L Richards, 220
 Handog-Ayuno, mga, 171, 221
 High priest, katungkulan at mga
 tungkulin ng, 91
 Himala, kaloob na makagawa ng
 mga, 150–51

I

Ikalawang Pagparito ni Jesucristo,
 305–11
 palatandaan ng, mga, 299–304,
 309–10
 Ikapu, mga, 219–23
 pahayag tungkol sa, ni
 Gordon B. Hinckley, 222–23
 pahayag tungkol sa, ni
 Heber J. Grant, 222–23
 pahayag tungkol sa, ni
 Stephen L Richards, 220
 Ina, mga
 pahayag tungkol sa, ni
 Boyd K. Packer, 256
 responsibilidad ng, mga, 256–57
 Iniisip, hahatulan tayo ayon sa
 ating mga, 320
 Israel
 pagkalat ng sambahayan ni,
 291, 293
 pagtitipon ng sambahayan ni,
 291–97

 pahayag ni Joseph Fielding
 Smith tungkol sa pagtitipon
 ng, 295
 pahayag ni Russell M. Nelson
 tungkol sa pagtitipon ng, 291
 pangalan ni Jacob pinalitan at
 naging, 291
 Israelita, mga, 291

J

Jacob
 pangalan pinalitan ng Israel, 291
 Tipan ng Diyos kay, 291
 Jesucristo
 Bugtong na Anak ng Ama, 62
 buhay ni, 59–69
 ginawang posibleng mapasaatin
 ang mga pagpapala sa pama-
 magitan ng Pagbabayad-sala,
 68
 halimbawa ng pag-ibig sa
 kapwa-tao, 208–9
 halimbawa ng paglilingkod, 195
 ipinropesiya ang pagsilang at
 misyon, 61–62
 itinatag ang Simbahan, 65
 Lumikha, 27–29
 nagpasimula ng sacrament,
 155–56
 nais tayong maglingkod sa iba,
 191–92
 naorden na noon pa man bago
 isinilang, 13
 pag-ibig ni, 64–65
 pagtubos ni, 66–67
 pangitain ni Orson F. Whitney
 tungkol sa pagdurusa ni, 66
 perpektong buhay ni, 62–64
 sakripisyo ni, 68, 175–79
 sinunod ang Ama, 241–42

Tagapagligtas at pinuno sa buhay sa mundo, 19–20
turo ni, mga, 64–65
Tingnan din sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo; Pagbabayad-sala; Pananam-palataya kay Jesucristo

K

Kaalaman, kaloob na, 148–49
Kaalaman na si Jesucristo ang Anak ng Diyos, kaloob na, 149
Kadakilaan, 325–31
pagiging karapat-dapat sa, 23
pahayag tungkol sa, ni Joseph Fielding Smith, 328
walang hanggang kasal mahalaga para sa, 259–61
Kagalakan, lubos na, 14
Kahariang selestiyal binyag kailangan para makapasok sa, 135–36
kadakilaan sa, 322–23, 325–31
Kahatulan ng Diyos, mga, 319
Kalayaan hinangad ni Satanas na alisin, 23–24
isang walang hanggang alituntunin, 23–24
kailangan ng pagpipilian, 24–26
kailangan sa plano ng kaligtasan, 23–24
paggamit, nang walang alaala ng buhay bago isilang, 14–15
Kalayaang pumili. *Tingnan sa* Kalayaan
Kalinisang-Puri, 267–76
Kaloob na Espiritu Santo, 141–44
isa sa mga pinakadakilang kaloob ng Diyos, 143–44

kahulugan ng, 141–42
pagkilala sa impluwensya ng Espiritu Santo, 143
pagtanggap ng, 142–43
Kaloob ng Espiritu, mga. *Tingnan sa* Espirituwal na kaloob, mga
Kalungkutan sa kasalanan, bahagi ng pagsisisi, 128
Kalusugan, batas ng Panginoon ukol sa. *Tingnan sa* Word of Wisdom
Kaluwalhatian, mga kaharian ng, 321–23
Kaluwalhatiang telestiyal, 323
Kaluwalhatiang terestriyal, 322–23
Kapatawaran kagalakan sa, 130–31
pahayag tungkol sa, mga, ni Spencer W. Kimball, 275
sa paglabag sa batas ng kalinisang-puri, 274–75
Kapatawaran ng mga kasalanan, binyag para sa, 133–35
Kape, 199
Kapulungan sa Langit, 14–15
Karne, 200
Karunungan, kaloob na, 148
Kasal pahayag tungkol sa, ni Spencer W. Kimball, 263
walang hanggan, 259–65
Kasalanan kahulugan ng, 125
lahat ay nagkaroon ng, 125
Katamaran, 186
Katapatan, 213–17
pahayag tungkol sa, ni Brigham Young, 213
pahayag tungkol sa, ni Joseph F. Smith, 216

pahayag tungkol sa, ni
 Mark E. Petersen, 213–14
 Katotohanan ng ebanghelyo
 ipinanumbalik, mga, 114–15
 Kautusan, pagsunod sa mga,
 bahagi ng pagsisisi, 129–30
 Kumpirmasyon. *Tingnan sa*
 Kaloob na Espiritu Santo

L

Labanan sa Langit, 20
 Labindalawang Apostol,
 paghatol ng, 321
Tingnan din sa Apostol
 Libangan, 186–87
 Linggo, ang Sabbath, 164
 Lucifer. *Tingnan sa* Satanas

M

Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa
 Mundo, 13, 245, 249, 250, 253,
 255, 256, 258, 269
 Magbuklod, kapangyarihang,
 ipinanumbalik ni Elijah, 302
 Magkaanak, kapangyarihang,
 268–69
 Magpagaling, kaloob na, 150
 Magulang, mga responsibilidad ng
 mga, 184–85, 253–57
 Mahalagang Perlas, 56–57
 Maiinit na inumin, 199
 Malaking Kapulungan, 14
 Malayong kadiliman, 323
 Matatampang na inumin, 199–200
 Melchizedek Priesthood
 katungkulan at mga tungkulin
 ng, mga, 90–92
 korum ng, mga, 92–93
Tingnan din sa Aaronic
 Priesthood; Priesthood

Milenyo, 313–17
 pahayag tungkol sa, ni
 Brigham Young, 307–8
 pahayag tungkol sa, ni
 John Taylor, 315–16

N

Ninuno, pagtulong sa mga, 280–84

O

Ordenansa, mga
 ipinanumbalik, 114–15
 isang katangian ng totoong
 Simbahan, 105

P

Pag-aayuno, 169–73
 biyaya ng, mga, 172–73
 wasto, 169–71
 Pag-amin sa mga kasalanan,
 bahagi ng pagsisisi, 128
 Pagbabayad-sala, 71–78
 kailangan para sa kaligtasan,
 71–72
 kaligtasan mula sa kasalanan
 bunga ng, 74–78
 kuwento ni Boyd K. Packer na
 naglalarawan ng, 75–78
 nagdusa at namatay si Cristo
 para sa, 66–67, 72–73
 Pagkabuhay na Mag-uli bunga
 ng, 73–74
 pahayag tungkol sa, ni
 Joseph Fielding Smith, 127
 tanging si Cristo ang
 makagagawa, 72
Tingnan din sa Jesucristo
 Pagbibigay, 220
 pahayag tungkol sa, ni
 Stephen L Richards, 220

- Pagbibigay-kahulugan sa mga wika, kaloob na, 147
- Paghahayag, isang katangian ng totoong Simbahan, 101, 103
- Paghuukom
Huling, 319–24
ni Jesucristo, 321
paghahanda para sa, 323–24
salita, gawa, at isip gagamitin sa, 320
talaan gagamitin sa, mga, 320–21
- Pag-ibig sa Kapwa-Tao, 205–11
pahayag tungkol sa, ni Joseph Smith, 209–10
pahayag tungkol sa, ni Thomas S. Monson, 207–8
- Pagkahulog, ang, 34–35
bunga ng, mga, 34–35
- Paglikha
nagpapakita ng pag-ibig ng Diyos, 30
ni Jesucristo, 27–29
pagsasagawa ng, 29
- Paglilingkod, 189–96, 222
pahayag tungkol sa, ni Spencer W. Kimball, 191
- Pagnanakaw, 215
- Pag-oorden noon pa man, 11–14
pahayag tungkol sa, ni Joseph Smith, 13
- Pagpapatawad sa iba, bahagi ng pagsisisi, 130
- Pagsasalin, kaloob na, 147–48
- Pagsasauli, bahagi ng pagsisisi, 129–30
- Pagsilang, panahon at lugar ng ating, pinili ng Ama sa Langit, 13
- Pagsisinungaling, 214
- Pagsisisi
alituntunin ng, mga, 128–30
kahulugan ng, 128
kailangan ang, 125
ngayon ang panahon para, 132
pagpapalang nagmumula sa, mga, 130–31
pahayag tungkol sa, mga, ni Spencer W. Kimball, 128, 130, 274–75
- Pagsubok, buhay sa lupa isang, 14–15
- Pagsubok, mga, kailangan sa pag-unlad, 14
- Pagsunod, 237–44
binyag nagpapakita ng, 135
pahayag tungkol sa, ni Joseph Smith, 241
- Pagsuway, mga bunga ng, 242–43
- Pagtalikod sa kasalanan, bahagi ng pagsisisi, 129
- Pagtatapat, bahagi ng pagsisisi, 129
- Pagtatrabaho, 183–88, 200
pahayag tungkol sa, ni David O. McKay, 188
pahayag tungkol sa, ni Heber J. Grant, 184
- Pagtitiis hanggang wakas, mga pagpapalang natatanggap dahil sa, 330–31
- Pagtuturo
kaloob na, 149
mula sa aklat na ito, 1–4
- Pag-unlad, buhay sa lupa kailangan para sa, 14–15
- Pahinga, 186, 201
- Palatandaan ng mga panahon, mga. *Tingnan sa* Ikalawang Pagparito ni Jesucristo
-

- Pamilya
 kahalagahan ng, 245, 247
 matagumpay, 248–50
 paglalaan para sa, 184–85
 pahayag tungkol sa, ni
 David O. McKay, 245–247
 pahayag tungkol sa, ni
 Harold B. Lee, 248–59
 responsibilidad, mga, 253–58
 ugnayan, mga, 247–48
 walang-hanggan, 145–51
- Panalangin, 41–45
 bakit tayo nagdarasal, 41–42
 kailan magdarasal, 42–43
 paano manalangin, 43–44
 paano sinasagot ang mga
 panalangin, 44–45
- Pananampalataya kay Jesucristo,
 117–24
 bakit natin kailangan, 119–20
 isang espirituwal na kaloob,
 117, 151
 kahulugan ng, 117, 119
 paano natin mapag-iibayo,
 120–23
 pagpapalang kasunod ng, mga,
 123
 pahayag tungkol sa mga epekto
 ng, mula sa *Lectures on
 Faith*, 123
 pahayag tungkol sa pangangai-
 langang gumawa nang may,
 ni Spencer W. Kimball, 122
- Pandaraya, 214–15
- Pangulo ng Simbahan, 47–48
 buhay na propeta ngayon, 49
 namumuno sa Simbahan, 113
 pagpapala ng pagsunod sa,
 mga, 50–51
 pagsang-ayon sa, 49–50
 pahayag tungkol sa, ni Wilford
 Woodruff, 49
 Tingnan din sa Propeta, mga
 Pangunahing alituntunin at
 ordenansa, mga, 105
 ibinalik sa kanilang kaganapan
 sa pamamagitan ng
 Panunumbalik, 114–15
- Paniniwala sa patotoo ng iba,
 kaloob na, 150
- Panunumbalik ng Simbahan
 ipinropesiya, 107–8, 109–11
 sa pamamagitan ni
 Joseph Smith, 111–15
- Paraiso
 pahayag tungkol sa, ni
 Jedediah M. Grant, 289
 pahayag tungkol sa, ni
 Wilford Woodruff, 289
 sa daigdig ng mga espiritu,
 288–89
- Patay, mga ordenansa para sa mga,
 isang katangian ng totoong
 Simbahan, 105
- Patotoo, pahayag tungkol sa, ni
 David O. McKay, 149
- Patriarch, katungkulan at mga
 tungkulin ng, 91
- Patriarchal blessing, mga, 13, 91,
 152
 pahayag tungkol sa, ni
 Thomas S. Monson, 13
- Personalidad, nabuo sa buhay
 bago isinilang, 13
- Pinagtipanang mga tao, 95–100
- Pitumpu, katungkulan at mga
 tungkulin ng, 91
- Plano ng kaligtasan, 11–16, 27
- Priest, katungkulan at mga
 tungkulin ng, 89–90

Priesthood, 79–84
kahulugan ng, 79
organisasyon ng, 85–94
paano ang wastong paggamit,
82–83
paano natatanggap ng mga
lalaki, 81–82
pagpapala sa wastong paggamit
ng, mga, 83–84
pahayag tungkol sa, ni
Joseph F. Smith, 87–88
pangangailangan sa, 81
sangay ng, mga, 85–87
susi ng, mga, 87–88
Tingnan din sa
Aaronic Priesthood;
Melchizedek Priesthood
Propesiya, kaloob na, 150
Propeta, mga, 47–51
inorden noon pa man, 13
kinatawan ng Diyos sa lupa,
mga, 47–48
salita ng, ay banal na kasulatan,
mga, 57
Tumawag ang Diyos sa lahat ng
henerasyon, 48

S

Sabbath, 161–67
kahulugan ng, 161
kasaysayan ng, 163
layunin ng, 161–63
Linggo, 164
pagpapala sa pagsunod sa,
mga, 166
pagpapanatiling banal, 164–66
Sacrament, 155–60
pangangasiwa ng, 156–57

pinaninibago ang mga tipan sa
pamamagitan ng, 157–58
pinasimulan ni Cristo ang,
155–56
saloobin habang tumatanggap
ng, 158–59
Sakripisyo, 175–81
Salita, hahatulan tayo ayon sa ating
mga, 320
Satanas
ginagaya ang mga kaloob ng
Espiritu, 152–53
gustong labagin natin ang batas
ng kalinisang-puri, 271–73
hinangad alisin ang kalayaang
pumili, 17, 19
igagapos sa Milenyo, 315
lumaban kay Jesus sa langit, 20
palalayain sandali sa pagtatapos
ng Milenyo, 317
pinalayas sa langit, 20
sinasalungat ang mabuti, 24–26
tinukso si Eva, 33
tinutukso tayo, 20
Simbahan ni Jesucristo
apostasiya mula sa, 106–7
awtoridad sa, 103, 112
ipinanumbalik, hindi mawawa-
sak kailanman, 115–16
itinatag sa pamamagitan ni
Joseph Smith, 113–14
katangiang tumutukoy sa, mga,
101–6
maging miyembro ng, sa
pamamagitan ng binyag, 135
ngayon, 109–16
noong unang panahon, 101–8
organisasyon ng, 104–5, 112–14

paghahayag sa, 101–3, 104–5
 panunumbalik ng, ipinropesiya,
 107–8, 109–11
 sa mga lupain ng Amerika, 106
 Smith, Joseph
 katotohanan ipinanumbalik sa
 pamamagitan ni, 114–15
 Simbahan ipinanumbalik sa
 pamamagitan ni, 111–15
 Stake, 114

T

Tabako, 199
 Tabing, tinatakpan ang alaala ng
 tahanan sa langit, 13
 Tagapagligtas. *Tingnan sa*
 Jesucristo
 Talaan, hahatulan tayo ayon sa
 mga, 320–21
 Talento, mga
 pagkakaroon ng, 233–36
 pahayag tungkol sa pagkaka-
 roon ng, ni Heber J. Grant,
 235
 pahayag tungkol sa pagkaka-
 roon ng, ni Marvin J. Ashton,
 235
 pahayag tungkol sa pananagu-
 tan sa, ni Joseph F. Smith,
 235–36
 tinaglay sa buhay bago isilang,
 11–13
 Tao
 anak ng Diyos, 11
 mamumuno sa mga nilikha ng
 Diyos, 7

nilikha sa larawan ng Diyos, 8
 pahayag ni Joseph F. Smith
 tungkol sa kabanalan ng
 mga magulang ng, 11
 Teacher, katungkulan at mga
 tungkulin ng, 89
 Templo, mga
 gawaing isasagawa sa, sa pana-
 hon ng Milenyo, 307, 314
 gawaing isinasagawa sa, 277–84
 walang hanggang kasal
 isinasagawa sa, 261–62

Tipan

bago at walang-hanggan,
 99–100
 kahulugan ng, 95, 97
 kay Abraham, 97–98
 pinaninibago sa pamamagitan
 ng sacrament, 157–58
 sa binyag, 136–38
 Trigo, 200
 Tsaa, 199
 Tukso, paglaban sa mga,
 pahayag tungkol sa, ni
 Gordon B. Hinckley, 271–72

U

Unang Panguluhan, 113–14

W

Ward, mga, 114
 Wika, kaloob na mga, 147
 Word of Wisdom, 197–203
 pahayag tungkol sa, ni
 Heber J. Grant, 202

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG

